

**AKLAT NI SAN JUAN
SANG-AYON SA
SIMULAIN NG ESPIRITISMO**

**Tinipon at Inayos ni
Florencio De La Cruz**

**Ipinalimbag ng
Lunduyan ng La Perfeccion
Obando, Bulacan**

PAUNANG SALITA	1
KAPITULO I.....	3
KAPITULO 2.....	23
KAPITULO 3.....	35
KAPITULO 4.....	51
KAPITULO 5.....	73
KAPITULO 6.....	89
KAPITULO 7.....	114
KAPITULO 8.....	133
KAPITULO 9.....	152
KAPITULO 10.....	164
KAPITULO 11.....	176
KAPITULO 12.....	191
KAPITULO 13.....	207
KAPITULO 14.....	218
KAPITULO 15.....	228
KAPITULO 16.....	235
KAPITULO 17.....	246
KAPITULO 18.....	254
KAPITULO 19.....	267
KAPITULO 20.....	286
KAPITULO 21.....	295

PAUNANG SALITA

Ang wika ng Mahal na Maestro at Mananakop, “ang letra ay pumapatay subalit ang diwa ang nagbibigay buhay.” Ang diwa ng mga salita at pangyayari sa aklat ni San Juan ay galing sa mga abotsabi ng mga Banal na Espiritu o Kabatlayaan. Ang Banal na Kasulatan ay kailangan ng mga nilikha sa pakikitalad sa kapatagang lupa at higit na ay sa paghahanda para sa kaharian ng mga langit. Higit na makapagbibigay diwa ang mga Banal na Espiritu o Kabatlayaan ukol sa kaharian ng mga langit sapagkat sila ay taga roon. Maraming mga talata na parepareho ang diwa, subalit sa halip na sabihin na ang diwa ng talatang ito ay katulad ng diwa ng Kapitulo 3 Talata 1-7, inuulit na lamang ang diwa o pangyayari upang huwag nang balikan pa ang nabanggit na talata at sa gayon ay makatipid ng panahon at upang maging tuloy-tuloy ang pag-aaral at nang huwag mawala ang “Concentracion”. Kung diwa ang kukunin, matatagpuan sa aklat na ito ni San Juan ang maraming patotoo ng palapahaman ng muli at muling buhay o “REENCARNACION”.

FLORENCIO V DELA CRUZ

*Pangulo ng Lunduyan ng La Perfeccion
ng Obando, Bulacan.
1946 - 2010*

Bago sariwain ang kasulatan ni San Juan sa buhay ng Mananakop ay kailangang sariwain din muna ang Juan 20:31 na ang isinasaad ay ganito: Ngunit ang mga ito ay nangasulat upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkakaroon kayo ng buhay sa kanyang pangalan.

KAPITULO I

1. Nang pasimula siya ang Verbo at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.
2. Ito rin nang pasimula'y sumasa Dios.
3. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya.

Ang Banal na Kasulatan ni San Juan sa wikang Ingles, hindi Verbo ang ginamit kundi ang salitang Word, alalaong бага'y Salita; at sa mga sinulat na pakahulugan ng Philippine Bible Society ay Salita rin. Ang ibig sabihin ng verb sa wikang Ingles ay action word, galaw o gawa; sa balarila naman ang wikang verbo ay pangdiwa.

Higit na angkop na gamitin ang SALITA, kayat lalabas ang mga kataga na gaya nito: Nang pasimula siya ang Salita, ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At ito rin nang pasimula'y sumasa Dios.

Ang Dios ay espiritu at wala ng bibig katulad ng mga taong mayroon ng katawang laman subalit nasasa Kanya ang pag-iisip na isa sa kaangkinan ng espiritu; at sa pamamagitan ng pag-iisip ay nilikha Niya ang buong Universo at pinagagalaw at pinamamahalaan ang buong sangtinakpan. Ang salita o lenguahe ng mga espiritu ay sa pamamagitan ng pag-iisip.

Nang kapanahunan ng Mahal na Protector na si San Antonio de Padua, inatasan siya ng Papa ng Roma na siya ang humarap at makipag-unawaan sa labingdalawang kinatawan ng iba't ibang bansa na ang salita nila ay iba't iba rin, subalit sa pamamagitan ng mediuinidad at paggamit ng pag-iisip, naunawaan siya ng mga taga ibang bansa at naunawaan din naman sila ni San Antonio de Padua.

Kung isinasaad sa Banal na Kasulatan, lalo na mula sa Lumang Tipan ang katagang “sinabi ng Dios”, mapakakahulugan din na ginawa ng Dios. Halimbawa mula sa Genesis 1:1-31; na ang pinakabuod ay sa paglikha sa sangtinakpan ay ang pasimula ay sinabi ng Dios ang gayon at ganito at nangyari at nalikha. Samakatwid ay maaaring bigyan ng diwa ang katagang SALITA na GAWA at pinatotohanan ni San Juan sa kanyang mga katagang ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya.

Ang salita ng Dios ay inihalintulad sa Panginoon, naroroon na Siya sa pasimula, pati ng kaniyang kadakilaan. Sa pamamagitan ng salita ay nalikha ang sanglibutan; ang salita ay magaganap upang magkaroon ng pagkasulong. Kasama ang Panginoon sa salita ng Dios. Ang wika ng Panginoon, “Ang sino mang tumanggap ng aking salita ay hindi mamamatay”.

4. Nasa kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao.
5. At ang ilaw ay lumiwanag sa kadiliman; at ito’y hindi napag-unawa ng kadiliman.

Ang ilaw ay simulaing dala-dala ng Panginoon Hesukristo, ang simulain ng karunungan at pag-ibig at yan ang ipinagpapatuloy ng simulain ng Espiritismo sa kanyang lema na

patungo sa Dios sa pamamagitan ng karunungan at pag-ibig. Dala ng kamangmangan ng tao na siyang sagisag ng kadiliman, kailangan ang mga tagasubaybay, tagapagturo na siyang sinasalita sa sumusunod natalata.

6. Naparito ang isang tao, na sugong mula sa Dios, na ang kanyang pangalan ay Juan.
7. Ito'y naparitong saksi, upang kanyang patotohanan ang ilaw, upang sa pamamagitan niya'y magsisampalataya ang lahat.

Kailangan ang mga tagapaghanda katulad ng mga propeta ng dakong una at sa panahong ito ay mga Kabatlayaan ang tumutupad higit na sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo na gumagamit ng mga kasangkapan o mga medium upang hindi mabigla ang tao na alipin pa ng kamangmangan; upang huwag masilaw sa kadakilaan ng simulain ng Panginoon. Iyan ang tinungkol ni Juan na ito naman ay ibinabala ni propeta Isaias ng kanyang kapanahunan.

8. Hindi siya ang ilaw. Kundi pumarito upang kaniyang patotohanan ang ilaw.
9. Nagkaroon ng tunay na ilaw, samakatuwid baga'y ang ilaw na lumiliwanag sa bawat tao, na pumaparito sa sanglibutan.
10. Siya'y nasa sanglibutan, at ang sanglibuta'y ginawa sa pamamagitan niya, at hindi siya nakilala ng sanglibutan.
11. Siya'y naparito sa sariling kaniya, at hindi siya tinanggap ng mga sariling kaniya.

Hindi si Juan ang ilaw kundi siya ang maghahanda ng daan ng Panginoon na siyang tunay na ilaw. Ang sagisag ni Juan ay paghahanda na kikilalanin ang mga pagkakasalang nagawa, ito'y pagsisisihan, ipangangakong hindi na muling gagawin at

papalitan na ng mga gawaing kabanalan. Ang kabanalan ay nagdudulot ng kaliwanagan ng pag-iisip, payapang damdamin at matibay na kalooban, na siyang sagisag ng Panginoon.

Hindi mabibilang ang mga planeta o daigdigang bumubuo ng buong universo at marami sa mga planetang iyan ang kulang pa sa kabanalan, pinaghaharian ng kadiliman o kamangmangan tulad ng labis na pag-ibig sa sarili, ang batas ng gubat na matira ang matibay.

Ang batas ng pagsulong ang siyang iiral sapagkat ito ay batas ng Dios, mula sa kamangmangan patungo sa kabanalan at mangangailangan ng mga tagaakay, ng mga magtuturo sa mga nilikha ng tunay na pag-ibig, pag-ibig na lilimutin ang sariling kapakanan alang-alang sa kapwa, ibibigay ang buhay kung kinakailangan.

Hindi rin mabibilang ang mga espiritu na mataas na ang antas sa gawi ng kabanalan katulad ng Mahal na Protector na si San Antonio de Padua na ang kabanalan ay hindi lamang natamo sa daigdigang lupa kundi natamo sa mga daigdigang mas mataas ang antas sa gawi ng karunungan at pag-ibig at ang mga espiritong katulad nila ang pinahihintulutan na magkatawang tao sa lupa o ibang daigdigan na nangangailangan ng kanilang subaybay upang maging tagapagturo, tagaakay at ang mga ito ay pinamumunuan ng Panginoong Hesukristo.

Mula sa bayan ng mga espiritu ay nagkakaisa at nagkakasundo sunder ang mga Banal na Espiritu na sila ay tutulong sa ikasusulong ng mga daigdigan na nangangailangan ng pagkasulong sa gawi ng kabanalan tulad ng daigdigang lupa. Alam nila ang hirap at tiisin na kanilang sasalongahin subalit alam din nila na ito ay nagdudulot sa kanila ng kaligayahang walang hanggan.

Dala ng kagaspangan ng fluido at ang kamangmangan ng tao sa daigdigang lupa, hindi agad matanggap ang aral ng mga Banal na Espiritu o ng Kabatlayaan. Subalit hindi ito magpapahina ng kalooban ng mga espiritung mayroon na ng baunan ng kabanalan sapagkat sila ang sanhi ng kanilang muling pagkakatawang laman kayat itinuturing na kanila ang mga nilikhang ito na nangangailangan ng tulong.

12. Datapuwat ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, samakatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kanyang pangalan;
13. Na mga ipinanganak na hindi sa dugo, ni sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Dios.

Ang pinakamagandang halimbawa ng mga talatang ito ay ang nangyari sa Mahal na Birhen na sa kabila nang hindi nakakikilala ng lalaki ay nagdalang tao at isinilang ang dakilang sanggol na sagisag ng kabanalan.

Ang iba pang mga halimbawa ay ang asawa ni nunong Abraham na si Sarah, ang asawa ni Jacob na si Raquel, ang ina ni Samson at propeta Samuel, ang asawa ni Joaquin si Ana na ina ng Mahal na Birhen, at sa dakong huli si Elizabeth na asawa ni Zacarias at mga magulang mismo ni Juan Bautista, ang lahat ng mga ito ay mga baog subalit mga nagkaanak sa kanilang katandaan sa kahanga-hangang kaparaanan at hindi bunga ng mga pagnanasang makalaman kundi ito ay alay ng Dios.

14. At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kanyang Kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.

Ang pangyayaring ito ay Ibinabala mula pa sa Genesis ng mga naunang mga propeta ng Lumang Tipan; nagkatawang tao muli ang Panginoong Hesukristo sa ibang katauhan at pangalan na gaya ng ginawa niya ng maraming pagkakataon subalit iisa ang kanyang layunin, ang iligtas ang sangkatauhan sa kamangmangan at pagkakasala at dalhin sa kabanalan.

15. Pinatotohanan siya ni Juan, at sumigaw, na nagsasabi, Ito yaong aking sinasabi, Ang pumaparitong nasa hulihan ko ay magiging una sa akin: sapagkat siya’y una sa akin.

Kung matatanggap ang katotohanan ng palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion, mauunawaan ang kaniyang nilalaman at ang sinasabi ni Juan. Marami nang mga pagkakatawang tao o katawang laman ang natupad ng Panginoong Hesukristo sa iba’t ibang kapanahunan at bawat pagkakatawang laman Niya ay iniaalay ang kanyang buhay alang-alang sa ikasusulong ng sangkatauhan sa gawi ng karunungan makalangit o karunungan lihim at sa kabanalan na humihingi ng pag-aalay ng buhay.

Ito ay pinatotohanan sa salita ng Panginoon sa aklat ni San Mateo 23:37 na ganito ang isinasaad: “Oh Jerusalem, Jerusalem na pumatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya, makailang inibig kong tipunin ang inyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo.”

Ang Jerusalem ay daigdigang lupa kung saan siya nagkatawang tao upang dalhin ang mga tao sa kabutihan at kabanalan, yaong katagang makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, makailan na siyang nagkatawang laman sa kapatagang ito upang iligtas ang mga tao.

Bawat pagkakatawang tao ng Panginoon na nag-aalay Siya ng pagpapakasakit at buhay ay napapalapit sa Dios ang kanyang kaluluwa, nagpapatingkad ng kanyang kadakilaan at kabanalan at ito ay alam ni Juan kayat sa kabila na si Juan ay isinilang sa kapatagan ng una ng tatlong buwan sa Mananakop, batid ni Juan ang kadakilaan ng Panginoon ay malaki ang kahigitan kaysa kanya sa gawi ng kabanalan, kayat ang salita ay una Siya sa akin.

16. Sapagkat sa kaniyang kapuspusan ay nagsitanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya.
17. Sapagkat ibinigay sa pamamagitan ni Moises ang kautusan; ang biyaya at ang katotohanan ay nagsidating sa pamamagitan ni Jesucristo.
18. Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa Kaniya.

Ang mga talatang ito ay may kaugnayan sa transfiguracion ng Panginoon sa bundok na binabanggit sa aklat nila San Mateo, San Marcos at San Lucas. Magaang na sariwain ang banggit kay San Marcos 9:2-13:

2. At pagkaraan ng anim na araw ay isinama ni Jesus si Pedro, si Santiago, at si Juan, at sila'y dinalang bukod sa isang mataas na bundok: at siya'y nagbagong-anyo sa harap nila;
3. At ang kaniyang mga damit ay nangagningning, na nagsiputing maigi, na ano pa't sinomang magpapaputi sa lupa ay hindi makapagpapaputi ng gayon.
4. At doo'y nagpakita sa kanila si Elias na kasama si Moises; at sila'y nakikipagusap kay Jesus.
5. At sumagot si Pedro at sinabi kay Jesus, "Rabi, mabuti sa atin ang tayo'y dumito: at magsigawa kami ng tatlong

tabernakulo, isa ang sa Iyo, isa ang kay Moises at isa ang kay Elias”

6. Sapagkat hindi niya nalalaman kung ano ang isasagot; sapagkat sila’y lubhang nangatakot.
7. At dumating ang isang alapaap na sa kanila’y lumilim: at may isang tinig na nanggaling sa alapaap, “ Ito ang sinisinta kong anak; Siya ang inyong pakinggan.”
8. At karakara’y sa biglang paglingap nila sa palibot, ay wala silang nakitang sinoman, kundi si Jesus lamang na kasama nila.
9. At habang nagsisibaba sila sa bundok, ay ipinagbilin niya sa kanila na sa kanino man ay huwag nilang sabihin ang kanilang nakita, maliban na pagka ang Anak ng tao ay magbangong mag-uli sa mga patay.
10. At kanilang iningatan ang pananalitang ito, na nangagtatanungan sila-sila kung ano ang kahulugan ng pagbabangong mag-uli sa mga patay.
11. At tinanong nila Siya, na sinasabi, “Bakit sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna si Elias?”
12. At sinabi niya sa kanila, “Katotohanang si Elias ay pariritong mauna, at isasauli sa dati lahat ng mga bagay: at paanong nasusulat ang tungkol sa Anak ng tao, na siya’y maghihirap ng maraming bagay at pawalang halaga?”
13. Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at ginawa din naman nila sa kaniya ang anomang kanilang inibig, ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya.”

Ang tatlong alagad na nakasaksi sa transfiguracion sa bundok ay sagisag ng pag-iisip, damdamin at kalooban na siyang kaangkinan ng isang espiritu. Si Moises na kanilang nakitang kausap ng Panginoon ay sagisag ng batas sapagkat sa pamamagitan ni Moises pinagkaloob ang mga utos ng Dios; si Elias ay sagisag ng tagapagpaliwanag, tagapagpalaganap at

tagapaghanda kung papaano isasakatuparan ang mga kautusan ng Dios. Ipinangako ni Elias noong kanyang kapanahunan na siya ay babalik sa kapatagan upang ihanda ang daan para sa Mesias o Cristo.

Pinatotohanan ng Panginoon na si Juan Bautista o ang espiritu niya ay siya ring espiritu ni propeta Elias na ngayon ay tinutupad ang kanyang kapangakuan na ihahanda ang daan ng Panginoon at sa Kanya ay magpapatotoo. Ito ang isa sa mga patotoo ng palapahaman ng simulain ng Espiritismo, ang reencarnacion o muli at muling buhay.

Ang sagisag naman ng Panginoong Hesukristo sa transfiguracion ay ang tagaganap o pagtupad ng mga kautusan o batas ng Dios.

Ang Dios ay espiritu at ang espiritu ay hindi nakikita. Kung mayroon mga nilikhang nakakita raw ng espiritu ng isang namatay o multo sa iba, ang nakita ay ang tinatawag na periespiritu na siyang pinakakatawan ng mga espiritu sa bayan ng mga espiritu (Astral body). At ang anyo nila ay kinukuha sa kung ano ang kanilang hitsura noong sila ay mayroon pa ng katawang laman sa kapatagang ito. Maaari din silang makita sa kaniyang anyo ng mga nakaraan nilang mga kabuhayan. Kung minsan ang tawag sa periespiritu ay molde ng espiritu.

Ang Dios sa kanyang pagka-espiritu at katotohanan ay hindi kailanman nagkatawang laman o gumamit ng katawang laman; ang ipinadala ng Dios ay ang kanyang bugtong na Anak sa katauhan ng Panginoong Hesukristo. Ito ay pangalawang pinatotohanan sa transfiguracion sa bundok na sinariwa sa itaas, ang unang patotoo ay pagkatapos na siya ay mabinyagan ni Juan Bautista.

19. At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin sa kaniya ng mga Judio mula sa Jerusalem ang mga saserdote at mga Levita upang sa kaniya'y itanong, "Sino ka baga?"
20. At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; "Hindi ako ang Cristo"
21. At sa kaniya'y kanilang itinanong; "Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias? " At sinabi niya, "Hindi ako. Ikaw baga ang propeta?" At siya'y sumagot," Hindi."
22. Sinabi nga nila sa kaniya, "Sino ka baga? upang ibigay namin ang kasagutan sa nangagsugo sa amin. Ano ang sinasabi mo tungkol sa iyong sarili?"
23. Sinabi niya, "Ako ang tinig ng isang humihiyaw sa ilang. Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon, gaya ng sinabi ng propeta Isaias."
24. At sila'y sinugod buhat sa mga Pariseo.
25. At sa kaniya'y kanilang itinanong, at sinabi sa kaniya, "bakit nga bumabautismo ka, kung hindi ikaw ang Cristo, ni si Elias, ni ang propeta?"
26. Sila'y sinagot ni Juan, na nagsasabi, "ako'y bumabautismo sa tubig; datapuwa't sa gitna ninyo'y may isang nakatayo na hindi niyo nakikilala.
27. Siya nga ang pumaparitong sumusunod sa akin, na sa Kaniya'y hindi ako karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak. "
28. Ang mga bagay na ito'y ginawa sa Betania, sa dako pa roon ng Jordan, na pinagbabautismuhan ni Juan.
29. Nang kinabukasan ay nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kaniya, at sinabi, "narito, ang Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan!
30. Ito yaong aking sinasabi, Sa hulihan ko'y dumarating ang isang lalake na magiging una sa akin: sapagkat siya'y una sa akin."

31. “At siya’y hindi ko nakilala; datapuwa’t upang siya’y mahayag sa Israel, dahil dito’y naparito ako na bumabautismo sa tubig.”
32. At nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, “nakita ko ang Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit; at dumapo sa kaniya.
33. At siya’y hindi ko nakilala; datapuwa’t ang nagsugo sa akin upang bumautismo sa tubig, ay siyang nagsabi sa akin,” “Ang makita mong babaan ng Espiritu, at manahan sa kaniya, ay siya nga ang bumabautismo sa Espiritu Santo.
34. At aking nakita, at pinatotohanan kong ito ang Anak ng Dios.”

Sa mga katanungan ng mga saserdote, mga Levita at mga Pariseo ay nagpapatunay na natatanggap o naniniwala sila sa palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion. Alam ng mga ito na si Elias ay malaon nang namatay subalit mayroon ng pangako na siya ay babalik sa kapatagang lupa upang ihanda ang daan para sa Panginoon. Ang mga kasagutan ni Juan ay nagpapahiwatig ng kababaang loob.

Ang wika ni Juan Bautista, “ako ang tinig ng isang humihyaw sa ilang.” Nagpapagunita sa bawat Isang nilikha na mayroon isang tinig na mula sa kaibuturan ay nagtatalik sa pagpapaalaala sa tungkuling ipinangako bago nagkatawang laman, ang pagbabayad utang at ang gawang kabutihan at kabanalan. Ang tinig sa ilang ay ang mga budhi, ang consciencia na bahagi ng espiritu, galing sa Dios, kapilas ng Dios, kayat sa aklat na ito ni San Juan ang tao ay tinatawang na maliit na Dios.

Ang isa pang tinig sa ilang ay ang Kabatlayaan, ang subaybay ng kaitaasan. Inaakit ang mga tao sa pagbabago na ang kasangkapan ay ang kapwa. Si Juan Bautista ay nag-

aanyaya ng panibagong buhay, simula ng pangangaral, paghahanda ng daan ng Panginoon.

Tinanong si Juan ng mga Pariseo, “bakit ka nagbibinyag kung hindi ikaw si Cristo o Elias o ni ang propeta?”

Ang sagisag ng binyag o bautismo ay pagsisisi, paglilinis ng kasalanan at kailangan ang subaybay, alalay ng kaitaasan o Kabatlayaan sa gawaing ito. Ginagawang ritos o bahagi ng ceremonias ng mga pananampalataya ang gawaing ito at alam na kung ano ang kailangan at kung ano ang ginagawa sa mga pagbibinyag.

Ang wika ni Juan,” ako ay bumabautismo sa tubig, datapwat sa gitna ninyo ay may isang nakatayo na hindi ninyo nakikilala, Siya ang pumaritong sumunod sa akin, Siya ang Panginoong Hesukristo” at inamin ni Juan ng buong kababaan na hindi siya karapatdapat na magkalag man lamang ng tali ng kayang pangyapak, pangyapak na sagisag pa rin ng kababaan. Ang Panginoong Hesukristo naman ang nagbibinyag sa apoy at sa Espiritu Santo. Sa pag-aaral ng simulain ng Espiritismo, mayroong tatlong uri ng binyag. Ang binyag sa tubig, binyag sa apoy at sa Espiritu Santo.

Ang binyag sa tubig ay ang pagtanggap ng tao na siya ay nagkasala, pinagsisihan at ipinangangakong hindi na muling gagawin at ang kalagayang ito ay katumbas ng paghahanda na ipinatungkol kay Juan Bautista. Hindi ito sapat sapagkat mayroon ng batas na pagbabayaran ang pagkakasala o pagkakautang hanggang sa kahuli-hulihang beles.

Sa kalagayan ng pagbabayad utang na nagdudulot ng hirap at tiisin tulad ng ipinalasap sa kapwa, iyan ang kalagayan ng pagbibinyag sa apoy. Hindi pa rin sapat ang makapagbayad ng

pagkakautang sapagkat kinakailangan naman ang gumawa na siyang tunay na tungkulin ng tao, ang magpalaganap ng ebangelyo ng Panginoon at ang gawaing ito ay humihingi ng higit na pagpapakasakit na kung kakailanganin ang buhay ay ipagkakaloob ng tao at iyan ang ibinigay na halimbawa ng Mananakop, ang magpalaganap ng Kristiyanismo, magmisyon at iyan ang binyag sa Espiritu Santo.

Sa simula ay kailangan ang binyag sa tubig upang matanggap ang mga aral ng Mananakop, kailangan ang paghahanda at ito ay angkop din sa simulain ng Kabatlayaan o Espiritismo; tuwirin ang landas upang makita ang kagandahan ng simulain ng Espiritismo, gumawa at magbigay ng halimbawa. Tatalikdan ang mga gawang pagkakasala, at papalitan ng gawang kabanalan. Hindi sapat na tumawag lamang ng Panginoon upang maligtas, kailangan ang gawang kabanalan, magkawanggawa.

Si Juan Bautista ay nagbibinyag sa ilog ng Jordan at ang Jordan ay sagisag ng daigdigan ng mga hugis katulad ng daigdigang lupa kung saan kailangan magkatawang tao ang mga espiritu upang masulong, ang batas ng pagsulong. Ang ilog Jordan ay marumi, malabo subalit diyan bininyagan ang Panginoong Hesukristo. Maraming karamdaman ang pinagaling sa ilog na yan magmula pa sa kapanahunan ni propeta Elias.

Mula sa Lumang Tipan ang wika ay nag-utos na kumuha ng mangkok na bago at lagyan ng asin at ilagay sa bukal ng ilog Jordan at ang wika ng Dios, hindi mabubuhay ang sakit at kamatayan sa tubig na ito. Gumanda ang ilog Jordan ng malagyan ng asin. Asin na sagisag ng paggawa ng sinasabing kabanalan at maghahari ang malinis na hangarin magmula sa pag-iisip.

Ilog Jordan, tubig na sagisag ng katawang laman. Ang may karamdaman sa kaluluwa ay pitong beses na lulubog at aahon sa ilog na ito upang gumaling. Pito na sagisag ng espiritu at katawang laman na magsasanib upang makatupad ng tungkulin, makapagbayad ng mga pagkakautang at pagkatapos ay magiging tagapagpalaganap naman ng kabanalan, ng ebangelyo ng Panginoon. Sa payo ni propeta Eliseo ay ganyan ang ginawa ni Naman upang gumaling ang kanyang sakit na ketong.

Diyan bininyagan ang Panginoong Hesukristo sa ilog ng Jordan, bahagi ng lawa ng Galilea, sagisag na ang tao ay nagmula sa kamangmangan, masusulong, at tutupad ng tungkuling ipinakitipon bago nagkatawang laman.

Sariwain natin ang wika ni propeta Isaias: Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas, lahat ng libis ay tatambakan at pabababain, ang bawat bundok at burol at ang liko ay matutuwid, at ang mga daang bako-bako ay mangapapatag at makikita ng lahat ng laman ang pagliligtas ng Dios.

Tatabunan ang mga butas, ang mga pagkukulang ng mga kapwa, huwag indahin, unawain ang mga kapwa. Tambakan ang bundok, ang mga burol. Kung dumating sa bundok o tubig ay tumigil sapagkat ang tao ay takot na maubusan kung magkakawanggawa, nag-aaksaya ng panahon, labis ang pag-ibig sa sarili.

Magpalaganap sa pamamagitan ng gawa. Tibagin ang pagkatakot, ang pangamba, ang labis na pagmamahal sa sarili na iyan ang mga bundok na tumatabing sa paningin ng tao at hindi makita ang pangangailangan ng kapwa. Ang mga pagsubok ay kailangan upang mapansin ang mga paligid, ang

kapwa: patagin ang bako-bakong daan, patagin ang mga nasa pag-iisip, damdamin at kalooban. Ihanda ang pagdating ng Panginoon na sagisag ng kababaan, kabanalan at pag-ibig na hindi nagtatangi.

Patuloy pa rin ang pagpapatotoo ni Juan Bautista sa kadakilaan ng Panginoon at bilang Anak ng Dios. Ang kordero ay hayop na sumasagisag sa kababaan, kaamuan at paglilingkod sa tao, kayat pinatotohanan ni Juan na ang Panginoon ang kordero ng Dios.

35. Nang kinabukasan ay muling nakatayo si Juan, at ang dalawa sa kanyang mga alagad.
36. At kaniyang tiningnan si Jesus samantalang Siya'y naglalakad, at sinabi, "narito ang kordero ng Dios."
37. At narinig siyang nagsalita ng dalawang alagad, at sila'y nagsisunod kay Jesus.

Ang dalawang alagad ni Juan na nakarinig ng salita ng Panginoong Hesukristo ay sumasagisag sa karunungan at pag-ibig at iyan ang lema ng simulain ng Espiritismo: Patungo sa Dios sa pamamagitan ng karunungan at pag-ibig. Ang dalawang iyan ang susunod sa kabanalan na siyang larawan ng Panginoon.

38. At lumington si Jesus, at nakita silang nagsisisunod, at sinabi sa kanila, "ano ang inyong hinahanap?" At sinabi nila sa kaniya, "Rabi (na kung liliwanagin, ay Guro), saan ka tumitira?"
39. Sinabi niya sa kanila,
40. "magsiparito kayo, at inyong makikita. " Nagsiparoon nga sila at nakita kung saan siya tumitira; at sila'y nagsitirang kasama niya nang araw na yaon: noo'y mag-iikasampu na ang oras.

41. Ang isa sa dalawang nakarinig ng pagsasalita ni Juan, at sumunod sa kaniya, ay si Andres na kapatid ni Simon Pedro.
42. Una niyang nasumpungan ang kaniyang sariling kapatid na si Simon, at sa kaniya'y sinabi, "nasumpungan namin ang Mesias" (na kung liliwanagin, ay ang Cristo).
43. Siya'y kaniyang dinala kay Jesus. Siya'y tinignan ni Jesus, at sinabi, "Ikaw ay si Simon na anak ni Juan: tatawagin kang Cefas" (na kung liliwanagin ay, Pedro).

Ang mga talatang ito ay matatagpuan din sa aklat ni San Mateo 4:18-20, at kay San Marcos 1:16-18.

Dito sa bahaging ito papasok ang ikalawang sagisag ng dalawa pang alagad; sagisag ng katawang laman at espiritu na susunod sa pagkakatawang tao ng Panginoong Hesukristo sa kapatagang lupa. Tinanong ng mga alagad, Rabi saan ka tumitira at ang wika ng Panginoon, magsiparito kayo at inyong makikita. Ang tahanan ng Panginoon ay hindi bato, walang magandang kasangkapan sapagkat ang magiging pangsamantalang tahanan ng Mananakop ay ang kapatagang lupa na kung tawagin ng mga Batlaya ay daigdigan ng luha at hinagpis, subalit tahanan ng paggawa ng kabutihan at kabanalan.

Katulad ng espiritu ni Juan Bautista na may tungkulin na tumulong sa pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios at ang tungkuling ito ay pinagkasunduan doon pa sa bayan ng mga espiritu kayat nang tawagin ang mga alagad ay walang lingon likod na iniwan ang mga gawain at sumunod sa Panginoon sa pagpapalaganap sang-ayon sa kanilang mga pinagkasunduan.

Ang mga tao sa kapatagang lupa ay namamayan sa dalawang daigdigan, daigdigan ng katawang laman at daigdigan

ng espiritu. Nagsitira ang dalawang alagad sa tinitirahan ng Mananakop ng mag-iikasampu na ang oras. Sampu, isa at zero o bilog. Ang bilog ay sagisag ng tao o materia, walang halaga o zero, subalit kung ididikit sa isa na sagisag ng iisang Dios sa kanyang pagkaespiritu at katotohanan, makagagawa, makapagkakawanggawa na siyang tutungkulin ng mga alagad. Hindi makahihiwalay ang tao sa Dios; ang tao sa kanyang kapwa, pawawalang halaga ang sarili tulad ng zero, sampu upang makaibig.

Ang espiritu ay gagamit ng katawang laman, material, Cefas, pader o bato upang tumupad ng tungkulin, magbago at masulong; higit na ay kung ang tungkuling gagampanan ay ang pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios. Binago ang pangalan ni Simon, ginawang Cefas na kung liliwanagin ay Pedro. Ang pangalan ay nagbibigay buhay, nagbibigay ng pagkakilala. (Panahon at espacio, Time and space).

Halos sa ganitong kaparaanan din nakalap ang iba pang mga alagad na walang lingon likod na iniwan ang mga gawain at sumunod sa pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios. Ito ay pinatututuhanan ng mga sumusunod na mga talata:

44. Nang kinabukasan ay pinasiyahan niyang pumaron sa Galilea, at kanyang nasumpungan si Felipe: at sa kaniya'y sinabi ni Jesus," sumunod ka sa akin."
45. Si Felipe nga ay taga Betsaida, sa bayan ni Andres at ni Pedro.
46. Nasumpungan ni Felipe si Nataniel, at sinabi sa kaniya, "nasumpungan namin yaong sinulat ni Moises sa kautusan, at gayon din ng mga propeta, si Jesus na taga Nazaret, ang anak ni Jose."

47. At sinabi sa kaniya ni Nataniel, “mangyayari bagang lumitaw ang anomang magaling na bagay sa Nazaret?” Sinabi sa kaniya ni Felipe, “pumarito ka at tingnan mo.”
48. At nakita ni Jesus si Nataniel na lumalapit sa kaniya, at sinabi ang tungkol sa kaniya, “narito, ang isang tunay na Israelita, na sa kaniya’y walang daya.”
49. Sinabi sa kaniya ni Nataniel, “saan mo ako nakilala?” Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, “bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos, ay nakita na kita” .
50. Sumagot si Nataniel sa kaniya, “Rabi, ikaw ang Anak ng Dios; ikaw ang Hari ng Israel.”
51. Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, “dahil бага sinabi ko sa iyo, kita’y nakita sa ilalim ng puno ng igos, kaya ka sumasampalataya? Makikita mo ang mga bagay na lalong dakila kay sa rito.”
52. At sinabi Niya sa kaniya, “katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, “Makikita ninyong bukas ang langit, at ang mga angel ng Dios na nagmamanhikmanaog sa ulunan ng bawat Anak ng tao.”

Sa kataga ni Nataniel na mangyayari bagang lumitaw ang ano mang mabuting bagay sa Nazaret? Ang Nazareth ay sagisag ng kataasan, bahagi ng daigdig kung saan naroroon ang mga kayabangan at mapaghanap ng mga kadakilaang pang lupa.

Subalit sa mga salita ng Panginoon ay nakilala ni Nataniel na Siya ang Mesias, ang Kristo, ang tagapagligtas. Ipinaalala ng Panginoon ang kanyang nakaraang kabuhayan na nasa ilalim ng puno ng igos, igos na sagisag ng kamangmangan, kalagayang walang bunga, walang pagtupad, walang pakialam sa kapwa. Hangga’t maaari ay hindi ipinaaalam sa tao ang kanyang mga nakaraang kabuhayan sapagkat ito ay nagdudulot ng kataasan, pag-aalinlangan at pangamba. Ipinaalaala kay Nataniel ang

nakaraan niyang kabuhayan kayat sumampalataya siya na ang Panginoon ang Anak ng Dios.

Sa palapahaman ng muli at muling buhay, mayroon mga nilikha na naalaala at nasasariwa ang ilan nilang mga nakaraang kabuhayan at napatutunayan naman kung sila ay pakikilingan at tutulungan at marami ang mga pangyayaring ito sa bansang India. Ang ibang nilikha na nakaaalam ng kanilang mga nakaraang kabuhayan ay sa pamamagitan ng mga medium katulad ni Edgar Cayce na kapag nalagay ang sarili sa hypnotismo ay nasasaliksik ang mga nakaraang kabuhayan ng isang nagnanais o sumasangguni, at maraming mga aklat ang napalimbag na tungkol sa danas na ito.

Dito naman sa ating pag-aaral na ito ng Espiritismo mayroon mga kapatid na nalalaman ang kanilang mga nakaraang kabuhayan at isang halibawa ay ang medium na si kapatid Trinidad Estrada na ang kadalasang gumagamit ay ang Santa Cecilia; ang mga ilang kapatid na nasariwa ang kanilang mga nakaraang kabuhayan ay ang kapatid na Graciano De la Cruz at Tiburcio Ramirez.

Sa mga kataga ng Panginoong Hesukristo na makikita ninyong bukas ang langit at ang mga anghel ng Dios na nagmamamhiik manaog sa ulunan ng bawat Anak ng tao, ito ang banggit sa Genesis kapitulo 28: 12-13 sa panaginip ni Jacob na ganito ang isinasaad: At nanaginip, at narito ang isang hagdan, na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay umaabot sa langit; at narito ang mga anghel ng Dios na nagmamamhiik manaog doon. At narito, ang Panginoon ay nasa kaitaasan niyaon at nagsabi, Ako ang Panginoon, ang Dios ni Abraham na iyong Ama, at Dios ni Isaac, ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi.

Ito ang sanglibutan, ang buong universo at ang bawat baitang ng hagdanan ay planeta o daigdig kung saan ang mga espiritu ay magkakatawang laman upang masulong, mabanal at makabalik sa Dios na kanyang pinanggalingan. At kung mayroon na ng pagkasulong o kabanalan, babalik pa rin sa mga daigdigang mababa ang antas upang akayin ang mga nilikha sa gawang kabanalan, tulad ng tinutungkol ng Kabatlayaan na namamanhik manaog sa hagdanan na iyan ni Jacob.

Ang bawat isang nilikha ay mayroong balon ni Jacob, na lalong bumabalong habang nagkakawanggawa at hindi mauubusan. Ang lahat ay mga Nataniel na tatanggapin ang ating kahapon o nakaraang kabuhayan na pawang pagpapabaya, walang paglingap sa kapwa at ito ay papalitan ng higit na pagkakawanggawa, ng kabanalan, ng kababaang loob, kaamuan at pagtupad ng tungkulin alang-alang sa ikalalaganap ng simulain ng Espiritismo o Kristianismo.

KAPITULO 2

KASALAN SA CANA NG GALILEA

1. At nang ikatlong araw ay nagkaroon ng isang kasalan sa Cana ng Galilea; at naroon ang ina ni Jesus:
2. At inanyayahan din naman si Jesus, at ang kaniyang mga alagad, sa kasalan.
3. At nang magkulang ng alak, ang ina ni Jesus ay nagsabi sa kanya, “wala silang alak”.
4. At sinabi sa kaniya ni Jesus, “babae, anong pakialam ko sa iyo? Ang aking oras ay hindi pa dumarating.”
5. Sinabi ng kaniyang ina sa mga alila, “gawin ninyo ang anomang sa inyo’y kaniyang sabihin.”
6. Mayroon nga roong anim na tapayang bato na nalalagay alinsunod sa kaugaliang pagliilinis ng mga Judio, na naglalaman ang bawat isa ng dalawa o tatlong bangang tubig.
7. Sinabi sa kanila ni Jesus, “punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan”. At kanilang pinuno hanggang sa labi.
8. At sinabi niya sa kanila, “Kunin ninyo ngayon at inyong iharap sa pangulo ng kapistahan”. At kanilang iniharap.
9. At nang matikman ng pangulo ng kapistahan ang tubig na naging alak nga, at hindi niya nalalaman kung saan buhat (datapuwa’t nalalaman ng mga alila na nagsikuha ng tubig), ay tinawag ng pangulo ng kapistahan ang kasintahang lalake,
10. At sinabi sa kaniya, “ang bawat tao ay unang inilalagay ang mabuting alak; at kung mangakainom nang mabuti ang mga tao, ay saka inilalagay ang pinakamasama: itinitira mo ang mabuting alak hanggang ngayon.”

11. Ang pasimulang ito ng kaniyang mga tanda ay ginawa ni Jesus sa Cana ng Galilea, at inihayag ang kaniyang kaluwalhatian; At nagsisampalataya sa kaniya ang kaniyang mga alagad.

Lima pa lamang ang mga alagad ng Panginoong Hesukristo ng mangyari ang kasalang ito; sila ay si Pedro, Andres, Juan, Felipe at Nathaniel. Tuwang tuwa ang ina ng Panginoon na sila ay nakadalo sa kasalan at anoman ang gawin ng Panginoon, sa mata ng Mahal na Birhen ay maganda at dakila. Ang wika ng kasaysayan, ang Panginoon ay hindi mahilig na magdadalo sa mga ganitong uri ng kasayahan sapagkat ang kaniyang buhay ay puno ng pag-aaral, pagdidili-dili at nais pang nakabukod lalo na sa ganitong kasayahan. Subalit isinaisang tabi muna ng Panginoon at ng kaniyang mga alagad ang mga maseselan na paksa.

Mula sa Banal na Kasulatan, ito ang unang himala, ginawang alak ang tubig. Hindi pa panahon upang magpasimula subalit ang ina, tandaan ang ina ang humiling, sagisag ng nakaraang kabuhayan. Nauna ang hindi masarap na alak, sagisag na nauuna ang mga gawang kamangmangan, subalit ang batas ay pagsulong, sa huli ay ang masarap na alak na sagisag ng kabanalan.

Ang diwa nito ay ang palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion; ang pagsangkap ng espiritu sa katawang laman. Kung ang alak ay nagdudulot ng kaligayahan, ang espiritu ay nagkakaroon ng kaligayahan sapagkat nagkakaroon ng pagkasulong, napagbabayaran ang mga nagawang pagkakasala, kaalinsabay ng mga kahirapan at tiis.

Iniutos ng ina na nasabi na sa dakong una na sagisag ng nakaraang kabuhayan, gawin maganda ang pangit, humanap ng

mabuti sa gitna ng kasamaan, haluan ng alak lalo na ang mga pagsubok. Kung naliligayahan ang tao sa alak ng lupa, ang batas ay pagsulong, hindi lamang ito ang magdudulot ng kaligayahan; kung matanggap na walang nangyayari na hindi karapatdapat, ito ay nasa kapahintulutan ng Dios at ito ay para sa ikabubuti ng tao, nasabi na rin na hanapin ang kagandahan sa gitna ng kapangitan at ito ang magpapaligaya.

Ang alak na buhat sa Panginoong Hesukristo ay ang kaniyang mga aral, ang kaniyang mga salita, ang alalay sa kagandahan ng buhay, ang tao ay magbabago, masusulong. Mataas ang halaga ng alak, dugo na sagisag ng mga pagtitiis, pagpapakasakit, dugo na mabubuhos sa marami, magtitiis para sa kapwa at ito ang pag-ibig.

Kung ang tubig ay ginawang alak ng Mananakop, sa simulain ng Espiritismo ang tubig ay ginagawang mabisang gamot sa lahat ng uri ng karamdaman at ito ang tinatawag na SEMILLA. Sa Lunduyan ng La Perfeccion ginagawa ang semilla sa pamamagitan ng panalangin at telepatya na sa tuwing unang araw ng Sabado sa bawat buwan mayroon mga lalagyan ng tubig na nakaipon sa isang mesa, walang sara at sa loob ng dalawang oras na pagsesesyon ay tumatanggap ng mga sustansiya mula sa himpapawid upang maging mabisang gamot sa mga karamdaman.

Sang-ayon sa pangitain ng isang medium vidente (may biyaya na makakita ng mga espiritu at mga bagay sa bayan ng mga espiritu) may isang ibon na mayroon kopa sa kaniyang tuka na isinasalok sa isang batis na napakaganda at walang katulad sa daigdigang lupa, at dinadala ng ibon sa bawat lalagyan o bote ng tubig o damawana at pinapatakan ang mga lalagyan ng tubig mula sa kopa na nasa tuka ng ibon. Bawat mapata kang tubig ay parang umaaso at iyan na ang nagiging semilla.

Ang katagang semilla ay nangangahulugan binhi, kayat ang isa o ilang patak na malagay sa isang basong tubig ay nagiging agua magnetisada at ito ay mabisang gamot sa mga karamdaman. Ito ay pinagkaloob ng walang bayad, kayat ipinamimigay din na walang bayad.

Balikan natin kung papaano na ang tagpong ito sa kasalan sa Cana ay sumasagisag sa palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion. Sa mga pagbibigay diwa sa mga tagpong ito, ang tubig ay sumasagisag sa katawang laman na magiging kasangkapan ng espiritu; ang pagiging alak nito ay ang paglakip ng espiritu sa katawang laman na gaya ng nasabi sa dakong una ay upang makatupad ng tungkulin, makapagbayad ng mga pagkakasala at pagkatapos ay maging tagapagpalaganap ng kabanalan at kabutihan.

Ang humiling ay ang ina na gawing alak ang tubig, ina na nasabi na sagisag ng nakaraang kabuhayan. Ang mga nakaraang kabuhayan ng Panginoong Hesukristo ay puno ng mga gawaing kabanalan, pagbibigay o pag-aalay ng buhay alang-alang sa sangkatauhan na pinatutunayan ng Kaniyang mga kataga sa San Mateo 23:37: “Oh Jerusalem, Jerusalem na pumatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinugo sa kanya, makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo”.

At kung ang mga letra naman ang kukunin, ang mahal na birhen ay pinili at hinirang na Siyang maging ina ng Mesias dala ng mataas na antas ng kaniyang espiritu na nagdalang tao na hindi nakakikilala ng lalaki. Nabanggit na natin ng mga nakaraang pagkakataon na marahil ang espiritu ng Mahal na Ina ay siya rin naging espiritu ng mga dakilang babae na binabangit

sa Lumang Tipan katulad ni Miriam na kapatid ni Mioses, Judith, Deborrah at Esther.

ANG PAGPAPAALIS NG PANGINOON SA MGA MANGANGALAKAL SA TEMPLO

Ang tagpong ito ay binabanggit din kay San Mateo 21:12-13; kay San Marcos 11:15-17 at kay San Lukas 19:45.

12. Pagkatapos nito ay lumusong siya sa Capernaum, siya, at ang kaniyang ina, at ang Kaniyang mga kapatid, at ang kaniyang mga alagad; at sila'y nangatira roong hindi maraming araw.
13. At malapit na ang paskua ng mga Judio, at umahon si Jesus sa Jerusalem.
14. At nasumpungan niya sa templo yaong nangagbibili ng mga baka at mga tupa at mga kalapati, at ang mga mamamalit ng salapi na nangakaupo:
15. At ginawa niyang isang panghampas ang mga lubid, itinaboy niyang lahat sa templo, ang mga tupa at gayon din ang mga baka; at ibinubo niya ang salapi ng mga mamamalit, at ginulo ang kanilang mga dulang;
16. At sa nangagbibili ng mga kalapati ay sinabi niya, "Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito; huwag ninyong gawin ang bahay ng aking Ama na bahay-kalakal".
17. Napag-alaala ng kaniyang mga alagad na nasusulat, Kakanin ako ng sikap sa iyong bahay.

Kung letra ang susundin sa tagpong ito, lumalabas na nagalit nga ang Panginoong Hesukristo. Subalit ito ay magiging alit o laban sa kanyang simulain ng kababaan at pag-ibig. Kung totoong nagalit ang Mananakop sa pagkakataong ito, ay ibinagsak niya ang lahat ng kanyang simulain tungo sa

kababaang loob na tinatakan pa ng kaniyang pagsilang sa sabsaban ng mga hayop at higit na ang simulain ng pag-ibig na hindi nagtatangi at umuunawa.

Maraming mga nilikha na kung mahulog sa kahinaan ng pagkagalit o kainitan ng simbuyo, ang dinadahilan ay kung ang Panginoong Hesukristo ay nagalit ay siya pa. Iyan din ang naging dahilan ng Pangulong Corazon Aquino ng siya ay magtalumpati sa Edsa noong December 8, 1990 bilang pagdalangin sa kapayapaan. Dito ay binatikos niya ang pangalawang Pangulo Salvador Laurel at si Senador Juan Ponce Enrile at inamin niya na siya ay talagang galit at ang idinahilan ay kung ang Panginoong Hesukristo ay nagalit, siya man ay marunong ding magalit.

Subalit kung ang diwa ang kukunin hindi nagalit ang Mananakop. Sariwain natin ang banggit kay San Mateo: At pumasok si Jesus sa templo ng Dios at itinaboy niya ang lahat ng nangagbibili at nangamimili sa templo, ginulo niya ang dulang ng mga mamamalit ng salapi, at ang mga upuan ng nagbibili ng mga kalapati. At sinabi niya sa kanila, nasusulat, ang aking bahay ay tatawaging bahay panalanginan, datapuwa't ginagawa ninyong yungib ng mga tulisan. At nagsilapit sa kanya sa templo ang mga bulag at mga pilay at sila'y kaniyang pinagaling.

Nanggamot. Kung may kainitan ng simbuyo o pagkagalit ang Panginoon, papaano makapagpapagaling ng mga may karamdaman samantalang ang pamamaraan ng panggagamot ng Mananakop ay katulad ng ginagawang pagtulong sa mga may karamdaman ng simulain ng Espiritismo, sa pamamagitan ng magnetismo na kailangan ang concentration, kapayapaan at nakatuon ang pag-iisip, damdamin at kalooban sa Dios o sa kaitaasan.

Ang banggit naman kay San Marcos ay ganito: At nagsidating sila sa Jerusalem at pumasok siya sa templo at nagpasimulang kaniyang itinaboy ang mga nagbibili at nagsisibili sa loob ng templo at ginulo ang mga dulang ng nangagpapalit ng salapi, at ang mga upuan ng nangagbibili ng mga kalapati; at hindi niya ipinahintulot na sinoman ay magdala ng anomang sisidlan sa templo; at siya'y nagturo at sinabi sa kanila, "Hindi бага nasusulat, ang aking bahay ay tatawaging bahay panalanginan ng lahat ng mga bansa? Datapwat ginagawa ninyong yungib ng mga tulisan."

At siya'y nagturo, alalaong бага'y nangaral, papaano makapangangaral ng mahinusay ang isang taong mayroon ng pagkagalit?

Ang sinabi naman sa kasulatan ni San Lukas; At pumasok siya sa templo at pinasimulang Itaboy sa labas ang mga nangabibili, na sinasabi sa kanila, nasusulat nga, "ang aking bahay ay magiging bahay dalanginan; datapwat ginagawa ninyong yungib ng nga tulisan." At nagturo siya araw-araw sa templo.

Nangaral, kailangan sa isang nangangaral ang kapayapaan at kahinahunan upang maging mabisa ang kanyang banal na layunin.

Ang diwa ng templo ay puso ng tao; ang puso na kadalasan ay puno ng mga masasamang alitigtigin tulad ng mga pag-iimbot, mga pagnanasa, ang labis na pag-ibig sa sarili, mga pagnanasa sa mga karunungan pang kapatagang lupa na nagdudulot ng kataasan at kayabangan; pagnanasa ng mga kayamanan na nagdudulot ng katigasan ng pusong iyan at ang pagkatakot na maubusan kung magkakawanggawa; ang mga pangamba at kawalan ng pananampalataya.

Sa pagkamedium ng Panginoong Hesukristo ay nababasa niya o nakikita ang nasa pag-iisip, damdamin o puso ng tao; ang mga masasamang alitigtigin na kinakailangang paalisin, itaboy upang mabigyan puwang ang mga pangaral o karunungan panglangit na kaniyang ipinapalaganap. Sa gawaing ito ay kinakailangan ang tibay ng pananampalataya, lakas ng loob, pagtangan sa sarili; tigas ng kalooban upang mapalayas ang mga masasamang alitigtiging nasa puso ng tao na ipinagkakamali ng marami na pagkagalit ng Panginoon.

Ang isang matimbang na patunay na hindi nagalit ang Panginoong Hesukristo ay ang tagpong ito ay nangyari malapit na ang araw ng Paskua, araw na kung kailan daang-daan libong tao ang pumupunta sa Jerusalem, mga nanggagaling sa Judea, Galilea at Samaria, nanggagaling sa malayong Asia at Africa. Mayroong nababalita na pag-aalsa ang mga tao laban sa Roma, kayat nagpapaligsahan ang mga sundalo ni Pilato, mga sundalo ng mga saserdote at gayon din ang mga sundalo ni Herodes sa pagpapatroliya sa Jerusalem, higit na sa daraanang ito ng templo na napakaliit kung ihahambing sa daandaan na sundalo na napapalibot. Mayroon pa ring mga sundalo na nakasuot ng pangkaraniwang mamamayan, mga paesano na nagmamatyag sa galaw ng mga tao.

Kung totoong nagtapon at nagbuwal ng mga mesa at upuan ng mga nagbibili at namamalit ng salapi ang Panginoong Hesukristo, magkakaroon ito ng biglang paggalaw, komosiyon, mga galaw na hindi pangkaraniwan at ito ay maiino agad ng mga sundalong nakapaligid. Subalit wala naman binabanggit ang Banal na Kasulatan ng gayong pangyayari at ito ang hinihintay ng mga sundalo lalo na ang mga sundalo ng mga saserdote upang magkaroon ng dahilan upang hulihin ang Mananakop.

Ang Panginoong Hesukristo ay mataas o matangkad na tao, anim na talampakan ang kaniyang taas at kung gagawin ang isinasaad ng letra, madaling maiino Siya, subalit wala naming banggit na nangyari iyan na siya ay hulihin.

Uulitin natin na ang templo na sinasabi dito na kailangang linisin ay ang puso ng tao. Ito ay pinatotohanan ng mga susunod na talata.

18. Ang mga Judio nga'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, "anong tanda ang maipakikita mo sa amin, yamang ginawa mo ang mga bagay na ito?"
19. Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, "Igiba ninyo ang templong ito, at aking itatayo sa tatlong araw."
20. Sinabi nga ng mga Judio, "apatnapu't anim na taon ang pagtatayo ng templong ito, at itatayo sa tatlong araw?"
21. Datapuwa't sinasalita niya ang tungkol sa templo ng kaniyang katawan.

Kung papatayin ng mga Judio ang katawang laman ng Panginoong Hesukristo na siyang ginawa sa dakong huli, nasa loob ng katawan ang puso o ang templo na winasak nila. Maraming pagkakataon na sinasabi ng Mananakop na kung Siya ay mamamatay ay magbabangon Siya sa ikatatlong araw, alalaon baga'y ang Kanyang espiritu.

Sang-ayon sa mga pahayag ng mga espiritu ng mga namatay, iba't-ibang danas ang kanilang sinasabi. Pangkaraniwan na malagay sa isang kalagayan na walang malay o hindi maunawaan ang kanilang kalagayan; mayroon mga espiritu na hindi matanggap na sila ay nasa bayan na ng mga espiritu; o kung ano ang kanilang kalagayan na kung siya ay nakahiga, nakadapa o nakatayo, nangangailangan ng ilang saglit

upang maunawaan ang tunay nilang kalagayan, pangkaraniwan ay sa loob ng tatlong araw. Si Jonas ay nasa tiyan ng balyena sa loob ng tatlong araw at gabi bago iniluwa sa pangpang ng Niniveh. Ang mga iba't-ibang kalagayan ito ay sang-ayon sa antas ng namatay at sa uri ng kamatayan.

Ang mga namamatay na biglaan tulad ng bunga ng mga sakuna o sa larangan ng digmaan, matagal na panahon bago matanggap na sila ay wala na ng katawang laman at patuloy pa rin sa kanilang gawain ng sila ay mayroon pa ng katawang laman. Subalit sa subaybay ng mga espiritu na mananangkilik at sa tulong ng mga panalangin, unti-unting natatanggap nila ang katotohanan na sila nga pala ay wala na sa daigdigang hugis.

22. Nang magbangon na mag-uli nga siya sa mga patay, ay naalaala ng kaniyang mga alagad na sinalita niya ito; at nagsisampalataya sila sa kasulatan, at sa salitang sinabi ni Jesus.

Sa kadakilaan ng kabanalan at antas ng Panginoong Hesukristo at sa kanyang pagtanggap na ang kamatayan ay biyaya, baitang ng pagsulong, hindi na kailangan pang maghintay ng tatlong araw upang matanggap ang katotohanang Siya ay wala na ng katawang laman, naghubad na siya ng katawang laman.

23. Nang siya nga'y nasa Jerusalem nang paskua, sa loob ng panahon ng kapistahan, ay marami ang mga nagsisampalataya sa kaniyang pangalan, pagkakita ng kaniyang mga tandang ginawa.

Karaniwan sa mga tao at maging ang agham o ciencia sa kapatagang lupa ay mapaghanap ng mga patunay o tanda upang

matanggap ang mga bagay lalo pa't kung ang mga ito ay ukol sa kaharian ng mga langit. Ang mga tandang ipinakita ng Panginoong Hesukristo tulad ng pagpapagaling ng mga may karamdaman o kaya'y sa biglang malas ay bumuhay ng mga patay; ang mga iyan ang hinahanap ng mga tao. Ang ginagamit ng Panginoon bilang pagbibigay ng tanda ay ang tinatawag na mahika (Magic).

Mayroon ng dalawang uri ng mahika, mahika blanca at mahika negra. Ang mahika blanca ay ang mga karunungan at kaalaman ukol sa kabanalan at ikawawagas ng espiritu o kaluluwa ng tao. Ang mahika negra naman ay katulad ng pagpapagaling ng mga karamdaman, mga gawaing nakakukuha ng sustancia sa paligid o alangaang na hindi abot ng paningin ng pangkaraniwang tao subalit napapaloob lahat sa batas at biyaya ng Dios. Sa pagkamedium ng Mananakop ay nagagamit ang mga biyayang ito sa kaniyang pangangaral at pagbibigay tanda sa kadakilaan ng Dios at ng Kaniyang pag-ibig.

Ang dalawang uri ng mahikang ito ang ginagamit din ng simulain ng Espiritismo subalit ang tunay na layunin ay katulad din ng simulain ng kristianismo, madala ang tao sa kabutihan at kabanalan. Ang wika ng mga Batlaya sa mga mapaghanap ng tanda, kung nais ninyo iyaangat namin ang lunduyan ninyo ng tatlongpung metro sa itaas at pagkatapos ay aming ibaba, pagkatapos saan naroroon ang mga tao, nasa paghanga lamang at ang magpapatuloy ng pag-aaral ay kayo-kayo na iilang nakatatanggap ng kadakilaan ng pag-aaral ng simulaing ito.

24. Datapuwa't si Jesus sa kaniyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagkat nakikilala niya ang lahat ng mga tao,

25. Sapagkat hindi niya kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa tao; sapagkat nalalaman nga niya ang isinasaloob ng tao.

Nasabi na sa dakong una na ang Panginoong Hesukristo ay isang medium, at pinakadakilang medium na nagkatawang tao; sa pagkamedium Niya ay nababasa niya ang nasasa isip ng mga tao, nalalaman niya ang alitigtigin ng kanilang pag-iisip, damdamin at kalooban. Ganyan ang kaangkinan ng mga Banal na Espiritu tulad ng mga Batlaya na sumusubaybay at nagtuturo sa simulain ng Espiritismo. Kayat madalas sa pangangaral ng Kabatlayaan ang mga mag-aaral ay nasasabi sa kanilang sarili na ako yata ang tinutukoy ng Batlaya sa kanilang pangangaral.

KAPITULO 3

NICODEMO

1. May isang lalake nga sa mga Pariseo, na nagngangalang Nicodemo, isang pinunong mga Judio:
2. Ito rin ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios; sapagkat walang makakagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Dios.
3. Sumagot si Jesus at sa kaniya ay sinabi, Katotohanan, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios.
4. Sinabi sa kanya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?
5. Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.

Unahin natin bigyan ng pansin ang pangyayaring si Nicodemo ay nagpunta sa Panginoong Hesukristo ng gabi. Larawan ito ng dalawang uri ng tao; ang una ay larawan ng mga taong kung matanggap ang kadakilaan ng isang simulain, tulad ng simulain ng Espiritismo ay takip silim na ng kaniyang buhay o matanda na. Mayroon naman na natatanggap ang kahalagahan ng pag-aaral na ito at mayroong mga taong ipinagbubunsuran ang kaniyang mga kasambahay na magpunta sa lunduyan at mag-aral, subalit ang kanilang sarili ay saka na lamang daw,

pagtanda na niya; pagtanda na hindi na mailalagay sa larangan ng paggawa ang mga kabanalang ipinagagawa sa simulaing ito.

Ang pangalawang larawan ng tao na inilalarawan ng pangyayaring ito ay marami na nakatatanggap sa katotohanan at kadakilaan ng pag-aaral na ito ng simulain ng Espiritismo at nagpupunta sa centro, subalit hangga't maari ay ayaw nilang malaman na sila ay nakikipag-aral sa mga espiritista ng kanilang mga kakilala, nahihiya. Mayroon isang mag-aaral ng Espiritismo, masipag sa pagdalo sa lunduyan, naging katulong pa siya sa pagtatatag ng ibang lunduyan, subalit ng magtayo ng lunduyan mismo sa kalapit ng kaniyang bahay, dalawang beses lamang nakipagsesyon at nawala na, maraming dahilan at ng dakong huli ay sinabi na siya ay nahihiya na malaman ng kaniyang paligid na siya pala ay nakikipag-aral sa mga espiritista.

Dito naman sa kataga ng Panginoong Hesukristo na maliban na ang tao ay ipanganak na muli, ipanganak ng tubig at espiritu ay hindi makapapasok sa kaharian ng Dios, ito ang isang patotoo ng palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion.

Ang katawang laman ng tao ay halos puro tubig, walumpo at limang bahagdan (85%) ng katawan ng tao ay tubig; tubig ang nagbibigay hugis sa tao at kung titimbangin naman ang tao, pitumpong bahagdan (70%) ang tubig, nakalalamang ang tubig kayat kung mayroong banggit sa Banal na Kasulatan na tubig, ang ibig sabihin ay ang katawang laman ng tao. Kung kukulangin ng tubig ang katawan ng tao, siya ay magkakasakit o mamamatay, tulad ng nangyayari sa mga desierto.

Darating sa tao ang kamatayan subalit ang kaniyang espiritu ay mananatili at walang kamatayan, kapilas ng Dios na walang hanggan at ito naman ang sinasabi ng Panginoong Hesukristo na ipanganak ng espiritu.

Maraming pagkakataon na ang tao o ang isang espiritu ay magkakatawang laman (ipanganak ng tubig) upang matupad ang batas ng pagkasulong, matupad ang batas na kung ano ang utang ay siyang pagbabayaran o ang batas na pagbabayaran ang lahat ng pagkakautang hanggang sa kahuli-hulihang beles ng pagkakasala. Ito ay nangangailangan ng maraming pagkakatawang laman at sa bawat pagkakatawang laman ay dumarating ang kamatayan upang mabigyan ng pagkakataon ang espiritu na makabalik sa bayan ng mga espiritu o tunay na bayan.

Ang espiritu ay galing sa Dios at ito ay sa Dios din babalik subalit umalis sa Dios na malinis at kailangan bumalik sa Dios na malinis. Ang isang tao ay malilinis sa pamamagitan ng pakikipamuhay sa kapatagan ng mga hugis ng daigdigang lupa. Magkakaroon ng mga danas na siyang magiging guro, higit na malalaman o mauunawaan kung ano ang mabuti at kung ano ang masama at habang nasusulong iniwan ang mga gawaing masama at pinapalitan ng mga gawaing kabutihan.

Bawat pagkakatawang laman ay nakapagbabayad ng mga pagkakautang at pagkatapos nito ay mangangailangan pa rin ng mga pagkakatawang laman upang maging tagapagpalaganap naman ng ebangelyo ng Dios, matupad ang kataga ng Mananakop na gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin.

Sa pamamagitan ng muli at muling buhay o reencarnacion, madadama ng mga tao ang pag-ibig at katarungan ng Dios, lahat ng tao ay mababanal, babalik sa Dios na kanyang pinanggalingan, lamang sa kani-kanilang panahon.

6. Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; ang ipinanganak ng Espiritu ay Espiritu nga.

Ang salitang anak sa Banal na Kasulatan kadalasan ang ibig sabihin ay mga gawain ng isang tao. Kung ang gawain ng isang nilikha ay pawang pang material, walang nakikinabang kundi ang katawang laman na kadalasan ay nagdudulot ng pagkakasala at pang kapatagang lupa lamang. Maging ang mga bunga ng mga gawaing maka-materia tulad ng pagkakaroon ng mga kayamanan at maraming tinatangkilik, ang mga ito ay hindi madadala sa bayan ng mga espiritu kung dumating na ang kamatayan.

Ang mga kapangyarihan sa lupa, ang mga kadakilaan laging sinisikhay ng tao, ang mga ito ay hindi lamang hindi madadala sa bayan ng mga espiritu kundi kadalasan ay pabigat at nagdudulot ng tiisin sa kaluluwa ng isang yumao.

Ang ipinanganak ng espiritu, alalaon бага'y mga gawaing kabutihan at kabanalan, ang mga gawaing ito ay magdudulot ng kapayapaan at kasiyahan maging dito pa lamang sa kapatagang lupa, at higit na magdudulot ng kaligayahang walang hanggan kung dumating na sa bayan ng mga espiritu. Madalas sabihin ng Kabatlayaan na tayo raw ay namamayan sa dalawang daigdigan, daigdigan ng laman at daigdigan ng espiritu.

Kung magagawa lamang ng mga nilikha na magbahagi maging ika sampung bahagdan man lamang para sa daigdigan ng espiritu o para sa kaluluwa, ito ay magdudulot na ng malaking kaligayahan sa tunay na tao.

7. Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli.

Ang mga katagang ito ay tuwiran na ang ibig sabihin gaya ng nabanggit na sa dakong una na ang espiritu na walang kamatayan ay magkakatawang tao ng maraming ulit upang

masulong, makatupad ng tungkulin tulad ng pagbabayad utang na nalikha ng mga nakaraang kabuhayan at kung makapagbayad na ay muling ipanganganak dito sa kapatagan upang maging tagapagpalaganap naman ng Ebangelyo ng Dios.

8. Umiihi ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon; gayon ang bawat ipinanganak ng Espiritu.

Nasabi na sa dakong una na walang nangyayari ng hindi karapatdapat, ito ay nasa kapahintulutan ng Dios at ito ay para sa ikabubuti ng mga nilikha. Maraming mga pangyayari nagaganap sa buhay ng tao na hindi maunawaan at hindi malaman kung bakit nagaganap, dito ay pumapasok ang batas ng KARMA, o ganting galaw, na kung ano ang ginawa sa kapwa ay babalik sa gumawa ng walang labis, walang kulang at ang layunin ay ang makapagbayad ng mga pagkakautang, mga pagkakautang na nilikha ng mga nakaraang kabuhayan at hindi na naaalala sa kasalukuyang kabuhayan katumbas ng katagang hindi nalalaman kung saan nanggaling.

9. Sumagot si Nicodemo sa kaniya'y sinabi, paanong nangyayari ng mga bagay na ito?
10. Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, ikaw ang guro ng Israel, at hindi mo nauuwaan ang mga bagay na ito?
11. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ang nalalaman namin ay sinasalita namin, at ang aming nakikita ay pinatotohanan namin; at hindi ninyo tinatanggap ang aming patotoo.
12. Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa langit?

Ang mga karununganang lihim o karununganang makalangit ay hindi matatagpuan sa mga pamantasan o sa mga paaralang itinatag ng mga tao. Hindi maunawaan ni Nicodemo ang palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay sa kabila na siya ay guro ng Israel, sapagkat ang karunungan niya ay ukol lamang sa kapatagang lupa.

Ang mga tao ay inuuri ang mga paaralan. Ang simulaing dala-dala ng Mananakop ay walang karangyaan, pawang kababaan at kung aalintanahin pa ang pagkatao ng Panginoong Hesukristo na anak lamang ng isang karpintero at walang naabot na pag-aaral sa mga pamantasan; at maging ang mga alagad na katulong niya sa pagpapalaganap ng kabanalan ay mga mangingisda lamang, hindi agad matanggap ang mga karunungan pang langit ng marami.

Ganyan ang kapalaran ng simulain ng Espiritismo sapagkat aba, walang karangyaan, walang ritos o ceremonias; wala raw kasapi na mga dakilang tao o mga mayayaman kayat tinatawaran ang kadakilaan ng pag-aaral na ito.

Mismong mga mag-aaral na ng simulain ng Espiritismo ay mayroon pa rin ng pag-aalinlangan sa mediumnidad na siyang kasangkapan ng mga taga langit o Kabatlayaan sa pagtuturo ng mga bagay na makalangit. Kung sinasabi ng Kabatlayaan na tayo'y namamayan sa dalawang daigdigang o kaya'y binibigyan ng timbang ang kahalagahan ng palapahaman ng reencarnacion na higit ang pangangailangan sa daigdigang ng laman ay hindi pa matanggap ng nakararami, sa kabila na ito ay palasak sa Banal na Kasulatan, ang mga pangyayari at mga patotoo, papaano mauunawaan ang mga karununganang lihim o pang langit.

13. At walang umakyat sa langit kundi ang nanggaling sa langit, samakatwid бага'y ang Anak ng Tao, na nasa langit.

Nasabi na ang bawat nilikha ay mayroon ng espiritu at ang bawat espiritu ay galing sa Dios, kapilas ng Dios sa kanyang pagka-espiritu at katotohanan. Ipinunla ang kaankinan ng Dios sa tao kayat ang wika ni San Juan ay tayong mga tao ay mga maliit na Dios, magagawa ng tao ang magkaroon ng kapamahalaan sa kapatagang lupa, lamang kung magkaminsan ay nadadaig ng mga pagsubok, ng kamangmangan. Subalit nariryan ang subaybay ng Kabatlayaan, nariryan ang batas ng pagsulong, ang tao ay muling babalik sa bayan ng mga espiritu upang mag-aral, mag-ipon ng mga karunungan pang langit upang pagkatapos ay muling babalik sa kapatagang lupa upang tuparin ang kanyang pagiging Anak ng Tao.

14. At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon din kinakailangan itaas ang Anak ng Tao;

Ganyan ang pagmamahal ng Dios sa tao, isinugo ang kanyang bugtong na anak hindi upang parusahan kundi upang iligtas ang mga nilikha; ibigay ang buhay, pagkakataon upang itaas ng tao ang kaniyang sarili.

Si Moises ay itinaas ang ahas sa ilang, wala sa Lumang Tipan ang ginawang ito subalit napili ng Dios si Moises upang akayin ang mga Israelita at ilayo sa gawang kamangmangan, sa pagkaalipin sa mga gawang pagkakasala. Si Moises ay nag-alinlangan sa kaniyang sariling kakayahan kayat upang bigyan patotoo na siya ang napili at sinusubaybayan ng kaitaasan, iniutos sa kaniya na ang hawak niyang baston ay ihagis sa lupa at naging ahas, ng muling damputin niya ang ahas ay nagbalik sa pagka baston.

Ang baston na ito ang inihampas sa dagat at nahawi ang tubig, lumabas ang katihan at diyan nagdaan ang mga Israelita sa kanilang pag-alis mula sa Ehipto. Ang baston din ito ang inihampas sa matigas na bato at bumukal ang masarap na tubig upang makapawi ng kanilang kauhawan.

Ang baston din ito ang sagisag ng espiritu na kapag nagkatawang tao ay madalas mamaibabaw ang karunungan makalupa, baston na sagisag ng kayamanan, kadakilaan sa lupa, kataasan na nagdudulot ng pagkakasala.

Ang ahas ay sagisag ng karunungan subalit karunungan pang lupa, datapwat kung lalakipan ng pag-ibig, ito ay makalilikha ng kababalaghan. Ang bawat nilikha ay Anak ng Tao, magbabago ang kanyang gawain o mga anak, sa dakong una ay hindi masasabing Anak ng Dios dala ng kahinaan sa mga pagsubok, subalit naririyang ang batas ng pagsulong, magbabago, sa pamamagitan ng muli't muling buhay o reencarnacion; gagawa, magkakawanggawa at iyan ang magliligtas sa tao, matataas.

15. Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan.

Ang tunay na sumasampalataya ay ipinakikita sa pamamagitan ng gawa, sa pagkakawanggawa, mga gawang kabanalan na ang makikinabang ay ang espiritu na walang kamatayan.

16. Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Sapagkat ang Dios ay pag-ibig, isinugo ang Kaniyang bugtong na Anak upang maging tagaakay, tagapagturo at magbigay ng mga halimbawa ng gawang kabanalan. Ang sinomang sumasampalataya sa Kanya ay matataas, lalakad sa tubig, sa hangin, mangingibabaw sa mga bagay ng laman, sa mga pagsubok na kaakibat ng buhay.

17. Sapagkat hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.

Ang paghatol ay gawang pagkakasala, pumapatay ng karangalan ng kapwa at pinagmumulan ng pag-aaway ng mga nilikha at nakawawala ng kapayapaan. Ang salita ng bugtong na Anak ng Dios ay pawang katotohanan, ang Kaniyang mga gawa ay balot ng kagandahan na kung ito ay tutularan, magdudulot ng kapayapaan at kaligtasan. Hanapin ang kagandahan sa gitna ng kapangitan, hanapin ang mabuti sa gitna ng kasamaan at ito ay matatagpuan.

Isang pangyayari sa buhay ng Panginoong Hesuskristo at ng kaniyang mga alagad. Nang sila ay bumabagtas sa desiyerto ay nakadaan sila ng isang patay at nabubulok na leon, may mga uod at nagbibigay ng masamang amoy. Ang mga uod at baho ng nabubulok na hayop ang napuna ng mga alagad, subalit ang Panginoon sa kaniyang kadakilaan at kalinisan, ang napuna at binanggit ay ang maganda, maputi at pantay-pantay na hanay ng ngipin ng nabubulok na hayop.

18. Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinahatulan na, sapagkat hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios.

Ang sumasampalataya sa Panginoong Hesukristo ay sumusunod sa Kanyang mga aral at halimbawa ng kabanalan, malayo sa gawang kasamaan, ang gawang kasamaan lamang ang hinahatulan. Ang hindi sumasampalataya sa Panginoon ay madaling mahulog sa gawang kamangmangan, sa pagkakasala at naririyang ang batas ng KARMA; kung ano ang ginawa sa kapwa ay babalik sa gumawa, kayat katumbas na hinatulan na.

19. At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagkat masasama ang kanilang mga gawa.
20. Sapagkat ang bawat isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kanilang mga gawa.
21. Datapuwa't ang gumagawa ng katotohanan ay lumalapit sa ilaw, upang mahayag na ang kaniyang mga gawa ay ginawa sa Dios.

Dala ng kataasan ng mga tao at higit na ay ang kamangmangan, nais pa nila ang kadiliman, ang pagpapatuloy sa mga gawaing kasamaan na nagdudulot lamang ng kaligayahan ng katawang laman at ito ay napaparam, subalit nagdudulot ng tiisin sa tunay na tao, sa kaluluwa. Ayaw ng tao sa ilaw sapagkat mahahayag ang kanilang mga gawain ay mapagkasala at ito ay ibinubulong ng kanilang buhi, subalit napapadaig pa rin sa kamangmangan na sagisag ng kadiliman.

Ang mga gawaing mayroon ng kabutihan ay bahagi ng ilaw, bahagi ng Dios sapagkat ang Dios ay espiritu ng katotohanan. Mayroon mga pagkakataon na inilalarawan ang Dios na isang liwanag, isang ilaw. Ang katotohanan ay inilalarawan ng gawang kabanalan sa pamamagitan ng kababaan loob, pagkakawanggawa sa kapwa, at kung ang kapwa ang larawan ng Dios, ang ginawa sa kapwa ay ginawa na rin sa Dios at ito ay

sinalita ng Mananakop; lalapit sa ilaw upang makita ng paligid at upang pamarisan; ang gawang katotohanan na ginawa sa kapwa ay ginawa sa Dios.

22. Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nagsiparoon si Jesus at ang kaniyang mga alagad sa lupain ng Judea; at doon siya tumira na kasama nila, at bumabautismo.
23. At bumabautismo rin naman si Juan sa Enon na malapit sa Salim, sapagkat doo'y maraming tubig; at sila'y nagsiparoon, at nangagbautismuhan.

Mula sa Jerusalem ay nagpunta ang Panginoong Hesukristo at ang kaniyang mga alagad sa Judea na kung saan nagmula ang lahi ni Juda at Benjamin sa angkan ni Jacob. Ang dalawa ay nanggaling sa Babylonia sa dakong ibaba na sagisag ng kasamaan bago dumako sa Judea. Ang Mananakop naman ay nagmula sa Jerusalem, nagpunta sa Judea; Jerusalem na nasa dakong hilaga o sa dakong itaas, ang Judea naman ay nasa dakong timog o sa ibaba; nagkaisa ang nasa itaas at nasa ibaba at iyan ang pagsasandugo ng espiritu at ng katawang laman, daigdigan ng espiritu at daigdigan ng katawang laman.

Kailangan ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga nagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios, napakalawak ng bukirin ng Ama subalit kakaunti ang mga magsasaka. Nasabi na sa dakong una na ang pagbabautismo ay ang pagdadala sa mga tao na matanggap na sila ay nagkasala, pagsisihan ang nagawang pagkakasala at ipangangakong hindi na muling gagawin at bagkos ay papalitan ng mga gawaing kabanalan tulad ng pagkakawanggawa sa kapwa.

Doon nagpunta sa Enon na malapit sa Salim na pook na pinagbabautismuhan ni Juan sapagkat maraming tubig, tubig na

nasabi na sa dakong una na sagisag ng isang nilikha na mayroon ng espiritu at katawang laman.

24. Sapagkat hindi pa ipinapasok sa bilangguan si Juan.
25. Nagkaroon nga ng isang pakikipagtalo ang mga alagad ni Juan sa isang Judio tungkol sa paglilinis.
26. At sila'y nagparoon kay Juan, at sa kaniya'y sinabi," Rabi, yaong kasama mo sa dako pa roon ng Jordan, na binigyan mong patotoo, narito, siya'y bumabautismo, at ang lahat ng mga tao'y nagsisiparoon sa kaniya."
27. Sumagot si Juan at sinabi, "Hindi makatatanggap ng anoman ang isang tao, malibang ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit."

Nasabi na ang pagbabautismo ay pagsisisi, paghahanda sa paglilinis ng sarili, kailangan ang mga sugo na mayroon na ng kalinisan upang turuan, tulungan ang mga tao na magpakalinis katulad ni Juan at ngayon naman ay ang Panginoong Hesukristo, ang bugtong na Anak ng Dios.

Nasabi na rin na walang nangyayari na hindi karapat dapat at nasa kapahintulutan ng Dios, ang mga nilikha ay mga maliliit na Dios na lilikha rin nang katulad ng Ama. Ang mga nangyayari sa mga tao ay bunga ng kaniyang mga gawa sa kasalukuyan at sa kaniyang mga nakaraang kabuhatan, maging ang mga pangyayari ay nagdudulot ng mga kaligayahan o mga tiisin, ang mga ito ay napapaloob sa batas ng KARMA.

28. Kayo man ay magsisisaksi sa akin, na aking sinabi," Hindi ako ang Cristo, kundi, na ako'y sinugo sa unahan niya."

Ang batas ay pagsulong. Hindi siya ang Cristo o Messiah na ang ibig sabihin ay tagapagligtas. Si Juan ay tagapaghanda sa paglilinis ng mga nilikha at ang mga katagang ito ay

pinatutunayan ni Juan, ang pangangailangan na magpakababa ang sino mang magnanasa na masulong sa gawi ng kabanalan, hindi ako ang Cristo, sagisag ng kababaan. Kailangan magpakababa si Juan upang maipakilala ang kadakilaan ng Panginoon Hesukristo.

29. Ang nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang kasintahang lalake: datapuwa't ang kaibigan ng kasintahang lalake, na nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay nagagalak na lubos dahil sa tinig ng kasintahang lalake: ito ngang aking kaligayahan ay naganap.

30. Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba.

Ang babaeng ikakasal ay sagisag ng sanglibutan, ng katawang laman na walang buhay kung wala ang lalake na sagisag ng espiritu. Ang pag-ibig ng sanglibutan ay bulag, pag-ibig na bulag kayat kinakailangan ng Cristo, ang tagapagligtas. Kailangan ang Panginoong Hesukristo upang makagawa, makatupad ng tungkulin, makapaglinis. Dumating ang Mananakop na dala-dala ang karunungan at pag-ibig.

Ang lahat ng babae na hindi tumatanggap sa Panginoon ay ikakasal, magkakaroon ng espiritu o kaluluwa upang makatupad ng tungkulin tulad ng paglimot sa sarili alang-alang sa kapwa, magkakawanggawa sapagkat ang lahat ng mayroon ng pagkakilala ay gagawa.

31. Ang nanggagaling sa itaas ay sumasaibabaw ng lahat: ang galing sa lupa ay taga lupa nga, at ang ukol sa lupa ay sinasalita niya: ang nanggagaling sa langit ay sumasaibabaw ng lahat.

Ang itaas na tinutukoy dito ay ang mga bagay na mula sa kaharian ng mga langit, nasasaklaw pati ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa; ang kayamanan ng langit ay nasa kapwa. Sa pamamagitan ng kapwa ang tao ay makapagbabayad ng mga pagkakautang at sa pamamagitan din ng mga kapwa ang isang nilikha ay makatutupad din ng tungkulin maging tagapagpalaganap ng ebanghelio ng Dios.

Maraming mga bagay sa lupa na hindi madadala sa bayan ng mga espiritu o kaharian ng mga langit katulad ng salapi, kadakilaan sa lupa, kapangyarihan sa lupa o mga tinatangkilik na pawang pang lupa. Ang madadala lamang doon sa bayan ng mg espiritu ay ang mga gawang kabanalan katulad ng pagkakawanggawa, pag-ibig sa kapwa hanggang sa kaaway.

32. At kaniyang nakita at narinig, ay siyang pinatotohanan niya; at walang taong tumatanggap ng kaniyang patotoo.

Nasabi na sa dakong una na marami nang pagkakataon na ang espiritu ng Panginoong Hesukristo ay nagkatawang laman sa kapatagan ng mga hugis katulad ng kapatagang lupa; sa ibang planeta na higit ang antas sa gawi ng kabanalan at karunungan, marami na siyang nakita at nadinig na nailagay sa larangan ng paggawa na siya niyang ipinaging dapat na matawag na sinisintang anak o Anak ng Dios. Ang kaniyang nalalaman ang nais niyang maibahagi sa mga tao, subalit marami pa ang hindi matanggap katulad ng palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay na bahagi ng kaniyang mga patotoo.

33. Ang tumatanggap ng kaniyang patotoo ay naglagay dito ng kaniyang tatak, na ang Dios ay totoo.

34. Sapagkat ang sinugo ng Dios ay nagsasalita ng mga salita ng Dios: sapagkat hindi niya ibinibigay ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat.

Ang tatak na dito ay inilalagay ng mga tumatanggap ng mga patotoo ay ang mga gawang kabanalan at ang kabanalan ay maka Dios; ang mga salita ng kabanalan ay salita ng Dios, wala ang paghatol o pagsukat. Walang sukat na ipinagkakaloob ang Espiritu Santo, ito'y kakayahan ng Panginoong Hesukristo, katulad ng mga gawa, magpatawad, umunawa at hindi susukatin ang tutulong, hindi susukatin ang kaalaman ng tutulong. Ang lahat ay paggawa at ang tumanggap ng walang bayad at sagana, ang tinanggap ay ipamumudmod ng walang bayad at ng buong kasaganaan, walang hanggan, hindi gagamit ng panukat sapagkat hindi masusukat ang lawak ng sanglibutan, walang sukat ang gawa, walang sukat ang pag-iisip.

Ang salita ng Dios ay inihalintulad sa Panginoong Hesukristo, naroroon na Siya sa pasimula pati ng kanyang kadakilaan. Sa pamamagitan ng salita nalikha ang sangtinakpan; ang salita ay magaganap upang magkaroon ng pagkasulong. Kasama ang Panginoon sa salita ng Dios.

35. Sinisinta ng Ama ang Anak, at inilagay sa kaniyang kamay ang lahat ng mga bagay.
36. Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay sumasa kaniya.

Ang Panginoong Hesukristo ay Anak ng Tao, nagkatawang laman muli bilang patotoo ng palapahaman ng reencarnacion; Siya ay mababa sa Dios kayat ang tawag sa kanya ay Anak ng Tao, inilagak ang kanyang espiritu sa katawang laman. Kilalanin

ng bawat isa na siya'y Anak ng Dios upang ang lahat ng kanyang mga gawain na ipakikita ng kamay, ng kampay ng mga bisig ay pawang gawang kabanalan at galing sa Dios.

Ang sumasampalataya na ang gawang kabanalan o Anak, ang mga ito ay kaniyang ilalagay sa Katuparan at ang gawaing ito ang magdadala ng kanyang espiritu hanggang sa bayan ng mga espiritu at ito ang katumbas ng buhay na walang hanggan.

Ang hindi sumusunod sa gawang kabanalan ay mahuhulog sa pagkakasala, at nariryan ang batas ng Dios na pagbabayaran ang pagkakasala hanggang sa kahuli-hulihan beles ng pagkakautang. Ang pagbabayad ng pagkakasalang ito ay nagdudulot ng mga kahirapan, mga tiisin na hinahatulan o sinusukat ng mga palahatol na poot ng Dios.

Subalit ang batas ng pagbabayad ng utang o KARMA ay kahayagan ng pag-ibig at katarungan ng Dios sapagkat ang lahat ng nilikha ay makapagbabayad ng utang at pagkatapos ay makatutupad ng tungkulin na magiging tagapagpalaganap ng Ebangelyo ng Dios, muli ay salamat sa palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay.

- (Bahagi ng Kap. 3:29)

Ang kaibigan ng kasintahan lalake katulad ni Juan ay naghanda sa mga aral ng Panginoong Hesukristo, kaibigan ng kasintahan lalake katulad ng mga angel dela guardia at ng mga Kabatlayaan na ngayon sa lihim at sa hayag ay sumusubaybay at nagtuturo sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo. Kung ibinabahagi ang tinig ng Anak ng Dios sa sanglibutan at tinutupad naman ng mga kinaukulan ang pangyayaring ito ay nagdudulot ng kaligayahan ganap sa lahat.

KAPITULO 4

1. Nang maalaman nga ng Panginoon na nabalitaan ng mga Pariseo na si Jesus ay gumagawa at bumabautismo ng lalong maraming alagad kaysa kay Juan
2. (bagaman hindi bumabautismo si Jesus, kundi ang kaniyang mga alagad),
3. Nilisan niya ang Judea at naparoong muli sa Galilea.
4. At kinakailangang magdaan siya sa Samaria.

Ang mga Pariseo ay isa sa mga sekta ng mga Judio, makabayan at ang kultura ay buhat sa mga Israelita. Ang salitang Pariseo ay buhat sa salitang Hebrew at Griego na ang ibig sabihin ay mga humiwalay. Labis silang kumakapit sa letra ng mga batas ni nunong Moises, nakasulat at maging sinasalita, ayaw tanggapin o kunin ang diwa na siyang ipinangangaral ng Panginoong Hesukristo na ang letra ay pumapatay subalit ang diwa ang siyang nagbibigay buhay. Kayat nilisan ng Panginoon ang Judea, Judea na sumasagisag ng kalagayan ng mga tao na kailangan ang subaybay ng kaitaasan upang masulong sa gawi ng gawang kabanalan. Naparoon muli sa Galilea, Galilea na sagisag ng kaparaanan ng pagpapalaganap ng simulain ng Mananakop na dadaanin sa pamamagitan ng paliwanag at kaalinsabay ng mga gawang kabanalan.

Subalit kailangan magdaan sa Samaria na sumasagisag naman ng kamangmangan, ayaw tumanggap ng liwanag at pagkasulong tungo sa kabanalan, sagisag pa rin ng mga pagsubok. Hindi mananatili ang mga nilikha sa kamangmangan, naririyang ang batas ng pagsulong, susubaybayan ng kaitaasan, magsusugo ng mga tagapagligtas katulad ng Panginoong Hesukristo, ng mga alagad na mayroon na rin ng baunan sa gawi ng kabanalan at ito ay kanilang ipapalaganap.

Kailangan bagtasin ang Samaria ng mga nilikha, ang mga pagsubok at kaaway katulad ng sarili, ang sarili ang pinakamahigpit na kalaban ng tao, upang makilala ang kahalagahan ng buhay.

BABAENG SAMARITANA SA BALON NI JACOB

5. Sumapit nga siya sa isang bayan ng Samaria, na tinatawag na Sicar, malapit sa bahagi ng lupang ibinigay ni Jacob kay Jose na kaniyang anak:
6. At naroon ang balon ni Jacob. Si Jesus nga, nang napapagod na sa kaniyang paglalakbay, ay naupong gayon sa tabi ng balon. Mag-iika-anim pa nga ang oras.

Mag-iikaanim na noon ang oras, palubog na ang araw. Ang mga nilikha kung maisipan at matanggap na kailangan ang magbagong buhay mula sa mga gawain pawang pang material at palitan na ng mga gawaing kabanalan ay kung tumanda na, mahina na ang katawan, uugod-ugod na at gustuhin man gumawa ng pagkakawanggawa sa kapwa ay hindi na makaya, baka siya pa ang kinakailangan pagkawanggawaan.

Ang bawat nilikha ay mayroon ng balon ni Jacob, bahagi ng kanyang espiritu at kapilas ng Dios. Hindi mauubusan ng balong, naririyang ang tubig ng kababaang loob, tubig ng pagkakawanggawa. Tumatanggap ang tao ng ipinagkakaloob ng Dios maliban na ang tao ay tumanggi.

7. Dumating ang isang babaing taga Samaria upang umigib ng tubig: sa kaniya'y sinabi ni Jesus, "painumin mo ako".
8. Sapagkat napasa bayan ang kaniyang mga alagad upang magsibili ng pagkain.

9. Sinabi nga sa kaniya ng babaing Samaritana,” Paano ngang ikaw, na isang Judio, ay humingi ng maiinom sa akin, na ako’y babaing Samaritana?” (Sapagkat hindi nangagkikipag-usap ang mga Judio sa mga Samaritano.)

Ito ang pangatlong pagkakataon na nag-usap ang isang Judio at isang Samaritano na nag-aalis ng pader o hadlang sa dalawang lahing ito. (Ang una at pangalawang pagkakataon ay mababanggit sa mga sumusunod na talata.) Ang pinagmulan ng hindi pag-uusap ng Judio at mga Samaritano ay ng panahon na dinidigma ang mga Judio ng mga taga Babylonia, kumampi ang mga taga Samaria sa mga kalaban at ang kanilang mga babae ay nakipag-asawa sa mga kalaban kayat tinawag silang mga traidor at itinuring na napakasasamang tao ng mga Judio.

10. Sumagot si Jesus at sa kaniya’y sinabi, “ Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Dios, at kung sino ang sa iyo’y nagsasabi, painumin mo ako; ikaw ay hihingi sa kaniya, at ikaw ay bibigyan niya ng tubig na buhay.”
11. Sinabi sa kanya ng babae,” Ginoo, wala kang sukat isalok ng tubig, at malalim ang balon: saan nga naroon ang iyong tubig na buhay?”
12. “Dakila ka pa бага sa aming amang si Jacob, na sa ami’y nagbigay ng balon, at dito’y uminom siya, at ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang mga hayop?”
13. Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “Ang bawat uminom ng tubig na ito ay muling mauuhaw:
14. Datapuwa’t ang sinomang uminom ng tubig na sa kaniya’y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni’t ang tubig na sa kaniya’y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan.”

15. Sinabi sa kaniya ng babae, “Ginoo, ibigay mo sa akin ang tubig na ito, upang ako’y huwag mauhaw, ni pumarito man sa ganito kalayo upang umigib pa.”

Ang isang nilikha ay namamayan sa dalawang daigdigan, daigdigan ng laman at daigdigan ng espiritu. Nasabi sa dakong una na ang ipinanganak sa tubig ay ang pangkatawang laman ng isang espiritu upang makitalad, tumupad ng tungkulin sa kapatagang lupa. Ang nasasalok ng babaeng Samaritana ay pawang pang katawang laman lamang ang nakikinabang. Ang mga bagay na pang katawang laman ay natatapos, kayat mauhaw muli, hindi madadala sa bayan ng mga espiritu ang mga bagay na pangmaterial.

Ang tubig na iniaalok ng Panginoong Hesukristo ay ang mga gawang kabanalan, mga pagkain ng espiritu o kaluluwa na madadala sa tunay na bayan. Ang bawat pagpunta sa balon at pagsalok ng tubig ay ang pangkatawang laman sa kapatagan na kaakibat ng mga tiisin, hirap at sakit. Kayat kung tatanggapin ang tubig na ipinagkakaloob ng Mananakop, na ito ay mga karunungan pang langit na magdadala sa tao sa kabanalan, hindi na kakailanganin pang magkatawang laman sa daigdigan ng lupa na katumbas ng kataga ng babaeng Samaritana na kung tatanggapin ang tubig na katumbas ng mga aral mula sa Panginoon, hindi na siya iigib sa napakalayong balon.

Ang kaloob ng Dios ay pawang pag-ibig at katarungan sa lahat ng mga nilikha. Ang lahat ng espiritu ay galing sa Dios at sa katuparan ng batas ay babalik sa Dios, lamang umalis na malinis sa Dios, babalik na malinis sa Dios.

Malilinis ang mga nilikha sa pamamagitan ng muli at muling buhay hanggang sa makapagbayad ng pagkakautang at babalik pa rin sa kapatagang lupa upang makatupad naman ng

tungkulin na maging tagapagpalaganap ng Ebangelyo ng Dios katulad ng isinasakatuparan ng Mananakop at ng kanyang mga alagad.

Ang babaeng Samaritana ay humuhingi ng tubig ng buhay, mga aralin na nagmumula sa Panginoon at mga karunungan pang langit, karunungan lihim. Ito ang katulad ng mga ipinagkakaloob ng Kabatlayan sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo.

16. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Humayo ka, tawagin mo ang inyong asawa, at pumarito ka.”
17. Sumagot ang babae at sinabi sa kaniya, “Wala akong asawa.” Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Mabuti ang pagkasabi mo, Wala akong asawa:
18. Sapagkat nagkaroon ka na ng limang asawa; at ang nasa iyo ngayon ay hindi mo asawa: dito’y sinabi mo ang katotohanan.”
19. Sinabi sa kaniya ng babae, “Ginoo, napaghahalata kong ikaw ay isang propeta.”

Higit na mauunawaan ang mga pag-uusap na ito kung sasariwain ang kasaysayan ng babaeng Samaritana buhat sa kasaysayan ng MARTIR SA GOLGOTA. Narito ang kanyang kasaysayan:

Nang tanungin ng isang mangbabatas o manananggol ang Panginoong Hesukristo bilang pagsubok kung sino ang kapwa tao, isinalaysay ng Mananakop ang ukol sa Mabuting Samaritano mula sa Banal na Kasulatan. Isang mangangalakal na Judio samantalang patungo sa Jerico ay hinarang ng mga magnanakaw, kinuha ang kanyang mga kalakal, siya’y binugbog at sinugatan at pagkatapos ay iniwang nakahandusay sa tabi ng daan.

May nagdaang isang saserdote subalit lumihis lamang sa kabila ng daan at hindi pinansin ang nakahandusay. Nagdaan sumunod and isang Levita subalit gayon din ang ginawa. Ang pangatlong nagdaan ay isang Samaritano na kaaway ng mga Judio, huminto ang Samaritano, pinagpala ang tila patay na subalit ng malaman niyang humihinga pa ay nilinis ang kanyang mga sugat ng alak at langis na sana'y ipagbibili rin sa Jerico. Isinakay sa kanyang asno at dinala sa isang bahay pahingahan, nag-iwan ng pera sa may-ari ng bahay at nagbiling alagaan ang sugatan at sa pagbabalik niya ay babayaran pa ang magiging kakulangan.

Hindi natapos ang kasaysayang ito sa pagtatanong ng Panginoong Hesukristo kung sino sa tatlong nagdaan ang kapwa tao. Pagkaraan ng ilang araw ay iniuwi ng Samaritano ang sugatang Judio sa kanyang tahanan sa Sieham o Sikar na sakop ng Samaria. Patuloy na inalagaan ang Judio hangang sa siya ay gumaling at nagbalik ang kanyang lakas.

Ang higit na nakatulong sa pag-aalaga sa Judio ay ang manugang na babae ng Samaritano. Sang-ayon sa aklat ng Martir sa Golgota, ang pangalan ng mabuting Samaritano ay Eliezar, ang Judiong inalagaan ay si Saphan at ang higit na nag-alaga ay si Sirai.

Si Sirai ay ang babaeng Samaritana na kinausap ng Panginoon sa balon ni Jacob, si Sirai ay dalawangpu at apat na taon gulang, nasa kasiglahan ng kabataan at mayroong pagkahilig sa mga bagay na pang kapatagan. Maganda si Sirai at ginagamit niya ang kanyang kabataan at kagandahan upang akitin ang Judio na si Saphan na nahumaling sa kanya at upang subukan din kung ang Judio ay nangdidiri sa mga Samaritana.

Limang lalake ang naging anak ni Eliezar at ang lahat ng mga ito ay naging asawa ni Sirai, subalit sila ay nangamatay at sa kaugalian ni Moises, pakakasalan ng mga kapatid na lalaki hanggang sa magkaroon ng supling, subalit nangamatay lahat ang lima, isa sa apoy, isa ay nalunod sa dagat, ang tatlo ay namatay sa pakikidigma. Ito ay sinabi ng Panginoon sa kanilang pag-uusap sa balon ni Jacob na ang nasa iyo ay hindi mo asawa, si Saphan.

Nagkaroon din ng pag-ibig si Saphan, ang Judio kay Sirai kayat sila ay nagsama. Nang magaling na ang Judio siya ay nagpaalam upang magbalik sa Jerusalem at doon ay ipagbigay alam sa kanyang mga magulang ang kanyang sinapit at ang kanyang pag-ibig sa Samaritana at ang pagnanasa na pakasalan ang Samaritana. Sa pagkakataong ding ito ay binigyan niya ng kalayaan ang babaeng dapat sanang mapangasawa niya mula sa kanilang lahi na ito'y ay maganda rin at naghintay. Pati ng kanyang dapat na manahin ay kanyang iiwan.

Pinipigilan ng mga magulang si Saphan sa kanyang balak subalit hindi napahinuod at nagalit sa kanya ang kanyang mga magulang. Pinalayas siya na kasama ang mga salita na hindi na siya kikilalaning anak.

Ang pag-iibigan ni Sirai at Saphan ay pangalawang pagkakataon na nag-alis ng pader o hadlang sa pagitan ng mga Judio at ng mga Samaritano.

Inabot ng isang buwan ang pag-uwi ni Saphan sa Jerusalem at sa panahon na iyan nakausap ni Sirai ang Panginoong Hesukristo sa balon ni Jacob. Tinanggap ng mga Samaritano ang Mananakop, ang kanyang mga aral. At mula noon silang dalawa ni Sirai at ng kanyang biyenang na si Eliezar ay sumunod sa Dakilang Guro sa kanyang mga pangangaral.

Isinangtabi ni Sirai ang mga bagay na pangsanglibutan, mga bagay na pang material. Kayat nang dumating at nagbalik si Saphan na umaasang pakakasal na sila ni Sirai, lumuluhang ipinaliwanag ni Sirai ang kanyang pagbabago mula ng makita at makausap nila ang Taong Dios, ang Mananakop.

Nagalit ang Judio, naninibugho at pinaratangang salawahan, taksil at hindi tapat sa usapan ang babae. Sa ganitong kalagayan, mabuti na lamang at nalaman nila kung saan nangangaral ang Mananakop, kaya'y sumakay sila sa kariton ni Eliezar, pinilit nilang sumama si Saphan at sumunod sila sa agos ng mga taong sumusunod sa Panginoong Hesukristo at nakikinig sa kanyang mga aral.

Ang Dakilang Guro ay nakasakay sa isang daong at ang mga nakikinig ay nasa katihan, sa mga mataas na lugar subalit abot ang tinig ng nangangaral sa kanila. Nang marinig na mabuti ni Saphan ang mga sinasabi ng Mananakop siya ay bumaba sa kariton at ang wika ay lalapit siya sa nangangaral upang marinig na mabuti ang sinasabi at pagkatapos ay siya'y babalik sa kariton.

Natapos ang pangaral ng Mananakop, hindi nagbalik si Saphan sa kariton kung saan naghihintay sina Eliezar at Sirai. Kakaunti na lamang ang mga tao kayat hinanap nila si Saphan at siya ay natagpuan sa tabi ng dagat na malalim ang iniisip. Nang magsalita, ang kanyang wika ay susunod siya sa Panginoon at huwag na siyang hintayin pa.

Ganyan na lamang ang pagpapasalamat ni Eliezar at Sirai sa Dios sa pagbabago ng Judio, at higit sa lahat ay ang pagbabago ng mga Samaritano na siyang ipinagkalapit ng dalawang lahing ito, naalis ang pader o hadlang na sa kanila ay naghihiwalay.

Magbalik tayo sa pag-uusap ng babaeng Samaritana at ng Panginoong Hesukristo sa balon ni Jacob.

20. “Nagsisamba ang aming mga magulang sa bundok na ito; at sinasabi ninyo, na sa Jerusalem ay siyang dakong kinakailangang pagsambahan ng mga tao.”
21. Sa kaniya’y sinabi ni Jesus, “Babae, paniwalaan mo ako, na dumating ang oras, na kahit sa bundok na ito, ni sa Jerusalem ay hindi ninyo sasambahin ang Ama.
22. Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nalalaman: sinasamba namin ang nalalaman namin; sapagkat ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Judio.
23. Datapwat dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagkat hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya.
24. Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya’y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan.”

Ang Dios ay Espiritu, ang Dios ang gumawa ng lahat ng bagay, ang Dios ay nasa langit, nasa lupa, nasa lahat ng kanyang ginawa. Ang pagsamba sa Dios kahit saan ay magagawa, hindi na kailangan dumako pa ang isang mananalangin sa mga pook ng sambahan o dalanginan na siyang ginagawa ng tao.

Makapananalangin ang tao kahit saan pook katulad ng bundok, sa mga lansangan, sa mga pook na may pangyayari na kailangan ang tulong ng kaitaasan sapagkat ang Dios ay nasa lahat ng kanyang mga nilikha.

Kailangan lamang mapunpon ang pag-iisip at nasa kaibuturan ng puso ang hinihingi na katumbas ng kataga sa Banal na Kasulatan na kung mananalangin ay papasok sa silid,

ang silid ay ang konsentradong pag-iisip, damdamin at kalooban.

Dumating na sa mga Samaritano ang pagkakilala na kailangang sambahin ang Dios sa Kanyang pagka-espiritu at katotohanan. Ito ay nalalaman na ng mga Judio sapagkat mula pa sa kapanahunan ng nunong Moises ay pinatotohanan na ang Dios ay espiritu at ang tumpak na pagsamba sa Dios ay sa pamamagitan ng gawang kabutihan at kabanalan. Ang isang taong gumagawa ng mabuti ay nananalangin na sa kanyang sarili.

25. Sinabi sa kaniya ng babae, “Nalalaman ko na paparito ang Mesias (ang tinatawag na Cristo): na pagparito niya, ay ipahahayag niya sa amin ang lahat ng mga bagay.”
26. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Ako na nagsasalita sa iyo ay siya nga”.

Sa mga talatang ito ay nagpakilala na ang Panginoong Hesukristo na siya ang Mesias, ang Cristo na tagapagligtas. Subalit katulad ng maraming nilikha sa kabila na nakikita at naaalaman na ang katotohanan ay mayroon pa rin ng pag-aalilangan. Kung sa bagay kailangan ang pag-aalilangan sa mga nilikha upang magsuri, pag-aralan ang kanyang pag-aalinlangan at sa gayon sa tulong ng kaitaasan ay masusumpungan ang katotohanan. Ang pag-aalinlangan ng babaeng Samaritana ay pinatotohanan ng mga sumusunod na mga talata.

27. At sa ganito’y nagsidating ang kaniyang mga alagad; at sila’y nangagtaka na siya’y nakikipagsalitaan sa isang babae; gayon ma’y walang taong nagsabi, Ano ang iyong hinahanap? o, Bakit nakikipagsalitaan ka sa kanya?

28. Sa gayo'y iniwan ng babae ang kaniyang banga ng tubig, at napasa bayan, at sinabi sa mga tao.
29. "Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang lalake, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa: mangyayari kayang ito ang Cristo?"

Nasabi na sa dakong una na ang tubig ng buhay na inaalok sa babae ay mga karunungan pang langit, mga karunungan lihim at kailangan ang pag-iiwan ng mga bagay na pang katawang laman na nagdudulot ng pagkakasala, mga bagay na pang material na siyang sumasagisag ng pagdating ng mga alagad mula sa pagbili ng pagkain sa bayan.

Ang mga alagad na nagsidating ay lilima pa lamang, sagisag ng kaangkinan ng katawang laman; panglasa, pang-amoy, pangdinig, paningin, at pangdama. Mga kaangkinan na kailangan ng katawang laman upang magamit ng espiritu sa kanyang pagtupad ng tungkulin sa kapatagang lupa.

Ang naino agad ng limang alagad ay ang babae na sagisag din ng katawang laman, nanggaling sila sa bayan upang bumili ng makakain na ang mga ito ay pawang pangkatawang laman din.

Iniwan ng babae ang kanyang banga ng tubig, ang banga ay mula sa putik na hinuhulma ng mga kamay. Sa paglilok ng banga kung may makitang mali sa banga ito ay iiwan, sisirain upang palitan, uulitin at ilalagay sa apoy, banga na sagisag din ng katawang laman na ilalagay sa apoy, sa mga pagsubok upang maging matigas, matatag na makatupad ng tungkulin ang isang nilikha at magkaroon ng pagkasulong patungo sa kabanalan.

Ninai sa babaeng Samaritana na maibahagi sa kanyang mga kapwa Samaritano ang biyayang ipinagkakaloob sa kanya

ng Panginoong Hesukristo. Ito ang tungkulin ng bawat isang nilikha na dapat ibahagi ang mga natutuhan karunungan maka langit o karunungan lihim. Sa pag-aaral ng simulain ng Espiritismo, sinasabi ng Kabatlayaan na hindi sapat ang maging tagapakinig lamang ang mga mag-aaral, kailangan isakatuparan ang naririnig at higit na ay ibahagi sa iba, mula sa kasambahay, kaanak at sa mga pook na maaabot ng kanyang mga pangyapak. Ang pagpapalaganap ay gawang kabanalan din, pagkakawanggawa.

30. Nagsilabas sila sa bayan, at nagsisiparoon sa Kaniya.

Dito nagsimula ang pagbabagong buhay ng mga Samaritano na kasama ang tatlong nilikha binabanggit mula sa Martir sa Golgota, Sirai, ang babaeng Samaritana, si Eliezar na biyenang ni Sirai at ang mabuting Samaritano na binabanggit sa Banal na Kasulatan at si Saphan, ang Judio na inalagaan na sa dakong huli naging tagasunod na rin ng Dakilang Guro.

31. Samantala ay ipinamamanhik sa Kaniya ng mga alagad na nagsasabing, 'Rabi, kumain Ka'.
32. Datapuwa't sinabi niya sa kanila, "Ako'y may pagkaing kakanin na hindi ninyo nalalaman.
33. Ang mga alagad nga ay nagag-usap-usapan, May tao kayang nagdala sa kaniya ng pagkain?
34. Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang Kaniyang gawa.

Ang limang alagad na nasabi na sagisag ng katawang laman ay pawang nauukol pa rin sa pagkain ang inaalala, mga bagay pa rin ng kapatagang lupa. Subalit ano ang isinagot ng Mananakop, mayroon siya ng pagkaing kakanin na hindi nalalaman ng mga tao.

Sa antas ng Panginoong Hesukristo na napakataas sa gawi ng kabanalan, ang magnetismo, fluido, o talipandong na nagmumula sa Dios ang pinakapagkain Niya at ito ay nakukuha sa pamamagitan ng pananalangin, pagkokonsentrasiyon ng mga nakakaalam ng karunungan lihim.

Sa Bagong Tipan mayroon mga banggit na pagkatapos na makapanggapot ang Mananakop ay nagpupunta sa bundok o mga pook na malayo sa karamihan at nananahimik, nagdadasal, nakikipagugnayan sa Dios upang mabawi ang puerza vital o magnetismo na ipinagkaloob Niya sa mga maysakit na kanyang pinagagalang.

Sa mga kataga ng Panginoong Hesukristo na ang pagkain Niya ay ang gawin ang kalooban ng Dios at tapusin ang Kanyang mga gawain ng kabanalan may taglay na magnetismo o fluidong wagas sapagkat ang gawang kabanalan o kabutihan ay maka Dios.

Danas ng mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo na mayroon pagkakataon na sa kanilang pagdako sa lunduyan upang makipagsesyon ay mayroon silang mga nararamdamang hindi maganda sa kanilang mga katawan: tulad ng masakit ang ulo, masakit ang tiyan o masakit ang ibang bahagi ng katawan, subalit pagkatapos ng sesyon at paglabas ng lunduyan, wala na ang nararamdamang hindi mabuti sa kanilang katawan at napalitan na ng kasiglahan. Ito ay bunga ng mga magnetismo, fluido na nagmula sa mga Banal na Espiritu o mga Batlaya na ang kanilang talipandong ay ibinabahagi sa mga mag-aaral. Maging ang paggagamutan kahit sa loob ng simulain ng Espiritismo ay sa pamamagitan ng magnetismo, pases at karga ng mabisang fluido mula sa kaitaasan, sa Dios, sa Mananakop at mga Banal na Espiritu na tutulong sa pagpapagaling ng mga mayroon ng karamdaman.

35. Hindi бага sinasabi ninyo, “May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani? Narito sa inyo’y aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid, na mapuputi na upang anihin.”
36. Ang umaani ay tumatanggap ng upa, at nagtitipon ng bunga sa buhay na walang hanggan; upang ang naghahasik at ang umaani ay mangagalak kapuwa.
37. Sapagkat dito’y totoo ang kasabihan, Isa ang naghahasik, at iba ang umaani.
38. Kayo’y sinugo ko upang anihin ang hindi ninyo pinagpagalan: iba ang nangagpagal, at kayo’y siyang nagsipasok sa kanilang pinagpagalan.

Apat na buwan saka darating ang pag-aani, apat na sagisag pa rin ng katawang laman; apat na sulok ng daigdigang lupa. Ang katawang laman ay kasangkapan ng espiritu sa pagtupad ng tungkulin, higit na ay ng mga espiritung mayroon na ng mga baunang kabanalan na tutupad ng tungkulin na sila naman ang maging tagapagpalaganap. Ang kapatagang lupa ay sagisag ng bukid, ang Samaria ay bukid na nangangailangan ng paghahasik ng simulain ng Mananakop.

Marami pa ang hindi makatanggap ng palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion. Hindi alam na ang mga umaani ngayon ay sila rin ang mga naghasik noong mga nakaraan nilang kabuhayan. Ang mga alagad ng Panginoon ay mga nakasama na niya sa dakong una sa pagpalaganap ng Ebangelyo ng Dios. Kayat ng pagtatawagin Niya ang mga ito sa kanilang mga gawain, walang lingon likod na iniwan ang kanilang ginagawa at sumunod sa Mananakop. Sa biglang malas ang mga alagad ay umaani ng hindi nila pinagpagalan.

Mula sa Lumang Tipan, sa Genesis 28:12 ay ganito ang isinasaad sa panaginip ni Jacob: At nanaginip, at narito, ang

isang hagdanan na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay umaabot sa langit, at narito, ang mga angel ng Dios na namamanik manaog doon. (Ito ang nakalarawan sa Lunduyan “La Perfeccion” sa Obando, Bulacan).

Ang pagpapala ng Dios ay laganap sa buong universo. Hindi kayang bilangin ang mga planeta sa buong sangtinakpan na mayroon ding mga nilikha na namamayan na ang antas sa gawi ng kabanalan ay higit sa antas ng kapatagang lupa; mayroon din maraming planeta ang kaantas ng kapatagang lupa at marami rin na mas mababa ang antas sa gawi ng moral kaysa kapatagang ito, subalit higit ang bilang ng mga planetang mas mataas ang antas kaysa lupa.

Ang bawat baitang sa hagdanan ni Jacob ay ang bawat planeta at ang mga anghel na nagpapanhik panaog ay ang Kabatlayaan sumusubaybay sa mga namamayan sa bawat planeta na hindi mabilang ang dami, lumilibot, panhik panaog sa buong universo, naghahasik ng ebangelyo ng Dios, walang pagod, walang tigil, paikot-ikot kayat ang kabanalan inihasik ng ibang Banal na Espiritu o Batlaya ay ipinagpapatuloy ng ibang Kabatlayaan o mga anghel at dito naaangkop ang katagang iba ang naghahasik at iba ang umaani.

Ito ay totoo din sa mga nilikhang mayroon pa ng katawang laman subalit mayroon na ng pagkasulong sa gawi ng kabanalan at ang tungkulin ay ibahagi sa kapwa katumbas ng paghahasik at ito ay ipagpapatuloy ng ibang tagapagpalaganap na lumalabas na sila ang umaani.

Sa larangan ng pagpapalaganap ng kabanalan, wala sa Kabatlayaan o mga propetang isinugo ang kikilalanin kung sino ang naghasik at kung sino ang aani. Kaligayahan nila ang

makaakay ng maraming bilang ng mga nilikha patungo sa kabanalan.

39. At marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa kaniya'y nagsisampalataya dahil sa salita ng babae, na nagpatotoo. "Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa."

Ang batas ay pagsulong, babae na sagisag ng katawang laman. Kung ang katawang laman ay maging katulong ng espiritu sa pagtupad ng tungkulin na siyang tunay na layunin ng pag-iisa ng espiritu at katawang laman. Ang mga gawaing ipahihintulot ng katawang laman ay pawang mayroon ng kabanalan, sa halip na maging pabigat o tisod.

40. Kaya nang sa kaniya'y magsidating ang mga Samaritano, ay sa kaniya'y ipinamanhik nila na matira sa kanila: at siya'y natira roong dalawang araw.

Ito ay napapaloob pa rin sa batas ng pagkasulong. Ang mga tao ang hihiling na manatili pa ng dalawang araw. Dalawa na sagisag ng karunungan at pag-ibig na siyang lema ng simulain ng Espiritismo: Patungo sa Dios sa pamamagitan ng karunungan at pag-ibig.

41. At lalo pang marami ang mga nagsisampalataya sa kaniya dahil sa kaniyang salita;

Magpapatuloy ang batas ng pagsulong hindi lamang sa mga sinugo na mayroon pa ng katawang laman. Hindi lamang sa mga umuugid ng mga pananampalataya na siyang sagisag ng babae, kundi mayroon mga pagkakataon na mula sa Kabatlayaan, sa mga anghel ng Dios ay maririnig ng mga tao ang kanilang mga aral at ito ay natutupad sa pamamagitan ng mga

tinatawag na mga medium, mga kasangkapan ng mga espiritu sa kanilang pagpapahayag. Ang bagay na ito ay palasak sa simulain ng Espiritismo. Kayat nasabi ng mga Samaritano sa babae.

42. At sinabi nila sa babae, “Ngayo’y nagsisisampalataya kami, hindi dahil sa iyong pananalita: sapagkat kami rin ang nakarinig, at nalalaman naming ito nga ang Tagapagligtas ng sanglibutan.”
43. At pagkaraan ng dalawang araw ay umalis siya doon at napasa Galilea.

Pagkaraan na maibahagi ang karunungan at pag-ibig sa bayan ng Samaria, pupunta na naman sa Galilea na sagisag ng malawak na bukid na nangangailangan ng mga manghahasik, sagisag ng pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios.

44. Sapagkat si Jesus din ang nagpatotoo, na ang isang propeta ay walang kapurihan sa kaniyang sariling lupain.

Dala ng kataasan ng mga tao na ang tinitignan ay kung mayaman ang kaharap o dakila sa lipunan ng mga tao, iyan ang pinakikinggan, subalit kung ang nagsasalita ay mahirap, itinuturing na maliit sa lipunan ng mga tao, hindi binibigyan ng timbang ang kanyang mga salita. Dala pa rin na hindi matanggap ang palapahaman ng muli at muling buhay o reencarnacion, hindi matanggap na kung ang isang nilikha ay hindi nakaabot ng mataas na paaralan at walang tinatangkilik na kayamanan subalit nagtataglay naman ng isang espiritu na nakaaalam ng karunungan ng lihim o karunungan ng makalangit.

Ang sabi ng mga tao sa Mananakop ay isang anak lamang ng isang karpentero at ni Maria. Ang tunay na diwa ng katagang walang propeta sa sariling bayan ay ang pangangailangan ng isang espiritu ay magkatawang laman, umalis sa bayan ng mga

espiritu upang makatupad ng tungkulin, lalo na ang mga espiritung may puhunan na ng kabanalan at karunungan lihim o makalangit at magpalaganap. Sila ang tatanghaling mga propeta sa daigdigang ng mga laman, ang isang halimbawa ay si propeta Jonas, haharapin ang tungkulin.

45. Kaya nang siya'y dumating sa Galilea, ay tinanggap siya ng mga Galileo, nang kanilang mangakita ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginawa sa Jerusalem sa kapistahan: sapagkat sila man ay nagsiparoon din sa kapistahan.

Ang katagang ito ay patunay pa rin ng batas ng pagsulong, ang mga Galileo ay nagkaroon na ng binhi ng simulain ng Mananakop, hindi lamang mula sa bayan ng mga espiritu kundi sa mga nakaraang pakikitalad sa kapatagan ng mga hugis na siyang sinasagisag ng Jerusalem; magpapatuloy na tumanggap ng mga aral ng Kristo, napakalawak ng karunungan makalangit. Ang wika nga sa aklat ni San Juan na kung susulatin ang lahat ng ginawa at sinalita ng Panginoong Hesukristo ay kukulangin ang pisngi ng daigdig.

46. Naparoon ngang muli siya sa Cana ng Galilea, na doo'y kaniyang pinapaging alak ang tubig. At naroroon ang isang mahal na tao, na ang kaniyang anak na lalake ay may-sakit sa Capernaum.
47. Nang mabalitaan niya na si Jesus ay dumating sa Galilea na mula sa Judea, ay naparoon siya sa kaniya, at ipinamanhik sa kaniya na siya'y lumusong, at pagalingin ang kaniyang anak na lalake; sapagkat siya'y naghihigalo.

Ang mga nilikha na nasa antas na ng tagapagpalaganap ng kabanalan o magiging guro ay babalik muli sa kapatagang lupa

sa siyang sinasagisag ng Cana ng Galilea upang ipagpatuloy ang pagpapalaganap ng kabanalan at magbigay ng mga dakilang halimbawa.

Ang mga espiritu na nasulong na sa ibang planeta na mababa ang antas sa gawi ng kabanalan ay pinahihintulutan ng Dios na magkatawang tao sa mga planetang mas mataas ang antas upang masulong. Ito ang sinasagisag ng mahal na tao na nakapasa na sa antas ng planetang na kanyang pinanggalingan subalit ang kanyang mga gawain na sinasagisag ng kanyang anak na naghihingalo ay malayo pa sa kabanalan ninanasa sa kapatagang ito, sa uri ng kabanalang ipinalalaganap ng Panginoong Hesukristo. Ang gawain ay mapagkasala pa na katumbas ng anak na naghihingalo.

Nababatid ng mahal na tao na napakataas ng antas ng Panginoong Hesukristo sa gawi ng kabanalan kayat hinihiling na ang Mananakop ay lumusong, puntahan siya sa kanyang mababang kalagayan na sagisag na nagpakilala na siya ay nagkasala, nagsisisi at tulongan siya na magbagong buhay.

Ang mga espiritu na mayroon na ng kabanalan ay handang magpakasakit, muling magbalik sa kapatagan ng mga hugis, magkatawang laman muli upang maging tagapagpalaganap, magbigay ng dakilang halimbawa at mga aral ukol sa karunungan lihim, karunungan makalangit na siyang tanda na hinahanap ng mga nilikha. Iyan ang isinasakatuparan ng Kabatlayaan, iyan ang ginawa ng Panginoong Hesukristo, bumaba, lumusong sa mga mababang antas ng mga nilikha na ang mga anak, o mga gawa ay mapagkasala pa. Ito ang isinasaad ng mga sumusunod na mga kataga:

48. Sinabi nga sa kaniya ni Jesus,” Malibang kayo’y mangakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisipaniwala sa anomang paraan.”
49. Ang mahal na tao ay nagsabi sa kaniya, “Ginoo, lumusong ka bago mamatay ang aking anak.”
50. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Yumaon ka ng iyong lakad; buhay ang anak mo.” Pinaniwalaan ng lalake ang salitang sinalita sa kaniya ni Jesus, at siya’y yumaon sa kaniyang lakad.
51. At samantalang siya’y lumusong, ay sinalubong siya ng kaniyang mga alipin, na nangagsasabi, na ang kaniyang anak ay buhay.

Kahit letra ang kunin sa mga katagang ito, sa kadakilaan ng antas ng Mananakop sa pamamagitan ng kaniyang pag-iisip o telepatiya, siya ay nakapagpapagaling ng mga mayroon ng karamdaman at maraming banggit sa Banal na Kasulatan na isinakatuparan ng Mananakop ang gawaing ito.

Sa simulain ng Espiritismo, dalawang kaparaanan ang panggagamot sa mga may sakit, isa ay sa pamamagitan ng passes o magnetismo, at pangalawa ay sa pamamagitan ng telepatiya o sa pag-iisip na nilalakipan ng pananalangin. Sa ibang lunduyan ay nanggagamot sa pamamagitan ng mahika negra tulad ng operasyon espiritual, subalit kadalasan sa araw lamang ng gamutan marami ang dumadalo at sa araw ng sesyon na siyang mahalaga sapagkat ang ginagamot ay ang karamdaman ng kaluluwa katulad ng anak ng mahal na tao, kakaunti ang dumadalo.

Sa pagkakataon na siya ay makipagdaupang diwa sa Mananakop na tinanggap niya ang sinasagisag ng Panginoong Hesuskristo na ito ay kabanalan, nagkaroon na rin siya ng pagkasulong, nagbago, kayat ng siya ay magbalik sa Capernaum,

siya ay tinaguriang lumusong, at siya ay sinalubong ng mga alipin na sumasagisag sa mga gawaing mapagkasala, alipin ng mga gawang kasamaan, siya ay nagbago na, ang kanyang anak o gawain ay buhay na.

52. Itinanong nga niya sa kanila ang oras nang siya'y pasimulan ng paggaling. Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, "Kahapon ng ikapitong oras inibsan siya ng lagnat."
53. Naunawaan nga ng ama na sa oras na yaon nang sabihin sa kaniya ni Jesus, "Buhay ang anak mo:" at siya'y sumampalataya, at ang kaniyang boong sangbahayan.

Bakit ikapitong oras ang pinili na pagpapagaling sa anak ng mahal na tao? Marami ang sinasagisag ng bilang na pito. Anim na araw ginawa ng Dios ang buong uniberso at sa ikapitong araw ay nagpahinga; ang ikapitong araw naman ay para sa tao, tao naman ang gagawa. Ang Dios ay espiritu, wala nang materia na mag-iinda ng pagod at sa katotohanan ang Dios ay walang tigil sa paggawa, sa pagpapala sa kanyang mga nilikha.

Ang pito ay pagkakaisa, sa paghahanap buhay ay bibigyan ng pansin ang para sa kaluluwa na siyang tunay na tao, tulad ng pagkakawanggawa. Ang pito ay sagisag ng walang hanggan paglikha, pakikipamuhay sa kapatagang lupa ng maraming beses upang umakit ng mga pangyayari.

Ang espiritu na mayroon ng tatlong kaankinan, pag-iisip, damdamin at kalooban ay lalakip sa katawang laman na sinasagisag ng apat na sulok ng daigdig, tatlo at apat ay pito, laging gagawa upang masulong.

Ang ika pito ay para sa pagtatanong ng mga nilikha, kaya ko bang gawin ito? Magagawa ko ba ito? Mula sa lumang tipan ng magkasakit si Naaman ng ketong, ang hatol ni propeta Eliezar ay

lumusong at umahon sa ilog Jordan ng pitong ulit. Sagisag ng pagkakatawang laman ng espiritu upang gumaling sa gawang pagkakasala, makapagbayad ng pagkakautang at pagkatapos ay maging tagapagpalaganap ng ebangelyo ng Dios.

Mula pa rin sa Lumang Tipan ang wika; ang sino mang pumatay kay Cain ay parurusahan ng pitong ibayo; na ang ibig sabihin ay magkakatawang laman ang espiritong gagawa nito upang makapagbayad ng pagkakautang.

54. Ito nga ang muling pangalawang tanda na ginawa ni Jesus, nang siya'y pumaroon sa Galilea mula sa Judea.

Naganap ang pagpapagaling sa taong mahal bilang pangalawang himala sa pagpunta ng Panginoon sa Cana ng Galilea. Ang una ay nang gawin alak ang tubig. Ang may karamdaman ay ang sarili, ang espiritu na nadadaig ng kahinaan ng laman. Hindi na kailangan lumayo upang pagalingin, ito ay nasa pagkatao ng bawat isa; ang pagpapagaling sa sarili ay ang pagtupad ng tungkulin, linisin ang pag-iisip, damdamin at kalooban, padalisayin.

Nawa'y ang bawat mag-aaral ng simulain ng Espiritismo ay gumaling sa mga salita ng Kabatlayaan, tulad ng pagpipigil sa sarili at pagtangan sa sarili.

KAPITULO 5

BALON NG SAGE

1. Pagkatapos ng mga bagay na ito'y nagkaroon ng pista ang mga Judio; at umahon si Jesus sa Jerusalem.
2. Sa Jerusalem nga'y may isang tangke sa tabi ng pintuan ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda, na may limang portiko.
3. Na sa mga ito ay nangaghandusay ang marami sa kanilang mga may-sakit, mga bulag, mga pilay, mga natutuyo.
4. (Sapagkat lumulusong ang isang angel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tangke at kinakalawkaw ang tubig; at ang unang manaog sa tangke, pagkatapos na makalawkaw ang tubig ay gumagaling sa anomang sakit na dinaramdam.)
5. At naroon ang isang lalake, na may tatlongpu't walong taon nang may-sakit.
6. Nang makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong may-sakit, ay sinabi niya sa kaniya, "Ibig mo bagang gumaling?"
7. Sumagot sa kaniya ang lalaking may-sakit, "Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke, pagkalawkaw sa tubig; datapuwa't samantalang ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago ako."
8. Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka."
9. At pagdaka'y gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Noon nga'y araw ng Sabath.

Ang pintuan ng mga tupa ay patungo sa daan ng Panginoong Hesukristo, Siya ang daan. Ang mga tupa ay sagisag

ng kaamuan, ng kababaang loob, ng pagtitiis; gagawa at papasanin ang kaniyang krus. Gawa ang magliligtas sa tao.

Ang sanglibutan ay malawak na pastulan at kasangkapan sa batas ng pagsulong; pagkatapos ng pagbabayad utang ay susunod naman ang pagpapalaganap ng kabanalan at ito ay matutupad sa pamamagitan ng reencarnacion o muli at muling buhay. Malapit sa pintuan ng mga tupa ay nangangahulugan na malapit na ang gawang kabanalan at kahinahunan.

Nasabi na ang tubig ay ang pagkakatawang laman ng isang espiritu at ang tangke na may limang partiko ay ang limang kaangkinan ng katawang laman: ang paningin, pangdinig, pang-amoy, panglasa at pangdama. Ang limang kaangkinan ito ay kinakailangan gamitin bilang pagsasakatuparan sa mga aral o abotsabi ng Kabatlayaan o ng mga angel na siyang katumbas ng pagkalawkaw ng tubig. Ang limang ito ang katumbas din ng limang daliri ng isang kamay na aabot sa kapwa upang pagkawanggawaan.

Ang pangangaral ng Kabatlayan sa pamamagitan ng mga medium o mga kasangkapan ang magandang halimbawa ng pagkalawkaw sa tubig upang ang mga mapagkasalang mga nilikha na katumbas ng mga maysakit, mga pagkakasala dulot ng maling paniniwala o pagkakilala ay tumitigas ang puso ay hahanapin ang tubig na malinis.

Nasabi na sa dakong una na ang tubig ay sagisag ng katawang laman ay sagisag din ng kapwa tao na mayroon din ng katawang laman; at sa kapwa matatagpuan ang magpapagaling na tubig sa pamamagitan ng pagtulong, ng pagkawanggawa sa kapwa. Sa bawat pangangailangan ng kapwa ay kinakalawkaw ng angel ang tubig upang matugunan ang

kanilang pangangailangan. Ang lahat at bawat isa ay bibigyan ng mga aral upang magbago, tumupad ng tungkulin sa kapwa.

Ang tubig na iyan ay sagisag din ng buhay, ang buhay ay paggawa. Kailangan ng espiritu ang katawang laman o ang tubig upang makatupad ng tungkulin.

Ang tangke na kinalalagyan ng tubig ay ang paligid, ang mga kapwa, nasa pagkatao ng bawat isa. Ang lahat ng mga nilikha ay mayroon ng karamdaman kayat kailangan na ipanganak sa tubig at sa espiritu. Ang kapanganakan sa espiritu ay ang pagdating ng kamatayan ng katawang laman, ang pagbabalik ng espiritu sa tunay na bayan, sa bayan ng mga espiritu.

Ang simulain at mga aral ng Mananakop ay ang hayagang pagkalawkaw ng tubig na dinadala Niya sa mga tao kayat nasabi Niya sa lalaking tatlumpu at walong taong maysakit na nasa tabi ng balon, “magtindig ka buhatin mo ang iyong higaan at lumakad.”

Ang karamdaman ay isang kaparaanan ng pagbabayad utang. Sa pamamagitan ng mediumnidad ng Panginoon ay nakita Niya na sa mahabang panahon ng pagkakaramdam ng maysakit ay sapat na upang mapagbayaran ang kanyang mga pagkakasala, kayat nasabi ng Panginoon sa kanya, magtindig, buhatin mo ang iyong higaan at lumakad.

Buhatin ang higaan, buhatin ang sarili upang maipagkaloob sa kapwa, magkawanggawa; buhatin ang sariling higaan upang mabigyan daan ang nauukol sa tunay na tao; buhatin ang ano mang nagpapabigat sa pagkatao, lumakad at magpalaganap ng ebangelyo ng Dios, gumawa. Bubuhatin ang mga nilikha ng mga aralin ng Mananakop na ngayon ay ipinagpapatuloy ng Kabatlayaan tulad ng simulain ng Espiritismo.

Ang bilang na tatlumpu at walo (38) ay sagisag ng mga pagsubok na ito ay kailangan sa buhay ng tao, kaanlinsabay ng buhay upang masulong, malaman ang kakayahan at kung bumagsak ay naririyang ang Mananakop, naririyang ang Kabatlayaan na kakalawkaw ng tubig.

Ang pagpapagaling sa lalaking maysakit ay ginawa sa araw ng Sabath. Ang mga saserdote, mga matatanda, mga Pariseo at mga eskribas ay lubhang mga kapit sa letra at hindi diwa ang kinukuha, ang diwa na siyang nagbibigay buhay sa mga salita. Ang Sabath ay pamamahinga o pag-iwas sa paggawa ng kasamaan.

Ang tao ang panginoon ng Sabath. Ang lahat ng araw ay paggawa ng kabanalan, ang lahat ng araw ay banal, ang pagkakawanggawa ay pamamahinga.

10. Kaya sinabi ng mga Judio sa kaniya na pinagaling,” Ito’y araw ng Sabath, at hindi matuwid na buhatin mo ang iyong higaan.”
11. Nguni’t sila’y sinagot niya, “ang nagpagaling sa akin, ay siya rin sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.”
12. Tinanong nila siya, “sino ang taong sa iyo’y nagsabi, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka?”
13. Nguni’t hindi nakikilala ng pinagaling kung sino siya; sapagkat si Jesus ay humiwalay, palibhasa’y may isang karamihan sa dakong yaon.

Hindi nalalaman ng pinagaling na ang higit na nagpagaling sa kanya ay ang kanyang sarili, ang kaniyang pananampalataya. Binabanggit sa isang bahagi ng aral sa mga maysakit na ginagamit ng mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo bago maggamutan sa loob ng lunduyan na ang sarili ay siyang

mabisang gamot na siyang hahawi sa mga paghihirap ng mga may karamdaman; asahan at manalig ng buong katapatan at pagasa na ang isang butil ng Mostasa ng pananampalataya na taglayin ng bawat isa ay higit na makapagbibigay ng lakas at makahahawi ng karamdaman. Dahil dito, kung matutuhan ang magkawanggawa sa kapwa na katumbas ng salita na magtindig ka buhatin ang sarili upang ibigay sa kapwa, hindi nalalaman ng sarili na sa kaibuturan ng kanyang puso ay tumitibok ang dakilang tibukin ng pag-ibig, hindi nalalaman ng mga nilikha na sa kanyang sarili ay maalam na maging mapayapa, ang gawaing ito ang siyang hahawi sa malabis na pagdaramdam ng katawang laman.

Kayat ng tanungin ang pinagaling kung sino ang nagpagaling sa kanya ay hindi niya nalalaman.

14. Pagtapos ay nasumpungan siya ni Jesus sa templo, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling na; huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama.

Ang mga katagang ito ay isa sa mga patunay na ang karamdaman ay nagbubuhay sa pagkakasala. Ang isang napagaling na ay magkakaroon ng subaybay upang magpatuloy sa pagbabagong buhay at ito ang katumbas na nasumpungan siya muli ng Panginoon sa Templo.

15. Umalis ang tao, at sinaysay sa mga Judio na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling.

Ang isang nagbabagong buhay ay katulong sa pagpapalaganap ng kabutihan at kabanalan, ng Ebangelyo ng Dios.

16. At dahil dito'y pinag-usig ng mga Judio si Jesus, sapagka'y ginagawa niya ang mga bagay na ito sa araw ng sabath.

Nasabi na sa dakong una na ang mga saserdote, mga Pariseo ay lubhang kapit sa letra ng mga kasulatan at hindi ang diwa ang kinukuha. Ginagamit na mga kadahilanan ng mga kumakalaban sa Mananakop ang paglabag sa araw ng Sabath upang mapigilan nila ang pagpapalaganap ng katotohanan, maimulat ang mga mata ng mga tao na ang mga ipinapagawa nilang mga ritos at seremonias ay pawang mga pakitang tao lamang at hindi kailangan. Ang mga ritos at seremonias na ito ay ginagawa upang sila ay dakilain, tingalain at makakuha ng salapi at mga ari-arian ng mga mamamayan.

17. Datapuwa't sinagot sila ni Jesus, "Hanggang ngayo'y gumagawa ang aking Ama, at ako'y gumagawa."
18. Dahil dito nga'y lalo nang pinagsikapan ng mga Judio na siya'y patayin, sapagkat hindi lamang sinira ang araw ng Sabath, kundi tinatawag din naman na kaniyang sariling Ama ang Dios, na siya'y nakikipantay sa Dios.
19. Sumagot nga si Jesus at sinabi sa kanila, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagkat ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan."
20. Sapagkat sinisinta ng Ama ang Anak, at sa kaniya'y ipinakikita ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa: at lalong dakilang mga gawa kay sa mga ito ang sa kaniya'y ipakikita niya, upang kayo'y magsipanggilalas.

Ang lahat ng nilikha ay anak ng Dios at natatanggap ng ating pag-iisip na kung sabihin nating tayo’y mga anak ng Dios ay hindi nangangahulugan na nakikipantay tayo sa Dios. Ang Dios ay pag-ibig, larawan ng kabanalan at ano mang gawin nauukol sa pag-ibig at kabanalan ay anak ng Dios; ang isinsagawa ng Mananakop ay pawang pag-ibig at kabanalan; ang mga gawang pag-ibig at kabanalan ay mga sinisintang anak ng Dios.

Sinasabi ng mga pananampalataya na ang Dios ay mayroong tatlong persona: Dios Ama, Dios Anak at Dios Espiritu Santo. Sa pag-aaral ng simulain ng Espiritismo, ang Dios Ama ay ang batas, ang Dios Anak ay pagtupad ng batas, at ang Dios Espiritu Santo ay ang mga kaligayahan natatamo sa pagtupad ng batas.

21. Sapagkat kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay at sila’y binubuhay, gayon din naman binubuhay ng Anak ang kaniyang mga ibigin.

Ang mga patay ay ang mga mapagkasala at ang layon ng Dios, ng batas na mailigtas ang mga mapagkasala. Ang mga anak o gawa, mga gawain naaayon sa batas ng pag-ibig at kabanalan ang bubuhay sa mga makasalanan, magbabago, salamat sa palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay.

22. Sapagkat ang Ama’y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang boong paghatol.

Ang bawat anak o gawa ay mayroon ng ganting galaw, batas ng KARMA; ang danas ang magtuturo kung ang gawain ay magdudulot ng kaligayahan o magdudulot ng tiisin sa manggagawa, ang anak ang hahatol kung aling gawa ang

pipigilan o iiwasan sapagkat nagdudulot ng mga tiisin at kung aling gawa ang ipagpapatuloy sapagkat nakapagdudulot ng kaligayahan at kapayapaan.

23. Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo.

Ang hindi tumutupad ng mga inuutos ng Dios ay hindi gumagalang at umiibig sa batas o sa Ama.

24. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan.

Ang salita ng Mananakop ay ukol sa karunungan lihim o ukol sa kaharian ng mga langit. Ang sumasampalataya sa mga aral ng Mananakop at ito ay isasakatuparan ay magkakaroon ng kabanalan at ang kanyang espiritu ay mamamayan sa mga planeta o daigdigang higit ang antas ang kataasan sa gawi ng kabutihan at kabanalan at doon ay ipagpapatuloy ang mga gawain banal.

Ang wika ng Panginoong Hesukristo, sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; maraming mga planeta o daigdigang tinatahanan ng mga espiritung mayroon na ng kaunlaran sa gawi ng kabanalan. Hindi kayang bilangin ng pag-iisip ng tao ang bilang ng mga daigdigang iyan.

Nasabi na sa dakong una na sa panaginip ni Jacob ng hagdanan mula sa kanyang kinalalagyan na ang dulo ng hagdan

ay hindi maabot ng paningin at diyan ay nagmamamihik manaog ang mga angel, mga Banal na Espiritu na alpas na sa gawang pagkakasala, kayat alpas na sa paghatol, ang bawat baitang ng hagdanang iyan ay bawat planeta o daigdigang pamamahayan ng mga espiritu.

Ang pagkakasala ay katumbas ng kamatayan, ang daigdigang lupa ay balot pa ng kamangmangan at gawang mapagkasala, subalit kung sumunod sa salita ng Panginoon ay mapananagumpayan ang pagkakasala sa daigdigang ito, gagawa ng kabutihan at kabanalan ipinag-uutos, ang batas ay pagsulong, makapapasa sa daigdigang ito na tinatawag ng Kabatlayaang daigdigan ng luha at hinagpis, dadako ang kanyang espiritu sa susunod na baitang ng hagdanan at sa mga susunod pa na ang bilang ay hindi abot ng pag-iisip ng tao, magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

25. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios; at ang mangakarinig ay mangabubuhay.

Nasabi na sa dakong una na ang mga patay ay ang mga mapagkasala at kung marinig ang aral ng Mananakop ay magbabagong buhay, pagsisisihan ang mga nagawang pagkakasala, tatanggapin ang mga tiisin dulot ng pagkakasala at magtitika na papalitan ng mga gawang kabutihan at kabanalan ang gawain.

26. Sapagkat kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili:

27. At binigyan niya siya ng kapamahalaang makahatol, sapagkat siya’y anak ng tao.

Nasabi na rin sa dakong una na ang Dios ay sagisag ng pag-ibig, ng kabanalan at buhay, ang kanyang mga ginawa, ang kanyang mga anak ay naririyang din ang pag-ibig at kabanalan.

Ang Anak ng tao ay sagisag ng reencarnacion. Ang Mananakop ay mababa kay sa Dios, inilagak sa katawang laman, sa sanglibutan, sa katawang laman na kaaway ng espiritu kung magpapadaig sa hibo ng laman, nagpapaalipin sa kamangmangan. Ang danas ay guro at ipababatid sa isang nilikha kung ang isang gawain ay nagdudulot ng kapayapaan at kasiyahan, o kaya ay nagdudulot ng mga tiisin, kahirapan o kaalinsanganan, kayat nasa tao ang paghatol at pagpili kung alin ang tumpak na gawain.

28. Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagkat dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig,
29. At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na mag-uli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na mag-uli sa paghatol.

Ang libingan ay alin mang pook kung saan ang tao ay pinaghaharian pa ng kamangmangan, subalit ang batas ay pagsulong, maririnig ang tinig ng Mananakop at sa subaybay ng Kabatlayaan ay magbabagong buhay at iiwan ang gawaing may kamangmangan, papalitan ng gawaing mayroon ng kabutihan at kabanalan at makadadanas ng kapayapaan, kasiyahan na katumbas ng buhay na walang hanggan.

Sa kabilang dako naman, sa mga manggagawa ng masama ay darating sa kanya ang batas ng KARMA o ganting galaw na katumbas ng buhay sa paghatol o mga tiisin dulot ng pagbabayad utang.

30. “Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko’y matuwid; sapagkat hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin.”

Ang mga katagang ito ay pagpapatunay lamang ng kababaang loob ng Mananakop. Nababatid Niya ang kalooban ng Ama at iyan ang kanyang pinairal, siya ay sugo, tagaganap ng kalooban ng Ama at iyan ang katumbas ng sinisintang Anak.

31. Kung ako’y nagpapatotoo sa aking sarili, ang patotoo ko ay hindi katotohanan.

Mga patotoo pa rin ng kababaan ng loob na siyang simulain ng Mananakop.

32. Iba ang nagpapatotoo sa akin; at talastas ko na ang patotoong isinasaksi niya sa akin ay totoo.
33. Kayo’y nangagsugo kay Juan, at siya’y nagpatotoo sa katotohanan.

Kung ang kabutihan ng isang nilikha ay nanggagaling sa bibig ng ibang tao, sa danas, ang kabutihang gawa ay may katotohanan. Ang isang nilikha na ipinagmamangyay ang kanyang nagawang kabutihan ay maaaring mahulog sa kayabangan at egoismo, ang labis na pag-ibig sa sarili.

Ang nagpatotoo sa Mananakop ay si Juan Bautista at ito ay katuparan ng ipinangako ni propeta Elias ng kanyang kapanahunan, na siya ay babalik, muling magkakatawang tao upang ihanda ang daan para sa Panginoon. Ang espiritu ni propeta Elias ay siya ring espiritu ni Juan Bautista at ito ay pinatotohanan ng Mananakop.

34. Datapuwa't ang patotoo ay hindi mula sa tao: gayon ma'y sinasabi ko ang mga bagay na ito, upang kayo'y mangaligtas.

Ang pagpapahayag at pagpapatotoo na ginawa ni Juan Bautista ay sa pamamagitan ng mediumnidad, mayroon siya ng inspirasyon mula sa mga Banal na Espiritu o sa Kabatlayaan tulad ng pagpapahayag sa simulain ng Espiritismo.

35. Siya ang ilawang nagniningas at lumiliwanag; at inibig ninyong kayo'y mangagkatuwang sumandali sa kaniyang liwanag.

Ang aral ni Juan Bautista ay nagdulot ng kasiyahan sa mga tao na ito ay inaaring ilaw na nagbigay liwanag sa kahiwagaan ng buhay at mga kaalaman pang langit.

36. Datapuwa't ang aking pagpapatotoo ay lalong dakila kaysa kay Juan; sapagkat ang mga gawang ibinigay sa akin ng aking Ama upang ganapin, ang gayon ding mga gawa na aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa akin, na ako'y sinugo ng Ama.

Ang naging tungkulin ni Juan Bautista gaya ng nasasaad sa unang bahagi ng kasulatang ito ay siya ay tagapaghanda ng Panginoon, na ang aral na ibinibigay ni Juan ay madaling

unawain ng mga tao, na bagaman at nagdudulot ng liwanag ay hindi naman nakasisilaw sa mga tao.

Ngayon na mayroon na ng pasimula ukol sa karunungan makalangit, tinitiyak na ng Mananakop na higit ang kadakilaan ng mga araling kanyang dala-dalahan sapagkat tuwiran na siya ay isinugo ng Dios.

37. At ang Ama na nagsugo sa akin, ay siyang nagpatotoo tungkol sa akin. Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo.

Ang Dios ay espiritu at ang espiritu ay hindi nakikita ng pangkaraniwang nilikha, kayat kailangan ang mga sugo upang magpatotoo sa Dios, at ito ang isinasakatuparan ng Mananakop sa pamamagitan ng pangangaral at dakilang gawa.

38. At kayo'y walang salita niya na nananatili sa inyo: sapagkat hindi kayo nagsisisampalataya sa kaniyang sinugo.

Hindi lamang hindi tinanggap ang mga salita ng mga naunang mga propeta na isinugo sa mga tao, kundi pinatay pa nila ang mga ito.

39. Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin.

Mula sa Lumang Tipan, sa Genesis, sa Deuterinomo na mga sinulat ni nunong Moises, lalo na sa mga Awit ni David, hanggang sa mga sinulat ng mga propeta katulad ni Isaias,

Mikas, Zacarias, Jeremia at iba pang mga propeta, pinatotohanan ang pagdating ng Mesias, ng Panginoong Hesukristo pati ng kaniyang sasabihin, higit na ng kanyang mga gagawin, gayon din ang mga gagawin sa kanya at ang mga mangyayari sa kanya sa kamay ng mga nagpapanggap na sila ang kahalili ng Dios. Kayat ang isa sa huling nawika ng Mananakop ng Siya'y nakabayubay sa krus ay "NAGANAP NA'.

40. At ayaw kayong magsilapit sa akin, upang kayo'y magkaroon ng buhay.

Ang buhay ay sa bayan ng mga espiritu na siyang tunay na bayan at ito ay walang hanggan na matatamo sa pamamagitan ng pagtanggap at pagsasagawa ng mga kabanalan na itinuturo ng Mananakop.

41. Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatian mula sa mga tao.
42. Datapuwa't nakikilala ko kayo, na kayo'y walang pag-ibig ng Dios sa inyong sarili.

Sa pamamagitan ng mediumnidad na tinataglay ng Panginoong Hesukristo, nababasa Niya ang iniisip at damdamin ng mga tao, kayat nasabi niya ang mga katagang iyan.

43. Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin.
44. Paanong kayo'y makapananampalataya, kayong nangagtatanggap sa isa't isa ng kaluwalhatian at hindi ninyo pinaghahanap ang kaluwalhatianang nanggagaling sa tanging Dios?

Ang mga tao ay mapaghanap ng mga patotoo, yaong nakikita at nadadama. Madaling tanggapin ng mga tao ang nagpapakita ng mga ritos at seremonias, higit na ang mga taong naghahanap na sila ay tingalain, sambahin hanggang sa humantong na sila ay diyosin. Ang mga bagay na ito ay laban sa simulain ng Mananakop na kababaaan at kaamuan, ang simulain na ang sino mang magnasa na manguna ay siyang lingkod ng kanyang kapwa. Ang hinahanap ng mga tao ay pawang kaligayahan pang lupa at ito ay hanggang dito lamang sa lupa at lumilipas, hindi madadala sa kaitaasan.

Nasabi na sa dakong una na ang Dios ay kailan man ay hindi narinig ang kanyang tinig at hindi nakita ang kanyang tunay na anyo, subalit mayroon ng mga isinugo upang Siya ay sampalatayanan. Kinikilalis ng mga tao kung sino ang nagsasabi na siya ay sinugo ng Dios; kung siya ay mataas ang napag-aralang karunungan pang lupa, kung siya ay kabilang sa mataas na lipunan, at marami ang bilang ng mga kasamahan.

Ang Mananakop na sinasabi ng mga Judio na anak lamang ng isang karpintero at ni Maria, mahirap ang buhay at walang naabot na mataas na paaralan, kayat hindi matanggap na siya ay isa rin propeta na sinugo ng Dios.

45. Huwag ninyong isiping ako ang sa inyo'y magsusumbong sa Ama: may isang magsusumbong sa inyo, sa makatuwid baga'y si Moises, yaong pinaglagakan ninyo ng inyong pagasa.

Ang pagsusumbong ay dadalhin ang tao sa kaparusahan. Si Moises na sumulat sa pagdating ng Cristo, kung sino Siya at kung ano ang kaniyang gagawin ay sagisag ng mga nakaraang kabuhayan ng tao na ang kanyang mga gawain ay batbat pa ng kamangmangan. At sapagkat sa bawat pagkakamali ito ay

pagbabayaran, batas ng KARMA, ang pagbabayad ng utang ay magdudulot ng pagkasulong, kung hindi mapagbayaran sa kasalukuyan kabuhayan, naririyang ang palapahaman ng muli at muling buhay, sa mga susunod na kabuhayan ay mapagbabayaran; sa bawat pagkabuhay sa kapatagan lupa at ito ay maraming beses, ang tao ay masusulong hanggang sa maging tagapagpalaganap ng Ebangelyo ng Dios.

46. Sapagkat kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagkat tungkol sa akin siya'y sumulat.
47. Nguni't kung hindi kayo nagsisipaniwala sa kaniyang mga sulat, ay paanong magsisisampalataya kayo sa aking mga salita?

Ang mga isinulat ni Moises ay may kabagsikan, katulad ng mata sa mata at ngipin sa ngipin, subalit sa panahon ng Mananakop, kaniyang ginawang mahinahon ang mga salitang ito. Halimbawa: Kung binato ka ng bato, gantihan mo ng tinapay. Ang isinulat ni Moises na ibigin mo ang iyong kapwa at kapootan mo ang iyong kaaway; sa salita ng Panginoon ay ibigin mo ang iyong kaaway at idalangin mo ang sa iyo'y umuusig.

Kung tutuusin ang mga ipinagagawa sa panahon ni Moises ay mayroon ng kagaangan subalit kung ito ay hindi pa rin matupad ng mga tao, papaano matutupad ang mga aral ng Mananakop na humihingi ng paglimot sa sarili, ng pagpapakasakit at tapat na paggawa. Katulad ng pag-ibig sa kaaway at gawaan pa ng mabuti ang umiiwa.

KAPITULO 6

NAGPAKAIN SA MARAMI

1. Pagkatapos ng mga bagay na ito ay naparoon si Jesus sa kabilang ibayo ng dagat ng Galilea, na siyang dagat ng Tiberias.
2. At sumusunod sa kaniya ang lubhang maraming tao, sapagkat kanilang nangakikita ang mga tanda na ginagawa niya sa mga maysakit.

Nasabi na sa dakong una na ang pagpapagaling ng mga karamdaman ng laman ay napapaloob sa tinatawag na mahika negra upang makuha ang pansin at paniniwala sa Mananakop at pagkatapos nito ay saka ibibigay ang aral ng kabanalan at kabutihan na ito naman ay napapaloob sa tinatawag na mahika blanca, ito ang mabisang gamot sa karamdaman ng kaluluwa o pagkakasala.

Ito rin ang dahilan kung bakit mayroon ng gamutan sa simulain ng Espiritismo.

3. At umahon si Jesus sa bundok, at doo'y naupo siya na kasama ng kaniyang mga alagad.
4. Malapit na nga ang paskua, na pista ng mga Judio.

Malapit na ang araw ng paskua, ang pagkain ng tinapay na walang lebadura, araw ng paglaya ng mga Israelitas sa Ehipto, sa pagkakaalipin, ang kinakain ay ang mana na walang lebadura, sagisag ng walang kataasan, wala ang labis na pag-ibig sa sarili, pupunta sa ilang at kakain ng mana na walang karangyaan.

5. Itinanaw nga ni Jesus ang kaniyang mga mata, at pagkakita na lubhang maraming tao'y lumalapit sa

kaniya, ay sinabi niya kay Felipe,”“saan tayo magsisibili ng tinipay, upang mangakakain ang mga ito?”

6. At ito’y sinabi niya upang siya’y subukan: sapagkat nalalaman niya sa kaniyang sarili kung ano ang kaniyang gagawin.
7. Sumagot si Felipe sa kaniya, “Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daan denariong tinapay, upang makakain ng kaunti ang bawat isa.

Pakinin mo sila Felipe upang subukan ang bawat isa, ano ang sasabihin, papaano makatutulong sa kapwa, ako na nasa karalitaan, ako na nasa banig ng karamdaman. Ang tao ay binubuo ng espiritu at ng katawang laman, nag-iisa, hindi kayang tulungan ang marami. Subalit ang tao ay maliit na Dios. Ang wila ng Mananakop ay gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin. Alamin ang pangangailangan ng kapwa, alamin ang kasaganaan ng pag-iisip at pag-ibig.

8. Sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, si Andres, na kapatid ni Simon Pedro,
9. May isang batang lalake rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda; datapuwa’t gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?

Si Andres at Pedro ay sagisag ng karunungan at pag-ibig; kayat ng sila ay anyayahan ng Mananakop na maging tagapagpalaganap ng kabanalan ay walang lingon likod na sumunod kaagad sa kaniya. Ang lema ng simulain ng Espiritismo ay patungo sa Dios sa pamamagitan ng karunungan at pag-ibig.

Ang limang tinapay na sebada ay sagisag ng kaangkinan ng katawang laman; ang paningin, pang-amoy, panglasa, pangdinig

at pangdama, pawang mga kasangkapan ng katawan laman na magagamit ng espiritu sa pagtupad ng tungkulin.

Ang dalawang isda ay sagisag ng espiritu at katawang laman na kailangan magsandugo at makitalad sa kapatagang lupa, makatupad ng tungkulin at magkaroon ng pagkasulong.

Bata, may limang tinapay; mula sa pagkabata, dahan-dahan ang pagsulong, dahan-dahan ang pagbabago sapagkat ang biglaan pagbabago ay marupok. Sa pamamagitan ng palapahaman ng simulain ng Espiritismo, ng reencarnacion o muli at muling buhay, ang tao ay magbabago; sa mga susunod na kabuhatan ay matatamo ang pagbabago, masusulong. Limang tinapay, maraming pakikipamuhay sa kapatagan lupa, maraming pagkabuhay na napakakain ang maraming nilikha.

10. Sinabi ni Jesus, Inyong paupuin ang mga tao. Madamo nga sa dakong yaon. Kayat nagsiupo ang mga lalake, na may limang libo ang bilang.

Ang pagpapaupo sa mga tao ay sagisag ng kababaan, kailangan ang pagpapakababa upang madaling matanggap ang mga pagkain ipakakain sa mga tao; sapagkat ang pagkain ipakakain ng Mananakop ay pagkain ng kaluluwa, mga karunungan makalangit, mga karunungan lihim.

Ang sagisag ng damo ay mga pagsubok at ang pagsubok ay kaalinsabay ng pakikitalad ng tao sa kapatagan.

11. Kinuha nga ni Jesus ang mga tinapay; at nang makapagpasalamat, ay ipinamahagi niya sa kanilang nangakaupo; at gayon din naman binigyan sila ng mga isda kung gaanong ibigin nila.

Nasabi na sa dakong una na sa pagpapalaganap ng simulain ng krystianismo, tulad din ng simulain ng Espiritismo ay gumagamit ng mahika (magic), mahika blanca at mahika negra.

Ang Panginoon Hesukristo sa kanyang pagka-medium ay madalas na gumagamit ng mahika negra (salamangka). Nakakukuha Siya ng mga elemento ng paligid, tulad sa alangan na hindi nakikita ng paningin ng tao upang ang limang tinapay at dalawang isda ay maparami at mapagputol-putol.

Ang lalake ay sagisag ng espiritu at nasabi na sa dakong una na ang pinakakain ng Mananakop ay pagkain ng espiritu, ang aral ng kabanalan, karunungan makalangit, karunungan lihim. Ganyan din uri ng pagkain ang ipinagkakaloob ng Kabatlayaan sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo.

Ang aralin ng simulain ng Espiritismo ay pirasuhin, pagputol-putulin at pakainin ang mga nangangailangan, isubo ang subaybay ng kaitaasan upang makilala kung ano itong simulain ng Espiritismo; pinagputol-putol ang tinapay at isda at unawain dahan-dahan, unti-unti.

Gawa, ang magkawanggawa, yaong makakaya ng kapwa upang huwag lumabis, kahit mumo ng pagkakawanggawa. Iba't-iba ang antas ng kakayahan ng pag-iisip ng tao sa pag-unawa, kayat unti-unti ang pagpapakain upang huwag masayang, huwag lumabis. Kayat ang mga sumusunod na kataga:

12. At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang.

13. Kayat kanilang tinipon, at nangapuno ang labingdalawang bakol ang mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain.

Pagpapakain ng dalawang isda at limang tinapay sa limang libong lalake, lumabis pa ng labing dalawang bakol. Laging humihingi ng pagkain ang paligid, kumakalam ang kanilang sikmura. Sa pag-aayos ng kagandahan asal, tulungan bakahin ang kagutuman o ang kamangmangan sa mga karunungan makalangit.

Labing dalawang bakol ang lumabis, matapos ang pagtupad ng tungkulin ng Mananakop sa hayagan, subalit ang diwa nito ay mag-iiwan ng labing dalawang alagad ang Panginoon upang ipagpapatuloy ang pagpapalaganap ng kabanalan; pagkatapos na maisakatuparan ang tungkulin, mayroong matitira upang ipagpatuloy ang pag-aaral ng simulain ng Espiritismo.

Maraming banggit sa Banal na Kasulatan sa bilang na labing dalawa (12) tulad ng isang anak na nag-aagaw buhay na ang idad ay labing dalawa na pinagaling ng Mananakop; babaeng inaagasan ng labing dalawang taon na tinanganan lamang ang ladlaran ng damit ng Mananakop ay gumaling.

Ang orasan ay mayroon labing dalawang oras, dalawang ulit umiikit ang kamay ng orasan sa maghapon. Mababago ang tao, masusulong ang tao, sa unang pag-ikit ng labing dalawang oras ay pawang para sa katawang laman; subalit ang pangalawang pag-ikit naman ay para sa espiritu, para sa paggawa ng kabanalan, maglilinis ng budhi upang magkaroon ng bagong buhay pagdating ng umaga.

14. Kayat nang makita ng mga tao ang tandang ginawa niya, ay kanilang sinabi, Totoong ito nga ang propeta na paririto sa sanglibutan.
15. Nang mapaghalata nga ni Jesus na sila'y magsisilapit at siya'y agawin, upang siya'y gawing hari, ay muling nagbalik sa bundok na nag-iisa.

Ang akala ng mga tao ay nais ng Mananakop ang siya'y maging hari na papakainin ang katawang laman at hindi ang espiritu na siyang tunay na tao. Nilalapitan siya subalit umalis. Ang tao ay magiging hari sa ibabaw ng kamangmangan; gagawa ng kabanalan, magkakawanggawa. Ang pagiging hari ay kailangan na maging mabuting taga sunod, ito ang kakainin, hindi ang korona, ni ang trono na sagisag ng kayamanan at kapangyarihan sa lupa.

Hinabol siya ng mga tao upang gawing hari, marami ang nangangailangan subalit kakaunti ang nagpapalaganap, kakaunti ang nagkakawanggawa.

Nagbalik sa bundok kung saan naroroon ang kapayapaan, katahimikan upang makipag-ugnay sa Ama na siyang hari ng lahat ng mga nilikha.

16. At nang kinahapunan, ay nagsilusong ang kaniyang mga alagad sa dagat;
17. At nagsilulan sila sa isang daong, at kanilang tinatawid ang dagat hanggang sa Capernaum. At madilim na nga, at hindi dumarating sa kanila si Jesus.
18. At lumalaki ang dagat dahil sa isang malakas na hanging humihihip.
19. Nang sila nga'y mangakagaod na ng may dalawangpu't lima o tatlumpung estadio, ay kanilang nakita si Jesus na

lumalakad sa ibabaw ng dagat, at lumalapit sa daong: at sila'y nangahihintakutan.

20. Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Ako nga; huwag kayong mangatakot.
21. Malugod nga nilang tinanggap siya sa daong: at pagdaka'y dumating ang daong sa lupang kanilang tinutumpa.

Ang katagang kinahapunan ay katumbas ng takipsilim, ang sandali na ang espiritu ay lalakup sa katawang laman na siyang daong; katawang laman na mayroon ng kagaspangan at lulusong sa dagat, dagat na sagisag ng pakikitalad sa daigdigang lupa kung saan susuungin ang maraming pagsubok, malalaking alon. Sasakay o sasanib ang espiritu sa katawang laman o sa daong na siyang kasangkapan sa pagtupad ng tungkulin sa kapatagang lupa.

Hinahanap ang Panginoon, hinahanap ang kaligtasan; laging hahanapin ang payo ng mananakop, ang kaniyang mga aralin at katuparan ng kabanalan, lalo na kung dumating ang malalakas na hangin, ang mga pagsubok na kaalinsabay ng buhay.

Nang makagaod na ng dalawangpu't lima o tatlongpung estado ay nakita nila ang Panginoon na lumalakad sa ibabaw ng tubig. Dalawa at lima, dalawang daigdigang, daigdigang ng espiritu at daigdigang ng laman; diyan gumagaod o nakikitalad ang isang nilikha. Lima na kasangkapan ng katawang laman.

Lumalakad ang Panginoon sa ibabaw ng tubig, Mananakop na larawan din ng katibayan ng pananampalataya na mangingibabaw sa lahat ng uri ng pagsubok, mga tiisin at kahirapan.

Tatlongpung estado ng paggaod, tatlo na kaangkinan ng espiritu, ang pag-iisip, damdamin at kalooban na bahagi ng Dios, ang Dios na sinasagisag ng zero, walang simula, walang hanggan.

Natakot ng makita ang Panginoon sapagkat dala ng Mananakop ang mga karununganang makalangit, mga karununganang lihim na hindi agad maunawaan o matanggap ng mga tao. Katulad ng inihahatol sa simulain ng Espiritismo na ipinagpapatuloy ang simulain ng Mananakop na ito daw Espiritismo ay sa demonyo o sa mababang espiritu. Napakalawak ng simulain ng Espiritismo, katulad ng simulain ng Kristiyanismo, kayat ito ay kinakatakutan, sa multo raw.

22. Nang kinabukasan ay nakita ng karamihang nakatayo sa kabilang ibayo ng dagat na doo'y walang ibang daong, kundi isa, at hindi lumulan sa daong si Jesus na kasama ng kaniyang mga alagad, kundi ang kaniyang mga alagad lamang ang nagsipaglayag.
23. (gayon man ay may mga daong na nagsidating na mula sa Tiberias malapit sa dako na kanilang kinainan ng tinapay pagkatapos na makapagpasalamat ang Panginoon) :

Ang espiritung pumalaot sa kapatagan, nagkatawang laman katulad ng salitang sumakay sa daong upang masulong, hinahanap ang Mananakop, ang kabanalan.

Ang isa sa mediumnidad ng Mananakop ay nakagagamit Siya ng kaniyang peri-espiritu na parang mayroon Siya ng dalawang katawan, isang materiya na gaya ng ginagamit ng pangkaraniwan tao, magaspang, mabigat; subalit ang peri-espiritu na may anyong katulad ng katawan laman subalit higit ang kaangkinan ng espiritu na nakapaglalusog-lagusang sa mga

bagay sa material, katulad ng bato, tubig, bundok at mabilis na parang kidlat.

Kayat nang Siya'y aagawin ng mga tao upang gawing hari, bigla siyang nawala at nagpunta sa bundok. Ang peri-espiritu rin ang ginagamit ng Mananakop nang siya ay makita ng mga alagad na lumalakad sa ibabaw ng tubig.

Ang Tiberias ay itinayo ni Herodes, si Herodes ay sagisag ng kasamaan, labis ang parangal sa mga tao, sagisag ng kataasan at labis na pagmamahal sa sarili. Subalit ang tao'y magbabago, masusulong, hahanapin ang kaligtasan, babalik sa pook kung saan sila pinakain ng tinapay upang hanapin ang Panginoon, muling sasakay ng daong, muling magkakatawang laman upang makaahon ang espiritu sa kamangmangan.

Hindi nakita ang Panginoon sapagkat Siya ay nasa pagkatao ng mga maliliit na nilikha, sa mga nakabilanggo sa rehas ng kamangmangan, sa mga naliligaw ng landas.

24. Nang makita nga ng karamihan na wala roon si Jesus, ni ang kaniyang mga alagad man, ay nagsilulan sila sa mga daong, at nagsidating sa Capernaum, na hinahanap si Jesus.

Sa Capernaum pinagaling ng Mananakop ang alipin ng isang mataas na tao. Ang Capernaum ay isang matandang lungsod sa Palestina ng Galilea. Dito natagpuan ng Panginoon sila Pedro, Andres at Mateo. Maraming kababalaghan ang ipinamalas ng Mananakop sa lungsod na ito at tinawag siyang Kaniyang lungsod.

Sa kumpas ng kamay ng Mananakop, sa kaniyang mga ginawa, sa pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios na nagdulot

ng pagkasulong at pagbabago, iyan ang sagisag ng Capernaum, sagisag ng kalagayan ng nagbabago. Sa panahong ito ay hindi na matatagpuan sa mapa ang pook na ito.

25. At nang siya'y kanilang masumpungan sa kabilang ibayo ng dagat, ay kanilang sinabi sa kaniya, "Rabi, kailan ka dumating dito?"

Ang kabilang ibayo ng dagat ay ang kapatagan ng lupa o daigdigang ng mga hugis kung sakaling ang isang nilikha ay nasa kalagayan ng pagka-espiritu; kung ang isang nilikha naman ay kasalukuyang mayroon ng katawang laman, ang kabilang ibayo ng dagat nito ay ang bayan ng mga espiritu. Nasabi na sa dakong una na ang Panginoong Hesuskristo ay marami ding pagkakataon na nagkatawang laman, hindi lamang sa kasalukuyang kabuhayan, at sa mga pagkakatawang tao ng Mananakop ay isinasakatuparan niya ang tungkuling maipalaganap ang kabanalan kahit ipagkaloob ang kaniyang sariling buhay alang-alang sa sangkatauhan.

Nakasama na ng mga alagad ang Mananakop sa kaniyang pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios ng mga nakaraang kabuhayan kayat Siya'y pinaghahanap, nakikilala ang tinig ng pastol ng mga tupa, ng mga alagad.

Kayat ng Siya'y matagpuan, ang wika ng mga nagsidating," Rabi kailan ka dumating dito, o Guro, kailan ka pa muling nagkatawang tao?"

26. Sinagot sila ni Jesus at sinabi, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako'y inyong hinahanap, hindi dahil sa inyong nangakitang mga tanda, kundi dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay, at kayo'y nangabusog."

Ang mga tao ay hindi na naghahanap ng mga kababalaghan na likha ng mahika (magic) negra na nabanggit na sa dakong una, kundi mga tanda naman upang mapakinggan naman ang ukol sa mahika blanca, ang mga aral ng kabanalan at karunungan lihim na katumbas ng tinapay na kung makakain ng espiritu ay mabubusog at magkakaroon ng kalusugan.

27. Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing napapanis, kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng tao: sapagkat siyang tinatakan ng Ama, sa makatuwid baga'y ang Dios.

Magsigawa ng mga bagay na ang makikinabang ay ang espiritu at hindi ang katawang laman. Ang katawang laman ay pangsandalian lamang sa kapatagan. Ang mga gawain ng kabanalan katulad ng pagkakawanggawa ay mga pagkain na ang nakikinabang ay ang espiritu, at ang espiritu ay magpasa walang hanggan.

Ang pagkaing walang hanggan ay ipinagkaloob ng Anak ng tao; ipinunla ang kaangkinan ng Dios sa bawat isa, kayat ang tao ay maliit na Dios, makagagawa, makalilikha at mayroong kapamahalaan sa kapatagang lupa, lalo na kung mataas na ang antas sa gawi ng kabanalan katulad ng sa Mananakop na kawangis ng Dios at ipinakilala na sinisintang Anak ng Ama o ng Dios.

Itataas ng Dios ang tao at ganyan ang pag-ibig ng Dios sa tao, isusugo ang kanyang bugtong na Anak upang iligtas ang sangkatauhan. Ibinigay ang pagkain ng kaluluwa, ang buhay, kalikasan at espasyo, ang pagkakataon upang itaas ng tao ang kanilang sarili.

28. Sinabi nga nila sa Kaniya, “Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Dios.”
29. Sumagot si Jesus at sa kanila’y sinabi, “Ito ang gawa ng Dios, na inyong sampalatayanan yaong kaniyang sinugo.”

Ang mga naunang mga propeta ay hindi lamang ayaw paniwalaan kundi ang mga ito ay kanilang pinatay. Subalit ng dumating ang Mananakop at nakakita sila ng mga tanda ng pagkapropeta ay nangagsipaniwala sila subalit ang pagsunod at pagsasakatuparan ay pawang maka material, tulad ng Siya ay gagawing hari. Ang mga bagay na pangkapatagan ay panandalian lamang.

Sa ngayon ay patuloy pa rin ang pagsusugo ng Dios, katulad ng mga Banal na Espiritu o Kabatlayaan na gumagamit ng mga medium o kasangkapan at ito ay palasak sa simulain ng Espiritismo. Oo nga at hindi sila nakikita o kung totoo na sila nga ay mga Banal na Espiritu, subalit kung gagamitin ang wika ng Panginoon na ang puno ay nakikilala sa kanyang bunga; kung ang sinasabi ng nagpapahayag na espiritu at ipinagagawa ay pawang kabanalan at patungo sa kabanalan, dapat na paniwalaan at hindi na kailangan pang malaman kung sino ang nagpapahayag.

30. Sinabi nga nila sa Kaniya, “ano nga ang inyong ginagawa na pinakatanda, upang aming makita, at sampalatayanan ka namin? Ano ang ginagawa mo?”

Ang magpagaling ng mga sari-saring karamdaman ay sapat na, subalit gaya ng katatapos pa lamang na pagpapakain sa limang libong lalake mula sa limang tinapay at dalawang isda ay

higit na patunay na ang Mananakop, ang kanyang mga gawa ay buhat sa Dios.

31. Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa ilang; gaya ng nasusulat, tinapay na galing sa langit ang sa kanila'y kaniyang ipinakain.

Ang mga magulang na sagisag ng mga nakaraang kabuhayan ay mayroon na ng subaybay ng kaitaasan. Ang mana na ipinagkaloob ng kaitaasan ng dakong una ay patunay na ang Dios ay hindi nagpapabaya sa bawat isang nilalang, sa lihim at sa hayag.

32. Sinabi nga sa kanila ni Jesus," katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit."
33. Sapagkat ang tinapay ng Dios ay yaong bumababang mula sa langit, at nagbibigay buhay sa sanglibutan.

Si Moises ay isa lamang sa mga isinugo ng Dios at bilang isang propeta o medium, ang mga aral o tinapay o salita na ipinagkaloob niya ay hindi sa kanyang sarili galing kundi mula sa Dios na kadalasan ay sa pamamagitan ng inspirasyong ipinaaabot ng kaitaasan. Ganyan ang tinutupad ng mga medium sa simulain ng Espiritismo, ang kanilang sinasabi ay galing sa Kabatlayaan na sugo ng langit o ng Dios.

Ang abotsabi o aral ng Kabatlayaan ay nagbibigay ng kalusugan sa kaluluwa na siyang tunay na tao, nagdudulot ng pag-asa at kapayapaan.

34. Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, "Panginoon, bigyan mo kami palagi ng tinapay na ito."
35. Sa kanila'y sinabi ni Jesus, "Ako ang tinapay ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw."

Ang sagisag ng Panginoon ay kabanalan, at ang kabanalan ay ang pagkain ng kaluluwa, iinumina ng espiritu.

36. Datapuwa't sinabi ko sa inyo, na nakita ninyo ako, at gayon ma'y hindi kayo nagsisampalataya.

Ang antas ng tao sa gawi ng kabanalan ay magkakaiba at marami ang mapaghanap pa ng tanda.

37. Ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama ay magsisilapit sa akin; at ang lumalapit sa akin sa anomang paraan ay hindi ko itataboy.
38. Sapagkat bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.

Ang kabanalan o pag-ibig ay bato balaning umaakit at hindi nagtutulak. Ang mga katagang sinasalita ng Mananakop ay larawan din ng kababaan at nagpapatunay na ang Mananakop ay hindi Dios kundi taong nagpaka-Dios.

39. At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin, na sa lahat ng ibinigay niya sa akin ay huwag kong iwala ang anoman, kundi ibangon sa huling araw.
40. Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama, na ang bawat nakakakita sa Anak, at sa kaniya'y sumasampalataya, ay

magkakaroon ng walang hanggang buhay; at akin siyang ibabangon sa huling araw.

41. Ang mga Judio nga ay nagbulongbulungan tungkol sa kaniya sapagkat kaniyang sinabi, “ako ang tinapay na bumabang galing sa langit.”
42. At kanilang sinabi,” Hindi baga ito’y si Jesus, ang anak ni Jose, na nakikilala natin ang kaniyang ama at ina? paano ngang sinasabi niya, ako’y bumabang galing sa langit?”
43. Sumagot si Jesus at sa kanila’y sinabi, “Huwag kayong mangagbulongbulungan.”
44. Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa akin ang sa kaniya’y magdala sa akin; at siya’y aking ibabangon sa huling araw.”

Lumalapit at ibabangon sa huling araw. Ang ano mang pagkakataon na kakailanganin ng tao ang isang ilaw, ang liwanag upang matunghayan ang tunay na diwa ng mga pangyayari o salita, ang Kabatlayaan ay laging nakahanda upang ilapit ang ilaw, upang mamalas ng tao ang magandang aralin sa lahat nang ibinibigay ng ama, makararating sa tao ang lahat nang ibinibigay ng Dios at ang mga ito ay karapat-dapat para sa ikabubuti ng tao. Ito ay pagtugon sa isang kahilingan ng pagkatao tungo sa pagkasulong, sa pagbabago. At ang sino mang maglalapit katulad ng Mananakop ay hindi itataboy.

Igagalang ng tao sapagkat ang nagsugo ay ang Dios ng kabutihan, Dios ng kahiwagaan at ang mga ipinadadala ay pawang maganda at mahiwaga. Ano mang anyo o ano mang kaparaanan na nagdudulot ng mga tiisin, pagkabigo, huwag iwalay, huwag ilayo sapagkat ang Panginoon ay naparito hindi upang sundin ang Kanyang sariling kalooban, kundi ang kalooban ng Dios na hindi maaarok ng pag-iisip ng tao sapagkat kulang pa ang tao sa pag-unawa ng mga karunungan lihim, at

karunungan pang espirituwal. Kailangan lamang na mananganan sa katagang ang lahat ng dumarating sa tao ay karapat-dapat, ito ay kalooban ng Dios kayat ang lahat ng kaniyang ibinibigay sa tao ay huwag iwawalay ang ano man kundi bagkos ito ay ibangon sa huling araw.

Sa bawat pagkakatawang laman ng tao sa kapatagang lupa, dala ang pangsamantalang pagkalimot sa mga nakaraang kabuhayan, parang muwang, naagaw ng mga manghihibo ang mga ibinibigay ng Dios, tulad ng pag-ibig, karunungan makalangit, mga nasaing pawang pang kaitaasan, nasaing dakila at wagas. Ito ang pangsamantalang nawawala sa pagkatao ng isang nilikha, ginagapi ng mga pagsubok, ninanakaw ng mga tukso.

Huwag iwalay ang alin mang ibinibigay sa tao, huwag putulin upang sa huling araw ay maibangon; ibangon na iba sa katagang buhayin sapagkat ang mga alitigtiging nasa pagkatao ng bawat isa na ipinabaon ng Ama ay hindi namamatay, nasa pagkatao ng bawat isa, lamang kailangang ibangon sa huling araw.

Mayroon bang huli sa panahon ng pangkaitaasan? Ang huling araw ay ang sandali na matuklasan ng tao na bilang tao ay mayroon ng tungkuling tutupdin; matuklasan na pagkatapos ng kamangmangan ay susunod ang katalinuhan; pagkatapos ng pamamanhid ay magiging maramdamin sa pamamagitan ng espiritu ng bawat isa.

Hindi ito ang huli kundi ito ang sandaling matuklasan ng tao na gaya nang nasabi na, mayroong tungkuling tutupdin, ibabangon ang sarili at tutulong sa kapwa, magkawanggawa.

Ang katagang ang lahat ng makakita sa Anak at sumampalataya sa Kaniya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan at ibabangon sa huling araw. Anak, mga gawaing kabutihan at kabanalang isasakatuparan. Sa una ang nililinis ng tao ay ang sarili, ibinabangon ang kaniyang mga sangkapin, nililinis ang kaniyang kalasag, hinahasa ang kaniyang pagkatao sa pagkakawanggawa.

Lahat ng makakita sa Ama at sumampalataya sa Kaniya, magbabangon at magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Sinabi na mapalad ang mga nakakakita at nauunawaan ang nakikita, nauulinigan ang naririnig. Nakikita ang pangangailangan ng kapwa at kulang na kulang ang pagtulong sa pangangailangan ng kapwa; mga balitang nagpapatayo ng buhok. Ang pangangailangan ng sarili ay itugma sa pangangailangan ng kapwa, kailangan ang paggawa, pagkakawanggawa at ito ang magbabangon, gigising sa tao; gumawa at makikita ang kapwa, makikita ang Panginoong Hesukristo at ang tao ay bibiyayaan sa huling araw, huling araw na pagkatapos na magdaan sa kamangmangan susunod naman ang liwanag at ang kaalaman.

Nasabi na sa dakong una na ang tinapay na sagisag ng Mananakop ay ang kabanalan, karunungan pang langit at ito ay pagkain ng kaluluwa. Marami sa mga Judio at maging sa kasalukuyan ay marami pa rin ang hindi pa matanggap ang palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay. Ang paniwala ng mga tao ay ito na lamang ang buhay at pagkatapos ng kamatayan ay wala na. Nasabi sa una na ang Mananakop ay nagkaroon na ng maraming pagkabuhay sa kapatagan ng mga hugis, sa maraming planeta kasama ang kapatagang lupa at laging bumabalik sa bayan ng mga espiritu o ang tunay na bayan. Bawat pagkakatawang laman ay nagdudulot ng danas at ang danas ay guro at ito ang nagpapabanal sa isang nilikha. At

kahit banal na ay babalik pa rin sa daigdigang lupa upang magpalaganap ng ebanghelyo ng Dios katulad ng mga tinungkol ng mga propeta. Kayat ito ang ibig sabihin ng kataga ng Mananakop na ako ang tinapay na bumabang galing sa langit.

- 45. Nasusulat sa mga propeta, At tuturuan silang lahat ng Dios. Ang bawat nakarinig sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa akin.
- 46. Hindi sa ang sinoma'y nakakita sa Ama, kundi yaong nanggaling sa Dios, siya ang nakakita sa Ama.

Ang dala-dala ng mga propeta ay ang karunungan at kabanalan na larawan ng Dios. Ang mga kautusan ng Dios na magdadala sa kabanalan at kalinisan, kung ang mga ito ay isasakatuparan ay para na rin nakita ang pinagbuhatan ng mga kautusan, ang Dios.

- 47. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan.
- 48. Ako ang tinapay ng kabuhayan.
- 49. Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay.

Ang tinapay gaya ng nasabi na dakong una ay sagisag ng kabanalan, sagisag ng Mananakop. Mula pa sa panahon ni Moises ay ipinakakain na ang mana, ang kabanalan subalit matigas pa rin ang mga puso ng mga tao, mahilig pa rin sa mga bagay ng kalupaan, sandaling umalis si Moises o mga tagaakay, agad nagbalik sa pagsamba sa mga diosdiosan, katulad ng kasakiman, labis na pag-ibig sa sarili, mga pagnanasa sa kayamanan, kapangyarihan at kung ang mga ito ay hindi gagamitin sa katumpakan, mauuwi sa pagkakasala at ito ang sagisag ng kamatayan, pumapatay ng kaligayahan ng espiritu.

50. Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit, upang ang taong makakain, ay huwag mamatay.
51. Ako ang tinapay ng buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailanman: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan.

Ang mana ng makain ng mga tao sa una ay nagdulot lamang ng kabusugan ng katawang laman, subalit sa tinapay ng kabanalan ang makikinabang ay hindi lamang ang katawan laman kundi higit na ay magdudulot ng kalusugan ng espiritu o kaluluwa at ito ay walang hanggan.

Kailangan ng espiritu ang katawang laman upang makatupad ng tungkulin, kayat ang wika ng Panginoong Hesukristo, “ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking katawang laman.” Kailangan pangalagaan at ingatan ang katawang laman, mahalín na hindi naman hahantong sa mga bisyo at kalayawan ng sanglibutan.

52. Ang mga Judio nga’y nangagtatalo, na nangagsasabi, “Paanong maipakakain sa atin ng taong ito ang kaniyang laman?”
53. Sinabi nga sa kanila ni Jesus, “katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa inyo, maliban nang iyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili.
54. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan; at siya’y aking ibabangon sa huling araw.”

Nasabi na sa dakong una na sa palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay, ang espiritu ay

magkakatawang laman ng maraming beses upang makapagbayad ng mga pagkakautang na nalikha ng mga nakaraang kabuhayan, at pagkatapos na makapagbayad ng mga pagkakautang ay babalik pa rin sa kapatagan ng mga hugis upang maging tagapagpalaganap naman ng kabanalan, magpakain ng tinapay buhat sa langit.

Ang bawat pagkakatawang laman ay magdudulot ng mga tiisin, kahirapan, pagpapakasakit na siyang katumbas ng dugo na kung ito ay iinum, tatanggapin ang mga biyaya, lalo na sa panahon ng pagpapalaganap ng kabanalan na sa panahon ito ng Mananakop ay Siya niyang isinasakatuparan. Iiwanan na ang kamangmangan at haharapin ang pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios, ito ang katumbas ng pagbabangon pagkatapos na makapagbayad ng mga pagkakautang.

55. “Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin.
56. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako’y sa kaniya.
57. Kung paanong sinugo ako ng Amang buhay, at ako’y nabubuhay dahil sa Ama; gayon din naman ang kumakain sa akin, siya nama’y mabubuhay dahil sa akin.”

Nasabi na sa dakong una na ang tinapay ay sagisag ng kabanalan, at ang dugo ay sagisag ng mga pagpapakasakit sa pagtupad ng kabanalan; na ang larawan ng Mananakop ay kabanalan, ang sino mang magpapakabanal ay katumbas ng kumakain ng katawan ng Mananakop. Isinugo ang Panginoon ng Amang buhay, hindi ng mga diosdiosang sinasamba ng mga tao, mga gawaing pawang pangmaterial at pangkatawang laman lamang.

Ang mga kabanalang bunga ng mga nakaraan kabuhayan na sagisag ng Amang buhay, ang pagpapatuloy ng paggawa at pagpapalaganap ng kabanalan ay mabubuhay din, magtatamo ng buhay na walang hanggan.

58. Ito ang tinapay na bumabang galing sa langit: hindi gaya ng mga magulang na nagsikain, at nangamatay: ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailan man.

Ang Kabatlayaan o ang mga espiritung mang-aaliw na ipinangako ng Panginoon, sapagkat ang dala nila ay kabanalan mula sa kaitaasan ay magdudulot din ng buhay na walang hanggan. Subalit kung ang mga nakaraang kabuhayan na nasabi na sa dakong una na sagisag ng mga magulang, na tumanggap ng mga aral ng kabanalan subalit hindi isinakatuparan at sa halip ay ipinagpatuloy ang mga gawang mapagkasala, sila ang mga namatay.

59. Sinabi niya ang mga bagay na ito sa sinagoga, samantalang siya'y nagtuturo sa Capernaum.
60. Marami nga sa kaniyang mga alagad, nang kanilang marinig ito, ay nangasabi, "matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?"
61. Datapuwa't pagkaalam ni Jesus sa kaniyang sarili na nagbubulong-bulungan ang kaniyang mga alagad tungkol dito, sa kanila'y sinabi, "Ito бага'y nakapagpapatissod sa inyo?"
62. Ano nga kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa kinaroroonan niya nang una?"

Marami pa sa kaniyang mga alagad ang hindi pa matanggap ang palapahaman ng reencarnacion, kung kaya'y hindi maunawaan ang mga sinasalita ng Mananakop; ang Mananakop

ay tao rin na nagpaka-Dios. Ang kabanalan at kadakilaang taglay-taglay Niya ay natamo sa pamamagitan ng mga maraming beses na pagkakatawang laman at sa tuwing darating ang kamatayan ng katawang laman Kaniyang ginagamit, ang Kaniyang espiritu na walang kamatayan ay bumalik sa sinapupunan ng Dios at iyan ang Kaniyang tinutukoy na kinaroroonan Niya nang una.

Isinugo Siya ng Ama sa kapatagan ng mga hugis upang mangaral at higit na ay magbigay ng mga halimbawa ng tunay na pag-ibig, pag-ibig hanggang sa kaaway at gumagawa ng masama sa Kaniya.

63. Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu at pawang buhay.

Ang mga bagay na pawang kabutihan at kabanalan, ang nakikinabang ay ang espiritu at ito ay walang hanggan, walang kamatayan. Ang mga bagay na para sa katawang laman katulad ng kayamanan, kapangyarihan, kadakilaan sa lupa, ang mga ito ay hanggang dito lamang sa kapatagang lupa, hindi madadala sa tunay na bayan, sa bayan ng mga espiritu.

Ang mga aral ng Mananakop ay para sa tunay na tao, sa espiritu at ito ay may buhay na walang hanggan.

64. Datapuwa't may ilan sa inyong hindi nagsisisampalataya. Sapagkat talastas na ni Jesus buhat pa nang una kung sino-sino ang hindi nagsisisampalataya, at kung sino ang sa kaniya'y magkakanulo.

Bukod sa biyaya ng mediumnidad na tinataglay ng Mananakop tulad ng makabasa ng iniisip ng tao. Ang mga tutuparin, mga gagawin at ang mangyayari ay mga binalak na mula pa sa bayan ng mga espiritu.

Nasabi na sa dakong una na kung babasahin ang Lumang Tipan mula Genesis o mga kasulatan ni Moises hangang sa mga sinulat ng mga propeta, higit na sa mga Awit ni Haring David, nakasulat na ang mga mangyayari sa Mananakop, ang kaniyang mga gagawin at mga sasabihin; naroroon pati ang kaparaanan pagkakanulo at kung sino ang magkakanulo sa Kaniya, kayat sa Kaniyang pagkabayubay sa krus sa bundok ng Golgota ang isa sa kaniyang winika ay NAGANAP NA.

65. At sinabi niya, Dahil dito'y sinabi ko sa inyo, na walang taong makalalapit sa akin, maliban na ipagkaloob sa kaniya ng Ama.
66. Dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.

Nabanggit na mayroong mga pagkakataon na Siya ay gustong gawin hari ng mga nakakikita ng kaniyang mga gawa, subalit ang mga ito ay pangkapatagan lamang kung kayat Siya ay biglang nawawala; maging ang mga inuutusan ng mga Pariseo at mga saserdote na sa kaniya ay dumakip ay hindi Siya malalapitan o hindi Siya matatagpuan sapagkat hindi pa napapanahon.

67. Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialis din naman?
68. Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

69. At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Dios.
70. Sinagot sila ni Jesus, Hindi бага hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay Diablo?
71. Tinukoy nga niya si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagkat siya ang sa kaniya'y magkakanulo, palibhasa'y isa sa labingdalawa.

Ang mga katagang ito ang nagpapatunay na mula sa bayan ng mga espiritu ay nagkasundo-sundo na ang mga espiritu ng labingdalawang alagad na magkakasama-sama sila at mayroon ng kaniya-kanyang tungkulin tutuparin, maging ang tungkulin ng pagkakanulo sa kaniya upang lalong patingkarin at padakilain ang simulain ng Mananakop.

Si Pedro ay larawan ng iba't-ibang kalagayan ng mga tao, katulad ng mayroon ng katibayan ng pananampalataya, o kaya ay kawalan nito; larawan ng isang nilikha na bukas ang biyaya ng mediumnidad, ika-anim na kaangkinan; larawan din ng mga nilikhang may kapusukan subalit hindi hihiwalay sa Panginoon Hesukristo. Ang kataga ni Pedro na nakikilala ka namin na ikaw ang Banal ng Dios ay isa sa mga patotoo na ang Mananakop ay hindi Dios, kundi taong nagpaka-Dios.

Kung ang labingdalawang alagad ay sagisag ng paggawa na nabanggit na sa dakong una, kailangan ang pag-iingat upang huwag mahulog sa pagkakasala na katumbas ng salitang Diablo. Kung mayroon ng mga subaybay ang mga nilikha ng mga angel de la guardia o Kabatlayaan, mayroon din ng mga espiritu na mabababa, mga manunukso o manghihibo na laging rin nagbabantay sa bawat isang nilikha upang mahila sa pagkakasala at maging kakampi nila sa gawang kamangmangan, natutuwa sila na dumami ang bilang ng mga mapagkasala na tulad nila, iyan ang mga Diablo.

Ang wika ng Kabatlayaang sumusubaybay sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo, hindi kayo ligtas sa mga pagsubok, kayo ang uunahin tuksuhin upang maging halimbawa ng katatagan, ng katibayan ng pananampalataya.

KAPITULO 7

1. At pagkatapos ng mga bagay na ito ay nalakad si Jesus sa Galilea: sapagka'y ayaw siyang maglakad sa Judea, dahil sa pinagsisikapan ng mga Judio na siya'y patayin.

Nasabi na sa dakong una na ang Galilea ay sagisag ng pagpapalaganap ng kabanalan at karunungan makalangit. Sa Judea naman nagmula ang lahi ni Juda at Benjamin pagkagaling sa Babylonia na sagisag ng kasamaan at gawang mapagkasala.

2. Malapit na nga ang pista ng mga Judio, ang pista ng mga tabernakulo.

Ang pista ng mga judio ay kakain ng tinapay na walang lebadura, walang kataasan at pagmamarangya. Ang pista ng mga tabernakulo ay sagisag ng reencarnacion, ang pagkakatawang tao ng isang espiritu upang makatupad ng tungkulin.

3. Sinabi nga sa kaniya ng kaniyang mga kapatid, "Umalis ka rito, at pumaroon ka sa Judea, upang makita naman ng iyong mga alagad ang mga gawang iyong ginagawa."

Kung ang Judea ay sagisag ng kasamaan, kailangan ang Mananakop doon na kung papaanong sinabi Niya na siya ay naparito hindi para sa mga banal kundi para sa mga makasalanan; ang mga manggagamot ay para sa mga may sakit.

4. Sapagkat walang taong gumagawa ng anomang bagay sa lihim, at nagsisikap ihayag ang kaniyang sarili. Kung ginagawa mo ang mga bagay na ito ay pakilala ka sa sanglibutan.

5. Sapagkat kahit ang kaniyang mga kapatid man ay hindi nagsisisampalataya sa kaniya.

Ang pagpapalaganap ng simulain ng Mananakop ay hindi sa salita lamang, kinakailangan ang gawa, ang mga halimbawa; hindi rin magpapalaganap sa pamamagitan ng kataasan, na iparamdam na siya ay higit kay sa kaniyang mga kaharap, lalo na sa gawi ng karunungan. Ang mga tao ay mapaghanap ng tanda, subalit hindi upang magpahanga ang isang nagpapalaganap, matutulad lamang sa isang palabas at pagkatapos ng palabas ay wala na, hanggan doon na lamang.

6. Sinabi nga sa kanila ni Jesus, “hindi pa dumarating ang aking panahon; datapuwa’t ang inyong panahon ay laging nakahanda.”

Sa bayan pa lamang ng mga espiritu ay doon inihahanda kung saang pook at ang uri ng mga tao na pagpapalaganapan ng simulain ni Kristo, ng kabanalan at ang gawaing ito ay may mga takdang panahon. Ang mga antas ng mga nilikhang pagpapalaganapan ay hindi parepareho ang pagtanggap o pag-unawa. Hindi pa panahon na makaya at maunawaang lubos ng mga taga Judea ang karunungan makalangit, higit na ay ang isakatuparan ito.

Ang gawang kabanalan ay pana-panahon, ang pagkasulong ay dahan-dahan upang maging matatag at matibay.

7. Hindi mangyayaring kayo’y kapootan ng sanglibutan; nguni’t ako’y kinapopootan, sapagkat siya’y aking pinatototohanang masasama ang kaniyang mga gawa.

Dala nga ng mga pangaral ng Mananakop, natalos ng mga tao na wala pa sila at malayo pa sa gawang kabanalan sapagkat

labis pa ang pag-ibig sa kanilang sarili, nasa kanila pa ang pag-iimbot, ang kasakiman at lubha pang alipin ng mga bagay na makalupa, ang kataasan, at ayaw na sila ay mapintasan, masabi ang kanilang kahinaan.

Nababasa ng Mananakop ang iniisip at ang nasa damdamin ng nasa kaniyang paligid at isa sa kaniyang simulain ay maging malinis ang pintigin ng pag-iisip sapagkat ang masamang pag-iisip ay pagkakasala.

8. Mangagsiahon kayo sa pista: ako'y hindi aahon sa pistang ito; sapagkat hindi pa nagaganap ang aking panahon.
9. At nang masabi sa kanila ang mga bagay na ito, ay nanahan pa siya sa Galilea.

Ang kaalinsabay ng pista ay pawang kasayahan, kinakasangkapan ang pag-alaala ng mga pangyayari ng mga nakaraan panahon, kinakasangkapan ang kapanganakan ng mga itinanghal na mga santa o santo upang magkaroon ng kasayahan, at ang nakikinabang lamang ay ang katawang laman at kung magkaminsan ay nagtatapos pa sa hindi magandang mga pangyayari, katulad ng kung labis ang pagkalasing ng mga nagdidiwang, natatapos sa awayan o patayan.

Ang wika ng Mananakop ay magsiahon kayo sa pista; ipailalim o ilagay sa isang tabi ang mga gawain magiging kalalabisan. Hindi siya aahon sa pistang ito, wala Siya ng pakialam sa mga bagay na pang materia, ang kaniyang tungkulin ay pang espiritual na hindi pa kayang tanggapin ng mga tao. Kayat doon muna nagpatuloy ng pagpapalaganap sa mga taong mayroon na ng binhi ng kabutihan, mayroon na ng pagkasulong, ang Galilea.

10. Datapuwa't nang mangakaahon na ang kaniyang mga kapatid sa pista, saka naman siya umahon, hindi sa hayag, kundi waring sa lihim.
11. Hinahanap nga siya ng mga Judio sa pista, at kanilang sinasabi, Saan naroon siya?

Nasabi na sa dakong una na ang Mananakop ay nakapagdadalawang katawan katulad ng isinigawa ni San Antonio de Padua ng kaniyang kapanahunan. Si San Antonio de Padua samantalang nagsesermon sa kaniyang misa ay ginamit ang kaniyang peri-espiritu at naglakbay sa ibang pook upang iligtas ang kaniyang ama sa pagkabitay sapagkat nililitis sa salang pagpatay na hindi naman totoo.

Kadalasan ang ginagamit ng Mananakop sa Kaniyang pangangaral ay ang Kaniyang peri-espiritu na kawangis din ng Kaniyang katawang laman; ang wika nga sa karunungan lihim, ang peri-espiritu ay molde ng katawang laman; lamang ang peri-espiritu ay napakabilis at nakapaglalagos sa mga bagay na materia, katulad ng pader, apoy o tubig, kayat ang Kaniyang pag-ahon sa kapistahan ay waring lihim.

12. At nagkaroon ng maraming bulungbulungan tungkol sa kaniya ang karamihan: sinasabi ng ilan, Siya'y taong mabuti; sinasabi ng mga iba, Hindi gayon, kundi inililigaw niya ang karamihan.

Ang antas ng mga tao sa pagtanggap ng aral ng kabutihan at kabanalan ay hindi parepareho; mayroon madaling makatanggap ng simulain ipinalalaganap ng Mananakop sapagkat mayroon na ng binhi ng karunungan makalangit at ito ay nakamtan na mula pa noong mga nakaraang kabuhayan.

Ang mga humahatol naman na inililigaw ng Mananakop ang karamihan ay yaong na ang mga gawain nilang masama ay inihahayag ng mga magagandang aral Niya. Ang iba naman ay hindi maabot o maunawaan ang lalim ng mga karunungan lihim na dala-dala ng Panginoon at pinatunayan ng kanilang mabilis na paghatol.

13. Gayon man ay walang taong nagsasalita ng hayag tungkol sa kaniya dahil sa takot sa mga Judio.

Mayroon ilang mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo na dumadalo sa lunduyan o centro ngunit ayaw ipaalam sa iba na sila ay nakikipag-aral sa mga espiritista. Mayroon pa ng pag-aalinlangan kung ano nga itong simulain ng Espiritismo at ikinahihiya na malaman na sila ay dumadalo sa pag-aaral sa Centro.

14. Datapuwa't nang ang kapistahan nga'y nasa kalagitnaan na ay umahon si Jesus sa templo, at nagturo.

Ang pagpapalaganap ng Ebangelyo ng Dios ay inilalagay sa tumpak na pagkakataon, sa kalagitnaan ng kapistahan; kailangan na ang mga makikinig o makadidinig ay handang tumanggap upang masuri kung ano itong mga inihahayag. Hindi magiging maayos na bumasa at magpaliwanag ng Banal na Kasulatan sa palengke o sa sabungan o sa mga pook na ang mga tao ay abala sa mga gawain pang katawang laman. Hindi lamang masasayang ang mga salita at panahon, baka hatulan pa ang nagsasalita na nasisiraan ng ulo at pagtatawanan.

15. Nagsipanggilalas nga ang mga Judio, na nangagsasabi, “ Paanong nakaaalam ang taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nag-aral kailan man?”

Dala nga ng hindi pagkaalam o ayaw maniwala sa palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay, nagtataka ang mga tao. Sa bawat pagkakatawang tao ng isang espiritu ay nagkakaroon ng mga danas at ang mga danas ay guro. Nasabi na sa dakong una na ang Mananakop ay maraming beses na nagkatawang laman sa daigdigan ito at gayon din sa ibang planeta sa sangtinakpan na higit ang antas sa gawi ng karunungan at kabanalan. Ang misyon ng Panginoong Hesukristo sa kapanahunang iyan ay mangaral, magbigay ng halimbawa ng kabanalan, ng tunay na pag-ibig, pag-ibig hanggang sa kaaway at maibahagi sa sangkatauhan ang mga karunungan makalangit na naipon Niya sa Kaniyang mga nakaraang kabuhayan.

Magmula sa edad na labingdalawang taon at hanggang sa ika tatlongpong taon ay naging tahimik ang Banal na Kasulatan. Subalit mayroon mga aklat na nagsasaad na Siya ay nakarating sa India, sa Himalaya, sa Asia kung saan nasariwa Niya ang mga karunungan lihim na napag-aralan Niya. Ito ay pinatutunayan ng mga sumusunod na mga kataga:

16. Sinagot nga sila ni Jesus, at sinabi, “ Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin.
17. Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito’y sa Dios, o kung ako’y nagsasalita na mula sa aking sarili.”

Nasabi na sa dakong una na ang Mananakop ay medium at lahat ng uri ng mediumnidad ay nasa kaniya katulad ng medium de inspiracion at pagkaparlante. Kung sinabi niya sa kaniyang mga alagad na humayo kayo at huwag mag-alala kung ano ang inyong sasabihin sapagkat sasainyo ang Espiritu Santo, ganyan din ang kaniyang ginawa, ang itinuturo Niya ay galing sa Dios na

nagsugo sa kaniya. Ito pa rin ang isa sa mga patotoo na Siya ay hindi Dios kundi siya ay isinugo ng Dios.

Ang taong tunay na sinusunod ang bulong ng kaniyang budhi o nakikinig sa tinig sa ilang ay malalaman ang pagkakaiba ng turong nagmula sa Dios sa sinasalita lamang ng tao.

18. Ang nagsasalita ng sa ganang kaniyang sarili'y humahanap ng kaniyang sariling kaluwalhatian: datapwat ang humahanap ng kaluwalhatian niyaong sa kaniya'y nagsugo, ang gayon ay totoo, at sa kaniya'y walang kalikuan.

Ang isa sa kahinaan ng tao ay ang kataasan, ang kayabangan at kung ang kaniyang sinasabi ay upang siya'y mapuri at masabing marunong, ito ay kataasan na kabaligtaran ng kababaan ng loob na siyang tungtungan ng gawang kabanalan. Kung ang ninanasa ng isang nagpapalaganap ay ang sinasalita ay ang kadakilaan, ang pag-ibig at katarungan ng Dios, ito ay totoo.

19. Hindi бага binigay sa inyo ni Moises ang kautusan, at gayon ma'y wala sa inyong gumaganap ng kautusan? Bakit ninyo pinagsisikapang ako'y patayin?

Sa biglang malas ang mga kautusan ibinigay ng Dios kay Moises ay marami, mahirap tandaan, bukod sa pawang mga negatibo, huwag, huwag..... Kayat sa kapanahunan ng Mananakop ang mga kautusan ito ay pinaikli na lamang sa dalawa at naging positibo: Ibigin ang Dios ng una at higit sa lahat, ibigin ang kapwa ng tulad o higit sa sarili. At dinugtungan pa na ang sino mang nagsasabi na iniibig ang Dios subalit napopoot sa kapwa, ang taong ito ay nagsisinungaling. Ayaw ng tao na masabi na siya ay sinungaling o masabi ang kaniyang mga

kahinaan, magdaramdam, magagalit sa nagsasabi ng katotohanan at iyan ang katumbas ng pagnanasa na patayin ang Panginoon.

20. Sumagot ang karamihan, “mayroon kang demonio: sino ang nagsisikap na ikaw ay patayin?”

21. Sumagot si Jesus at sa kanila’y sinabi, “Isang gawa ang aking ginawa, at kayong lahat ay nagsipanggilalas dahil doon.”

Hanggang sa panahong ito kapag ang isang nilikha ay mayroon ng hindi pangkaraniwan biyaya, tulad ng panggagamot o makapagsasabi ng mga nangyayari, tulad ng manghuhula, ang bintang ng iba ay mangkukulam o hahatulan na inaalihan ng demonyo.

Nasabi na sa dakong una na ang Kristianismo ay mahika, mahika blanka o mahika negra. Pagkatapos makakain ang limang libong lalake mula sa limang tinapay at dalawang isda, at nasabi na ito ay bahagi ng mahika negra at mayroon mga espiritu na tumutulong sa Mananakop ng isagawa ang pagputol-putol ng tinapay at sapagkat hindi mauunawaan ang kahangahangang ginawa ng Mananakop, pinagbibintangan siya’y may sa demonyo.

Hindi ba gayan din ang paghatol ng hindi nakauunawa kung ano itong simulain ng Espiritismo at mabilis ding humahatol na ang Espiritismo ay sa demonyo. At mayroon mga alagad ng pananampalataya na kapag nadaan sa tapat ng centro o lunduyan ay nagkrurus upang huwag daw malahiran ng demonyo.

22. Ibinigay sa inyo ni Moises ang pagtutuli (hindi sa ito'y kay Moises, kundi sa mga magulang); at tinutuli ninyo sa Sabath ang isang lalake.
23. Kung tinatanggap ng lalake ang pagtutuli sa Sabath, upang huwag labagin ang kautusan ni Moises; nangagagalit baga kayo sa akin, dahil sa pinagaling kong lubos ang isang tao sa Sabath?

Ang diwa ng pagtutuli ay ang pag-aalis ng mga gawain, mga anak na magdudulot ng pagkakasala, mga gawaing walang kabuluhan na umuubos ng fuerza vital; ang pagtutuli ay hindi lamang isinasagawa sa mga lalake kundi gayon din sa mga babae na gaya ng nababanggit sa Lumang Tipan gaya sa Genesis 17:24-26, sa Exodus 4:9-14 at sa Josue 5:2-8.

Nasabi na sa dakong una na ang diwa ng Sabath ay pangingiling sa gawaing kasamaan, na nilalakipan ng gawang pagtutuli, kayat dapat matuwa ang tao sa halip na magalit sa Mananakop sapagkat ito ay nagdudulot ng kagalingan, nagdadala sa kawagasan ng isang nilikha.

24. Huwag kayong magsihatol ayon sa anyo, kundi magsihatol kayo ng matuwid na paghatol.

Mayroong kasabihan na huwag hatulan ang isang aklat ayon sa kaniyang pabalat; hindi makikita ang kadakilaan ng isang nilikha sang-ayon sa kaniyang anyo o hitsura. Ang higit na mahalaga sa isang gawa ay ang layunin o intencion; maraming pangit ang kaparaanan ng pagkakagawa subalit dakila naman ang layunin.

25. Sinasabi nga ng ilang taga Jerusakem, “ Hindi baga ito ang kanilang pinagsisikapang patayin?”

Ang Jerusalem ay sagisag ng mga gawain makasanglibutan, katulad ng Judea ay mapagkasala, nasa Jerusalem ang mga Eskriba, mga Pariseo at mga matatanda ng lipi ng mga saserdote, kayat ang sino mang magpahiwatig ng kanilang mga gawain na mapagkunwari, panatiko at mga gawaing labag sa kabutihan at kabanalan ay pagnanasaan patayin.

26. At narito, siya’y hayag na nagsasalita, at walang anomang sinasabi sila sa kaniya. Napagkikilala kayang tunay ng mga pinuno na ito ang Cristo?

Mula sa kaibuturan ng kanilang mga budhi ng mga pinuno, natatanggap nila na ang mga salita at higit na ay ang mga dakilang gawa ng Mananakop ay hindi magagawa ng pangkaraniwan tao, Siya ang Cristo.

27. Gayon man ay nakikilala namin ang taong ito kung taga saan siya, datapuwa’t pagparito ng Cristo, sinoma’y walang makakaalam kung taga saan siya.

Pumapasok na naman dito ang palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay. Sinusukat o hinahatulan ng tao ang pagkatao ng isang nagpapalaganap ng isang simulain, lubha pa at kung ang mga nakaririnig ay mayroon ng kataasan, kayabangan. Ang diwa ng Cristo ay tagapagligtas, at sino mang magpalaganap ng simulain na ang layunin ay iligtas ang tao sa gawang pagkakasala at palitan ng gawang kabanalan, ang mga ito ay Cristo. Sinabi ng Mananakop, gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin.

28. Sumigaw nga si Jesus sa templo, na nagtuturo at sinasabi, “Ako’y inyong nakikilala at nalalaman din naman ninyo kung taga saan ako; at hindi ako naparito

sa aking sarili, datapuwa't ang nagsugo sa akin ay tunay, na hindi ninyo nakikilala."

Nasabi na sa dakong una na sa gawi ng pagpapalaganap ng Ebangelyo ng Dios ay kinikilala pa rin ang pagkatao ng nagpapalaganap, kung mataas ang napag-aralan sa pamantasan o mataas ang katungkulan. At sapagkat alam ng mga Judio na ang Mananakop ay anak lamang ng isang karpintero at ni Maria at walang mataas na paaralang naabot, kayat sila ay nag-aalinlangan. Kayat sinabi ng Mananakop na mayroon nang sa kaniya ay nagsugo at iyan ang Dios. Hindi pa rin matanggap ng mga tao.

29. Siya'y nakikilala ko; sapagkat ako'y mula sa kaniya, at siya ang nagsugo sa akin.

Lahat ng nilikha ay galing sa Dios, ang espiritu ng bawat isa ay kapilas ng Dios, lamang sa gawi ng kabanalan at karunungan ay iba't-iba ang antas ng pagkasulong ng mga nilikha at ito ay bunga ng iba't-ibang pag-iisip at pagpapakasakit. Katulad ng isang grado sa paaralan na laging magkakasama sa isang silid, pare-parehong tumatanggap ng aralin sa mga guro, subalit hindi parepareho ang antas ng kaalaman at kakayahan sa pagtanggap ng mga aralin.

Ang Mananakop bunga ng mga nakaraang kabuhayan puspos ng pagpapakasakit at pag-aalay ng buhay alang-alang sa sangkatauhan ay muling isinugo ng Dios sa kapatagan at iyan ang huling pagkakatawang tao Niya. Ganyan din ang pagkakasugo sa mga propeta ng dakong una. Ngayon sa panahong ito, ang Kabatlayaan naman ang isinusugo at ang mga ito ay nasa kapamahalaan pa rin ng Mananakop. Ang biyayang ito ay damang-dama ng mga mag-aaral ng simulain ng

Espiritismo sapagkat mayroon mga medium o talaytayan nagagamit ang mga Banal na Espiritu.

30. Pinagsisikapan nga nilang siya'y hulihin: at walang taong sumunggab sa kaniya, sapagkat hindi pa dumarating ang kaniyang oras.

Kung paanong ang kamatayan ay mayroong takdang guhit, na sa ayaw o sa gusto ng isang nilikha kapag oras na, ito ay darating; ang paghuli sa Panginoon ay may takdang oras din. Dala ng kadakilaan ng magnetismo o aura ng Mananakop, ang isang pangkaraniwang tao lalo na kung mayroong masamang nasain ay masisilaw, mawawalan ng lakas ng loob upang Siya'y dakpin. Nasabi na sa dakong una na kung minsan ang Panginoong Hesukristo ay gumagamit ng kaniyang peri-espiritu, hindi ito masusunggaban dala ng napakapino tulad ng espiritu o tulad ng hangin.

Hindi pa dumarating ang Kaniyang oras, hindi ito ang Kaniyang panahon, sa biglang malas ay kabaligtaran ng pangaral ng Mananakop na ang lahat ng panahon ay pagtupad ng tungkulin. Ang aklat ng Banal na Kasulatan ay para sa mga tao, para sa mga espiritu at para sa katawang laman upang makagawa, ihayag ang tungkulin, subalit hindi pa dumarating ang oras, sapagkat ang katawang laman ay napopoot, ang paglalaban ng katawang laman at espiritu, hindi pa madala ng espiritu ang katawang laman sa pagtupad ng tungkulin.

Sa espiritu ay kahit kailan ay oras ng pagtupad ng tungkulin, oras ng paggawa.

31. Datapuwa't sa karamihan ay marami ang nagsisampalataya sa Kaniya; at kanilang sinasabi,

“pagparito ng Cristo, ay gagawa pa baga Siya ng lalong madaming tanda kaysa mga ginawa ng taong ito?”

Ang mga tanda na ipinakita ng Mananakop, katulad ng gawing alak ang tubig sa kasalan sa Cana; ang magpagaling ng mga maysakit; ang magpakain sa limang libong lalake mula lamang sa limang tinapay at dalawang isda ay hindi na halos maisip ng tao, ang mga ilan sa mga ito ay pagpapadama ng pag-ibig sa kapwa, mayroon pa bang hihigit na gawain sa pag-ibig, pag-ibig hanggang sa kaaway? Ang lahat ng mga batas at mga propeta ay nauuwi sa isa, sa pag-ibig.

32. Nangarinig ng mga Pariseo ang bulongbulungan ng karamihan tungkol sa kaniya; at nangagsugo ang mga pangulong saserdote at ang mga Pariseo ng mga punong kawal upang siya’y hulihin.

Ang ipinadadakip ay ang kanilang mga sarili, pagdudulot ng mga tiisin dala ng maling pagmamahal sa sarili. Ang mga Pariseo at mga saserdote, ang gusto at ipinagagawa sa mga tao ay ang sila’y tingalain, dakilain at sambahin kung maaari. Subalit sa simulain ng Mananakop, ang kanilang mga kataasan at kapalaluan ay nawawalan ng saysay.

Ang sagisag ng mga sundalo ay ang mahigpit na pagtupad ng tungkuling pang material, pang katawang laman, maging ito ay panglulupig sa kapwa, mga paninira, mga pagsubok dulot ng kalikasan o ng kapwa. Subalit kung ang mahigpit na pagtupad ng tungkuling ito ay madako sa pang espirituwal, pipigilin ang tao sa paggawa ng kamalian. Kayat hindi dapat sisihin ang kahirapan, ang mga tiisin, ang panahon o kalikasan at higit na ay ang kapwa tao, ang mga ito ay kasangkapan sa pagbabayad utang, umaayon sa itinatadhana ng Ama, ipadadala ang mga sundalo, ang mga pagsubok.

33. Sinabi nga ni Jesus, “makikisama pa ako sa inyong sandaling panahon, at ako’y paroroon sa nagsugo sa akin.
34. Hahanapin ninyo ako, at hindi ako masusumpungan: at kung saan ako naroroon, ay hindi kayo makaparoroon.”
35. Ang mga Judio nga’y nangagusap-usapan, “saan paroroon ang taong ito na hindi natin siya masusumpungan? Siya kaya’y paroroon sa nagsisipangalat sa gitna ng mga Griego, at magtuturo sa mga Griego?”
36. Ano ang salitang ito na kaniyang sinabi, “hahanapin ninyo ako, at hindi ninyo ako masusumpungan; at kung saan ako naroroon, ay hindi kayo makaparoroon?”

Sa biglang malas kung kailan mayroon ng mga pagsubok ay tila umaalis ang mga subaybay; bakit hindi makita o madama ang alalay ng kaitaasan sa panahon pa naman ng pagsubok; kailangan ang tibay ng pananampalataya.

Ang umaalis ay ang mga salita ng Mananakop, ang Kaniyang mga pangaral at sa ganitong panahon gagamitin ng tao ang kaniyang natutuhan, gagamitin ang tungkod, tumayo sa sariling ilaw. Panahon na upang ang mga ipinunla ng Mananakop ay payabungin, alagaan at isagawa. Ang subaybay ng kaitaasan kailanman ay hindi mawawala.

Hahanapin ninyo ako at hindi ninyo ako makikita, kailangan ang tibay ng pananampalataya, tumuktok at pagbubuksan, humingi at pagbibigyan, humanap at makasusumpung. Huwag maging tamad na hangga’t hindi nakikita ay ayaw maniwala.

Nasabi na sa dakong una na ang batas ay pagsulong, dahan-dahan, antas-antas bago makarating sa pupuntahan. Manalangin, mananganan sa batas o lema ng simulain ng

Espiritismo: patungo sa Dios sa pamamagitan ng karunungan at pag-ibig, isagawa.

Nabanggit ang tungkol sa mga Griego. Ang Griego ay sagisag ng pagkasulong ng kabihasnan, mga bagay na pang sanglibutan. Humingi ng tulong sa pamamagitan ni apostol Felipe.

37. Nang huling araw nga, na dakilang araw ng kapistahan, si Jesus ay tumayo at sumigaw, na nagsasabi, “kung ang sinomang tao’y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom.
38. Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay.”
39. Nguni’t ito’y sinalita niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga nagsisisampalataya sa kaniya: sapagkat hindi pa ipinagkakaloob ang Espiritu; sapagkat si Jesus ay hindi pa niluluwalhati.

Ang pagkain, ang tubig ay nasa pagkatao ng bawat isa, magugutom, mauuhaw ang espiritu subalit ang kakayahan ay sumasa kaniya; ang espiritu ng bawat isa ay kapilas ng Dios; mayroong katangiang ipinagkaloob ang Dios, tulad ng pag-iisip; ang pag-iisip ay makapangyarihan, lumilikha ng isang lakas.

Kung mayroon ng pananampalataya lakip ang malinis na layunin, na kung ito ang mga iinumina at kakainin, ang mga ito ang pagkain ng sarili at magsisilbing pananglaw sa kapwa. Gagawa hindi para sa Ama kundi para sa pangangailangan ng tunay na tao, ng Espiritu. Gagawa ng mabuti ng dahil sa kabutihan.

Panay ang kalabit ng kaitaasan upang ang tao ay kumain, uminom; kung papaanong pinakakain ang katawang laman, higit na kailangang pakainin ang espiritu ng mga gawang kabanalan katulad ng pagkakawanggawa.

Hindi pupunta ang Panginoon sa pista na ang diwa nito ay hindi kailangan ng Mananakop ang mga papuri ng mga tao; sagisag pa rin ng kababaan sa pagpapalaganap. Ang Mananakop ang sumusunod sa kabila ng kaniyang kadakilaan, ang pagbibigay halimbawa ng kaamuan upang bigyang ningning ang kaniyang simulain at gawa.

Limutin ang sarili upang makapagkawanggawa. Ang espiritu ay hindi mauuhaw o magugutom ni mapapagod, subalit ang katawang laman ay laging mahina, laging nag-aalinlangan, kayat ang wika ng Panginoon ng dakong una, kayo na lamang ang pumunta sa pista, kayo na lamang ng katawang laman ang pumunta, hindi pa ito ang oras; kinakailangan pa ang paglilinis, kailangan magkuro-kuro, magsuri at gumawa.

Subalit pumaroon din ang Mananakop sa gitna ng kapistahan bagaman at hindi hayag, nangaral, nagbago, nasulong; sa una ay tatanggi upang pagkatapos ay magpapatuloy, ihahayag ang simulain ng kabanalan at kabutihan makakaya na ng mga tao.

40. Ang ilan nga sa karamihan, nang marinig ang mga salitang ito, ay nangasabi, Tunay na ito ang propeta.
41. Sinasabi ng mga iba, Ito nga ang Cristo. Datapuwa't sinasabi ng ilan, “Ano?, sa Galilea бага manggagaling ang Cristo?”
42. Hindi бага sinabi ng kasulatan na ang Cristo ay manggagaling sa lahi ni David, at mula sa Bethlehem, ang nayong kinaroonan ni David?”

Nasabi na sa dakong una na ang Panginoon ay naparito hindi ng dahil sa mga banal kundi para sa mga makasalanang; ang mission ng Mananakop ay ipalaganap ang kabutihan at kabanalan at nasabi na rin na ang sagisag ng Galilea ay pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios.

43. Kaya nangyaring nagkaroon ng pagkakabahabahagi sa karamihan dahil sa kaniya.
44. At ibig ng ilan sa kanila na siya'y hulihin; datapuwa't walang taong sumunggab sa kaniya.
45. Nagsidating nga ang mga punong kawal sa mga pangulong saserdote at sa mga Pariseo; at sinabi nila sa kanila, Bakit hindi ninyo siya dinala?
46. Nagsisagot ang mga punong kawal, "Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon."
47. Sinagot nga sila ng mga Pariseo," Kayo бага naman ay nangailigaw rin?"

Nasabi na sa dakong una ng aklat na ito, Juan 7:32, ang isinasagisag ng kawal at idadagdag na ang isa pang sagisag ng kawal ay pagsubok; kailangan ang pagsubok upang ang tao ay masulong. Ang mga pagsubok ay kaalinsabay ng buhay at ang mga pagsubok na ito ay isinugo ng kaitaasan upang ang mga tao ay makapagbayad ng mga pagkakautang at pagkatapos na magkaroon ng kaalamang makalangit ay magiging tagapagpalaganap naman ng ebangelyo ng Dios, ng kabanalan at dito higit ang pagdating ng mga pagsubok.

Kung ang mga pagsubok ay mapanagumpayan, susunod na diyari ang pagsasakataparan ng kabanalan, kabanalang sagisag ng Panginoon, kayat hindi huhulihin kundi bagkus magkakaisa, ipagtatanggol ang Mananakop sa harap ng mga nagsisiusig sa kanya.

Subalit dala ng lipi ng mga Saserdote at mga Pariseong mayabang, mayroon ng kataasan at labis ang pagmamahal sa kanilang mga sarili, ang kanilang paniwala ay sila lamang ang marunong at ang sasabihin ng iba ay pawang mga kasinungalingan at pagdaraya.

48. Sumasampalataya бага sa kaniya ang sinoman sa mga pinuno, o ang sinoman sa mga Pariseo?
49. Datapuwa't ang karamihang ito na hindi nakaaalam ng kautusan ay sinumpa.
50. Sinabi sa kanila ni Nicodemo (yaong pumaroon kay Jesus nang una, na isa sa kanila).
51. Hinahatulan бага ng ating kautusan ang isang tao, malibang siya muna'y dinggin at talastasin kung ano ang kaniyang ginagawa?
52. Sila'y nagsisagot at sinabi sa kaniya, "Ikaw бага'y taga Galilea rin? Siyasatin mo, at tignan mo na sa Galilea ay walang lumitaw na propeta."
53. [Ang bawat tao'y umuwi sa kanikanilang sariling bahay:]

Nais ipaalam ng mga Saserdote at Pariseo na wala sa kanilang sumasampalataya sa Mananakop, subalit napahiya sila, katumbas ng salita na isinumpa sila, hindi nila batid ang palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay. Hindi nila batid na si Nicodemo ay nakasama na ng Panginoong Hesukristo ng mga nakaraan pang kabuhayan at gayon din si Jose Arimathea. Nang mawala sa kasaysayan ang buhay ng Mananakop mula sa edad na labing dalawang taon, nasabi na sa dakong una na Siya ay naglakbay sa dakong Silangan, sa India, sa Himalaya at Asia at diyan ay nakasama na rin ng Mananakop hindi lamang si Nicodemo kundi pati si Jose Arimathea at pati si Juan Bautista.

Ang sagutan ng mga Pariseo at Saserdote kay Nicodemo ay sagisag ng mga aralin kulang sa gawa. Ang tanong ng mga Pariseo kay Nicodemo, ikaw бага ay taga Galilea rin o katumbas ng ikaw ba ay naniniwala sa Mananakop?

Galilea na hinahatulan ng mga Pariseo at mga Saserdote; Galilea na kung saan nanirahan ang mga Gentil ng unang panahon, mga Gentil na mga pagano na sumasamba sa mga dios-diosan, at lalong walang paniwala sa Panginoong Hesukristo, walang kaalaman sa kahiwagaan ng buhay, subalit sa kabila nito ay dito kadalasan tumitigil ang Mananakop, dito Niya ginawa ang maraming himala, pangangaral bilang kaganapan ng sinabi ni Propeta Isaias:

“ Ang bayang ito ay makakakita ng isang ningning at sa pagdating ng Panginoon ay nakakita ng pag-asa; nagkaroon ng panimula ng buhay.”

Ang Galilea ay kadalasan ay nasa gitna ng pag-aalinlangan, nasa gitna ng dilim at liwanag, nasa gitna ng lakas at kahinaan. Naging buo ang paniniwala na nalalaman ang dapat gawin subalit mayroon pa ring pag-aalinlangan, mayroon pa ring paghatol gayong mayroon na ng kasangkapan, ng kaparaanan sa paggawa.

Mayroon bang mga propeta na nagmula sa Galilea? Ang mga naging banal ay nagmula rin sa kamangmangan, sa mga pagkakamali subalit naririyang ang batas ng pagkasulong, higit na ay naririyang ang palapahaman ng reencarnacion na siyang kasangkapan ng isang nilikha upang magbago. Habang mayroon ng buhay at lakas ang tao ay makapagbabago at makasasagot ng oo, mayroong mga propeta na nanggagaling sa Galilea; lahat ng propeta ay nanggagaling sa Galilea.

KAPITULO 8

BABAENG NAHULI SA PANGANGALUNYA

1. Datapwat si Jesus ay napasa bundok ng mga Olivo.
2. At pagka umaga ay nagbalik siya sa templo, at ang boong bayan ay lumapit sa Kaniya; at siya'y naupo, at sila'y tinuruan.
3. At dinala sa Kaniya ng mga eskriba at ng mga Pariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya; at nang mailagay siya sa gitna,
4. Ay sinabi nila sa kaniya, "Guro, nahuli ang babaing ito sa kasalukuyan ng pangangalunya.
5. Sa kautusan nga ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan: ano nga ang iyong masasabi tungkol sa kaniya?"
6. At ito'y kanilang sinabi, na siya'y sinusubok, upang sa kaniya'y may maisumbong sila. Datapuwa't yumuko si Jesus, at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa.
7. Datapuwa't nang sila'y nangagpatuloy ng pagtatanong sa kaniya, ay umunat siya, at sa kanila'y sinabi, "ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya.
8. At muli siyang yumuko at sumulat ng kaniyang daliri sa lupa.
9. At sila, nang ito'y kanilang marinig, ay nagsialis na isa-isa, na nagpasimula sa katandatandaan, hanggang sa kahulihulihan: at iniwang mag-isa si Jesus at ang babae, sa kinaroroonan nito sa gitna.
10. At umunat si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, "babae, saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo?"
11. At sinabi niya, "wala sinoman, Panginoon." At sinabi ni Jesus, "Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka

ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala."

Mula sa aklat na ang pamagat ay "THE GREATEST STORY EVER TOLD" na sinulat ni Fulton Oursler, ganito ang isinasaad sa pangyayaring ito:

Samantalang ang Guro ay naglalakad sa Jerusalem, marumi ang mga paligid at umaalingasaw ang mga basura at handa nang ipagpatuloy ang kaniyang pangangaral, isang pangkat naman ng mga guardia ng templo ay abala naman sa pagtupad ng ipinag-utos ng mga Eskriba at Pariseo na walang tigil ng paghahanap ng mga kadahilanan upang maisumbong ang ano mang laban sa Mananakop.

Mula sa isang masikip na eskinita na dala ng dami ng mga taong nagyayaot dito, hinuli nila ang isang babaeng mula sa higaan ng pangangalunya. Ang babaeng ito ay gagawing pain sa bitag na inuumang ng mga naiingit sa Guro, na kung magkamali ang Mananakop ay Siya ay ipahuhuli at ipapapatay.

Samantalang nakaupo na ang Guro at abala sa pagpapaliwanag sa kaniyang simulain, isang pulutong ng mga tao ang dumating na tangan ang babaeng nahuli sa pangangalunya. Itinulak ang babae sa pagitan ng Guro at ng mga nakikinig. Isang guardia ang humarap sa Mananakop bilang tagapagtanong; buong kahinahunan, magalang at anyong maginoo na nagsalita: "Panginoon, ang babaeng ito ay nahuli samantalang nangangalunya, at sa batas ni Moises, ipinag-uutos na batuhin ang ganyang uri ng babae, Ano ang masasabi mo?"

Ang mabuting loob at maawaing ipinanganak sa sabsaban sa Bethlehem, ang nagpapagaling ng sarisaring karamdaman at sa biglang malas ay bumubuhay ng patay, papayag ba ang

Panginoong Hesukristo na hatulan na batuhin hanggang sa mamatay ang babaeng nagkasala?

Alam ng pulutong ng mga tao na wala siyang kapangyarihang ipag-utos ang gayon; at kung sasabihin naman ng guro na kalimutan na ang batas, ito ay pagkakasala na rin na humihingi ng kahatulang kamatayan. Ito ang pain sa bitag na inihanda ng mga sa Kaniya ay kumakalaban.

Tiningnan ng Panginoon ang bawat mukha ng mga nasa harapan Niya nang tuwirang pagsusuri. Hindi Niya pinapansin ang kaawa-awang anyo ng nagkasala; ang lalaking kasama ng babae sa pagkakasala ay hindi nila hinuli. Pagkatapos na titigan ang mga sundalo, ang mga marurunong ng templo at mga nagsasakdal ay lumuhod sa isang tuhod at sa pamamagitan ng daliri ay sumulat sa buhangin.

Ang bawat tumingin o bumasa sa isinusulat ng Guro ay ang nababasa ay ang pangalan ng kalunya ng bumabasa o ang pagkakasala na kaniyang nagawa; nabibitiwan ang batong hawak at dahan-dahan na umaatras. At nagwika ang Panginoon; ang sino mang walang bahid na kasalanan sa inyo ay siyang unang pumukol ng bato. Muling lumuhod at nagpatuloy ng pagsulat sa pamamagitan ng daliri sa buhangin.

Bumagsak ang pasang mabigat, sapagkat ang bawat isa ay alam ang pagkakasala ng iba. Mabilis na binitiwang ang mga tangang bato at umalis, mula sa mga matatanda at silang dalawa na lamang ang natira. Umunat ang Panginoon at buong giliw at pagkaawa na tinanong ang nagkasalang babae at nagwika, “babae saan naroon ang sa iyo ay humahatol, wala ba ni isa?” Wala na Panginoon ang sagot ng babae. “ “ Kung gayon ako man ay hindi hahatol sa iyo, humayo ka at huwag ka nang magkasalang muli”.

Hindi ipinagkaloob sa babae kung ano ang karapat-dapat sa kanya, hindi ipinahintulot ng Panginoon, kundi ang ibinigay sa babae ay ang kaniyang pangangailangan, ang habag, ang pag-unawa at ang aral na huwag magkasala pang muli na tiyak na ito ay matutupad.

Ang kataga ng Mananakop na ako man ay hindi hahatol sa iyo, humayo ka at huwag ka nang magkasala pang muli ay isa sa mga patotoo na Siya ay hindi Dios, kundi taong nagpaka-Dios.

Sa tagpong ito ginamit ng Panginoon ang ilang sa kaangkinan ng mediumnidad katulad ng maalaman Niya ang mga maruruming nasa sa pag-iisip at damdamin ng pulutong nagdala sa kaniyang harapan ng babaeng nagkasala; nagamit din ang biyaya ng mediumnidad Eskribiente ng Siya ay sumulat sa buhangin sa pamamagitan ng kaniyang daliri. Sa tagpong ito ay pinatotohanan din na Siya ay may subabay ng kaitaasan.

Ang diwa ng pangangalunya ay ang pagsasama ng espiritu at katawan laman, lalaki at babae; mag-aasawa ang espiritu ng maraming beses, magkakatawan laman ang espiritu ng maraming beses upang makatupad ng tungkulin, hindi paghihiwalayin ng tao o nang sarili; hindi babatuhin. Sa napakagandang kaparaanan ay hindi ipinabato ang nagkasalang babae ng Mananakop sapagkat ang tao ay magbabago, puno ng pagasa; oo kakalabitin, pangangaralan, subalit hindi babatuhin.

Bakit babae lamang ang babatuhin at ang lalaki ay hindi hinuli at mabato; ang babae ay sagisag ng katawan laman, sagisag ni Eva, mahina, inaaakit ang espiritu sa kahinaan, subalit bawat pagkakatawan laman ng espiritu ay nagkakaroon ng danas, ang danas ay guro, kayat nasabi na sa pag-aasawa ng espiritu ng maraming beses, sa pagkakatawan ng espiritu ng maraming beses, masusulong, makatutupad ng tungkulin at

darating ang kawagasan katulad ng antas ng Panginoon Hesukristo.

JESUS, ILAW NG SANGLIBUTAN

12. Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhatan.

Ang simulain na dala-dala ng Mananakop ay nasasagot ang lahat ng kakumbakitan sa buhay ng tao, ipinaliliwanag ang sa biglang malas ay mga himala o mga mahiwagang pangyayari. Kung nasasagot at naipaliliwanag kung ano ang buhay at mga pangyayari sa buhay, ito ang katumbas ng salitang ako ang ilaw, ang susunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman.

13. Sinabi nga sa kaniya ng mga Pariseo, Nagpapatotoo ka sa inyong sarili; hindi totoo ang patotoo mo.
14. Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Bagama't ako'y nagpapatotoo sa akin din, ay totoo ang aking patotoo; sapagkat nalalaman ko kung saan ako nanggaling, at kung saan ako paroroon; datapuwa't hindi ninyo nalalaman kung saan ako nanggaling, o kung saan ako paroroon.

Sa batas ng tao, kailangan ang dalawa o mahigit na saksi sa pagpapatotoo ng isang bagay. Ang alam ng mga Pariseo ay ang sarili lamang ng Panginoon ang nagpapatotoo sa Kaniya dahil sa hindi matanggap o maniwala sa palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay na nagtatago ng mga nakaraan kabuhatan ng isang nilikha o katulad ng Mananakop.

Ang Mananakop dala ng kataasan ng Kaniyang antas ay alam ang Kaniyang mga nakaraan kabuhayan na puno ng mga pagpapakasakit at pag-aalay ng buhay alang-alang sa ikaaangat ng sangkatauhan. Ito ang tinutukoy Niya na alam ang Kaniyang pinanggalingan. Alam din ng Mananakop na pagkatapos na makatupad ng Kaniyang tungkulin sa kapatagang lupa, paroroon siya sa tunay na bayan, sa bayan ng mga espiritu.

Marami ang nagpatotoo sa Panginoong Hesukristo, hindi lamang inihanda ni Juan Bautista ang daan para sa Kaniya kundi isa siya sa nagpatotoo na ang Mananakop ang bugtong na Anak ng Dios, ang Cristo. Nabanggit na sa dakong una na mula pa sa Lumang Tipan ng Banal na Kasulatan, sa Genesis na sinulat ni nunong Moises at sa mga sinulat ng mga naunang propeta na nagpapatotoo sa pagdating ng Mesias, ng Cristo, pati ang simulaing Kaniyang dala-dala pati ang mga mangyayari at Kaniyang gagawin.

15. Nagsisihatol kayo ayon sa laman; ako'y hindi humahatol sa kanino mang tao.
16. Oo, at kung ako'y humahatol, ang hatol ko'y totoo; sapagkat hindi ako nagiisa, kundi ako at ang Ama na nagsugo sa akin.
17. Oo, at sa inyong kautusan ay nasusulat, na ang patotoo ng dalawang tao ay totoo.
18. Ako ang nagpapatotoo sa akin din, at ang Amang nagsugo sa akin ay nagpapatotoo sa akin.
19. Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, Saan naroroon ang inyong Ama? Sumagot si Jesus, Hindi ninyo nakikilala ako, ni ang aking Ama: kung ako'y inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang aking Ama.

Ang tao'y humahatol sang-ayon lamang sa nakikita at nadidinig at maaaring mahulog sa pagkakamali, ang paghatol ay

pumapatay ng karangalan ng tao at nakawawala ng kapayapaan ng hinahatulan. Ang madalas na hindi maabot ng pang-unawa ng mga humahatol ay ang layunin at intensiyon ng hinahatulan. Maaaring pangit, magaspang ang kaparaanan ng gawa subalit kung maganda naman at dakila ang layunin diyan maaaring magkamali ang mga mabilis humatol.

Ang paghatol ng Mananakop ay tiyakan na mga gawang kamalian ng mga kinauukulan at ito ay bunga ng pagkamedium Niya ay nababatid ang mga paglabag sa batas ng kagandahan asal ng Kaniyang mga kaharap. Ang isang magandang halimbawa ng Kaniyang biyaya ay ng Siya ay sumulat sa buhanginan ng Kaniyang daliri ng tinatanong siya ng mga Judio kung ano ang dapat gawin sa babaeng nahuling nangangalunya. Ang bawat bumasa sa Kaniyang sinusulat ay ang nababasa ay ang pagkakasala o kamalian na nagawa ng tumitingin.

Sa mga napagsasabihan ng mga kamalian sa kanilang mga gawain ay naririyang pa rin ang kataasan, ang labis na pagmamahal sa sarili o kung ang paniniwala ay sapagkat mayroon sila ng katungkulan sa pananampalataya na kanilang kinabibilangan, katulad ng mga Saserdote; o mayroong katungkulan sa lipunan ng mga tao, sa pamahalaan ay sila ay nasa ibabaw ng mga batas; batas pang langit at batas panglipunan; sa halip na magpasalamat at tumanaw ng utang na loob sa Mananakop, Siya ay kinapopootan.

Dahil sa aral at simulain dala-dala ng Mananakop, mauunawaan ng mga nagnanasang magbago na hindi tama ang kanilang mga gawain at higit na ay ang kanilang paniniwala.

Kung sa kautusan ng tao ay kailangan ang dalawang magpapatotoo, ang isa ay sa Mananakop at ang pangalawa ay ang patotoo ng Amang nagsugo sa Kaniya; subalit kung Siya na

mismo na kaharap, nadidinig ang Kaniyang salita at nakikita ang mga dakilang gawa ay pinag-aalinlanganan pa rin, papaanong matatanggap ang patotoo ng Dios na hindi nakikita?

Subalit kung ang diwa ng Ama at ng Anak ang gagamitin, na ang Ama ay ang mga nakaraan kabuhayan ng Mananakop, at ang Anak naman ay ang mga gawa na puspos ng kadakilaan at kabanalan, sa isang nagnanasang magbago, masulong ay tatanggapin na ang mga ito ay patotoo.

20. Sinalita niya ang mga salitang ito sa dakong kabang-yaman, nang nagtuturo siya sa templo: at walang taong humuli sa kaniya; sapagkat hindi pa dumarating ang kaniyang oras.

Ang talatang ito ay nagpapahiwatig lamang na pagkatapos ng mga pangyayari ukol sa babaeng dinala sa kaniya dahil sa gawang pangangalunya, ang sandali na sumulat Siya sa lupa o buhanginan ng Kaniyang daliri ay wala Siya sa loob ng templo, at ang mga sagutan katatapos pa lamang ay nangyari sa loob ng templo. Sa katagang sinalita Niya ang mga salitang ito sa dakong kabang-yaman ay patunay lamang sa kahalagahan ng templo; na ang templo ay tahanan ng Dios.

Kung ang gagamitin ay ang kataga sa wikang Ingles sa talatang ito ni San Juan: These words spake Jesus in the treasury, as he taught in the temple; ang treasury ay mangangahulugan ng tunay na tungkulin o kahalagahan ng templo, at sapagkat pawang kabanalan ang kaniyang sinasalita ay walang makapag-iisip ng masama, masama na katumbas ng huhuli sa kaniya at bukod sa marami pa siyang ipangangaral at tutuparin.

HINDI KAYO MAKAPUPUNTA SA AKING PAROROONAN

21. Muli ngang sinabi niya sa kanila, Yayaon ako, at ako'y inyong hahanapin, at mangamamatay kayo sa inyong kasalanan: sa aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoon.
22. Sinabi nga ng mga Judio, Siya kaya'y magpapakamatay, sapagkat kaniyang sinabi, Sa aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoroon.

Ang paliwanag sa dalawang talatang ito ay katulad din ng paliwanag sa Kapitulo 7;33-36 ng aklat na ito ni San Juan. Ang magiging dagdag na paliwanag ay sa mga katagang mangangamatay kayo sa inyong kasalanan. Nabanggit na sa dakong una na ang pagkakasala ay katumbas o itinuturing na patay, at ang batas ay pagsulong, at ang tao ay magbabago, magkakaroon ng pakakataon na makapagbayad ng pagkakautang o mga kasalanan na kinamatayan ng mga nakaraan kabuhayan bagama't ang panahon ginagamit sa pagbabayad ay pagkabalam sa pagtungo sa tunay na paroroonan ng espiritu, sa pagbabalik sa Dios na pinanggalingan at ito ang diwa ng hindi makaparoroon sa paroroonan ng Mananakop na pangsamantala.

Ang Dios ay makatarungan, ipinagkaloob ang reencarnacion o muli at mling buhay upang ang bawat isa ay makapagbago, makapagsisi at magbayad sa mga kasalanan, makatupad ng tungkulin at magpakawagas.

23. At sa kanila'y kaniyang sinabi, Kayo'y mga taga ibaba; ako'y taga itaas: kayo'y mga taga sanglibutang ito; ako'y hindi taga sanglibutang ito.

Maliwanag ang mga katagang ito, ang mga bagay ng sanglibutan ay mababa kaysa mga bagay na pang kaharian ng mga langit; hindi nagmamataas ang Mananakop sa mga katagang ito sapagkat ito’y katotohanan.

24. Sinabi ko nga sa inyo, na kayo’y mangamamatay sa inyong mga kasalanan: sapagkat malibang kayo’y magsisampalataya na ako nga ang Cristo, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.

Ang kahulugan ng Cristo o Mesias ay tagapagligtas. Kung tatanggapin ng mga tao na ang Panginoon ay tagapagligtas ay susundin ang kaniyang mga aral, magbabago, pagsisisihan ang mga nagawang kasalanan, tatanggapin ang mga tiisin at hrap na idudulot ng pagbabayad ng mga kasalanan; at ito ay kung tatanggapin na ang Panginoon nga ang Cristo.

Kung letra ang kukunin ng talatang ito, ang isang nilikha na kung dumating ang kamatayan na taglay ang mga nagawang kasalanan, ang espiritu ng namatay ay haharap sa Dios at ipagsusulit ang kaniyang mga nagawang kabutihan at kasamaan, at sapagkat pangkaraniwan na mas marami ang nagawang kasamaan kay sa kabutihan, bibigyan muli ng pagkakataon ng Dios na makabalik sa kapatagan ng mga hugis o lupa upang mabayaran ang mga pagkakasalang kinamatayan ng nakaraan kabuhayan.

25. Sa kaniya nga’y kanilang sinabi, Sino ka baga? Sinabi sa kanila ni Jesus, Siya rin na sinalita ko sa inyo mula pa nang una.

Siya ang Cristo na pinaghandaan ng daan ni Juan Bautista, Siya ang Cristo na ibinabala na darating mula pa sa Lumang Tipan ng Banal na Kasulatan. Siya ang Cristo, ang Anak na

mapalad, na hanggang sa dakong huli ay sinasabi Niya ay Siya ang Cristo; Siya ang hinog na bunga na pinagnanasaang batuhin, hulihin, patayin at sa dakong huli ay hinatulan ng kamatayan.

Siya ang Cristo upang patunayan na hindi Siya Dios, kundi Anak ng Dios, tagapagligtas, tagatupad; tao na nagpaka-Dios sa pamamagitan ng reencarnacion o muli at muling buhay.

26. Mayroon akong maraming bagay na sasalitain at hahatulan tungkol sa inyo: gayon pa man ang nagsugo sa akin ay totoo; at ang mga bagay na sa kaniya'y aking narinig, ang mga ito ang sinasalita ko sa sanglibutan.
27. Hindi nila napagunawa na tungkol sa Ama ang kaniyang sinasalita sa kanila.
28. Sinabi nga ni Jesus, Kung maitaas na ninyo ang Anak ng tao, saka ninyo makikilala na ako nga ang Cristo, at wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi sinalita ko ang mga bagay na ito, ayon sa itinuro sa akin ng Ama.
29. At ang nagsugo sa akin ay sumasa akin; hindi niya ako binayaang nagiisa; sapagkat ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod.
30. Samantalang sinasalita niya ang mga bagay na ito, ay maraming nagsisampalataya sa kaniya.

Nabanggit na sa dakong una na ang diwa ng katagang Anak ng Tao ay ang Panginoon, Siya ay mababa sa Dios, Siya'y inilagak sa katawang laman, sa katawang laman na mayroon ng kahinaan, napadadaig sa kamangmangan.

Subalit kung kikilalanin ang sarili na Siya ay Anak ng Dios, katumbas ng salita na kung maitataas na ninyo ang Anak ng Tao, ay makikilala na ang Panginoong Hesukristo ang Cristo. Siya ang Cristo, ang Anak na mapalad, na hanggang sa dakong huli ay sinasabi kung sino Siya.

31. Sinabi nga ni Jesus sa mga Judiong yaon na nagsisisampalataya sa kaniya, Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko;
32. At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo.
33. Sa kaniya'y kanilang isinagot, Kami'y binhi ni Abraham, at kailan ma'y hindi pa naging alipin ninomang tao: paanong sinasabi mo, Kayo'y magiging laya?
34. Sinagot sila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang bawat nagkakasala ay alipin ng kasalanan.

Ang sino mang tumutupad ng salita ng Mananakop at higit na kung ito ay ipalalaganap, siya ay alagad ng Panginoon. Sa salita ng mga Judio na sila ay mula sa lahi ni Abraham at sa tanong na saan sila palalayain, maliwanag ang sagot Niya na ang nagkasala ay alipin ng kasalanan.

Ang aral at simulain ng Mananakop na pawing lantay ng katotohanan ang siyang magpapalaya sa mga nilikha. Halimbawa kung matatanggap ng tao ang palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay. Ang tao ay hindi malaya sapagkat mayroon isang kahapon, mga nakaraan kabuhayan na batbat ng kamangmangan na sa tao ay umuusig. Ang tao ay alipin ng kayamanan, alipin ng pagnanasa ng kapangyarihan at kataasan na kung pinapaganda ang labas subalit bulok naman ang loob. Ang isa pang katotohanan na magpapalaya ay kung matanggap ang batas ng KARMA, ang ganting galaw, na kung ano ang ginawa sa kapwa ito ay babalik sa kaniya at naririyang ang kaaliwan ang lahat ng mga pagkakasala ay mababayaran pala naman kung hindi man sa kasalukuyang kabuhayan ay sa mga susunod na mga kabuhayan.

Ang higit na kalayaan ipagkakaloob ng katotohanan sa mga nilikha ay ang pag-asa na mararating ang antas ng Panginoong Hesukristo, ang antas ng kabanalan; huwag pagsawaan ang mga katagang ng Mananakop: Gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin.

35. At ang alipin ay hindi nananahan sa bahay magpakailan man: ang anak ang nananahan magpakailan man.
36. Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay na laya.

Huwag din pagsawaan ang banggit sa anak na ito ay sagisag ng mga gawa. Ang gawang pagkakasala ay ipaiilalim sa batas na ang lahat ng mga pagkakasala ay pagbabayaran hanggang sa kahuli-hulihan beles na siyang katumbas ng salitang ang alipinay hindi mananahan sa bahay magpakailan man, bahay ay tulad ng kapatagan lupa.

Subalit naririyang nga ang batas ng pagkasulong, nagbabago ang tao, pagkatapos na mapagbayaran ang mga pagkakasala na nagdudulot ng mga tiisin at kahirapan, papalitan naman ito ng mga gawang kabutihan at iyan ang katumbas ng salitang palalayain ng Anak, ng gawa.

37. Talastas ko na kayo'y binhi ni Abraham; gayon ma'y pinagsisikapan ninyong ako'y patayin, sapagkat ang salita ko'y hindi magkasiya sa inyo.
38. Sinasalita ko ang mga bagay na aking nakita sa aking Ama: at ginagawa rin ninyo ang mga bagay na inyong narinig sa inyong Ama.

Hayan na naman ang Ama na nasabi na sagisag ng mga nakaraang kabuhayan at ang ibinabahagi ng Mananakop ay ang mga dakilang pangyayari mula sa kaniyang mga nakaraang

kabuhayan. Subalit sa gawi naman ng mga Judio ay ipinagpapatuloy pa rin ang mga gawang mapagkasala na buntot pa rin ng mga kamangmangan mula sa kanilang mga nakaraang kabuhayan, katulad ng pagnanasang patayin, batuhin ang Mananakop na sagisag ng kabanalan.

39. Sila'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Si Abraham ang aming ama. Sa kanila'y sinabi ni Jesus, Kung kayo'y mga anak ni Abraham, ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham.

Ang ibig sabihin ng Abraham ay ama ng lahat ng bansa. Ipinadama ng Dios ang subaybay sa kaniya, sa lihim at sa hayag upang ang kaniyang mga gawain (anak) ay maging maka-Dios. Kung inaangkin ng mga Judio na sila ay anak ni Abraham, dapat sana ang kanilang mga gawain ay maka-Dios, subalit hindi gayon, ang nais nila ay patayin ang Mananakop at ito ang sinasabi ng susunod na talata.

40. Datapuwa't ngayo'y pinagsisikapan ninyo akong patayin, na taong sa inyo'y nagsaysay ng katotohanan, na aking narinig sa Dios: ito'y hindi ginawa ni Abraham.
41. Ginagawa ninyo ang mga gawa ng inyong ama. Sinabi nila sa kaniya, Hindi kami inianak sa pakikiapid; may isang Ama kami, ang Dios.

Patunay pa rin ang mga talatang ito ng reencarnacion at higit na ay ang ama ay ang mga nakaraang kabuhayan na alipin ng kamangmangan, mapagkasala at hanggang sa kapanahunan ng Mananakop ay ipinagpapatuloy pa rin ng mga Judio.

Sa kataga ng mga Judio na hindi kami inianak sa pakikiapid ay hindi sila naniniwala at hindi matanggap ang palapahaman ng reencarnacion; na ang espiritu ay mag-aasawa ng maraming

beses, alalaogn baga’y ang espiritu ay magkakatawang laman ng maraming pagkakataon upang masulong nga at makatupad ng tungkulin.

Ang simulain at araling dala-dala ng Panginoong Hesukristo ay galing sa Dios at sapagkat antas-antas ang pagkatuto ng pag-iisip ng tao ay hindi pa makayang matanggap ng mga tao sa kapanahunan ng nunong Abraham.

42. Sinabi sa kanila ni Jesus, “kung ang Dios ang inyong ama, ay inyong iibigin ako: sapagkat ako’y nagmula at nanggaling sa Dios; sapagkat hindi ako naparito sa aking sarili, kundi sinugo niya ako.”

Maliwanag ang kahulugan ng talatang ito.

43. Bakit hindi ninyo napag-uunawa ang aking pananalita? Sapagkat hindi ninyo mangyayaring dinggin ang aking salita.
44. Kayo’y sa inyong amang Diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya’y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagkat walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagkat siya’y isang sinungaling, at ama nito.

Ayaw tanggapin at pakinggan ng mga Judio ang mga iniaaral ng Mananakop ng dahil sa maraming kadahilanan: una, ayaw ng mga judio na mawala ang tinatamasa nilang kaligayahan pang kapatagang lupa, mga kadakilaan at kataasan na hindi alam na ang mga ito ay hanggang dito lamang sa lupa; pangalawa, labis ang kanilang pag-ibig sa sarili at ayaw nilang tanggapin na sila ay nagkakasala; pangatlo, ang simulaing

ipinagkakaloob ng Panginoon ay humihingi ng mga pagpapakasakit, paglimot sa sarili at kung kailangan ay ang pag-aalay ng buhay alang-alang sa kapwa.

Ang mga talatang ito ay patuloy ng pagpapatunay ng palapahaman ng reencarnacion, ang mga nakaraang kabuhayan ay batbat ng kamangmangan at pawang mapagkasala kayat tinagurian na amang diablo at sa aba ng mga pangyayari ay siya pa ring nais na gawin.

Ang salitang diablo ay buhat sa salitang Latin o Kastila na ang ibig sabihin ay ganito; dia ay araw sa Tagalog, ablo ay salita, salita araw-araw. Kung pawang salita lamang at wala ng mga gawa, gawa ang magliligtas sa tao; at kung ang mga salita ay labis pa sa katotohanan, ito ay kasinungalingan at pagkakasala. Kung sinabi ng Mananakop na ang salitang walang kabuluhan ay ipagsusulit pagdating sa kaharian ng mga langit, lalo nang ipagsusulit ang mga salita ng kasinungalingan.

45. Nguni't dahil sa sinasabi ko ang katotohanan, ay hindi ninyo ako sinasampalatayanan.
46. Sino sa inyo ang makasusumbat sa akin tungkol sa kasalanan? Kung sinasabi ko ang katotohanan, bakit hindi ninyo ako sinasampalatayanan?
47. Ang sa Dios ay nakikinig ng mga salita ng Dios: dahil dito'y hindi ninyo dinirinig, sapagkat kayo'y hindi sa Dios.

SI JESUS AT SI ABRAHAM

48. Nagsisagot ang mga Judio at sa kaniya'y sinabi, “ Hindi бага magaling ang aming pagkasabi na ikaw ay isang Samaritano, at mayroon kang demonio?”

Ang huling katagang ito ang isa sa mga patotoo na ang mga Judio ay kapit pa rin sa mga saling sabi ng mga matatanda at sa mga letra na ang wika din ng Mananakop ay pumapatay.

Nanananganan pa rin ang mga Judio sa lumang paniniwala na ang mga Samaritano ay napakasasamang tao dala ng mga naunang tao ng Samaria ay kumampi sa mga kaaway nang dakong una at iyan ang naging sanhi ng hindi pag-uusap ng mga Judio at Samaritano.

Nakalimutan na marahil o lingid sa kaalaman ng mga Judiong kausap ng Panginoon ang tagpo ng babaeng Samaritana at ng Mananakop sa balon ni Jacob sa Sicar na sakop ng Samaria, na magmula noon ay naalis ang pader na naghihiwalay sa mga Judio at Samaritano at mula rin noon ay nagsisampalataya ang mga Samaritano sa Mananakop at sinunod ang mga aral ng Guro.

Ang salitang demonio ay galing din sa wikang Latin o Kastila na ang ibig sabihin ay ganito: demo, ibig sabihin ay Dios; monio, ibig sabihin ay maliit, samakatuwid ay maliit na Dios.

49. Sumagot si Jesus, “Ako’y walang demonio; kundi pinapupurihan ko ang aking Ama, at ako’y inyong sinisiraan ng puri.
50. Nguni’t hindi ko hinahanap ang aking sariling kaluwalhatian: may isang humahanap at humahatol.”

Ang humahanap ng kaluwalhatian ay ang kaluluwa o ang espiritu na siyang tunay na tao at magpasawalang hanggan; ang humahatol ay ang budhi o consciencia ng bawat isa. Ang espiritu ay kapilas ng Dios at kung ang isang nilikha ay padadaig sa hibo ng laman, gumigitaw ang budhi, ang tinig sa ilang at

ipinaaalala na hindi tama ang gawain na katumbas ng may humahatol.

51. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung ang sinoman ay tutupad ng aking salita, ay hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan.

Ang pagtupad ng mga salita ng Mananakop ay ang gawang kabanalan, lalayo sa mga gawang mapagkasala, mapagkasala na katumbas ng kamatayan; kamatayan na katumbas ng pagkawala ng kaligayahan at kapayapaan ng kaluluwa.

52. Sinabi ng mga Judio sa kaniya, “ngayo’y nalalaman naming mayroon kang demonio. Namatay si Abraham, at ang mga propeta; at sinasabi mo, kung ang sinoman ay tutupad ng aking salita, ay hindi niya matitikman magpakailan man ang kamatayan.
53. Dakila ka pa бага sa aming amang Abraham, na namatay? at nangamatay ng mga propeta: sino ang ipinalalagay mo sa inyong sarili?”
54. Sumagot si Jesus, “Kung niluluwalhati ko ang aking sarili, ang kaluwalhatian ko ay walang anoman: ang aking Ama’y siyang lumuluwalhati sa akin; na tungkol sa kaniya’y sinasabi ninyo, na siya’y inyong Dios”.
55. “At hindi ninyo siya napagkilala: nguni’t nakilala ko siya; at kung aking sasabihin, na hindi ko siya nakikilala, ay ako’y matutulad sa inyo, na sinungaling: datapuwa’t nakikilala ko siya, at tinutupad ko ang kaniyang salita.”
56. Nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang aking araw; at nakita niya, at natuwa.”
57. Sinabi nga sa kaniya ng mga Judio, “wala ka pang limangpung taon, at nakita mo si Abraham.”

58. Sinabi sa kanila ni Jesus, “ Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, bago ipinanganak si Abraham, ay ako nga.”

Ang mga sagutan ito ay isa sa mga patunay ng reencarnacion o muli at muling buhay na hindi pa mauunawaan at higit na ay hindi pa matanggap ng mga Judio. Si nunong Abraham nang mabuhay ay taong 2100 bago isinilang ang Panginoong Hesukristo. Ang espiritu ng Mananakop ay nagkatawang tao ng maraming beses bago pa dumating ang panahon ni nunong Abraham, kayat nasabi Niya na bago pa si Abraham, ako na.

59. Sila nga’y nagsidampot ng mga bato upang ihagis sa kaniya: datapuwa’t nagtago si Jesus, at lumabas sa templo.

Sa ganitong pangyayari ay alam na agad ng Mananakop na sa ganito magwawakas dala nga ng biyaya ng mediumnidad. Kayat sa ganitong kabatiran, ang ginamit na muli Niya ay ang kanyang peri-espiritu na walang pinag-iwan sa katawang laman ng Mananakop, subalit nakapaglalagus-lagusan kahit sa pader ng templo at iyan ang kanyang ginawa, lumabas sa templo.

KAPITULO 9

1. At sa pagdaraan niya, ay nakita niya ang isang lalaking bulag mula sa kaniyang kapanganakan.

Ang bulag ay sumasagisag sa walang nakikilala kundi ang sarili lamang, walang kapwa tao, wala o kulang sa paggawa ng kabutihan. Ang isang taong walang silbi, walang karunungan ay katulad ng bulag, manhid sapagkat hindi kumikilos. Ang isang taong hindi pinapansin ang kapwa, hindi nagpapahalaga sa iba, siya ay bulag. Ang tao ay para sa kanyang kapwa, limutin ang sarili sapagkat ang labis na pag-ibig sa sarili ay nakapag-papabulag.

Ang isang bulag ay maaaring sumagisag din sa isang nilikhang nasisilaw sa kayamanang panglupa, sa kadakilaan at kapangyarihang pangkapatagan.

2. At itinanong sa kaniya ng kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, "Rabi, sino ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga magulang, upang siya'y ipanganak na bulag?"
3. Sumagot si Jesus, "hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Dios."

Ang katanungan ng mga alagad ay nagpapatotoo na natatangagap na nila ang palapahaman ng reencarnacion: Sino ang nagkasala, ang kanya bagang mga magulang? Mga magulang na sagisag ng mga nakaraang kabuhayan.

Ano ang mahahayag sa bulag na ito na gawa ng Dios? Una, ito ang katuparan ng aral ng Mananakop na mabuti pa na pumasok ang isang nilikha sa buhay na walang mga bisig,

walang paa, o walang paningin (bulag) kaysa lumikha pa ng pasanin sa hinaharap.

Sa bayan ng mga espiritu ay hindi kailangan ang sangkapin pang katawang laman katulad ng mga kamay, paa at mata. Samakatuwid ang buhay na dito ay binabanggit ay ang pagkakatawang laman ng isang espiritu.

Ang Dios ay pag-ibig at makatarungan. Bakit pinahihintulutan ang ibang nilikha na ipanganak na may kapansanan katulad ng bulag na ito? Ang ginawa ng Dios sa taong bulag na ito ay upang mapigil sa pagpapatuloy ng mga gawang mapagkasala ng kanyang nakaraang kabuhayan dala ng kanyang paningin; na kung pagkakalooban pang muli ng paningin ay ipagpapatuloy ang hindi magandang kanyang gawain.

Kung ang kanyang isang kahinaan ay ang paghatol, sa kalagayang bulag ay hindi makikita ang kamalian ng kapwa; sa isang bulag ay naroroon ang isang matibay na pagkukuro at pagsusuri. Kung magsusuri sa karamdaman ng pag-iisip, bihirang magkamali at gaya ng nabanggit na sa dakong una na hindi maghahanap ng ningning ng kayamanan pang lupa, hindi malalasing ng kapangyarihan at kadakilaan pang kapatagan

Ang pagtutuunan ay ang mga bagay na oo at hindi nakikita subalit nadadama katulad ng pag-ibig sa kapwa, ang pananampalataya sa Dios at higit na gagamitin ang pag-iisip sapagkat dilat ang mata ng pag-iisip.

Ang pagkabulag ay magdudulot ng mga tiisin at hirap at dito pumapasok ang batas ng KARMA, ganting galaw, katulong sa pagbabayad utang at dadalhin ang nilikha sa kababaang loob.

Ang mga biyayang nabanggit ay mga biyaya ng Dios, mga gawa ng Dios na mahahayag sa bulag na ito. Ang matimbang na gawa ng Dios na mahahayag ay ang pagpapadilat ng mata ng bulag sa pamamagitan ng Mananakop.

4. Kinakailangan nating gawin ang mga gawa niyaong nagsugo sa Akin, samantalang araw: dumarating ang gabi, na walang makagagawa.

Kailangan gumawa na ng mga pagkakawanggawa sa kapwa samantalang malakas, malusog ang katawan at mayroon pa ng kabataan, sapagkat kung tumanda na, katumbas ng pagdating ng gabi, ay uugodugod na lamang at hindi kayang gumawa ni mag-isip ng tumpak.

Marami ang nakatatanggap ng kadakilaan ng simulain ng Espiritismo at ibinubunsod ang kanyang mga kasambahay na magpunta sa lunduyan at makipag-aral at sila daw ay saka na, pagtanda na sapagkat inanim na napadadala pa sila sa tawag ng laman, ng mga bisyo. Pagtumanda na, gabi na, wala nang magagawa.

5. Samantalang ako'y nasa sanglibutan, ako ang ilaw ng sanglibutan.

Sa dakong una ay naipaliwanag na ang pagiging ilaw ng Mananakop sa sanglibutan na Siya ang daan, ang tanglaw tungo sa kabutihan at kabanalan. Sa pagsulong ng espiritu sa kawagasan ay pabalik sa Dios na kanyang pinanggalingan.

6. Nang masabi niya ang ganito, siya'y lumura sa lupa, at pinapagputik ang lupa, at pinahiran ang mga mata niya ng putik,

7. At sinabi sa kaniya, “humayo ka, maghugas ka sa tangke ng Siloe (na kung liliwanagin ay Sinugo). Siya nga’y humayo, at naghugas, at nagbalik na nakakakita.

Ang lura ay likido, bahagi ng tubig, tubig na sa dakong una ay ipinaliwanag na sagisag ng katawang laman ng isang espiritu. Lalo pang pinagtibay ang katotohanang ito ng lumura sa lupa, katawang laman ng espiritu at ang layon ay upang makapagbayad ng mga pagkakautang, malinis na lalong pinatunayan ng pinapunta ang bulag sa tangke ng Siloe upang maghugas. Ang lahat ng mga ito ay patotoo ng palapahaman ng reencarnacion upang ang isang espiritu ay mawagas, malinis at makabalik sa Dios na kanyang pinanggalingan.

Lura na nagmula sa bibig, sagisag ng pangangaral, pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios.

8. Ang mga kapitbahay nga, at ang nangakakita sa kaniya nang una, na siya’y pulubi, ay nangagsabi, “hindi бага ito ang nauupo at nagpapalimos?”
9. Sinabi ng mga iba, “Siya nga”: sinabi ng mga iba, “hindi, kundi nakakamukha niya”
10. Sinabi niya, “Ako nga”.
11. Sa kaniya nga’y kanilang sinabi, “paano nga ang pagkadilat ng iyong mga mata?”
12. Sumagot siya, “ang lalaking tinatawag na Jesus ay gumawa ng putik, at pinahiran ang aking mga mata, at sinabi sa akin, humayo ka sa Siloe, at maghugas ka: kayat ako’y humayo at naghugas, at ako’y tumanggap ng paningin.”

Ang tao ay mabilis humatol. Kung ang isang nilikha na nang dati ay mapagkasala at ito ay magbagong buhay ay hindi nila matanggap kaagad ang mga pangyayari. Katulad ng

pagbabagong buhay ni Maria Magdalena, kahit ang mga alagad ng Mananakop ay hindi agad matanggap na siya ay nagbago, kayat ng sabihin ni Magdalena na nakausap niya ang Panginoon pagkatapos na mailibing ang katawan ng Mananakop, ayaw siyang paniwalaan ng mga alagad.

Ganyan din ang nangyari sa paningin ng dating bulag kayat kailangan ang patotoo mismo sa kanya manggagaling ang katagang ako nga.

Ako nga ang katagang ginamit din ng Mananakop ng Siya ay pinag-aalinlanganan na siya ang Cristo, ang Mesias.

13. At sinabi nila sa kaniya, “saan naroon siya? “ Sinabi niya, “hindi ko nalalaman.”

Ganyan din ang sagot ng lalaking tatlumpu at walong taon ng maysakit at naghihintay sa pagkalawkaw ng tubig upang siya ay makalusong sa tubig at gumaling, subalit walang magdala sa kanya sa tangke ng Siloe, pinagaling siya ng Panginoon, subalit ng tanungin siya ng mga Pariseo kung sino ang sa kanya ay nagpagaling, hindi rin niya alam.

Hindi alam ng tao na ang bawat isa ay mayroong subaybay ng Angel de la Guardia, hindi lamang isa kundi marami upang ang tao ay maligtas sa gawaing mali; iyan din ang tinig sa ilang, ang pagkakaroon ng dalawang isip sa gagawin. Ang katotohanang ito ay hindi pa matanggap o hindi alam ng marami.

14. Dinala nila sa mga Pariseo siya na nang una’y bulag.

15. Araw nga ng Sabath nang gumawa ng putik si Jesus, at padilatin ang kaniyang mga mata.

16. Muli ngang tinanong naman siya ng mga Pariseo kung paanong tumanggap siya ng kaniyang paningin. At sinabi niya sa kanila, “nilagyan niya ng putik ang ibabaw ng aking mga mata, at naghugas ako, at ako’y nakakakita.”
17. Ang ilan nga sa mga Pariseo ay nangagsabi, “ang taong ito’y hindi galing sa Dios, sapagkat hindi nangingilin sa Sabath. Datapuwa’t sinasabi ng mga iba, “paano bagang makagagawa ng gayong mga tanda ang isang taong makasalanan? “ At nagkaroon ng pagkakabahabahagi sa gitna nila.

Ang mga Pariseo ay sagisag ng mga taong panatiko at labis ang pagkakakapit sa letra ng Banal na Kasulatan na katumbas din ng bulag; at kung ang bulag ay aakay sa kapwa bulag, ang wika ng Mananakop ay mahuhulog ay sa bangin. Kung nakakikita naman ay ang unang nakikita ay ang mga kapangitan, negatibo ang pagkukuro katulad ng pag-ino na ginawa ang pagpapadilat sa araw ng Sabath.

Nasabi na sa dakong una na ang tunay sa sagisag ng araw ng Sabath ay ang sandaling pangingilin sa paggawa ng pagkakasala; na ang lahat ng araw ay paggawa ng kabutihan at kabanalan. Mabuti na lamang at ang mga mayroon ng pang-unawa ay ipinagtanggol ang Mananakop sa katanungang papaano makagagawa ng gayong mga tanda, ang magpadilat ng bulag ang isang makasalanan o hindi maka Dios.

18. Muling sinabi nga nila sa bulag, “ano ang sabi mo tungkol sa kaniya, na siyang nagpadilat ng iyong mga mata? “ At kaniyang sinabi, “siya’y isang propeta”.

Ang pangyayaring ito ang isa sa mga patunay ng batas ng pagsulong; ang dating bulag o nagkasala ay nakakakita na

ngayon, natatanggap na niya ang pagkapropeta ng Mananakop at higit na ay ang kanyang pagka-Cristo.

19. Hindi nga nagsipaniwala ang mga Judio tungkol sa kaniya, na siya'y naging bulag, at tumanggap ng kaniyang paningin, hanggang sa kanilang tinawag ang mga magulang niyaong tumanggap ng kaniyang paningin,
20. At nangagtanong sa kanila, na sinasabi, "Ito бага ang inyong anak, na sinasabi ninyong ipinanganak na bulag? Paano ngang nakakakita siya ngayon?"
21. Nagsisagot ang kaniyang mga magulang, at nangagsabi, "nalalaman naming ito'y aming anak, at siya'y ipinanganak na bulag:
22. Datapuwa't kung paanong siya'y nakakakita ngayon, ay hindi namin nalalaman; o kung sino ang nagpadilat ng kaniyang mga mata, ay hindi namin nalalaman: tanungin siya; siya'y may gulang na; siya'y magsasalita para sa sarili niya."
23. Ang mga bagay na ito'y sinabi ng kaniyang mga magulang, sapagkat nangatatokot sa mga Judio: sapagkat pinagkaisahan na ng mga Judio, na kung ang sinomang tao'y ipahayag na siya ang Cristo, ay palayasin siya sa sinagoga.
24. Kayat sinabi ng kaniyang mga magulang, "siya'y may gulang na; tanungin siya."

Babalik na naman sa palapahaman ng reencarnacion; na ang sagisag ng mga magulang ay ang nakaraang kabuhayan at ang anak ay ang mga gawa ng isang nilikha. Isang biyaya ng Dios na ang mga danas ng mga nakaraang kabuhayan ay pangsamantalang nalilimutan, bagama't may mangilanngilan na nakaaalala ng kanilang nakaraang kabuhayan, marami nito sa bansang India, inilalathala sa mga pahayagan, magazine, mga

aklat at ipinalalabas sa TV o cine. Ang layunin ng Dios na bigyan ng pangsamantalang pagkalimot ang isang nilikha ng mga nakaraang kabuhayan ay upang huwag magkaroon ng pag-aalinlangan, huwag magkaroon ng kabalisahan, at sa mayroong mahina pa ang pag-iisip ay ipinalilimot ang mga nakaraang katalinuhang ginamit sa kataasan o pagkakasala, ito ay tatanggalin muna upang makapagbayad ng mga pagkakautang.

Katulad ng isang maninisid ng perlas sa dagat, alam ang panganib kayat ito ay pinaghahandaan.

Ang alam ng mga magulang ay ipinanganak na bulag o mapagkasala ang kanilang anak o ang kanilang mga gawain, subalit ngayon ay nagbago na, nakakakita na, natatanggap na sa pamamagitan ng mga aral ng Mananakop na ang kasangkapan ay ang bibig at mga bisig ay nagpabago sa dating bulag at ngayon ay nakakakita at ito ay ipinahihiwatig sa mga susunod na sagutan niya at ng mga Judio.

25. Dahil dito'y tinawag nila bilang ikalawa ang taong naging bulag, at sinabi sa kaniya, "Luwalhatiin mo ang Dios: nalalaman naming makasalanan ang taong ito."
26. Sumagot nga siya, "kung Siya'y makasalanan ay hindi ko nalalaman: isang bagay ang nalalaman ko, na bagaman ako'y naging bulag, ngayo'y nakakakita ako."
27. Sinabi nga nila sa kaniya, "ano ang ginawa niya sa iyo? paano ang pagkapadilat niya sa iyong mga mata?"
28. Sinagot niya sila, "kasasabi ko lamang sa inyo, at hindi ninyo pinakikinggan; bakit ibig ninyong marinig uli? Ibig бага naman ninyong kayo'y maging mga alagad niya?"
29. At siya'y kanilang inalipusta, at sinabi, "Ikaw ang alagad niya; datapuwa't kami'y mga alagad ni Moises."

Ang dating bulag at nagpapalimos lamang, ngayon na siya ay nakakakita na ay nagpamalas ng kababaang loob, batid na ang paghatol ay pagkakasala at ang kanyang mga sinasabi ay pawang katotohanan. Dala ng kataasan ng mga Pariseo, kapag ang nagsasalita ay aba sa kanilang paningin, hindi pinakikinggan ang salita ng katotohanan, kayat alam ng dating bulag na hindi rin pakikinggan ang mga salita ng katotohanan kanyang sinasabi kahit na ulit-ulitin, bukod sa hindi tinatanggap ng mga Pariseo na ang Mananakop ay propeta, higit na ay Siya ang Cristo, ang tagapagligtas.

Nagpadama na ang dating bulag ay mayroon na rin ng katibayan ng loob at pananampalataya sa katanungan niya sa mga Pariseo na “bakit ibig din бага ninyong maging mga alagad niya?”

Inalipusta ng mga Pariseo ang dating bulag sa pamamagitan ng pagsasabing, “ ikaw ang alagad niya, alagad ka ng masamang tao;” sa salita na sila ay alagad ni Moises ay inilarawan nila ang kanilang tunay na anyo.

Si Moises ay sagisag ng batas, sa kanya ipinagkaloob ang mga dapat na isakatuparan ng mga Judio, batas pa lamang at tumpak ang sabi ng mga Pariseo, kami ay mga alagad ni Moises, hanggang batas lamang subalit wala at baog sa larangan ng paggawa o pagsasakatuparan. Ang isa sa sagisag ng Mananakop ay ang katuparan ng batas at iyan ngayon ang isinasagawa ng dating bulag, nagbago na, nasulong kayat tama ang sabi ng mga Pariseo na ikaw ang alagad Niya, inilalagay na sa katuparan ang liwanag na kanyang nakikita.

30. Nalalaman naming nagsalita ang Dios kay Moises: datapuwa’t tungkol sa taong ito, ay hindi namin nalalaman kung taga saan siya.

Sa mga katagang ito ng mga Judio ay patotoo sa sinabi ng Mananakop sa talata sa Kapitulo 5:14 na hindi nila alam ang mga nakaraang kabuhayan kung taga saan Siya.

31. Sumagot ang tao at sa kanila'y sinabi, Narito nga ang kagilagilalas, na hindi ninyo nalalaman kung siya'y taga saan, at gayon ma'y pinadilat niya ang aking mga mata.
32. Nalalaman naming hindi pinakikinggan ng Dios ang mga makasalanan: datapuwa't kung ang sinomang tao'y maging mananamba sa Dios, at ginagawa ang kaniyang kalooban, siya'y pinakikinggan niya.

Ang ano mang mabuting gawa ay galing sa Dios, maka-Dios, kayat hindi kailangan sinuhin pa o kilalanin ang gumawa. Ang wika ng Mananakop sa ibang bahagi ng Banal na Kasulatan: ang puno ay nakikilala sa kanyang bunga. Ang isa sa patunay na ang isang nilikha ay sumasamba sa Dios ay sa pamamagitan ng kanyang mga gawa; gawa ang magliligtas sa tao.

33. Buhat nang lalangin ang sanglibutan ay hindi narinig kailan man na napadilat ng sinoman ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag.

Nasabi na sa dakong una na ang isang bulag ay naroroon ang isang matibay na pagkukuro at pagsusuri; wala ang paghatol, hindi maghahanap ng ningning ng kayamanang pang lupa o alindog ng kapangyarihan.

34. Kung ang taong ito'y hindi galing sa Dios, ay hindi makagagawa ng anoman.
35. Sila'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, “ Ipinanganak kang lubos sa mga kasalanan, at ikaw бага ang nagtuturo sa amin? At siya'y pinalayas nila.”

Ito ang isa sa mga patotoo na ang tunay na diwa ng bulag ay ang manggagawa ng kasalanan, subalit ang batas ay pagsulong, ang tao ay magbabago sa tulong at subaybay ng kaitaasan, ngayon na nadilat na ang mga mata ng dating mapagkasala, tungkuling isagawa ang mga katotohanang nakikita at higit na ay ibahagi sa kapwa, ipalaganap.

Ang mga Judio na nasasa kanila pa ang kataasan at ayaw na mapangaralan ay pinalayas ang nagsasabi ng katotohanan at ginusto pa ang kadiliman.

36. Nabalitaan ni Jesus na siya'y pinalayas nila; at pagkasumpong sa kaniya ay sinabi niya, "sumasampalataya ka бага sa Anak ng Dios?"
37. Sumagot siya at sinabi. "at sino бага siya, Panginoon, upang ako'y sumampalataya sa kaniya?"
38. Sinabi sa kaniya ni Jesus, " Siya'y nakita mo na, at siya nga na nakikipagsalitaan sa iyo,"
39. At sinabi niya, Panginoon, sumasampalataya ako. At siya'y sinamba niya.

Nasabi na sa dakong una ang anak ay ang gawa. Ang Anak ng Dios ay ang mga dakila at banal na gawain. Ang mga gawa ng Mananakop ay pawang mga lantay ng kabanalan kayat nasabi Niya sa taong pinadilat ang mga mata na nakita na niya ang Anak ng Dios sa katauhan ng Panginoon.

40. At sinabi ni Jesus, "sa paghatol ay naparito ako sa sanglibutang ito, upang ang mga hindi nakakakita ay mangakakita; at upang ang mga nakakakita, ay maging mga bulag."
41. Yaong mga Pariseo na kasama niya ay nangakarinig ng mga bagay na ito, at sinabi sa kaniya, "Kami бага naman ay mga bulag din?"

42. Sa kanila'y sinabi ni Jesus, "kung kayo'y mga bulag, ay hindi kayo magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y sinasabi ninyo, Kami'y nangakakakita: nananatili ang inyong kasalanan."

Ang bulag ay nagkakaroon ng paningin, mangakakakita, subalit ang mga nakakakita ay magiging mga bulag, sabihin na lamang na laging nakapikit, at kung nakapikit ay hindi makikita ang kamalian ng kapwa, hindi makikita ang panglabas na kagalingan, ang panglabas na pagkatao upang gamitin sa pagpupuno ng mga kakulangan ng sarili.

Sa isang bulag ay nasabi na naroroon ang isang matibay na pagkukuro at pagsusuri, walang paghatol. Kung may susuriin ang isang bulag sa karamdaman ng pag-iisip, hindi magkakamali, iisipin ang nagawang mali ng mata, hindi maghahanap ng ningning ng mga bagay na pang materyal. Ang pagtutuunan ay ang mga bagay na hindi nakikita, mga damdamin ng pag-ibig sa kapwa, ang panananampalataya sa Dios, nakapikit ang mga mata sa tukso.

Sa katanungan ng mga Pariseo na kami бага ay mga bulag din? Ang sagot ng Mananakop" kung sinasabi ninyo na kayo ay mga nangakakikita ay mananatili ang inyong kasalanan, ang humahanap lamang ng kagandahan ay maaaring magkamali kung ang nakikita lamang ay ang kagandahang panglabas. Ang mga mata ay lagi ng naghahanap ng katotohanan."

KAPITULO 10

ANG PARABULA NG PASTOL

1. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang pumapasok sa hindi pintuan ng kulungan ng mga tupa kundi umaakyat sa ibang daan, ang gayon ay tulisan at magnanakaw.
2. Datapuwa't ang pumapasok sa pintuan ay siyang pastor ng mga tupa.
3. Binubuksan siya ng bantay-pinto; at dinirinig ng mga tupa ang kaniyang tinig: at tinatawag ang kaniyang sariling mga tupa sa pangalan, at sila'y inihahatid sa labas.
4. Pagka nailabas na niya ang lahat ng sariling kaniya, ay pinangungunahan niya sila, at nagsisisunod sa kaniya ang mga tupa: sapagkat nakikilala nila ang kaniyang tinig.
5. At sa iba'y hindi sila magsisisunod, kundi magsisitakas sa kaniya: sapagkat hindi nila nakikilala ang tinig ng mga iba.
6. Sinalita ni Jesus sa kanila ang talinghagang ito: datapuwa't hindi nila napag-unawa kung anong mga bagay ang sa kanila'y sinasalita.

Kung letra lamang ang kukunin at hindi ang diwa ng mga salita ng Mananakop ay hindi mauunawaan ang talinghaga, manapa'y baka hatulan na marahas ang mga salita lalo na sa mga unang kataga na ang pumapasok sa hindi pintuan ng kulungan ng mga tupa kundi umakyat sa ibang daan, ang gayon ay tulisan at magnanakaw.

Ang pinakadiwa ng mga katagang ito sang-ayon sa pag-aaral ng simulain ng Espiritismo ay ang palapahaman ng reencarnacion o muli't muling buhay.

Ang bawat kulungan ng mga tupa ay ang daigdigang lupa at ang mga tupa ay ang mga mamamayan. Isinugo ng Dios ang mga anghel, ang mga propeta, ang Kabatlayaan, katulad ng Mananakop bilang pastol.

Ang mananakop ang daan, ang pintuan ng mga tupa, mga tupang sagisag ng kaamuan, kababaang loob, pagtitiis, gagawa at papasanin ang kanyang krus. Ang sanglibutan ay malawak na pastulan, pagkatapos na makapagbayad ng mga pagkakautang ang susunod naman tutungkulin ay ang pagpapalaganap ng kabanalan at ito ay matutupad sa pamamagitan ng reencarnacion.

Ang pintuan ng kulungan ng mga tupa ay ang mga gawang kabanalan, ang ibang dadaanan ay magdadala sa tao sa pagkakasala at ang mga gawang pagkakasala ay tulisan, magnanakaw; nanakawin ang kaligayahan, ang kapayapaan ng sino mang padadaig sa pagsubok at pagkakasala.

Ang kawan ng mga tupa ay katulad ng mga alagad ng Mananakop, tinatawag sila sa kanilang pangalan at kilala naman ng mga alagad ang tinig ng Panginoon. Kayat nang sila'y tawagin, walang tanong-tanong, walang lingon likod agad ay nagsisunod sa Mananakop. Mayroon na sila ng mga tipanan mula pa sa nakaraang kabuhayan at ito ay pinagtibay sa bayan ng mga espiritu.

Sa mga may baunan na ng kabanalan ay kilala ang tinig ng pastol at nakikilala din ang tinig ng mga nagpapanggap at sa mga ito ay hindi sila susunod, manapa'y magsisitakas sa kanila.

SI JESUS ANG MABUTING PASTOL

7. Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus,” Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako ang pintuan ng mga tupa.
8. Ang lahat ng nangauna sa aking nagsiparito ay mga magnanakaw at mga tulisan: datapuwa’t hindi sila dininig ng mga tupa.
9. Ako ang pintuan; ang sinomang taong pumasok sa akin, ay siya’y maliligtas, at papasok at lalabas, at makasusumpong ng pastulan.”

Ang batas ay pagsulong. Ang mga nauna ay mga magnanakaw at tulisan; ang mga naunang ito ay mga unang kabuhayan ng mga nilikha sa kapatagang lupa, dala ng kamangmangan at kahinaan ay naging mapagkasala. Nauuna sa tao ang labis na pagmamahal sa sarili, ang kataasan, ang pagnanasa ng kapangyarihan at kadakilaan sa ibabaw ng lupa, ang pagnanasa ng mga kayamanang nagpapatigas ng puso, ang mga ito nagdadala sa tao sa pagkakasala; ang pagkakasalang ito ang magnanakaw ng tunay na kaligayahan at kapayapaang minimithi ng isang nilikha.

Ang sino mang susunod at gagawa sa mga aral ng Mananakop at sa mga susunod na mga kabuhayan ay hindi lamang sa pastulang ito ng kapatagang lupa makikitalad kundi sa iba pang mga planeta na higit ang antas sa gawi ng kabanalan kaysa lupa ay maluwag na makapagyayao’t dito upang magtamo ng pagkasulong at kaligtasan ng kaluluwa na siyang tunay na tao.

10. Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: ako’y naparito

upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito.

11. Ako ang mabuting pastor: ibinibigay ng mabuting pastor ang kaniyang buhay dahil sa mga tupa.
12. Ang nagpapaupa, at hindi ang pastor, na hindi may-ari ng mga tupa, ay nakikitang dumarating ang lobo, at pinababayaan ang mga tupa, at tumatakas, at inaagaw sila ng lobo, at pinapangangat:
13. Siya'y tumatakas sapagkat siya'y upahan, at hindi ipinagmamalasakit ang mga tupa.
14. Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, at sariling akin ay nakikilala ako.

Ang bawat magkakatawang laman na nilikha sa daigdigang lupa ay mayroong misyon, mayroon ng tungkuling tutuparin at tiniyak ng Mananakop na siya ay isinugo rito upang magbigay buhay sa tunay na tao, sa espiritu, sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kabanalan at sa gawaing ito ay kung kailangang ibigay ang buhay sa pagiging tunay na pastol upang iligtas ang mga tupa, ay gagawin at iyan ang isinagawa ng Mananakop.

Mayroon mga pastol na upahan at kung dumarating ang mga pagsubok, lalo na kung malalagay sa panganib ang sariling buhay, uunahing iligtas ang sariling buhay at iiwanan ang mga tupa sa sariling palad.

Nakikilala ng Mananakop ang kanyang mga alagad at nakikilala rin nila Siya. Kayat ng ang mga alagad ay tawagin, agad ay iniwanan ang gawaing pang material, sumunod sa kanya, sapagka'y nakikilala ang kanyang tinig, naaalala ang tungkuling kanilang tutuparin.

15. Gaya ng pagkakilala sa akin ng Ama, at ng sa Ama ay pagkakilala ko; at ibinibigay ko ang aking buhay dahil sa mga tupa.
16. At mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor.

Nasabi na sa dakong una na marami ang pastulan ng mga tupa, marami ang mga planetang pinamamayanan ng mga nilikha na umaasa rin sa subaybay at pag-aalaga ng Mananakop. Nababatid ng Dios ang banal na nasain na mailigtas ang maraming bilang ng mga nilikha, lahat kung maaari. Kung nasabi ng Mananakop na sa kanyang pagyao ay susuguin niya ang mga espiritung mang-aaliw, ang mga mang-aaliw na ito ang mga pastor ng mga kawan nais Niyang mailigtas.

Sa mga lunduyan ng simulain ng Espiritismo ay mayroong kani-kaniyang protektor, iyan ang isang halimbawa ng pastor ng bawat kawan ng mga tupa.

17. Dahil dito'y sinisinta ako ng Ama, sapagkat ibinibigay ko ang aking buhay, upang kunin kong muli.

Sa ibang kasulatan ng Banal na Kasulatan ay mayroon dalawang pagkakataon na sinabi ng Dios ukol sa Panginoon: "ito ang sinisinta kong Anak. " Ang una ay nang Siya ay biningyagan sa ilog Jordan ni Juan Bautista, at ang pangalawa ay sa bundok kung saan nagkaroon ng transfiguracion ang Guro.

Ang wika pa rin ng Mananakop, ang sinomang mawalan ng buhay ng dahil sa akin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Ang Panginoon din ang nagsabi," na wala nang hihigit pa sa rito na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay alang-alang

sa kaibigan.” Sapagkat ang mga gawaing ito ay maka-Dios, magkakaroon ng buhay na walang hanggan ang tutupad nito.

Kung ibinibigay ng Mananakop ang Kanyang buhay alang-alang sa mga tupa, ang nawawala lamang dito ay ang katawang laman, subalit ang espiritu na walang kamatayan ay muling magkakaroon ng panibagong katawang laman na katumbas ng salitang kung ibinibigay ko ang aking buhay ay upang kunin kong muli, bahagi ng palapahaman ng reencarnacion.

18. Sinoma’y hindi nag-aalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinibigay. May kapangyarihan akong magbigay nito, at may kapangyarihan akong kumuhang muli. Tinanggap ko ang utos na ito sa aking Ama.
19. At muling nagkaroon ng isang pagbabahabahagi sa gitna ng mga Judio dahil sa mga salitang ito.

Ang isang nilikha na unlad na ang antas sa gawi ng kabanalan ay hindi na inaalintana ang sariling kapakanan. Ang pawang nakapupuno sa kanyang pagkatao ay ang kapwa na larawan ng Dios, ang kapwa na kasangkapan upang matupad ang pag-ibig sa Dios.

Sa mga nilikha na unlad na ang antas ng kabanalan ay likas na ang lahat ng kanyang punyagiin ay para sa kapwa; ang layuning makatulong sa kapwa, kusa at tapat, hindi na kailangan utusan pa na magkawanggawa at sapagkat banal ang layunin at maka-Dios, kayat walang makapag-aalis higit na sa Mananakop.

Inamin ng Mananakop na tinanggap Niya ang utos mula sa Dios, patunay na hindi siya Dios, kundi taong nagpaka-Dios at ito ay natamo sa pamamagitan ng reencarnacion.

20. At sinasabi ng marami sa kanila, Mayroon siyang demonio, at siya'y nauulol; bakit ninyo siya pinakikinggan?

Kapag hindi na kayang unawain ang sinasalita at ginagawa ng isang nagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios, agad ay hahatulan na ang nagpapalaganap ay sa demonio o kayat nasisiraan ng bait. Ganyan din ang paghatol ng mga walang pagsusuri sa simulain ng Espiritismo, na ang Espiritismo daw ay sa demonio; hindi matanggap ang palapahaman ng reencarnacion, hindi matanggap na ang mga espiritu ng mga yumao at nasa likod na ng libingan ay nakapagpapahayag o nakakausap sa maraming kaparaanan at ang isa nito ay sa pamamagitan ng mga medium at ito ay isa pa rin sa pinag-aalinlanganan.

21. Sinasabi ng mga iba, Hindi sa inaalihan ng demonio ang mga sabing ito. Maaari bagang ang demonio ay makapagpadilat ng mga mata ng bulag?

Marami na rin ang nakatatanggap ng simulain ng Panginoon at sapagkat ang mga bagay na maka-Dios ang siyang magwawagi, marami rin mga tao ang nakatatanggap sa katotohanan.

TINANGGIHAN SI JESUS

22. At niyao'y kapistahan ng pagtatalaga sa Jerusalem:
23. Noo'y tagginaw; at naglalakad si Jesus sa templo sa portiko ni Salomon.
24. Nilibot nga siya ng mga Judio, at sa kaniya'y sinabi,"hanggang kailan mo pa бага pag-aalinlanganin kami? Kung ikaw ang Cristo, ay sabihin mong maliwanag sa amin."

25. Sinagot sila ni Jesus, “sinabi ko sa inyo, at hindi kayo nagsisampalataya: ang mga gawang ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama, ay siyang nangagpapatotoo sa akin.
26. Datapuwa’t hindi kayo nagsisampalataya, sapagkat hindi kayo sa aking mga tupa.
27. Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila’y aking nakikilala, at sila’y nagsisisunod sa akin:
28. At sila’y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma’y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay.
29. Ang aking Ama, na sa kanila ay nagbigay sa akin, ay lalong dakila kay sa lahat; at hindi sila maaagaw ninoman sa kamay ng Ama.
30. Ako at ang Ama ay iisa.”

Ang tagpong ito ay nangyari sa panahon ng taglamig na ang ibig sabihin ay sa panahon na ang kalagayan ng mga tao ay lubhang makasarili, niyayakap ang kanilang mga sarili, nakatikom ang mga palad at nasa loob ng damit o nasa sa bulsa ng damit, ayaw ilahad ang mga palad sa pagkakawanggawa sa kapwa, natatakot na mauubusan.

Hinihingi ng mga Judio na sabihin na sa kanila ng Mananakop ng tuwiran na Siya nga ang Cristo. Ang sagot ng Mananakop ay lakip pa rin ang kababaan at maliwanag; ang mga gawang ginawa ko sa pangalan ng aking Ama, ay siyang magpapatotoo kung sino Siya, subalit dala naman ng kataasan ng mga Judio ay hindi nagsisampalataya sa kanya; hindi nagsisampalataya ang mga Judio sapagkat hindi sila ang mga tupa ng Mananakop.

Ang tupa ng Panginoon ay maamo, maunawain, nakikilala ang kanyang tinig at sumusunod sa Kanyang mga aral ng kabanalan at ito ang nagdudulot ng buhay na walang hanggan.

Kailan man ay hindi sila malilipol. Kahit dalhin ang katagang ito sa mga hayop, lalo na sa mga tupa, hindi sila malilipol.

Mahigit na di hamak ang bilang ng mga tupa kaysa mga leon. Ito ay hindi isang aksidente. Hindi magkakamali ang kalikasan. Ang kalikasan ay kasangkapan ng Dios, ang Dios ay hindi lilikha ng walang kabuluhan bagay, kahit ang isang butil na buhangin ay mayroon ng kasilbihan. At kung pagbabalikan ang unang kasaysayan ng daigdig, hindi sinisila at kinakain ng mga leon ang mga tupa. Sa pananatiling mabait, dinaig ng mga tupa ang mga leon, ni hindi ng dahil sa ipanagtatanggol ng mga tao para kainin ang mga tupa, sa katunayan, maraming pinapatay na mga tupa ang mga tao kaysa leon. Ang kalikasan ang humahatol sa mga leon.

Kung susuriin hindi binigyan ng kalikasan ng dalawang kapangyarihan ang isang hayop. Ang leon ay mabangis at malakas subalit madalang ang kanilang pagdami. Ang lahat ng kanyang lakas ay nauukol sa pakikibaka, at kung magkakaroon ng anak ay magdudulot ng panganib sa kanyang buhay.

Sa kabilang dako naman ang mga tupa ay hindi nakikihamok sapagkat mahina. At sapagkat hindi mangdirigma, nagagamit ang kanilang lakas sa pagpaparami. Maiino na ang mga hayop na maninila ay umuunti at nawawala. Ang mga leon ay hindi nagsasama-sama, di tulad ng mga tupa na nagtatabi-tabi kung mayroon ng panganib.

Sa binigkas ng Mananakop na ako at ang Ama ay iisa, ito ay bigkas ng pagpupuri sa Dios. Ang katagang ito ay ginagamit na

patunay ng mga pananampalataya na ang paniniwala ay ang Mananakop ay Dios. Bago sinabi ng Panginoon ang katagang ito ay kasasabi pa lamang Niya na ang Aking Ama, na sa kanila ay nagbigay sa akin, ay lalong dakila kaysa lahat.

Ang diwa ng katagang Ako at ang Ama ay iisa ay sapagkat kapwa mayroon ng espiritu, ang Dios at ang Mananakop. Ang Dios ay espiritu at katotohanan. Ang lahat ng may buhay ay mayroong espiritu at ang lahat ng espiritu ay mula sa Dios, bahagi ng Dios, kayat ang lahat ng nilikha at ang Dios ay iisa. Ito ay higit na pinatotohanan ng mga sumusunod na talata:

31. Nagsidampot uli ng mga bato ang mga Judio upang siya'y batuhin.
32. Sinagot sila ni Jesus, "maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa akin?"
33. Sinagot siya ng mga Judio, "hindi dahil sa mabubuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagkat ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunuwari kang Dios."
34. Sinagot sila ni Jesus, "hindi бага nasusulat sa inyong kautusan, Aking sinabi, Kayo'y mga Dios?"
35. Kung tinawag niyang mga Dios, yaong mga dinatnan ng salita ng Dios (at hindi mangyayaring sirain ang kasulatan).
36. Sinasabi бага ninyo tungkol sa kaniya, na pinabanal ng Ama at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay namumusong; sapagkat sinasabi ko, Ako ang Anak ng Dios?
37. Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng aking Ama, ay huwag ninyo akong sampalatayan.
38. Datapuwa't kung ginagawa ko, ang mga yaon kahit hindi kayo magsisampalataya sa akin, ay magsisampalataya

kayo sa mga gawa; upang maalaman ninyo at mapag-unawa na ang Ama ay nasa akin, at ako'y nasa Ama.

39. Muling pinagsikapan nilang Siya'y hulihin: at Siya'y tumakas sa kanilang mga kamay.

Nasabi na sa dakong una na ang diwa ng salitang anak ay ang mga gawa. Ang mga gawa at ginagawa ng Mananakop ay pawang maka-Dios, gawang kabanalan at kabutihan. Kung hindi man matanggap ng mga Judio ang pagkatao ng Mananakop dala nga na alam nilang hindi nakaabot sa mataas na pamantasan ng mga tao, subalit ang Kanyang mga gawa, ang mga tanda na Kanyang ipinakita ay hindi kayang isagawa ng pangkaraniwang tao, yaon mang lamang sanang mga dakilang gawa ay sampalatayanan ng mga Judio.

Ang panahon at kalikasan ay para sa paggawa, ang gawa ang magliligtas sa tao, isakatuparan ang utos ng Dios. Hindi ililigtas ang tao ng kanyang relihiyon o pananampalataya kung wala ang gawa, gawa ang magliligtas.

Hindi pa mahuhuli o masasaktan ang Mananakop, sapagkat hindi pa dumarating ang oras.

40. At Siya'y muling naparoon sa dako pa roon ng Jordan sa dako nang una'y pinagbautismuhan ni Juan; at Siya'y tumira doon.

Nasabi na sa dakong una na ang sagisag ng Jordan ay ang kapatagang lupa; ang salitang muling naparoon, tumira doon ay patotoo na ang Mananakop ay maraming beses na nagkatawang tao sa kapatagang lupa upangangat ang kalagayan ng mga tao sa gawi ng kabanalan.

41. At marami ang mga nagsiparoon sa kaniya; at kanilang sinabi, Katotohanang si Juan ay hindi gumawa ng tanda: nguni't lahat ng mga bagay na sinalita ni Juan tungkol sa taong ito ay totoo.
42. At marami ang mga nagsisampalataya sa kaniya roon.

Maliwanag ang mga huling katagang ito.

KAPITULO 11

ANG KAMATAYAN NI LAZARO

1. Isang tao nga na may-sakit, si Lazaro na taga Betania, na nayon ni Maria at ni Marta na kaniyang kapatid.
2. At ito'y yaong si Maria na nagpahid sa Panginoon ng unguento, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok, na ang kaniyang kapatid na si Lazaro ay may-sakit.

Si Maria at si Marta ay larawan ng dalawang uri ng nilikha na tumatanggap ng mga aral ng Mananakop. Si Maria na nang una ay mahilig sa layaw ng laman, sa mga bagay na kamunduhan, subalit nang matanggap niya ang simulain ng Panginoon ay nagbagong buhay, pinagsisihan ang mga nagawang kasalanan at pinalitan ng mga gawang kabanalan.

Ang karangyaan ng katawang laman ay sinasagisag ng unguento o pabango, ngayon ay ginamit niya sa pagpahid sa Panginoon na sagisag ng kabanalan, lakip ang kababaan ng loob na sinasaigisag ng buhok na nasa ulo o itaas o kataasan ay ngayon ginamit niya sa pagpahid sa paa ng Mananakop, paa na sagisag ng kababaan at pagpapalaganap ng simulain.

Kung dumadalaw ang Mananakop sa tahanan ni Maria at Marta, si Maria ay laging nakikinig sa mga aral ng Mananakop; samantalang si Marta naman na sagisag ng nilikha na oo nga at natatanggap ang simulain ng Panginoon subalit inuuna pa ang mga alagatain pang kapatagan. Kayat ng minsan nasa piling nila ang Guro, si Maria ay nakikinig sa sinasabi ng Panginoon subalit si Marta naman ay patuloy pa rin sa mga gawain pang bahay, katulad ng pagluluto ng pagkain ng mga panauhin. Nang ipatawag ni Marta sa Panginoon si Maria upang siya'y tulungan,

ang wika ng Mananakop kay Marta, huwag kang mabahala o maligalig sa maraming bagay, ang iyong kapatid na si Maria ay nakaiigi sa kanya at karapat dapat na gawin at kailangang gawin ng sino mang mananampalataya. Maging ng mamatay si Lazaro ay hindi umiyak si Maria.

3. Nagpasugo nga sa kaniya ang mga kapatid na babae, na nagsasabi, Panginoon, narito, siya na iyong iniibig ay may-sakit.
4. Nguni't pagkarinig ni Jesus nito, ay sinabi niya, Ang sakit na ito'y hindi sa ikamamatay, kundi sa ikaluluwalhati ng Dios, upang ang Anak ng Dios ay luwalhatiin sa pamamagitan niyaon.
5. Iniibig nga ni Jesus si Marta, at ang kaniyang kapatid na babae, at si Lazaro.

Sa pamamagitan ng mediumnidad ng Mananakop, agad ay nalalaman Niya kung ang karamdaman ng isang nilikha ay hahantong sa kamatayan o kung ang karamdaman ay kaparaanan lamang ng pagbabayad utang at pagpigil sa isang nilikha sa kanyang gagawin hindi karapat-dapat; at sa pagkakasakit na ito ni Lazaro ay kinasangkapan lamang siya upang mahayag ang kapangyarihan ng Dios sa pamamagitan ng kaniyang mga isinugo, katulad ng Panginoon Hesukristo at ito ang kahulugan ng salita ng Mananakop na sa ikaluluwalhati ng Dios upang ang Anak ng Dios ay luwalhatiin; bubuhayin si Lazaro.

6. Nang mabalitaan nga niya na siya'y may-sakit, siya'y tumahang dalawang araw nang panahong yaon sa dating kinaroroonan niya.
7. Saka pagkatapos nito ay sinabi niya sa mga alagad, Tayo nang muli sa Judea.

Tumahang dalawang araw sa kaniyang kinaroroonan, dalawa, sagisag ng espiritu at katawang laman upang gumawa na sagisag ng araw, tumupad ng tungkulin sa Judea, sa kapatagang lupa kung saan naroroon ang mga pagsubok.

8. Sinabi sa kaniya ng mga alagad,” Rabi, ngayo’y pinagsisikapang batuhin ka ng mga Judio; at muli kang paroroon doon?”
9. Sumagot si Jesus, “hindi бага ang araw ay may labingdalawang oras? Kung ang isang tao’y lumalakad samantalang araw, ay hindi siya natitisdod, sapagkat nakikita niya ang ilaw ng sanglibutang ito.”
10. “Nguni’t ang isang taong lumalakad samantalang gabi, ay natitisdod siya, sapagkat walang ilaw sa kaniya.”

Nabanggit na sa dakong una na ang isa sa mga sinasagisag ng bilang na labingdalawa ay ang paggawa; at kung ang paggawang ito ay isasakatuparan samantalang mayroon pang liwanag katulad ng simulain ng Dakilang Guro, hindi magkakamali. Subalit kung gagalaw na hindi lubhang nalalaman ang tunay na kadahilanan ng mabuhay sa kapatagang lupa ay nanganganib na makalabag sa batas ng Dios. Nawika ng Panginoon sa siya ang ilaw, ang tanglaw ng sanglibutan.

11. Ang mga bagay na ito’y sinalita niya: at pagkatapos nito’y sinabi niya sa kanila, Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog; nguni’t ako’y paroroon, upang gisingin ko siya sa pagkakatulog.
12. Sinabi nga ng mga alagad sa kaniya, Panginoon, kung siya’y natutulog, ay siya’y gagaling.
13. Sinalita nga ni Jesus ang tungkol sa kaniyang pagkamatay: datapuwa’t sinapantaha nila na ang sinalita ay ang karaniwang pagtulog.

14. Nang magkagayon nga ay sinabi sa kanila ni Jesus ng malinaw, Si Lazaro ay patay.
15. At ikinagagalak ko dahil sa inyo rin na ako'y wala roon, upang kayo'y magsipaniwala; gayon ma'y tayo na sa kaniya.

Ang wika ni San Pablo, araw-araw siya ay namamatay; sa bawat pagtulog ng isang nilikha ang kanyang espiritu ay nakalalaya na pangsamantala sa pagkabilanggo sa katawang laman. Ang peri- espiritu na isa sa mga bahagi ng isang tao ang nagpapahintulot na makalaya ang espiritu subalit nakatali pa rin sa katawan laman. Pagkaraan ng pagtulog ay babalik ang espiritu sa katawang laman at ito ang akala ng mga alagad na kung si Lazaro ay natutulog, muli siyang magkakamalay.

Subalit ng sinabi na ng Mananakop na si Lazaro ay patay, dalawa ang ibig sabihin nito: Una, na si Lazaro ay nagkasala at nabanggit na sa dakong una na ang mapagkasala, ang katumbas ay patay sapagkat pinatay niya ang kaligayahan at kapayapaan ng kanyang tunay na tao o ang kanyang espiritu; Pangalawa, na mayroong mga nilikha na nangyayari na tinatawag ng mga doctor sa wikang ingles na "Clinically Dead", walang pulso at tibok ng puso subalit pagkalipas ng ilang saglit ay muling nabubuhay.

Mayroon mga nilikha na nakaburol na at pinaglalamayan ay nagbabangon na muli, humuhingi ng pagkain at tubig. Ito ang isa sa mga kadahilanan kung bakit hangga't maaari ay huwag munang imbalsamuhin ang isang akala ay patay na.

Sa kalagayan ni Lazaro, higit ang paniniwala na siya nga ay patay na. Nagdudulot ng pag-aalilangan ang dalawang pakahulugang ito sa mga alagad na kung si Lazaro ay natutulog

lamang o siya ay patay na. Iyan ang inilalarawan ng mga sumusunod na mga kataga:

16. Si Tomas nga, na tinatawag na Didimo, ay nagsabi sa mga kapuwa niya alagad, Tayo'y magsiparoon din naman, upang tayo'y mangamatay na kasama niya.

Ang ibig sabihin ng pangalang Tomas ay pag-aalinlangan at ang Didimo ay kakambal, kakambal ng pag-aalinlangan. Ang tinutukoy na kamatayan dito ay ang kamatayan ng Mananakop kapag magbalik Siya sa Judea, babatuhin Siya ng mga Judio at maganda ang salita ni Tomas na magsiparoon din silang mga alagad upang mamatay na sama-sama. Ang nag-aalinlangan ay nagsusuri.

SI JESUS ANG RESURECCION, ANG BUHAY

17. Kayat nang dumating si Jesus, ay naratnan niyang apat na araw na siya'y nalilibing.
18. Ang Betania nga'y malapit sa Jerusalem, na may layong labing limang estadio;
19. At marami sa mga Judio ang nangakaparoon na kay Marta at kay Maria, upang sila'y aliwin tungkol sa kanilang kapatid.

Apat na araw nang nakalibing, apat na sagisag ng materia o nang katawang laman kung saan ang espiritu ay nakabilanggo upang makatupad ng tungkulin upang masulong. Subalit kung magtatalusira sa pagtupad ng tungkulin, iyan ang kalagayang maysakit o patay.

At sapagkat sinabi ng Panginoon na ang sakit ni Lazaro ay hindi niya ikakamamatay, kundi sa kawaluluwalhati ng Dios upang ang anak ng Dios ay luwalhatiin din. Ang Betania ay

malapit lamang sa Jerusalem ay marami ang mga Judio na nangakaparoon upang marami ang makasasaksi sa mga mangyayari

20. Si Marta nga, nang marinig niyang si Jesus ay dumarating, ay yumaon at sumalubong sa kaniya: nguni't si Maria ay nanatiling nakaupo sa bahay.
21. Sinabi nga ni Marta kay Jesus, Panginoon, kung ikaw sana'y narito, disin ang kapatid ko ay hindi namatay.
22. At ngayon man nama'y nalalaman ko na, anomang hingin mo sa Dios, ay ipagkakaloob sa iyo ng Dios.

Sa ginawang pagsalubong at higit na ay sa sinabing ano mang hingin ng Panginoon sa Dios ay ipagkakaloob ng Dios ay naglalarawan na nang pagkasulong ni Marta sa gawi ng karunungan pang espirituwal at ang kanyang pananampalataya sa Dios at sa Mananakop.

23. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “magbabangon uli ang iyong kapatid”.
24. Si Marta ay nagsabi sa kaniya, “nalalaman ko na siya'y magbabangon uli sa pagkabuhay na mag-uli sa huling araw.”

Ang pagkasulong ni Marta ay hindi pa dumarating sa antas na matanggap na niya ang palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay; ang alam niya ay ang lumang paniniwala na magbabangon muli ang isang namatay sa huling araw. Marami pa rin sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo ang mga mayroon pa ng pag-aalinlangan sa palapahamang ito ng reencarnacion.

25. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “Ako ang pagkabuhay na mag-
uli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin,
bagama’t siya’y mamatay, gayon ma’y mabubuhay siya;
26. At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa
akin ay hindi mamamatay magpakailan man.
Sinaspalatayan mo ba ito?”
27. Sinabi niya sa kaniya, “Oo, Panginoon:
sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang Anak ng
Dios, sa makatuwid ba’y ang naparirito sa
sanglibutan.”

Nasabi na sa dakong una na ang kalagayan ng patay ay ang manggagawa ng pagkakasala, subalit naririyang ang batas ng pagkasulong; kung magbabago at papalitan ang mga gawain ng pawang kabanalan na katumbas ng pananampalataya sa Mananakop na sagisag ng kabanalan, siya’y mabubuhay. Iyan din ang dumarating na pagkasulong ni Marta, katulad ni Maria.

UMIYAK SI JESUS

28. At nang masabi na niya ito, ay yumaon siya at tinawag
ng lihim si Maria na kapatid niya, na sinasabi, “ang Guro
ay narito, at tinatawag ka.”
29. At siya, nang marinig niya ito, ay nagtindig na madali, at
pumaroon sa kaniya.
30. (Hindi pa nga dumarating si Jesus sa nayon, kundi
naroroon pa sa dakong kinasalubungan sa kaniya ni
Marta).
31. Ang mga Judio nga na kaniyang mga kasama sa bahay,
at nangagsisaliw sa kaniya, pagkakita nilang si Maria, na
siya’y nagtindig na madali at lumabas, ay nagsisunod sa
kaniya, na inaakalang paroroon siya sa libingan upang
doo’y tumangis.

32. Si Maria nga, pagdating niya sa kinaroroonan ni Jesus, at pagkakita sa kaniya, ay nagpatirapa sa kaniyang paanan, na sinabi sa kaniya, “Panginoon, kung ikaw sana’y narito, disin ay hindi namatay ang aking Kapatid.”

Ang wika ni Maria ay kung dumating lamang ng maaga ang Panginoon, hindi sana namatay si Lazaro; hindi sana nanghinayang ang tao, sapagkat ang wika ng Guro, Siya ang buhay na walang hanggan. Ang tao ay buhay, lamang patay ang paggawa, patay ang pagasa, kinukulang ang sarili, tinakpan ng bato ng libingan, tumitigas ang kanyang puso, alipin ng katamaran at pag-aalinlangan, bumabalik sa alabok, sa lupa.

Hindi ito ang dapat panghinayangan kundi yaong mga panahon, mga saglit na ginugol sa mga walang kabuluhang mga bagay, pawang makalupa, maging ang pintigin ng pag-iisip ay makalaman. Bubuhayin ng kaitaasan ang laman sa salita ng Dios.

33. Nang makita nga ni Jesus na siya’y tumatangis, at gayon din ang mga Judiong nagsisitangis na kasama niyang dumating, ay nalagim siya sa espiritu, at nagulumihan.
34. At sinabi, “saan ninyo siya inilagay?” Sinabi nila sa kaniya,” Panginoon, halika at tingnan mo.”
35. Tumangis si Jesus.

Dalawang pangyayari ang nagaganap sa kataong ito: Ang una ay pinatotohanan ang kapangyarihan ng magnetismo o talipandong na nasa paligid o ambiente ng isang pook. Isang halimbawa ay ang pakikipaglibing ng mga tao sa isang namatay upang ipadama ang kanilang pakikiramay sa pamilya ng namatay; wala ang balak na umiyak o lumuha, subalit kung naghahagulgulan na o nanangis ang mga naulila, wala sa loob ng

ilan ay naiiyak na rin sila. Ito ay bunga ng uri ng magnetismo sa pook na yaon at ito ay nakahahawa.

Ito ay nangyayari din naman sa mga pagkakataon na ang nagaganap ay kasayahan, o kaya ay kainitan ng simbuyo o pagkagalit ang naghahari, katulad ng welga o demonstracion.

Ang pangalawang pangyayari sa pag-iyak ng Panginoon ay may kinalaman sa biyaya ng mediumnidad, katulad ng medium parlante. Mayroong medium parlante na kapag ginagamit ng Kabatlayaan o mga espiritung banal ay animo'y lumuluha, umiiyak. Sa pagkakataong ito sa libingan ni Lazaro ay lubos ang pangangailangan ng subaybay ng kaitaasan at sa katausan ng paghingi ng tulong ng Panginoon ay nagdudulot ng pagtangis.

36. Sinabi nga ng mga Judio, Tingnan ninyo kung gaano ang pagibig niya sa kaniya!

37. Datapuwa't ang ilan sa kanila'y nagsipagsabi, "hindi бага magagawa ng taong ito, na nagpadilat ng mga mata ng bulag, na ang taong ito naman ay huwag mamatay?

Nasusulong na ang marami sa mga Judio, natatanggap na ang Panginoon ay ang Cristo, katulad ng pagkatanggap ni Marta.

BINUHAY SI LAZARO

38. Si Jesus nga sa muling pagkalagim sa kaniyang sarili ay naparoon sa libingan. Yaon nga'y isang yungib, at mayroong isang batong nakatakip sa ibabaw noon.

Ang muling pagkalagim ng Mananakop ay bahagi pa rin ng mediumnidad, sa pamamagitan ng telepatya na ang ginagamit ay ang lakas ng pag-iisip ay nagpapadala ang Panginoon ng

magnetismo, nang fuerza vital sa katawan ni Lazaro. Marami ang pinagaling ng Mananakop sa pamamagitan lamang ng telepatya.

39. Sinabi ni Jesus, “alisin ninyo ang bato”. Si Marta, na kapatid niyaong namatay, ay nagsabi sa kaniya,” Panginoon, sa ngayon ay nabubulok na ang bangkay sapagkat may apat na araw nang siya’y namamatay.”

Si Marta na kasasabi pa lamang sa Panginoon na sumasampalataya na siya ang Cristo, ang Anak ng Dios ay larawan pa rin ng mga nilalang na pinaghaharian pa rin ng pag-aalinlangan kayat marapat ang pagpapaalala ng Guro:

40. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “di бага sinabi ko sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Dios?”
41. Kayat inalis nila ang bato. At itiningin ni Jesus sa itaas ang kaniyang mga mata at sinabi,
42. “ Ama, nagpapasalamat ako sa iyo, na ako’y iyong dininig.
43. At nalalaman ko na ako’y lagi mong dinirinig: nguni’t ito’y sinabi ko dahil sa karamihang nasa palibot, upang sila’y magsisampalataya na ikaw ang nagsugo sa akin.”

Ang lahat ng mga pangyayaring ito ay pawang nakasulat na, alam na ang mga ito ang mangyayari upang matupad ang nasabi sa dakong una ng kapitulong ito na ang pangyayari ay sa ikaluluwalhati ng Dios at upang ang Anak ng Dios ay luwalhatiin. Alam ng Mananakop na ang peri-espiritu ni Lazaro ay hindi pa nalalagot at nag-uugnay pa rin sa katawan laman at sa espiritu ni Lazaro; kailangan lamang ang pagbibigay ng fuerza vital o magnetismo upang magising.

44. At nang masabi niya ang gayon, ay sumigaw siya ng malakas na tinig, “Lazaro, lumabas ka.”
45. Siya na patay ay lumabas, na natatalian ang mga kamay at mga paa ng mga kayong panglibing; at ang kaniyang mukha ay nababalot ng isang panyo. Sinabi sa kanila ni Jesus, “siya’y inyong kalagan, at bayaan ninyo siyang yumaon.”

Masasabi nang marahan ang utos kay Lazaro na siya ay lumabas, subalit kailangang marinig ng mga nakapaligid upang lalong sumampalataya ang mga Judio. Lumabas si Lazaro na may tali ang kamay at mga paa ng kayong panglibing, sagisag ng material, ng katawan laman mabigat at tinatalian ang espiritu na dati ay malaya mula sa bayan ng mga espiritu; na ang layunin ay makatupad ng tungkulin, magbago at masulong.

Ipinaalis ang tali ng mga paa at mga kamay at ang panyong nakatakip sa mukha, aalisin ang mga bagay na makasarili, ang labis na pagmamahal sa sarili upang makita ang pangangailangan ng kapwa.

BALAK LABAN KAY JESUS

(Mateo 26:1-5; Marcos 14:1-2; Lucas 22:1-2)

46. Marami nga sa mga Judio ang nagsiparoon kay Maria at nangakakita ng ginawa niya, ay nagsisampalataya sa kaniya.
47. Datapuwa’t ang ilan sa kanila ay nagsiparoon sa mga Pariseo, at sinaysay sa kanila ang mga bagay na ginawa ni Jesus.

Nasabi na sa dakong una na antas-antas ang pagkasulong ng mga nilikha. Ang mga nagsisampalataya dala ng kanilang nasaksihan ay mayroon na ng baunan kabutihan at kaalaman na

nagmula sa mga nakaraang kabuhayan; kailangan lamang ang kalabitin katulad ng kuerdas ng gitara upang maalala at magtumibay ang kanilang pananampalataya sa Dios.

Ang iba naman ay dala ng kamangmangan, ang nakikita ay ang kapangitan sa gitna ng kagandahan, ang napapansin ay ang masama sa gitna ng mabubuting gawa at layunin.

48. Ang mga pangulong saserdote nga at ang mga Pariseo ay nangagpulong, at nagsipagsabi, “ano ang ginagawa natin? sapagkat ang taong ito’y gumagawa ng maraming tanda.
49. Kung siya’y ating pabayaang gayon, ang lahat ng mga tao ay magsisisampalataya sa kaniya: at magsisiparito ang mga Romano at pagkukunin ang ating kinaroroonan at gayon din naman ang ating bansa.”

Kung ang lahat ng tao ay magsisampalataya sa Mananakop na ang dala-dala ay pawang kababaang loob, wala ng karangyaan, makikita ng Roma na sumasakop sa Judea na hindi kailangan ang mga mararangyang templo, ang mga ceremonias at mga ritos na ginagawa ng mga saserdote at mga Pariseo na kaparaanan upang sila ay dakilain, tingalain at tumanggap ng salapi at mga ari-arian ng mga tao.

50. Nguni’t ang isa sa kanila na si Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon, ay nagsabi sa kanila, “kayo’y walang nalalamang anoman.”
51. “Ni inyong niwawari na sa inyo’y nararapat na ang isang tao ay mamatay dahil sa bayan, at hindi ang boong bansa ay mapahamak.”
52. Ito nga’y sinabi niya na hindi sa kaniyang sarili: kundi palibhasa ay dakilang saserdote nang taong yaon, at

hinulaan niya na si Jesus ay dapat mamatay dahil sa bansa:

53. At hindi dahil sa bansa lamang, kundi upang matipon din naman niya sa isa ang mga anak ng Dios na nagsisipangalat.

Maging ang kanyang mga pananalita ay nabanggit na ang ilan sa kasulatan ng Lumang Tipan, mula sa Genesis at mga sinulat ng mga naunang mga propeta, lalo na sa mga awit ni Haring David. Ang mga ito ay nabasa na rin ng dakilang saserdote ng taong yaon na si Caifas, kayat nahulaan na niya na ang Mananakop ang nagbibigay ng buhay alang-alang sa sangkatauhan. Natatanggap din ni Caifas na kung ibibigay ng Dakilang Guro ang kanyang buhay alang-alang sa kapwa, makikita ang kanyang kadakilaan at magkakaisa sa pagsamba sa iisang Dios na nagsugo sa Panginoon. Natatanggap na ito ng mga Pariseo.

54. Kayat mula nang araw na yaon ay pinagsanggunianan nilang ipapatay siya.
55. Si Jesus ay hindi na naglalakad ng hayag sa gitna ng mga Judio, kundi naparoon doon sa lupaing malapit sa ilang, sa isang bayan na tinatawag na Efraim: at siya'y nanahanan doong kasama ng mga alagad.

Ang bukirin ng Dios ay malawak, ang pangulo ng Efraim ay ang Samaria at nabanggit na sa dakong una na magmula ng magtagpo ang Mananakop at ang babaeng Samaritana sa balon ni Jacob ay marami ang sumampalataya sa Dakilang Guro. Marapat lamang na kanyang dalawin ang kanyang mga naging mga alagad sa pook na yaon. Ang pagpapalaganap na ito sa ibang pook ay hindi upang iwasan ang mga nagnanasa sa kanyang kamatayan; naalaman ng Panginoon kung kailan Siya maaaring hulihin, kung kailan Siya maaaring patayin.

Natatanggap na ng mga saserdote at mga Pariseo ang kadakilaan ng Guro at nakikita nila ang kanilang panganib na mawala ang pagtingala sa kanila ng mga tao; mawala ang kanilang kapangyarihan at kadakilaan at higit na ay ang kanilang kayamanan. Ang kamatayan lamang ng Mananakop ang tanging makapagliligtas sa kanila sa pagkawasak.

56. Ang paskua nga ng mga Judio ay malapit na: at maraming nagsisiahon sa Jerusalem mula sa lupaing yaon bago magpaskua, upang magsipaglinis.

Ang paskua sa panahon ni Moises ay ang araw sa unang buwan ng taon, kukuha ng isang kordero upang kainin at alalahanin ang paglaya ng mga Israelita sa Ehipto. Ang kordero ay isang taon ang gulang, lalake at pagdating ng gabi ay ibubuhos ang dugo upang huwag salakayin ng kapinsalaan. Uubusin ang kordero at kung may matira ay susunugin hanggang sa maging abo. Ang mga kakain ay magbibigkis, may tangang tungkod at dali-daling kakainin ang kordero.

Dadanasin ang mga pagbabayad utang, ang mga pagsubok, at sapagkat hindi pa banal ay muling magkakatawang laman upang akayin ang kapwa sa gawang kabanalan, katumbas ng pagsunog sa sarili, litsunin katulad ng ginawa sa kordero at nang madalisay, malinis.

Ang kordero ay isang taon, lalake at walang kapintasan, iyan ang sagisag ng espiritu, maituturing na isang taon sapagkat bata pa, walang kapintasan sapagkat nakapagbayad na ng pagkakautang; magmimission, magiging tagapagpalaganap. Susunugin ng mga pagsubok katulad ng pag-uyam na ginawa sa Guro.

Nakatali ang baiwang o nakabigkis, mayroong sandalyas ang mga paa. Bigkis na sagisag ng pagtangan sa sarili, pigilan ang mga masasamang hilig katulad ng pagkagalit, ang labis na pagmamahal sa sarili; kailangan ang sandalayas ng mga paa, ang mga araling magdadala sa daan ng katwiran, sa landas ng buhay, magpapalaganap. May tangang tungkod, tungkod na sagisag ng karunungan at pag-ibig; dali-daling kumain, gumawa agad, huwag mag-aksaya ng panahon upang magkaroon ng kalinisan at pagkasulong.

57. Pinaghahanap nga nila si Jesus, at pinag-uusapan ng isa't isa, samantalang nangakatayo sila sa templo, Anong akala ninyo? Na hindi na kaya siya paririto sa pista?
58. Ang mga pangulong saserdote at ang mga Pariseo nga ay nangag-utos, na. kung ang sinomang tao'y nakakaalam ng kung saan siya naroroon, ay dapat niyang ihayag, upang kanilang madakip siya.

Ang paghuli o pagdakup sa Mananakop ay tulad sa kamatayan ng isang nilikha, mayroong guhit na nakatakda. Sa ayaw at sa gustuhin ng isang nilikha, ang kamatayan ay darating sa takdang oras, gayon din ang pagdakup sa Dakilang Guro, nakasulat, mayroon ding guhit at ang guhit na ito ay hindi pa sa panahong ito sapagkat marami pa Siyang tutuparin, at gagawin at ipangangaral.

KAPITULO 12

SI JESUS AY PINAHIRAN NG UNGUENTO (Mateo 26:6-15; Marcos 14: 3-9)

1. Anim na araw nga bago magpaskua ay naparoon si Jesus sa Betania, na kinaroroonan ni Lazaro, na ibinangon ni Jesus mula sa mga patay.
2. Kayat iginawa siya doon ng isang hapunan: at si Marta ay naglilingkod; datapuwa't si Lazaro ay isa sa nangakaupo sa pagkain na kasalo niya.

Anim na araw, anim na sagisag ng ika anim na sentido o kaangkinan ng isang nilikha at iyan ang mediumnidad na kaangkinan ng lahat ng tao subalit antas-antas. Higit ang bilang ng mga nilikha na hindi alam na sila ay mayroon nang biyayang ito. Sa mga propeta ang kahayagang ito ay maiino ng mga paligid, unlad at siyang ginagamit. Sa simulain ng Espiritismo ang mediumnidad ay palasak, sa pamamagitan nito nakapagpapahayag ang mga Banal na Espiritu o Kabatlayaan at maging ang mga espiritu familiar.

Sa pamamagitan ng mediumnidad natutupad ang pangako ng Mananakop na sa aking pagyao ay susuguin ko sa inyo ang mga espiritu ng mang-aaliw.

Bagaman at nasabi na sa dakong una na ang patay ay sagisag ng mapagkasala at ngayon sa pamamagitan ng mga aral ng Dakilang Guro, si Lazaro ay nagbago at ngayon ay kasalo ng Mananakop sa pagkain, pagkain ng kaluluwa, mga aral ng kabanalan.

Si Marta ay larawan pa rin ng mga nilikha na ang alagatain pang material ang iginigiit sa pag-aakalang siya ay nakapaglilingkod, subalit mayroon pa rin ng pagbabago.

3. Si Maria nga'y kumuha ng isang libra ng unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga, at pinahiran ang mga paa ni Jesus, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok: at ang bahay ay napuno ng amoy ng unguento.

Sa ibang kasulatan ng Bagong Tipan ay nabanggit na ang unguentong ipinahid sa Mananakop ay nasa bote ng alabastro at ang kulay ay dilaw ay tulad sa pagkatao ng isang nilikha na nililinis upang maging dakila katulad ng antas ng Dakilang Guro.

Ang katigasan ng puso dala ng mga pagsubok, ng kamangmangan, mga maling paniniwala, ang mga ito ay napapaloob sa bote ng alabastro na babasagin upang dumaloy ang pabango at umagos sa mga kapwa. Ang pabango ay nagiging kasanghian ng pagkalango, babasagin ang kinalalagyan upang dumaloy ang mga kamalian, babasagin ang mga sagwil ng pagkasulong, aagos ang pagkakawanggawa sa kapwa.

Nasabi na sa dakong una na si Maria ay dating kilala sa lipunan, tinitingala at iyan naman ang kanyang hilig sa dakong una, subalit nagbago, binasag ang bote ng alabastrong kinalalagyan ng unguento ng panahon, ng batas ng pagkasulong, binasag ang kaniyang kahinaan, pinalabas sa kanya ang kanyang mga kahinaan na sagisag ng pitong demonyong pinalabas sa kanya ng Panginoon, upang maisakatuparan ang mga bagay na pang espiritual.

4. Datapuwa't si Judas Iscariote, na isa sa kaniyang mga alagad, na sa kaniya'y magkakanulo, ay nagsabi,

5. Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong denario, at ibigay sa mga dukha?
6. Ito'y sinabi nga niya, hindi sapagkat ipinagmalasakit niya ang mga dukha; kundi sapagkat siya'y magnanakaw, at yamang nasa kaniya ang supot ay kinukuha niya ang doon ay inilalagay.
7. Sinabi nga ni Jesus, Pabayaang ninyong ilaan niya ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin.
8. Sapagkat ang mga dukha ay laging nasa inyo; nguni't ako'y hindi laging nasa inyo.

Si Judas, ang alagad na pumuna sa ginawa ni Maria na isang pag-aaksaya ay hindi pa matanggap ang ganitong simulain, ganyan ang mga tao, hindi agad makalimot sa kanyang sarili alang-alang sa kapwa. Sa pagpapaagos ng dugo, ang sarili ay kailangan limutin, pagpapaagos ng dugo na magdudulot ng tiisin at kamatayan.

Ang mga dukha, ang mga kapwa ay laging nasa piling ng lahat at bawat isa. Ang kapwa ay bahagi ng tao at ang tao ay bahagi ng kapwa, laging mapagkakawanggawaan ang kapwa at ang ginawa sa kapwa ay ginawa rin sa Dios.

BALAK PATAYIN SI LAZARO

9. Ang karaniwang mga tao nga sa mga Judio ay naalaman sa siya'y naroroon: at sila'y nagsiparoon, hindi dahil kay Jesus lamang, kundi upang makita nila si Lazaro naman, na muling ibinangon niya mula sa mga patay.
10. Datapuwa't nangagsanggunian ang mga pangulong saserdote upang kanilang maipapatay pati si Lazaro;
11. Sapagkat dahil sa kaniya'y marami sa mga Judio ang nagsisialis at nagsisipanampalataya kay Jesus.

Gawa at mga dakilang halimbawa ang mabisang kasangkapan sa pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios. Kung laging ipinaaalaala ng Kabatlayaan sa simulain ng Espiritismo na walang nangyayari ng hindi karapat dapat, ito ay nasa kapahintulutan ng Dios at para sa ikabubuti ng mga nilikha, ang pagpapabangon kay Lazaro mula sa mga patay ay nasa kapahintulutan ng Dios upang luwalhatiin ang Dios at sumampalataya sa Mananakop na Kanyang isinugo.

ANG PAGPASOK SA JERUSALEM

(Mateo 21:1-11; Marcos 11:1-11; Lucas 19:28-40)

12. Nang kinabukasan ang isang malaking karamihan na nagsiparoon sa pista, pagkabalita nila na si Jesus ay dumarating sa Jerusalem,

Ang Jerusalem ay sagisag ng daigdigang lupa na mayroon pa ng kamangmangan, kahinaan at maraming ulit na ito ay babalikan ng mga espiritung kailangan magkatawang laman muli upang makatupad ng tungkulin at ito ay napapaloob sa palapahaman ng reencarnacion.

13. Ay nagsikuha ng mga palapa ng mga puno ng palma, at nagsilabas na sumalubong sa kaniya, na nagsisigawan, “Hosanna: mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon, sa makatuwid baga’y ang Hari ng Israel.”

Ang pagsampalataya sa Mananakop ay ipinakita sa pamamagitan ng mga gawa. Ang sanga na nang dati ay walang bunga o walang gawang kabutihan ay pinutol, iniwagayway ng mga bisig, iginalaw sang-ayon sa simulain ng Dakilang Guro. At mula sa pinagputulan naman ng sanga ay doon ay mayroon umusbong na panibagong dahon, at ito ay napapaloob din sa palapahaman ng reencarnacion. Hindi lamang gagawa kundi

magiging tagapagpalaganap pa ng simulain ng Dakilang Guro na ito ay isinagisag ng kanilang pag-awit ng Hosanna.

14. At si Jesus, pagkasumpong sa isang batang asno, ay sumakay doon, gaya ng nasusulat.
15. “huwag kang matakot, anak na babae ng Sion: narito, ang iyong Hari ay pumaparito, na nakasakay sa isang anak ng asno.”

Ang batang asno ay ang bagong simulain dala-dala ng Mananakop. Ang lumang simulain na ipinalaganap ni Moises, katulad ng ngipin sa ngipin at mata sa mata, ngayon naman ang dala-dala ng Dakilang Guro ay kung ikaw ay binato ng bato, gantihan mo naman ng tinapay; kung nang panahon ni Moises ay iibigin ang kapwa at kapootan ang kaaway, ngayon ang bagong dala ng Mananakop ay patawarin ang kaaway at gawan pa ng mabuti ang gumagawa ng masama.

Sinakyan ng Panginoon ang batang asno na siyang tunay na simulain ng tunay na pag-ibig, pag-ibig hindi lamang sa mga kaibigan kundi hanggang doon sa mga gumagawa ng masama, sa kaaway.

Ang Scion ang tawag sa lungsod ni Haring David; ang anak na babae ang kanyang mga mamamayan na sinasabihan huwag mangamba sa pagdating ng Mananakop na nakasakay sa isang bagong simulain na sinasagisag ng batang asno. Ang mga matatakot lamang ay ang mga manggagawa ng masama.

16. Ang mga bagay na ito ay hindi napagunawa ng kaniyang mga alagad sa pasimula: nguni’t nang si Jesus ay maluwalhati na, ay saka nila naalaala na ang mga bagay na ito ay sinulat tungkol sa kaniya, at kanilang ginawa ang mga bagay na ito sa kaniya.

17. Ang karamihan ngang kasama niya nang tawagin niya si Lazaro mula sa libingan, at siya'y ibangon sa mga patay, ay siyang nangagpapatotoo.
18. Dahil dito rin naman ang karamihan ay nagsiyaon at sumalubong sa kaniya, sapagkat nabalitaan nila na siyang gumawa ng tandang ito.

Kung sa simulain ng Espiritismo ay mayroon din gamutan ng mga mayroong karamdaman lalo na sa gawi ng tinatawag na gamutang espirtual, ito ay tanda rin na nakatatawag ng pansin ng marami kahit hindi mag-aaral ng simulain ng Espiritismo upang kung maipon ang mga mag-aaral at maibahagi ang simulain ng Dakilang Guro at ang mga ito ay higit na mabisang gamot sa karamdaman ng kaluluwa sapagkat ang ginagamot ay ang ugat na pinagmulan ng karamdaman.

19. Ang mga Pariseo nga'y nangagsangusapan, Tingnan ninyo kung paanong kayo'y walang anomang ikapanaig; narito, ang sanglibutan ay sumusunod sa kaniya.

Nasabi na ang batas ay pagsulong, huwag pagsawaan ang mga katagang ito; ang kamangmangan ay pangsamantala lamang, darating ang sandali na ang lahat ay matatanggap ang simulain ng Dakilang Guro, isasakatuparan at higit na ay maging tagapagpalaganap pa.

HINANAP NG ILANG GRIEGO SI JESUS

20. Mayroon ngang ilang Griego sa nagsiahon sa kapistahn upang magsisamba:
21. Ang mga ito nga'y nagsilapit kay Felipe, na taga Betsaida ng Galilea, at nagsipamanhik sa kaniya, na sinasabi, Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus.

22. Lumapit si Felipe at sinabi kay Andres: lumapit si Andres, at si Felipe, at kanilang sinabi kay Jesus.
23. At sinagot sila ni Jesus, na nagsasabi, Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin.

Ang mga Griego ay sagisag ng pagkaunlad ng kabihasan, subalit ito ay sa gawi ng pang material, mga karunungan pang kapatagan at hindi madadala sa bayan ng mga espiritu. Ang wika pa rin ng Dakilang Guro sa ibang pagkakataon, ang karunungan sa lupa ay kamangmangan sa langit; at ang karunungan sa langit ay kamangmangan sa lupa.

Bakit hindi tuwirang lumapit ang mga Griego sa Mananakop at kinailangan pang lumapit muna kay Felipe at si Felipe naman ay lumapit kay Andres at ang dalawa ay lumapit sa Mananakop. Ang dalawang Ito ay sagisag ng karunungan at pag-ibig gagamitin upang maatim ang kabanalang sinasagisag ng Panginoon.

Dumating na ang oras na ang Anak ng Dios ay luluwalhatiin. Nasabi na rin sa dakong una na ipinunla ang kaangkinan ng Dios sa mga tao, mayroong espiritu ang tao na kapilas ng Dios, kayat sa Banal na Kasulatan ay tinatawag na ang tao ay maliit na Dios.

Madalas na ang tawag sa Mananakop ay Anak ng Tao; Ang bawat isa ay Anak ng Tao dala ng kahinaan sa mga pagsubok ng buhay, subalit magbabago, masusulong sa pamamagitan ng palapahaman ng reencarnacion.

24. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang magiisa; nguni't kung mamatay, ay nagbubunga ng marami.

Ngayon ang panahon para mahulog ang butil ng trigo sa lupa upang mamatay at huwag mag-isa, kung mamatay ay magbubunga ng marami. Ang kamatayan ay baitang ng pagkasulong; sa pagkatao ng bawat nilikha ay marami ang dapat mahulog, dapat patayin: ang kamangmangan, ang kahinaan ay mahulog sa lupa upang makilala na ang tao'y mabubuhay, mabubuhay ang pananampalataya, malilimot ang sarili upang makapaglingkod sa kapwa, mahulog ang mga walang kabuluhang salita.

Ang halaman kung salat o kakaunti, upang dumami ay pinuputulan ng sanga at ang sanga ay itanim sa mabuting lupa; sinusugatan ng mga pagsubok. Ang halamang kamote kapag tinatalbusan ay lalong dumadami ang dahon.

Maging halimbawa ng gawang kabutihan, ipalaganap ang simulain ng Dakilang Guro upang ang isang nilikha ay mabuhay na mag-uli.

25. Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang napopoot sa kaniyang buhay sa sanglibutang ito ay maiingatan yaon sa buhay na walang hanggan.
26. Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay sumunod sa akin; at kung saan ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod ko: kung ang sinomang tao'y maglingkod sa akin, ay siya'y pararangalan ng Ama.

Kung ang isang nilikha ay labis ang pagmamahal sa sarili na humahantong sa hindi na pinapansin ang kapwa upang mapagkawanggawaan ay walang kaligtasan, walang kapayapaan at ito ay katumbas ng mawawalan ng buhay. Ang wala ng pagkapoot o umiiwas sa buhay na pawang maka-material ay matatanggap ang buhay espirituwal o buhay kabanalan at ito ay

magdudulot ng kaligayahan sa espiritu na siyang tunay na tao at ito ay walang hanggan.

Nasabi na ang sagisag ng Mananakop ay kabanalan at ang sino mang gumawa ng kabanalan ay naglilingkod sa kanya at hindi lalayo. Kung saan kailangan ang pagkakawanggawa ay naroroon ang nagnanasang makapaglingkod, at sapagkat ang Panginoon ay isinugo ng Dios, pararangalan siya ng Ama.

NAGSALITA SI JESUS TUNGKOL SA KANYANG KAMATAYAN

27. “Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa; at ano ang aking sasabihin? Ama, iligtas mo ako sa oras na ito. Nguni’t dahil dito ay naparito ako sa oras na ito.”

Nasusulat sa Lumang Tipan na kaya Siya isinugo ng Dios ay upang iligtas ang sangkatauhan; na ibibigay niya ang kanyang buhay sa pagtupad ng dakilang tungkuling ito.

28. “Ama, luwalhatiin mo ang iyong pangalan.” Dumating nga ang isang tinig mula sa langit, na nagsasabi. “niluwalhati ko na, at muli kong luluwalhatiin.”

Mula pa kay Moises at sa mga naunang mga propeta ay niluwalhati na nang Ama ang Kanyang pangalan at sa panahon ng Mananakop ay higit na luluwalhatiin bunga ng mga dakilang gawain at mga aral ng Mananakop. Walang tigil ang pagluwalhati ng Pangalan ng Ama hangga’t mayroong mga nilikha na magpapatotoo sa Ama.

29. Ang karamihan ngang nangaroroon, at nangakarinig, ay nagsipagsabing kumulog: sinabi ng mga iba, “ Isang anghel ang nakipagusap sa kaniya.”

Hindi parepareho ang antas ng mga mediumnidad ng mga tao; mayroong nakaririnig ng tinig ng mga espiritu o nang mga anghel, ang iba naman ay oo nga at nahiwatigan ang vibration subalit hindi malinaw, hindi maunawaan at para sa kanila ay ugong lamang ang naririnig o katumbas ng kulog. Ang salita o lenguahe ng mga espiritu ay sa pag-iisip.

30. Sumagot si Jesus at sinabi, “ang tinig na ito’y hindi dumating dahil sa akin, kundi dahil sa inyo.”

31. “Ngayon ang paghatol sa sanglibutang ito: ngayon ang prinsipeng ng sanglibutang ito ay palalaysin.”

Ang prinsipeng ng sanglibutan ay ang kamatayan; Ang espiritu ay hihiwalay sa katawan laman at aalis sa kapatagan ng mga hugis. Tinatawag ang kamatayan na prinsipeng ng sanglibutan sapagkat lahat ng mga nilikha na may buhay ay mamamatay. Walang mananatili sa kapatagang ito, hindi ito ang tunay na bayan. Ang kamatayan ay isa sa mga patunay ng katarungan ng Dios, walang itinatangi kahit mayaman o mahirap, kahit dakila o aba, kahit marunong o mangmang, kapag dumating ang guhit ng kamatayan ay mamamatay. Si Matusalem ng Lumang Tipan ay nabuhay daw ng siyam na daan tatlumpu at walong (938) taon ay namatay din.

32. At ako, kung ako’y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin din.

Sapagkat ang Panginoon ang Guro, tagapagligtas, Mananakop at may buhay na walang hanggan, matutupad ang sinabi Niyang hindi lamang ninyo gagawin ang mga ginawa ko, kundi higit pa sa rito ay inyong gagawin, kayat ang lahat ay makakasama Niya sa sinapupunan ng Ama.

33. Datapuwa't ito'y sinabi niya, na ipinaalam kung sa anong kamatayan ang ikamamatay niya.

Nasabi na sa dakong una na sinasabi sa mga isinulat ng mga naunang mga propeta ang kaparaanan ng kamatayan ng Mananakop at ito ay matatagpuan lalo na sa awit ni Haring David.

34. Sinagot nga siya ng karamihan, Aming narinig sa kautusan na ang Cristo ay lumalagi magpakailan man: at paanong sinasabi mo, kinakailangan na ang Anak ng tao ay mataas? sino ang Anak ng taong ito?
35. Sinabi nga sa kanila ni Jesus, "kaunting panahon na lamang sasagitna ninyo ang ilaw. Kayo'y magsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw, upang huwag kayong abutin ng kadiliman: at ang lumalakad sa kadiliman ay hindi nalalaman kung saan siya tutungo.
36. Samantalang nasa inyo ang ilaw, ay magsisampalataya kayo sa ilaw, upang kayo'y maging mga anak ng ilaw." Ang mga bagay na ito'y sinalita ni Jesus, at siya'y umalis at nagtago sa kanila.

Ang Dios ay espiritu, Siya ang gumawa ng lahat ng bagay at ang Dios ay nasa lahat ng kanyang mga nilikha. Ang Cristo na tagapagligtas ay isinugo ng Dios; Ang Cristo ay sagisag ng kabanalan at ang gawang kabanalan ay Anak ng Tao; ang gawang kabanalan ay magdadala sa isang nilikha sa kaitaasan, sa sinapupunan ng Ama.

Ang sagot ng Mananakop na kaunting panahon na lamang at sasagitna ninyo ang ilaw ay may kinalaman sa sinabi Niya sa Kapitulo 8:12 na isinaad Niya na Siya ang ilaw ng sanglibutan, ang sumunod sa kanya ay hindi lalakad sa kadiliman kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.

Sandaling panahon na lamang at mag-iiwan na ang Mananakop ng ginagamit na katawang laman na bagaman at may kapinuhan kaysa pangkaraniwang katawang laman bunga ng Kanyang dakilang antas sa gawi ng kabanalan at sapagkat katawang laman pa rin, sagabal sa mga gawaing pang kaharian ng mga langit. Pagdating ng Kanyang kamatayan na nalalapit na, ang kanyang espiritu ay lubos na makakalaya at lalong makikita ang Kanyang kaningningan hindi lamang sa bayan ng mga espiritu kundi maging dito sa daigdigang ng mga hugis. Ang Kanyang liwanag ay tulad sa liwanag ng araw subalit malamig at nasa lahat ng dako at ang mga nilikha ay alam ang kanilang mga galaw o ginagawa.

Sa pagkakataong ito ng pagsasalita ng Mananakop, ang kanyang ginagamit ay ang kanyang peri-espiritu na madalas niyang ginagawa, kayat madali Siyang mawawala sa paningin ng mga tao, katumbas ng salita na Siya ay umalis at nagtago.

ANG HINDI PAGSAMPALATAYA NG MGA TAO

37. Nguni't bagaman gumawa siya sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila nagsisampalataya sa kaniya.
38. Upang maganap ang salita ng propeta Isaias, na kaniyang sinalita,
"Panginoon, sino ang maniniwala sa aming balita?
At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?"
39. Dahil dito'y hindi sila makapaniwala, sapagkat muling sinabi ni Isaias.
40. "Binulag niya ang kanilang mga mata, at pinatigas niya ang kanilang mga puso;
Baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, at mangakaunawa ng kanilang puso
At mangagbalik-loob,

At sila'y mapagaling ko".

41. Ang mga bagay na ito'y sinabi ni Isaias, sapagkat nakita niya ang kaniyang kaluwalhatian; at siya'y nagsalita ng tungkol sa kaniya.

Ang mga katagang ito ang nagpapatotoo na ang mga mangyayari sa Mananakop at ang Kanyang gagawin ay isinulat na ng mga naunang mga propeta.

42. Gayon man maging sa mga pinuno ay maraming nagsisampalataya sa kaniya; datapuwa't dahil sa mga Pariseo ay hindi nila ipinahayag, baka sila'y mapalayas sa sinagoga:
43. Sapagkat iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kaysa kaluwalhatian sa Dios.

Ganitong-ganito ang kapalaran ng simulain ng Espiritismo, natatanggap ang kadakilaan ng pag-aaral na ito subalit ang ilang mga mag-aaral ay nahihiyang malaman ng ibang tao na siya ay nakikipag-aral sa simulaing ito, ayaw masabing sila ay mga espiritista.

Marami ang nakatatanggap na ang pag-aaral sa simulain ng Espiritismo ay magdadala sa kanila sa kabanalan, subalit mahilig pa rin sa mga bagay ng laman katulad ng mga bisyo at idinadahilan na baka raw sila maging tisod sa ibang mag-aaral; mabuti kung ganito ang katwiran.

ANG HATOL SA KANIYANG MGA GAWAIN

44. At si Jesus ay sumigaw at nagsabi, "ang sumasampalataya sa Akin, ay hindi sa Akin sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin.

45. At ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa Akin.”

Sa pangangaral ng Dakilang Guro sa bundok ay sinabi Niya na” mapalad ang may malinis na puso sapagkat makikita nila ang Dios. Ang mayroong malinis na puso ay sumusunod sa kautusan at ang kautusan ang larawan ng Dios, kayat ang sino mang sumunod sa mga aral ng Mananakop na siyang kautusan ay nakakita na rin sa Dios.”

46. “Ako’y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman.”

Nasabi na sa dakong una ng kasulatang ito ni San Juan na si Hesus ang ilaw ng sanglibutan.

47. At kung ang sinomang tao’y nakikinig sa Aking mga pananalita, at hindi ingatan, ay hindi Ko siya hinahatulan: sapagkat hindi ako naparito upang humatol sa sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan.
48. Ang nagtatakwil sa Akin, at hindi tumatanggap sa Aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang salitang Aking sinalita, ay siyang sa kaniya’y hahatol sa huling araw.
49. Sapagkat Ako’y hindi nagsasalita na mula sa aking sarili; kundi ang Ama na sa Akin ay nagsugo, ay siyang nagbigay sa Akin ng utos, kung ano ang dapat kong sabihin, at kung ano ang dapat kong salitain.

Ang paghatol ay sa Dios, nagbigay ang Dios ng mga kautusan at kung ang tao ay lumabag sa mga kautusan,

nariryan ang batas ng KARMA, ang kautusan o ang salita ang hahatol sa nagkasala.

50. At nalalaman ko na ang Kaniyang utos ay buhay na walang hanggan; ang mga bagay nga na sinasalita Ko, ay ayon sa sinabi sa Akin ng Ama, gayon Ko sinasalita.

Ang Mananakop ay medium parlante, kayat anoman ang sabihin sa Kaniya ng Dios, ito ay Kanyang sinasalita. Ang wika ng Guro sa Kanyang mga alagad na mga medium din, “humayo kayo at ipangalat ang ebangelyo ng Dios, huwag kayong mag-alala sa kung ano ang inyong sasabihin sapagkat sasainyo ang Espiritu Santo na magpapisip o sasabihin kung ano ang kanilang sasalitain.”

Ang mga salita na siyang sinabi ng Dios sa pamamagitan ng pagiging medium ng Mananakop, ang mga salitang ito ay mga batas, kautusan na kung hindi susundin ng mga nilikha, ang mga salitang ito ang hahatol.

Palasak ang uring ito ng mediumnidad, medium parlante sa simulain ng Espiritismo. Ang tawag din sa kanila ay mga kasangkapan o talaytayan at mayroong mga kasangkapan na hindi nakaabot ng matataas na paaralan, kapag ginagamit ng Kabatlayaan o mga Banal na Espiritu, mahuhusay na manalumpati.

Ang isang halimbawa na naging isa sa unang medium ng Lunduyan La Perfeccion; sa pangkaraniwang buhay ay hindi masalita o parang kining magsalita, subalit kapag tumutupad bilang medium parlante at ginagamit ng mga Batlaya ay parang orador; marami ang nakipag-aral sa simulain ng Espiritismo at naniwala sa biyaya ng mediumnidad.

Si Mohammed na nagtatag ng relihiyon ng mga Muslim ay hindi marunong sumulat at bumasa, subalit sa pamamagitan ng mediumidad, medium escribiente ay naisulat ang Koran, ang Biblia ng mga Muslim.

KAPITULO 13

1. Bago nga magpista ng paskua, sa pagkaalam ni Jesus na dumating na ang Kaniyang oras ng paglipat niya mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama, sa pagkaibig sa mga Kaniya na nangasa sanglibutan, ay inibig Niya sila hanggang sa katapusan.

Bukod sa mga banggit ng mga isinulat ng mga naunang mga propeta sa Lumang Tipan ang kaparaanan ng Kanyang kamatayan at kung kailan mangyayari ito, sa pamamagitan ng Kanyang mediumnidad ay nalalaman na Niya kung kailan at ang kaparaanan ng Kanyang kamatayan. Hindi siya natatakot sa pag-aalay ng Kanyang buhay alang-alang sa sanglibutan na Kanyang minamahal hanggang sa katapusan.

2. At habang humahapon, nang mailagay na ng Diablo sa puso ni Judas Iscariote, na anak ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya,

Ito ang mapait na tungkulin gagampanan ni Judas na laban sa kaniyang kalooban, kayat kailangan ibunsod siya ng mababang espiritu. Ibinunsod din siya ng Panginoon na sinasabi, gawin muna ang iyong dapat gawin. Nasabi na sa dakong una na ang ginawang pagkakanulo ni Judas sa Mananakop ay upang lalong patingkarin ang kadakilaan ng Panginoon.

3. Si Jesus, sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, at Siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon,

Ang lahat ng nilikha ay galing sa Dios higit na ay ang espiritu ng bawat isa at ang espiritung ito ay babalik sa Dios.

4. Ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang tuwalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili.
5. Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinukos ng tuwalya na sa Kaniya'y nakabigkis.

Ang ginawang ito ng Mananakop ay isang halimbawa ng pangangailangan na ang isang mangangaral ay kailangang siya muna ang gumawa ng kanyang ipinangangaral; magbigay ng mga halimbawa at ang halimbawa ay katumbas ng isang larawang daig ang sampung libong salita. Sa pagyao ng Panginoon, ang mga alagad ang magpapatuloy ng pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios.

Paa ang hinugasan, paa ang gagamitin sa pagpapalaganap ng kabanalan, paa na sagisag din ng kababaang loob, kaamuan na siyang tuntungan ng kabanalan na ipapalaganap.

Kinuskos ng tuwalya, tuwalya na sagisag ng katibayan ng pananampalataya na ibibigkis ng sinomang magpapalaganap ng ebangelyo ng Dios sapagkat susuungin ang maraming mga pagsubok, ang mga pag-uyam, mga tiisin at kahirapang dadanasin ng mga tagapagpalaganap.

6. Sa gayo'y lumapit Siya kay Simon Pedro. Sinabi niya sa Kaniya, "Panginoon, huhugasan mo бага ang aking mga paa?"
7. Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, "ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't mauunawaan mo pagkatapos".

Ang tinutukoy dito na hindi nalalaman ni Pedro ay ang kaparaanan ng pagkamatay ni Pedro, ipinako rin siya sa krus sa

Roma, subalit patiwari, ang paa ni Pedro ay nasa itaas ng Krus, siya ang humiling ng gayong kalagayan sapagkat hindi raw siya karapat-dapat sa maging anyo ng Mananakop ng Siya ay ipako sa krus sa Golgota; hindi siya karapat-dapat sa kadakilaan ng Dakilang Guro ng sangkatauhan.

8. Sinabi sa Kaniya ni Pedro, “huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man”. Sinagot siya ni Jesus, “kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin.”
9. Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro,” Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo.”

Si Pedro lamang ang binanggit ang pangalan sa pagkakataong ito sapagkat inilalarawan ni Pedro ang maraming uri ng mga nilikha; inilarawan ni Pedro ang mga nilikhang kulang ng pananampalataya, ang mga nilikhang labis ang pagmamahal sa sarili; larawan din ng mga nilikhang unlad na ang biyaya ng mediumnidad ng makilala niya na ang Panginoon ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; si Pedro rin ang larawan ng mga nilikhang nangangako na gagawin ang isang bagay subalit pagdating ng pangangailangan ng pagsasakatuparan ay nagtatalusira; si Pedro rin ang larawan ng isang nilikha na mapusok at ito ay nangyari ng hulihin ang Panginoon, tinigpas niya ng taga ang tainga ni Malto.

Ang bahaging binabanggit ng Mananakop na ipinagkakaloob sa mga alagad ay ang kabanalan at kung hindi pahuhugasan ang mga paa ni Pedro ay hindi mahuhugasan ang kanyang mga kasalanan; kayat hiniling ni Pedro na mahugasan pati ang kanyang mga kamay na sagisag ng kanyang mga gawain, pati ang kanyang ulo na sagisag ng pag-iisip upang

mahugasan ang mga masasamang alitigtigin at mga masasamang balakin.

Kailangang maging malinis ang pag-iisip upang ang ikakampay ng mga bisig, ng mga kamay ay pawang kabanalan katulad ng pagkakawanggawa; kailangang maging malinis ang pag-iisip upang ang mamumutawi sa bibig ay mayroon ng kalinisan, mayroong karunungan at pag-ibig.

10. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “ang napaliguan na ay walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga paa, sapagkat malinis nang lubos: at kayo’y malilinis na, nguni’t hindi ang lahat.”
11. Sapagkat nalalaman niya ang sa kaniya’y magkakanulo; kayat sinabi niya, “hindi kayong lahat ay malilinis.”

Nasabi na sa dakong una na ang mga alagad ay pinili na mula pa sa bayan ng mga espiritu, mayroon na silang mga baunang kabanalan, subalit ang kailangan ay ang katibayan ng pananampalataya at kababaan ng loob sa pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios, kayat paa na lamang ang kailangang hugasan, linisin at ibunsod.

Ang pagkapili kay Judas sa tungkulin ng pagkakanulo ay hindi ng dahil sa kanyang baunang kabanalan, kundi ang kababaan ng kanyang mga gawain katulad ng labis na pag-ibig sa sarili, ang pag-ibig sa kayamanang pang kapatagang lupa kayat hindi nakasama sa mga hinugasan ang mga paa sapagkat madaling pinaalis ng Mananakop upang isagawa ang dapat niyang isakatuparan, ang pagkakanulo sa kanya.

12. Kayat nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit at muling maupo, ay

sinabi niya sa kanila, “nalalaman бага ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?”

13. Tinatawag ninyo akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagkat ako nga.
14. Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa.
15. Sapagkat kayo’y binigyan Ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa Ko sa inyo.”

Maliwanag ang mga katatapos pa lamang na mga kataga maliban sa bersikulo 12. Ang sinasabi na pagkatapos na mahugasan ang kanilang mga paa ay muling kinuha ang panglabas na damit at isinuot at naupo sa Kanyang lugar sa hapag kainan. Nasabi na sa dakong una na mayroong mga pagkakataon sa Kanyang mga gawain, katulad ng panggagamot at pagpapagaling ng mga mayroong karamdaman o kaya ay sa tagpo na Siya ay huhulihin, o Siya ay babatuhin, o gaya ng pagkakataon Siya ay aagawin at gagawing hari ng mga tao ay Siya ay biglang nawala sapagkat ang ginagamit NBiyang katawan ay ang Kaniyang periespiritu.

Pagkatapos na mahugasan ang mga paa ng mga alagad at ipagpapatuloy ang Kaniyang pangangaral ay muling isinuot ang Kaniyang panglabas na damit at ito ang katawang laman na Kaniyang ginagamit na may kagaspangan kaysa periespiritu, ito ay mahihipo, matatanganan at higit sa lahat ay madadakip. Alam ng Dakilang Guro na malapit na siyang ipagkanulo at dadakpin ng mga sundalo ni Pilato at sundalo ng saserdote sa gabing yaon.

16. Katotohanang katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang alipin ay hindi dakila kaysa sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kaysa sa nagsugo sa kaniya.

17. Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito kayo ay mapapalad kung inyong gawin.
18. Hindi Ko sinasalita tungkol sa inyong lahat: nalalaman Ko ang aking mga hinirang: nguni't upang matupad ang kasulatan, ang kumakain ng Aking tinapay ay nagtaas ng kaniyang sakong laban sa Akin.

Ang labing dalawang alagad ay kinasundo na ng Mananakop mula pa sa bayan ng mga espiritu; na sila ay magiging alagad Niya. Subalit ang isa at ito ay si Judas na tumatanggap na rin ng Kanyang mga aralin na sagisag ng tinapay ay nagpadaig sa tukso, nagpakataas na sagisag ng katagang nagtaas ng kanyang sakong, sakong na bahagi ng paa. Hindi ba katatapos pa lamang hugasan ang mga paa ng mga alagad? Subalit ang wika nga ng Panginoon ay upang matupad ang kasulatan.

Kung babalikan ang kasaysayan ni Eva at Adan, ang ahas na tumukso sa kanila upang kainin ang ipinagbabawal na bungang kahoy, ang ahas ay sagisag ng karunungan subalit karunungan pang kapatagang lupa; ang ulo ng ahas ay dinurog ng sakong ni Adan.

19. Mula ngayon ay sinasalita ko sa inyo bago mangyari, upang, pagka nangyari, kayo'y magsisampalataya na ako nga.
20. Katotohanang, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang tumatanggap sa sinoman sinusugo Ko ay Ako ang tinatanggap; at ang tumatanggap sa Akin ay tinatanggap ang nagsugo sa Akin.

BINABALA NI JESUS ANG PAGKAKANULO SA KANYA
(Mateo 26:20-25; Marcos 14:17-21; Lucas 22:21-25)

21. Nang masabing gayon ni Jesus, Siya'y nagulumihanan sa espiritu, at pinatotohanan, at sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo.
22. Ang mga alagad ay nangagtingintingan, na nangag-aalinlangan kung kanino Niya sinasalita.
23. Sa dulang ay may isa sa kaniyang mga alagad, na minamahal ni Jesus na nakahilig sa sinapupunan ni Jesus.
24. Hinudyatan nga siya ni Simon Pedro, at sinabi sa kaniya, "sabihin mo sa amin kung sino ang sinasalita Niya."
25. Ang nakahilig nga sa dibdib ni Jesus ay nagsabi sa Kaniya, "Panginoon, sino yaon?"
26. Sumagot nga si Jesus, "yaong aking ipagsawsaw at bigyan ng tinapay ay siya nga". Kayat nang maisawsaw Niya ang tinapay, ay kinuha Niya at ibinigay Niya kay Judas, na anak ni Simon Iscariote.
27. At pagkatapos na maisubo, si Satanas nga ay pumasok sa kaniya. Sinabi nga sa kaniya ni Jesus, "ang ginagawa mo, ay gawin mong madali."

Bakit kailangan pa na utusan ni Pedro si Juan na siyang tinutukoy na isa sa mga alagad na kanyang minamahal upang tanungin kung sino ang magkakanulo sa Panginoon. Kailangan ang dalawang ito, si Pedro at si Juan upang magsuri sapagkat sila ang sumasagisag sa karunungan at pag-ibig upang masulong.

Tinapay na sagisag ng katawang laman ay isasawsaw sa tubig upang maging malambot, matanggap ng dila. Ang tao ay ilulubog sa tubig upang malinis, lumambot, tumamis at makain. Tinapay na nang una ay matigas, maging ang mga pananalita ay mabigat at matigas, isasawsaw sa tubig, palalambutin upang maunawaan.

Ibinigay kay Judas ang isinawsaw na tinapay upang magbago, subalit si Judas ay pinagharian pa rin ng mga makasariling damdamin, kulang sa pagkaunawa sa karunungan at pag-ibig, kayat nang bigyan ng pagkakataong masulong ay nakapanaig pa rin ang kasamaan na sinasagisag ng pinasukan siya ni Satanas.

Si Satanas ay laging humahamon sa kabutihan, isa siya sa kasangkapan ng Dios na ang layunin ay ang pagsubok.

28. Hindi nga natalastas ng sinomang nasa dulang kung sa anong kadahilanan sinasalita niya ito.
29. Sapagkat iniisip ng ilan, na sapagkat si Judas ang may tangan ng supot, ay sinabi ni Jesus sa kaniya, Bumili ka ng mga bagay na ating kailangan sa pista; o, magbigay siya ng anoman sa mga dukha.
30. Nang kaniya ngang matanggap ang subo ay umalis agad: at noo'y gabi na.

Alam ng Mananakop ang lahat ng mga nangyayari at pati ang gagawin ng iba na nangagbibigay katuparan sa mga kasulatan at ang layunin ay padakilain ang Panginoon at ang simulaing Kanyang dala-dala.

Hindi natalastas ng sinomang nasa dulang ang kadahilanan ng sinalita ng Panginoon, ang Dios lamang ang nakaaalam. Hindi alam ng mga alagad, hindi alam ng mga nilikha ang ipinag-uutos ng Panginoon kay Judas. Ang tao'y may tungkuling tutuparin, bumili at ibigay sa iba, magkakawanggawa.

Madali ka gawin mo ang dapat mong gawin, ang ibinubulong ng tunay na pagkatao, ng budhi, oo at mahirap subalit magdudulot ng pagkasulong.

31. Nang siya nga'y makalabas na, ay sinabi ni Jesus, "ngayon ay niluluwalhati ang Anak ng tao, at ang Dios ay niluluwalhati sa kaniya:
32. At luluwalhatiin siya ng Dios sa kaniyang sarili, at pagdaka'y luluwalhatiin siya niya.

Ito na ang pasimula ng paglalagay sa gawain ng mga dakilang aralin na ipinapalaganap ng Dakilang Guro, katulad ng katibayan ng pananampalataya, ang pag-aalay ng buhay ng dahil sa kapwa at higit sa lahat ay ang pag-ibig hanggang sa kaaway at paggawa ng kabutihan sa gumagawa ng masama.

33. Maliliit na anak, sumasa inyo pa ako ng kaunting panahon. Ako'y inyong hahanapin: at gaya ng sinabi ko sa mga Judio, Sa paroroonan ko ay hindi kayo mangakaparoon; gayon ang sinasabi ko sa inyo ngayon.

Nasabi na sa dakong una na ang Banal na Kasulatan ay paulit-ulit, na ito ang halimbawa, nabigyan na rin ito ng halimbawa at diwa.

34. "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinigay Ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong inibig Ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa.
35. Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa."

Sa dakong una, sa utos ni Moises ay sinasabi na ibigin ang kaibigan at kapootan ang kaaway. Ang dala naman ng Dakilang Guro ay ibigin ang lahat, mangag-ibigan sa isa't isa at kung ito ay maisakatuparan, ay makikilala na ang mga manggawa ay mga alagad ng Panginoon.

IBINABALA NI JESUS NA SIYA AY IPAGKAKAILA NI PEDRO

36. Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, “Panginoon, saan ka paroroon?” Sumagot si Jesus, “Sa paroroonan ko, ay hindi ka makasusunod sa akin ngayon: nguni’t pagkatapos ay makasusunod ka.”

Ang paroroonan ng Panginoon ay sa bayan ng mga espiritu at ang pagdako sa tunay na bayan ay kailangan magdaan sa kamatayan ng katawang laman. Subalit pagdating ng guhit ng kamatayan ni Pedro ay makasusunod din siya sa kinalalagyan ng Mananakop.

37. Sinabi sa kaniya ni Pedro, “Panginoon, bakit hindi ako makasusunod sa iyo ngayon? Ang aking buhay ay ibibigay ko dahil sa iyo.”

Sa pagkakataong ito ay iba naman larawan ng tao ang ipinamamalas ni Pedro; mga nilikhang nangangako na ibibigay ang buhay alang-alang sa kapwa o alang-alang sa gawang kabanalan. Ito ay salita lamang, ang kailangan ay gawa, gawa ang magliligtas sa tao.

38. Sumagot si Jesus. “Ang buhay mo бага’y iyong ibibigay dahil sa akin? Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi titilaok ang manok, hanggang ikaila mo akong makaitlo”.

Isa ito sa mga ibinabala ng Dakilang Guro na mangyayari. Ang tilaok ng manok ay ang sumbat ng budhi ng isang nilikha, iyan ang konsensiya, tinig sa ilang na nagpapaalala na nagkasala ang tatlong kaangkinan ng espiritu; ang pag-iisip, damdamin at kalooban.

Ang pagkagalit ay pagkakaila ng damdamin sapagkat ang pagkagalit ay labag sa pag-ibig: ang kawalan ng pananampalataya sa Dios ay pagkakaila ng kalooban: at kung marumi ang pag-iisip, ito ay pagkakaila sa pag-iisip.

Kung magkasala ang tatlong kaangkinan ito ng espiritu, titilaok ang manok, maririnig ang tinig sa ilang at susurutin ng budhi upang huwag ipagpatuloy ang mga gawaing hindi karapat dapat.

KAPITULO 14

SI JESUS ANG DAAN PATUNGO SA AMA

1. Huwag magulumihanan ang inyong puso: magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin.

Ang sumasampalataya sa Dios ay sumasampalataya na rin sa Mananakop sapagkat ang Panginoon ang isinugo ng Dios.

2. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagkat ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan.
3. At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.

Ang katagang ito, sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan ay isa sa mga patunay ng palapahaman ng reencarnacion o muli at muling buhay. Ang bahay ng Ama ay ang buong universo na puno ng mga planeta at mga daigdigang, mga mundo na hindi kayang bilangin ng isip ng tao sa dami, walang hanggan katulad ng Dios na walang hanggan. Nasabi na sa dakong una na iba't ibang antas sa gawi ng karunungan at kabanalan ng mga nilikha ang namamayan sa mga planetang ito.

Kung makapasa na sa antas ng kabanalan at karunungan sa daigdigang lupa, ang espiritu ng isang nilikha ay masusulong at mamamayan naman ng maraming pagkakataon sa mas mataas na planeta at pataas ng pataas at palapit ng palapit sa sinapupunan ng Dios na gaya ng nakikita sa hagdan ni Jacob,

ang bawat baitang ng hagdan ay planeta na pamamayanan ng mga espiritu.

Sa mga matataas na mga planeta, ang mga mamamayan ay hindi katulad sa kapatagang lupa na kinakailangan ang kumain, matulog at magpahinga. Nasabi na sa dakong una na ang pagkain doon ay magnetism na nagbibigay ng fuerza vital, koryente na nanggagaling sa Dios. Ang naghahari doon ay pawang pag-ibig, pagkakapatiran at kabanalan.

Doon paroroon ang espiritu ng Mananakop pagkatapos na siya ay maipako na sa krus at mag-iwan na ng kanyang katawang laman at ang pangyayaring ito ay nalalapit na. Sa paroroonan ng Dakilang Guro ay diyan din pupunta ang lahat ng mga espiritu, lamang ay una-una, kanya-kanya ng guhit ng kamatayan.

4. At kung saan ako paroroon, ay nalalaman ninyo ang daan.
5. Sinabi sa kaniya ni Tomas, “ Panginoon, hindi namin nalalaman kung saan ka paroroon; paano ngang malalaman naming ang daan?”
6. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “ Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.”

Ang Mananakop ang sagisag ng kabanalan, ng buhay at katotohanan; ang gawang kabanalan ang tanging daan patungo sa kaharian ng mga langit.

7. “Kung ako’y nangakilala ninyo ay mangakikilala ninyo ang aking Ama: buhat ngayon siya’y inyong mangakikilala, at siya’y inyong nakita.”

8. Sinabi sa kaniya ni Felipe, “ Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin.”
9. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “malaon nang panahong ako’y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala, Felipe? Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama?”
10. Hindi ka бага nananampalataya na ako’y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? ang mga salitang aking sinasabi sa inyo’y hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang mga gawa.
11. Magsisampalataya kayo sa akin na ako’y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin: kundi kaya’y magsisampalataya kayo sa akin dahil sa mga gawa rin.

Dalawa na namang alagad ang binanggit dito, si Tomas na sagisag ng pag-aalinlangan at kulang sa pananampalataya, at si Felipe na sagisag ng pagpapalaganap; ang tunay na isinasagisag ng dalawang alagad na ito ay ang karunungan at pag-ibig na tanging daan patungo sa Dios.

Nasabi na sa dakong una na mapalad ang malilinis ang puso sapagkat makikita nila ang Dios; malinis ang puso sapagkat sumusunod sa kautusan ng Dios at ang kautusan ang larawan ng Dios.

Nasabi na rin na ang Dios ay nasa lahat ng kanyang nilikha; matatanggap na ang Dios ay nasa bawat isang nilikha katulad ng Mananakop, Siya ay nasa Dios at ang Dios ay nasa kaniya. Gayon din tayong mga nilikha kayat angkop ang mga katagang ang ginawa sa kapwa ay ginawa sa Dios, ginawa sa kapwa at ginawa sa sarili.

Ang mga araling ipinapalaganap ng Dakilang Guro ay galing sa Dios at sapagkat ang Mananakop ay isang medium, sa pamamagitan ng kanyang mediumnidad ay naipapahayag ng Dios ang kaniyang mga aral.

12. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagkat ako'y paroroon sa Ama.

Ang mga katagang ito ang isa sa patunay na ang Dios ay pag-ibig at makatarungan. Ang lahat ng mga nilikha ay magiging banal, lamang ay panapanahon at dito na naman pumapasok ang palapahaman ng reencarnacion.

Natatanggap ng marami na sila ay alipin pa ng kamangmangan, nasa kanila pa ang labis na pag-ibig sa sarili, ang hilig sa mga bagay na pawang pang material, subalit nariryan ang batas ng pagkasulong, ang tao ay magbabago, ang mga gawang pagkakasala ay papalitan ng mga gawang kabanalan; magkakawanggawa; ang pagbabagong ito ay mangangailangan ng maraming pagkabuhay upang tumupad ng tungkulin. Ito ang dahilan kung bakit nasabi ng Mananakop na gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin. Salamat sa palapahaman ng muli at muling buhay.

13. At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak.
14. Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin.

MAGSUSUGO NG MGA ESPIRITUNG MANG-AALIW

15. Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.

Maliwanag ang mga katagang ito at walang talinghaga.

16. At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang mang-aaliw, upang siyang sumainyo magpakailan man.
17. Samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagkat hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagkat siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.

Sa pag-aaral ng simulain ng Espiritismo, ang mga mang-aaliw o espiritu ng katotohanan ay ang mga Batlayang gumagamit ng mga medium o kasangkapan upang maihayag at maipadama ang kanilang pagsubaybay at pagbibigay ng kaaliwan at pag-asa sa mga mag-aaral. Sapagkat ang mga Banal na Espiritung ito ay wala na nang katawang laman na mapapagod, magugutom o sasama ang loob kung hindi sinusunod ang kanilang mga aral, kayat sila ay sasa mga nilikha magpakailan man.

Hindi matanggap ng marami ang katotohanang ito sapagkat hindi sila naniniwala na ang mga espiritu na wala nang katawang laman ay makapagpapahayag o nakakausap; at higit na hindi maunawaan ang biyaya ng mediumnidad. Kung nakasasaksi o nakadidinig ng mga pagpapaabot diwa ng mga Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga medium, agad ay hinahatulan na ito ay sa demonyo, katulad ng kanilang paghatol sa simulain ng Espiritismo.

18. “Hindi ko kayo iiwang mag-iisa: ako’y paririto sa inyo.”

Ang mga katagang ito ang nagpapabula na ang Mananakop ay muling magbabalik ng pangalawang beses na gaya ng hinihintay ng maraming mananampalataya; hindi babalik ang Panginoon sapagkat hindi naman siya umaalis; nag-alis lamang siya ng katawan laman at higit na nakalalaya ang Kanyang espiritu na katulad sa isang ilaw na nakalaganap sa lahat ng dako; o katulad ng sinag ng araw na nasa lahat ng lugar. Katotohanan ang salita niya, hindi ko kayo iiwan, lalong madarama ang Kanyang pagmamahal at pagpapala hindi lamang sa kapatagang lupa kundi sa sangtinakan.

19. “Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; nguni’t inyong makikita ako: sapagkat ako’y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo.”

Nasabi na Niya ito at ang Kanyang tinutukoy ay ang paghuhubad Niya ng katawang laman at ang espiritu ay hindi nakikita ng pangkaraniwang paningin, subalit ang Kanyang subaybay ay madadama sapagkat ang espiritu ay walang kamatayan. Ang bunga ng Kanyang pagkakandili ay makikita at iyan ang katumbas ng mga salita na Siya ay makikita.

20. Sa araw na yao’y makikilala ninyong ako’y nasa aking Ama, at kayo’y nasa akin, at ako’y nasa inyo.

21. Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya’y iibigin ko, at ako’y magpapakahayag sa kaniya.

Kung mamatay ang isang nilikha saka pa lamang kikilalanin ang mga dakilang gawa ng yumaong ito. Natatanggap ng mga nilikha na ang Panginoon ay isinugo ng Ama; ang mga aral at

gawain ng Dakilang Guro ay maka Dios. Kung tinutupad ng mga nilikha ang mga aral ng Dakilang Guro ay iniibig Siya, at ang umiibig sa Kanya ay iibigin din ng Dios, mararamdaman ang subaybay ng kaitaasan.

22. Si Judas (hindi ang Iscariote) ay nagsabi sa kaniya, “Panginoon, ano’t mangyayari na sa amin ka magpapakahayag, at hindi sa sanglibutan?”

Kailangang maunawaan na ang kaharap at kinakausap ng Dakilang Guro ay ang mga alagad na kumakatawan sa lahat ng uri ng nilikha sa sanglibutan. Ang mga alagad na ito ang magpapalaganap ng simulain ng Panginoon na ibibigay ang kanilang mga buhay sa dakilang gawaing ito.

Si Judas (hindi ang Iscariote) ay larawan ng isang nilikha na wala pang tiwala sa kanyang kakayahan at kung maaari ay huwag munang lumisan ang Dakilang Guro at ipagpatuloy ang pagpapalaganap ng kabanalan sa sanglibutan. Subalit kailangan ang lahat at bawat isa ay magkaroon ng biyaya ng kaharian ng mga langit. Ang tungkulin ng isang nilikha ay hindi lamang makinig ng mga dakilang aral kundi ito ay kinakailangan maisagawa at higit na ay maibahagi sa lalong nakararami, magpalaganap.

23. Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, “ Kung ang sinoman ay umibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang aking salita: at siya’y iibigin ng aking Ama, at kami’y pasasa kaniya, at siya’y gagawin naming aming tahanan.”

Ang tumutupad ng salita ng Dakilang Guro ay tinutupad din ang salita ng Dios at ang salita ng Mananakop ay nasa pag-iisip, damdamin at kalooban ng isang nilikha; ang tatlong

kaangkinang ito ng espiritu, diyan o iyan ang tahanan ng isang nilikha at iyan ang gagawing tahanan ng pag-ibig at kabanalan.

24. Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad ng aking mga salita: at ang salitang inyong narinig ay hindi akin, kundi sa Amang nagsugo sa akin.
25. Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo.
26. Datapuwa't ang Mang-aaliw, samakatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.

Ang isa sa mga pag-aaral na nakatutupad ng mga katagang ito ay ang simulain ng Espiritismo. Ang mga Banal na Espiritu o ang Kabatlayaang isinugo ng Dios upang ipagpatuloy ang mga dakilang aral ng Dakilang Guro ay hindi lumalayo sa mga kataga ng Banal na Kasulatan.

Kung mayroong mga magtatanong kung ang mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo ay gumagamit ng Banal na Kasulatan, ang sagot ay oo, at hindi lamang sinasariwa ang mga pangyayari at mga salita ng Banal na Kasulatan, kundi ipinaliliwanag pa rin ang tunay na diwa ng mga pangyayari at mga salita. Ang wika ng Dakilang Guro: Ang letra ay pumapatay subalit ang diwa ang nagbibigay buhay.

Ang mga salita ng Banal na Kasulatan ay hindi lamang pangkapatagang lupa kundi higit na ay para sa bayan ng mga espiritu, para sa mga langit; Kayat higit ang kaalaman ng mga Batlaya o ng mga Banal na Espiritu sa nauukol sa kaharian ng mga langit o sa bayan ng mga espiritu, at iyan ang isa sa kapalaran ng mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo sapagkat ang mga nagtuturo at sumusubaybay ay pawang mga taga roon.

Kung ang tao lamang ang magbibigay ng mga pakahulugan o diwa ng mga pangyayari at mga salita ng Banal na Kasulatan, nariryan ang mga pagtatalo-talo, at ipipilit ang kani-kanilang kapahulugan, kayat nariryan ang iba't ibang uri ng pananampalataya.

27. “Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong mga puso, ni matakot man.”

Ganitong ganito ang mga kataga ng mga Batlaya sa pagbati at sa kanilang pagpapaalam pagkatapos na sila ay makapagpahayag sa mga pagsesasyon sa mga lunduyan o centro ng mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo.

28. Narinig ninyo kung paanong sinabi ko sa inyo, “papanaw ako, at paririto ako sa inyo. Kung ako’y inyong iniibig, kayo’y mangagagalak, dahil sa ako’y pasasa Ama: sapagkat ang Ama ay lalong dakila kaysa sa akin.”

Nasabi na sa dakong una na ang salitang papanaw ay ang paghihiwalay ng katawang laman at ng espiritu; ang espiritu ay magiging malaya at higit na ay makapagpaparoo’t parito sa bahay ng Ama, hindi umaalis, kayat ito ay susog sa mga katagang hindi muling babalik ang Panginoon sapagkat hindi naman Siya umaalis.

29. At ngayon ay sinabi ko sa inyo bago mangyari, upang, kung ito’y mangyari, ay magsisampalataya kayo.

30. Hindi na ako magsasalita pa ng marami sa inyo, sapagkat dumarating ang prinsipeng sanglibutan: at siya'y walang anoman sa akin;

Nasabi na ang prinsipeng sanglibutan ay ang kamatayan at ang kamatayan ay biyaya, baitang ng pagkasulong at pangangailangan ng mga nilikha.

31. Datapwat upang maalaman ng sanglibutan na ako'y umiibig sa Ama, at ayon sa kautusang ibinigay sa akin ng Ama, ay gayon din ang aking ginagawa. Magsitindig kayo, at magsialis tayo rito.

Ang pagpapalaganap ay kailangang dumako sa maraming pook at lugar. Sa kataong ito ay hindi agad nagsialis sila sa pook na pinagdausan ng huling hapunan; ipinagpatuloy ang mga salita ng Dakilang Guro na siyang inihahayag sa Kapitulo 15 at 16 at hanggang sa pananalangin ng Mananakop na ipinahayag sa Kapitulo 17.

KAPITULO 15

SI JESUS ANG TUNAY NA PUNO NG UBAS

(Ang mga Kapitulo 15 at 17 ni San Juan ay ipinababasa ng mga Batlaya kung nais na magconcentracion; ang Kapitulo 15 ang ipinababasa sa mayroong karamdaman, lalo na kung may kalubhaan. Kung gumagawa ng semilya, ang Kapitulo 15 ay binabasa samantalang pumapases sa tubig ang mga medium, at ang Kapitulo 17 naman sa pagkarga ng magnetismo sa tubig.)

1. Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka.

Sa mga ibinibigay na diploma ng simulain ng Espiritismo bilang patunay na kasapi ng union, ang larawang naroroon ay napapaligiran ng mga sanga na may dahon at bunga ng ubas. Maraming mga lunduyan na ang ipinandedecoracion ay mga sanga rin na may dahon at bunga ng ubas.

2. Ang bawat sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalís Niya: at ang bawat sanga na nagbubunga ay nililínis Niya, upang lalong magbunga.
3. Kayo'y malilínis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y aking sinalita.

Ang mga sanga ay ang mga alagad na sa pagkakataong ito ay pinagbibilinan ng mga dapat gawin bago Siya ay yumaon.

4. Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin.

5. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagkat kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.

Marami ang nakatatanggap sa katotohanan ng simulain ng Espiritismo, subalit tamad na dumalo sa centro o lunduyan. At kung ipinaaalala ang kanilang pagkukulang, ang kanilang isinasagot ay na ang kanilang paniniwala ay nasa simulain ng Espiritismo kahit hindi sila nakadadalo sa lunduyan. Kailangan ang lagi na'y makipag-ugnayan sa Kabatlayaan na isinugo ng Mananakop sa lihim at higit na ay sa hayag. Kailangang dumako sa Centro kung saan naroroon ang Kabatlayaang walang sawang sumusubaybay sa mga mag-aaral ng Espiritismo upang huwag mahulog sa mga pagsubok na kaalinsabay ng buhay at higit na'y laging napapaalalahanan na magkawanggawa.

Marami sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo na sa kabila ng madalas na pagdalo sa pag-aaral sa lunduyan ay nahuhulog pa rin sa mga pagsubok, katulad ng pagkagalit, paghatol; sa magaspang na pananalita ay nakabibitaw pa rin sa tulos, mas lalo na kung hindi nakaririnig ng mga paalala ng mga Banal na Espiritu.

Kailangan ang isang mag-aaral ay laging mapigta ng fluido o talipandong ng mga Banal na Espiritu na tinatanggap kung dumadalo sa mga gawain o pag-aaral sa mga lunduyan. Ang magnetismong iyan ang katumbas ng puno ng ubas.

6. Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo: at mga titipunin at ihahagis sa apoy, at masusunog.

Sa pag-aaral ng simulain ng Espiritismo ay hindi lamang itinuturing na pagkakasala ang paggawa ng masama, kundi kung mayroon ng pagkakataong makagawa ng mabuti at ito ay hindi isinakatuparan, ito ay higit na pagkakasala, lubha pa at kung ang mabuting gagawin ay magliligtas ng buhay ng kapwa.

Ang hindi manatili sa Panginoon ay madaling mahulog sa pagkakasala, walang gawang mabuti at ang katulad ay tuyong sanga; pagbabayaran ang gawang pagkakasala at iyan ang katumbas ng itatapon sa apoy at mangasusunog, pagdudusahan ang nagawang pagkakasala.

7. Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang iyong ibigin, at gagawin sa inyo.
8. Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad.

Ang sinasabing hihingin dito ay hindi ang mga bagay na pang material o ang makikinabang lamang ay ang sarili, kundi ang hihingin ay ang ikabubuti ng kapwa.

9. Kung paanong inibig ako ng Ama, ay gayon din naman iniibig ko kayo: magsipanatili kayo sa aking pagibig.
10. Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig.

Sa kapitulo 15 na ito ay makasusumpung ng mga maraming patunay na ang Panginoong Jesus ay hindi Dios, kundi Siya ay taong nagpaka-Dios; Mayroon nang sa Kanya ay nakahihigit sa madalas na pagbanggit Niya sa Dios o ang Ama.

11. Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasainyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos.
12. Ito ang aking utos, na kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.
13. Walang may lalong dakilang pag-ibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan.
14. Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking inuutos sa inyo.

Ang mga pananalitang ito ay hindi lamang bulaklak ng salita kundi Kanyang isinagawa. Sa Kanyang pagkakabayubay sa krus ay pinatawad niya at idinalangin ang mga sa Kaniya'y nagpahirap at nagpako sa krus na nagdulot ng Kanyang kamatayan.

15. Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagkat hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagkat ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo.
16. "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo."
17. Ang mga bagay na ito ay iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa.

Paulit-ulit katulad ng Banal na Kasulatan at ng Kabatlayaan ang mga salitang mangag-ibigan kayo sa isa't isa, parang pakong pinupukpok ng martilyo upang manatili sa bawat isa.

18. Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo.
19. Kung kayo'y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: nguni't sapagkat kayo'y hindi taga sanglibutan, kundi kayo'y hinirang ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan.

Ang mga napopoot sa Mananakop ay mula sa lipi ng mga Pariseo, lipi ng mga saserdote at mga matatanda. Ang mga ito ay mahilig sa kapangyarihan, sa kataasan, sa kayamanan pang kapatagan at ang nais nila ay sila'y tingalain at sambahin ng mga tao; bukod sa ang mga eskribas at mga matatanda ay kapit sa letra sa mga kasulatan ni Moises, ang lahat ng mga ito na pawang pang sanglibutan ay napoot sa Dakilang Guro.

20. Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y aking sinabi, "ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang pag-uusigin din; kung tinupad nila ang aking salita, ang inyo man ay tutuparin din.
21. Datapuwa't ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa aking pangalan, sapagkat hindi nila nakikilala ang sa akin ay nagsugo.

Sa kasalukuyan ang pagkakilala at pagtingin sa Mananakop ng marami ay Siya ay Dios kayat ang kanilang mga gawain ay pawang sa pangalan ng Panginoong Hesukristo, kayat nalalagay na lamang sa isang tabi sa magaspang na pananalita ang tunay na Dios, na siyang nagsugo sa Mananakop. Ang pinamamahalaan ng Dios ay ang buong uniberso at ang kapatagang lupa ay isa lamang butil ng buhangin sa napakalawak na sangtinakpan.

Ang isa sa kadahilanan ng hindi pagkakilala sa tunay na Dios ay ang hindi pagtanggap na ang daigdigang lupa ay isa lamang sa mga planeta o daigdigan na hindi kayang bilangin ng pag-iisip ng tao. Ang isa pang hindi matanggap ay ang palapahaman ng reencarnacion.

22. Kung hindi sana ako naparito at nagsalita sa kanila, ay hindi sila magkakaroon ng kasalanan: datapwat ngayo'y wala na silang madadahilan sa kanilang kasalanan.

Sa pagkaparito ng Mananakop at nangaral, napag-alaman ng mga tao na sa pag-iisip pa lamang pala ay nagkakasala na ang isang nilikha kung masama ang iniisip at higit na kung ilalagay sa paggawa ang masamang iniisip katulad ng labis na pag-ibig sa sarili, pagsasalita ng mga walang kabuluhan at mga salitang nakasusugat ng damdamin o pumapatay ng karangalan ng kapwa, ang mga ito ay ipagsusulit pagdating sa kaharian ng mga langit; lalong ipagsusulit ang mga gawang paghatol.

23. Ang napopoot sa akin ay napopoot din naman sa aking Ama.
24. Kung ako sana'y hindi gumawa sa gitna nila ng mga gawang hindi ginawa ng sinomang iba, ay hindi sana sila nangagkaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayon ay kanilang nangakita at kinapootan nila ako at ang aking Ama.

Ang isang bitag na ginamit ng mga Pariseo at mga saserdote, ang paing inilagay ay ang isang babaeng nahuli sa pangangalunya. Ang nais ng mga Judio ay patayin ang babae sa pamamagitan ng pagbato at mailagay din ang Dakilang Guro sa kalagayang Siya ay mapatay. Ang ginawa ng Panginoon ay sinabihan ang mga Judio na ang sinomang walang bahid kasalanan ay siyang unang pumukol ng bato. Sinong ang walang

bahid kasalanan? Ang higit na ipinamalas dito ng Mananakop ay hindi Niya hinatulan ang babae bagkus binigyan ng payo na huwag ng magkasalang muli. Isa lamang ito sa mga ginawa ng Panginoon na hindi ginawa ng iba at dahil dito ay napoot sila sa Dakilang Guro at sa Dios na nagsugo sa kanya.

25. Nguni't nangyari ito, upang matupad ang salitang nasusulat sa kanilang kautusan, Ako'y kinapootan nila na walang kadahilanan.
26. Datapuwa't pagparito ng Mang-aaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhay sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin:
27. At kayo naman ay magpapatotoo, sapagkat kayo'y nangakasama ko buhat pa nang una.

Gaya ng nasabi na mula pa sa Lumang Tipan ng Banal na Kasulatan ay naisulat na ng mga propeta ang mga mangyayari sa Kristo o sa Manunubos, na sa kabila ng dakilang layuning mailigtas ang sanglibutan, marami pa rin ang napopoot sa Kanya sapagkat ng dahil sa mga aral Niya ay nakilala ng mga nilikha ang kanilang mga pagkakamali o gawang pagkakasala.

Ang mga Banal na Espiritu o Kabatlayaan na Kanyang susuguin mula sa kaharian ng mga langit ay hindi lamang patototohanan ang mga aral at kadakilaan ng Mananakop kundi ipagpapatuloy ang pagpapalaganap ng Kanyang simulain, ang Ebangelyo ng Dios.

Ang mga alagad na Kanyang pinagsasabihan ay ibinigay ang kanilang buhay sa pagpapatotoo sa Kanya at sa dakilang mga aral na ibinabandila Niya.

KAPITULO 16

1. Ang mga bagay na ito'y aking sinalita sa inyo, upang kayo'y huwag mangatisod.
2. Kayo'y palalayasin nila sa mga sinagoga: oo, dumating ang oras, na ang sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Dios.

Ang mga sinagoga ay ang pook na mga pinagtitipunan ng mga tao upang magsuri, hahanapin ang liwanag at magbibigay ng halimbawa, mangunguna sa mga gawaing makaDios, katulad ng pagkakawanggawa at pagbibigay ng kapayapaan maging mula pa lamang sa pag-iisip.

Subalit nakikita ng Dakilang Guro na ang mga namumuno sa mga sinagoga ay maka sanglibutan, mga panatiko at lubhang kapit sa letra, ayaw tumanggap ng pagbabago, kayat ang daladalang bagong simulain ng Mananakop, at ito naman ay ipagpapatuloy ng mga alagad ay kakalabanin ng mga namumuno sa sinagoga, palalayasin ang mga alagad at gaya ng mga nangyari ay ipinapatay ang mga ito maliban lamang kay Juan na sumulat ng aklat na ito.

Maraming nilikha ang ayaw tumanggap ng pagbabago lalo na sa lipi ng mga mananampalataya o pananampalataya na nagkakaroon ng pakinabang na pang material. Bukod sa katuwiran ng iba na dito kami ipinanganak ay dito na kami mamamatay, ayaw ng pagbabago at pagkasulong.

3. "At ang mga bagay na ito'y gagawin nila, sapagkat hindi nila nakikilala ang Ama, ni ako man.
4. Datapuwa't ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, upang kung dumating ang kanilang oras, ay inyong mangaalaala, kung paanong sinabi ko sa inyo. At ang

mga bagay na ito’y hindi ko sinabi sa inyo buhat pa nang una, sapagkat ako’y sumasa inyo.”

Maliwanag ang mga talatang ito at wala ng mga talinghaga.

ANG MGA GAWA NG ESPIRITU SANTO

5. Datapuwa’t ngayong ako’y paroroon sa nagsugo sa akin; at sinoman sa inyo ay walang nagtatanong sa akin, “saan ka paroroon?”

Ang pagtatanong ni Santo Tomas sa Kapitulo 14:5 ay ukol sa daang gagamitin upang makaparoon ang mga alagad sa paroroonan ng Dakilang Guro, at ibinigay naman ngayon ang kadahilanan kung bakit ngayon lamang sinasabi ng Mananakop ang ukol sa Kanyang pagyaon at ito ay matatagpuan sa mga sumusunod na talata.

6. Nguni’t sapagkat sinalita ko ang mga bagay na ito sa inyo, ay napuno ng kalumbayan ang inyong puso.
7. Gayon ma’y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako’y yumaon, sapagkat kung hindi ako yayaon, ang Mang-aaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni’t kung ako’y yumaon, siya’y susuguin ko sa inyo.

Sa pagbabalik ng Panginoon sa bayan ng mga espiritu, Siya ang mamamahala sa mga Banal na Espiritu, sa Kabatlayaan, sa mga Angel dela guardia, ang lahat ng mga ito ay mga Espiritung mang-aaliw.

8. At Siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol:

9. Tungkol sa kasalanan, sapagkat hindi sila nagsisisampalataya sa Akin;

Katulad ng sinabi ng Dakilang Guro na kung hindi Siya nagsalita ay hindi magkakaroon ang mga nilikha ng mga kasalanan. Ang gawaing ito ay ipagpapatuloy ng Kabatlayaan at katulad ng Mananakop ay hindi sila magdaramdam kung hindi sinusunod ang kanilang mga aralin o higit na ay kinakalaban pa ang mga isinugong mang-aaliw, manapa'y pagkaawa ang sa kanila ay naghahari.

10. Tungkol sa katuwiran, sapagkat ako'y paroroon sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita;

Kung sa pagsasalita ng Dakilang Guro ay nakikilala ng mga nilikha ang mga nagkasala, sapagkat ang Mananakop ay larawan ng kabanalan at sapagkat malapit na mag-iwan ang Panginoon ng Kanyang katawang laman at ang Kanyang espiritu ay babalik na sa Dios, ang espiritu ay hindi nakikita. Kung sakaling ang isang namatay ay nakita bilang isang multo, ang nakikita lamang dito ay ang peri-espiritu, ang damit o molde ng espiritu kung nais na magpakita.

11. Tungkol sa paghatol, sapagkat ang prinsipeng sanglibutang ito ay hinatulan na.

Nasabi na sa dakong una na ang prinsipeng sanglibutan ay ang kamatayan. Ang lahat ng nilikha ay mamamatay, maghuhubad ng katawang laman upang ang espiritu ay magbalik sa tunay niyang bayan, ang bayan ng mga espiritu. Ang mga nilikha sa kapatagang lupa ay mga estranghero lamang, magbabalik sa bayan ng mga espiritu ang lahat, lahat ay mamamatay sa kapatagang lupa.

12. Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis.

Napakalawak ng simulain ng Kristianismo, kasing lawak ng buong uniberso. Si San Juan din ang nagsabi sa huling talata ng aklat na ito na mayroong ding ibat- ibang ginawa at sinabi o sinalita ang Dakilang Guro na kung isusulat isa-isa ay hindi magkakasiya kahit sa sanglibutan ang mga aklat na susulatin.

13. Gayon ma'y kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay patatnubayan Niya kayo sa boong katotohanan: sapagkat hindi Siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na Kaniyang marinig, ang mga ito ang Kaniyang sasalitain: at Kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating.

Ang mga Banal na Espiritu o Kabatlayaan na susuguin sa kapatagang lupa upang ipagpatuloy ang pagpapalaganap ng simulain ng Mananakop ay patuloy pa ang pag-aaral at pagsasaliksik ng karunungan lihim, ng karunungan pangkaharian ng mga langit. Sa bayan ng mga espiritu ay hindi rin mabilang ang mga paaralan ng kabanalan; sa kabila na sila ay mayroong kabanalan na, patuloy pa rin sila sa pagsasaliksik at pag-aaral ng mga karunungan ukol sa kaharian ng mga langit. Patuloy pa rin na ang Mananakop ay nagtuturo at ang Kanyang mga itinuturo ay nagmumula sa Dios.

Ang mga natututunan naman ng mga Banal na Espiritu ay itinuturo naman sa mga ibang espiritu na kulang pa ng mga kaalaman sa karunungan lihim at gayon din itinuturo sa mga nilikha na mayroon pa ng katawang laman sa pamamagitan ng mga medium o kasangkapan. Ito ay palasak sa simulain ng Espiritismo na mayroon ng mga medium at ang pangangaral ng

mga Batlaya ay pangkaraniwang gawain sa mga centro o lunduyan ng simulain.

Ang mga bagay na ito ay mababasa sa Aklat ng mga Espiritu na isinulat ni Allan Kardec, ang kinikilalang ama ng simulain ng Espiritismo sa buong daigdig at siya rin ang sumulat ng Aklat ng mga Medium.

14. Luluwalhatiin niya ako: sapagkat kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

Nasabi na sa dakong una na ang mga iniaaral ng Kabatlayaan ay hindi lumalayo sa Banal na Kasulatan.

15. Ang lahat ng mga bagay na nasa Ama ay sa akin: kaya sinabi ko na siya'y kukuha sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

Madalas na sinasabi ng Dakilang Guro na ang Kaniyang mga inaaral ay nanggaling sa nagsugo sa Kaniya, ang Ama; at ito ay ipinahahayag naman sa mga Banal na Espiritu upang ibahagi naman sa ibang mga espiritu na kulang pa ng pagkaunawa sa karunungan lihim at gayon din sa mga nilikha na mayroon pa ng katawang laman sa mga daigdigan o mga planeta.

KALUWALHATIAN AT KAGALAKAN

16. Sandali na lamang, at ako'y hindi na ninyo makikita; at muling sandali pa, at ako'y inyong makikita.
17. Ang ilan sa kaniyang mga alagad nga ay nangagsang-usapan, Ano itong sinasabi niya sa atin, "sandali na lamang, at Ako'y hindi na ninyo makikita; at muling sangdali pa, at Ako'y inyong makikita: at sapagkat Ako'y paroroon sa Ama."

18. Sinabi nga nila,” Ano nga itong sinasabi niya, “sandali na lamang?” Hindi namin nalalaman kung ano ang sinasabi niya.”
19. Natalastas ni Jesus na sa kaniya’y ibig nilang itanong, at sa kanila’y sinabi niya, “nangatatanungan kayo tungkol dito sa aking sinabi, sandali na lamang, at ako’y hindi na ninyo makikita, at muling sandali pa, at ako’y inyong makikita?”

Ang mga salitang ito ay katulad ng sinabi Niya sa mga Judio na,” makakasama pa ninyo ako ng kaunting panahon subalit ako ay babalik sa nagsugo sa akin. Hindi ninyo ako makikita at hindi kayo makapupunta sa aking paroroonan.”

Malaking pangangailangan ang reencarnacion o muli at muling pagkabuhay ng mga nilikha sa kapatagan ng mga hugis upang magkaroon ng maraming danas, upang makapagbayad ng mga pagkakautang, upang makatupad ng tungkulin at dumating sa antas ng kawagasan. At sa pagkakatawang tao ng mga espiritu ay kinakailangang pansamantalang malimutan ang mga nakaraang kabuhayan upang hindi maging sagabal sa kasalukuyang kabuhayan at sa mga hinaharap.

Sa panahon na ang espiritu ay bumalik na sa bayan ng mga espiritu dulot ng kamatayan ng katawang laman, ipagsusulit niya ang paggamit ng lakas at buhay na sa kanya ay ipinahiram ng Dios at diyan ay makikita niya ang isang aklat ng kanyang buhay kasama ang mga nakaraang kabuhayan. Samantalang nasa bayan ng mga espiritu ay hindi makikita ng mga taong mayroon pa ng katawang laman; subalit sa pagbabalik sa kapatagan ng mga hugis ay muling makikita sang-ayon sa katawang laman na gagamitin upang masulong at makakatupad ng tungkulin.

Sa antas ng kadakilaan ng Mananakop, kahit na siya ay nasa kalagayan ng pagka-espiritu, ang kanyang pagpapala ay damang dama ng mga nilikha at higit na ay ng kapwa espiritu na siya ring kahahantungan ng mga alagad pagdating ng kanilang kamatayan.

Ang panahon sa kapatagang lupa, halimbawa ay isang daang taon o sabihin nang isang libong taon, sa bayan ng mga espiritu ang mga ito ay saglit lamang sapagkat sa bayan ng mga espiritu ay walang kahapon o bukas, ang lahat ay kasalukuyan.

20. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayo'y magsisiiyak at magsisipanaghoy, datapuwa't ang sanglibutan ay magagalak: kayo'y mangalulumbay, datapuwa't ang inyong kalumbayan ay magiging kagalakan.
21. Ang babae pagka nanganganak ay nalulumbay, sapagkat dumating ang kaniyang oras: nguni't pagkapanganak niya sa sanggol, ay hindi na niya naalaala ang hirap dahil sa kagalakan sa pagkapanganak sa isang tao sa sanglibutan.
22. At kayo nga sa ngayon ay may kalumbayan: nguni't muli ko kayong makikita, at magagalak ang inyong puso, at walang makapag-aalis sa inyo ng inyong kagalakan.

Ang dalang simulain ng Dakilang Guro ay mahirap: ang pagpapalaganap, humihingi ng pagpapakasakit at pag-aalay ng buhay na ibinigay na halimbawa ng Mananakop; gayon din ang isasakatuparan ng mga alagad. Hindi nasayang o nauwi sa wala ang mga pagpapakasakit o pag-aalay ng buhay ng mga alagad at higit na ng Mananakop sapagkat natatanggap naman ng sangkatauhan ang kanilang simulaing ipinalalaganap at naririyang pagtatamo ng kaligayahan at kapayapaan na mithiin ng lahat ng mga nilikha.

Ang halimbawa ng isang babae na nanganganak na pagkatapos na manganak ay nalimutan na ang lahat ng hrap ay danas ng mga alagad sa kanilang pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios, nagbuwis sila ng kanilang mga buhay subalit ang kaligayahang kanilang tatamuhin ay kaligayahan pang kaharian ng mga langit, tunay na kaligayahan at walang katapusan o magpakailan man.

Ang kaligayahan pang kapatagan ay natatapos at anino lamang ng tunay na kaligayahang matatamo sa kaharian ng mga langit.

Muling magkikitakita at magsasamasama ang mga alagad sa bayan ng mga espiritu, at sa pamamahala ng Mananakop ay ipagpapatuloy ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Dios; patuloyang pagsubaybay sa mga kapwa espiritu na kulang pa ng kaalaman at nangangailangan pa ng kanilangtangkilik at higit na ay sa mga nilikhang mayroon pa ng katawan sa iba't ibang daigdigang sa santinakpan katulad ng daigdigang lupa. Sila ang Kabatlayaang walang sawa, walang pagod na sumusubaybay sa mga nilikha at gaya nang nasabi na ay walang pagdaramdam kung sila ay hindi sinusunod ng mga nilikha, bagkus ay pagkaawa ang nasa kanila.

23. At sa araw na yaon ay hindi kayo magtatanong sa akin ng anomang tanong. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung kayo'y hihingi ng anoman sa Ama, ay ibibigay niya sa inyo sa aking pangalan.
24. Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihinging anoman sa pangalan ko: kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan.

Ang hinihingi ng mga nilikha ay tinatanggap na nila subalit hindi pa nauunawaang ibinibigay na sa kanila ng kaitaasan. Ang

lundo ng lahat ng dalangin at kahingian ng mga nilikha ay ang magkaroon sila ng kapayapaan, kasiyahan at ang tunay na kaligayahan. Kung ang hinihingi ng mga nilikha ay kayamanan, kapangyarihan, at kadakilaan sa kapatagan lupa, at ang mga ito ay hindi naipagkaloob ay sapagkat hindi karapat dapat na matamo ng mga nilikha sapagkat magbubulusok sa kanila sa gawang pagkakasala; kung wala nang mga pagkakasala, sasakanila ang kanilang minimithing kapayapaan at kasiyahan.

Ang tunay na pangangailangan ng mga nilikha ay ang kapayapaan at kasiyahan at ito ay matatamo sa pamamagitan ng pagkakawanggawa sa kapwa at gayon din ng kababaan.

NAPAGTAGUMPAYAN ANG SANGLIBUTAN

25. Sinalita ko sa inyo ang mga bagay na ito sa malalabong pananalita; darating ang oras, na hindi ko na kayo pagsasalitaan sa malalabong pananalita, kundi maliwanag na sa inyo'y sasaysayin ko ang tungkol sa Ama.

Nasabi na sa dakong una na ang paggamit ng talinghaga ay upang hindi makapagmataas ang mga nilikha, upang ang mga mag-aaral ay magsaliksik, magsuri at makuha ang tunay na diwa ng mga pangyayari at mga salita sa Banal na Kasulatan.

26. Sa araw na yao'y magsisihingi kayo sa aking pangalan: at sa inyo'y hindi ko sinasabi, na kayo'y idadalangin ko sa Ama.
27. Sapagkat ang Ama rin ang umiibig sa inyo, sapagkat ako'y inyong inibig, at kayo'y nagsisampalataya na ako'y nagbuhat sa Ama.

Ang batas ay pagsulong at darating ang mga nilikha sa antas na ang mga hihingin sa Ama ay hindi para sa kanilang mga sarili kundi para sa ikabubuti ng kapwa at ito ang tunay na layunin ng simulain ng Mananakop, ibigay ang buhay kung kinakailangan para sa kapwa; nangangahulugang naibig na ang Panginoon, at sumasampalataya na ang Panginoon na Siya ay nagbuhat sa Dios.

28. Nagbuhat ako sa Ama, at naparito ako sa sanglibutan: muling iniwan ko ang sanglibutan, at ako'y paroroon sa Ama.
29. Sinasabi ng kaniyang mga alagad, "narito, ngayo'y nagsasalita kang malinaw, at wala kang sinasalitang anomang malabong pananalita.
30. Ngayon ay nakikilala namin na nalalaman mo ang lahat ng mga bagay, at hindi nangangailangan na tanungin ka ng sinoman: dahil dito'y nagsisisampalataya kami na ikaw ay nagbuhat sa Dios.
31. Sinagot sila ni Jesus, "ngayon бага'y nagsisisampalataya kayo?"
32. Narito, ang oras ay dumarating, oo, dumating na, na kayo'y mangangalat, ang bawat tao sa kanikaniyang sarili, at ako'y iiwan ninyong mag-isa: at gayon ma'y hindi ako nag-iisa, sapagkat ang Ama ay sumasaakin.
33. Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan, sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't lakasan ninyo ang inyong loob; aking dinaig ang sanglibutan.

Dinaig ng Mananakop ang mga hibo ng sanglibutan, dinaig niya ang tawag ng laman; tinanggihan Niya ang kayamanan at kapangyarihan sa ibabaw ng lupa, hindi Niya ipinagpalit ang kayamanan at kadakilaang pangkaharian ng mga langit sa

kayamanan at kapangyarihan ng kapatagang lupa na ito ay napaparam.

Kung tawagin ng Kabatlayaan ang daigdigang lupa ay daigdigan ng luha at hinagpis; ang mga kaligayahang natatamo dito ay pawang pangsandalian lamang at nagdudulot ng mga tiisin sa dakong huli sapagkat ang karamihan ay labag sa batas ng Dios, pawang makasarili at ito ay pagkakasala.

Kung madalas na sabihin ng Dakilang Guro sa mga alagad na gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin, sinabi Niya sa mga alagad, lakasan ninyo ang inyong mga loob at madadaig din ninyo ang sanglibutan. Ang lahat ay magiging alagad ng Mananakop at kasama ang lahat sa mga katagang gagawin ninyo ang aking ginawa at higit pa sa rito ay inyong gagawin.

Ang Kapitulo 16 na ito ang isa sa nagpapatotoo na ang Mananakop ay hindi Dios, kundi taong nagpaka-Dios.

KAPITULO 17

NANALANGIN SI JESUS PARA SA MGA ALAGAD

(Gaya nang nasabi na, ang kapitulong ito ay ginagamit sa pagcoconcentracion o pagdidili-dili; ginagamit sa paggagamutan o ipinababasa sa mga may sakit at sa paggawa ng semilla.)

1. Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Jesus; at sa pagtingala ng kaniyang mga mata sa langit, ay sinabi niya, “Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang inyong Anak, upang Ikaw ay luwalhatiin ng Anak.
2. Gaya ng ibinigay mo sa kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng laman, upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kaniya.
3. At ito ang buhay na walang hanggan, na Ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang Iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo.”

Sa palapahaman ng reencarnacion ay nasabi na sa dakong una na ang Ama ay ang mga nakaraang kabuhayan ng isang nilikha, at ang anak ay ang kasalukuyang kabuhayan o mga gawain ng mga nilikha. Ang pagluwalhati sa Ama ay ang mga gawaing makaDios, at kung makaDios din ang mga gawain sa kasalukuyan, niluluwalhati ang anak.

Binigyan ng Dios ang mga nilikha ng kalayaan kaalinsabay ng mga katotohanan ng mga aralin ng Mananakop na nagpapalaya sa mga tao; nasa tao ang pagpili ng mga gawang kabutihan at kabanalan at ang paglayo sa mga gawang pagkakasala. Ang magtatamo ng kaligayahang bunga ng mga gawang kabutihan ay ang kaluluwa, ang tunay na tao, kayat ito ang buhay na walang hanggan. Ang buhay na walang hanggan ay ang makilala ng mga nilikha na ang Dios ay espiritu at

katotohanan at iisa ang Dios; at matanggap na isinugo ng Dios ang Panginoong Hesukristo.

4. “Niluwalhati kita sa lupa, pagkaganap ko ng mga gawa na pinagawa mo sa akin.
5. At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa iyo rin ng kawalhatiang aking tinamo sa iyo bago ang sanglibutan ay naging gayon.”

Ang batas ay pagsulong mula sa kamangmangan patungo sa kabanalan. Sa mga naisakatuparan na ng Dakilang Guro sa bawat pagkakatawang tao Niya sa kapatagan ay nagdudulot ng pagkasulong at sa pagkabatid na ito na lamang ang huling pagkakatawang laman ng Panginoon, ay humihingi sa Dios ng kaluwalhatian katulad ng ipinagkaloob sa kanya noong mga nakaraang kabuhatan.

6. Ipinahayag ko ang Iyong pangalan sa mga tao na ibinigay mo sa akin mula sa sanglibutan: sila’y iyo, at sila’y ibinigay mo sa akin; at tinupad nila ang Iyong salita.
7. Ngayon ay nangakilala nila na ang lahat na mga bagay na sa akin ay ibinigay mo ay mula sa iyo:
8. Sapagkat ang mga salitang sa akin ay ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; at kanilang tinanggap, at nangakilala nilang tunay na nagbuhat ako sa Iyo, at nagsipaniwalang Ikaw ang nagsugo sa akin.

Maliwanag ang mga katagang ito at wala ring mga talinghaga.

9. Idinadalangin ko sila: hindi ang sanglibutan ang idinadalangin ko, kundi yaong mga sa akin ay ibinigay mo; sapagkat sila’y iyo.

10. At ang lahat ng mga bagay ay Iyo, at ang mga Iyo ay akin: at ako'y lumuluwalhati sa kanila.

Ang idinadalangin ng Mananakop ay yaong mga tumanggap na ng kaniyang mga aral at isinasakatuparan ang mga aral na ito. Kailangan nila ang dalangin sapagkat sila ang mga unang susubukin katulad ng mga babalang ibinigay sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo; kayo ang mga unang bibigyan ng mga pagsubok upang maging halimbawa.

Ang lahat ng may buhay ay mayroong espiritu at ang espiritu ay bahagi ng Dios, bahagi ng Mananakop.

11. At wala na ako sa sanglibutan, at ang mga ito ay nasa sanglibutan, at ako'y paririyon sa Iyo. Amang Banal, ingatan mo sila sa Inyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman natin.

Mabibilang na lamang ang ilang oras sa pagitan ng pananalanging ito ng Mananakop at sa sandali na siya ay ipapako sa krus, kayat itinuturing na Niya na wala na siya sa sanglibutan.

Kung nananalangin ang isang nilikha, tatlong bagay ang kanyang ginagawa: Nagpupuri, humihingi at nagpapasalamat. Sa kataga ng Mananakop na Amang Banal, Siya ay nagpupuri at sa mga sumusunod na pananalita Siya ay humihingi; humihingi hindi para sa kanyang sarili kundi para sa iba.

12. Samantalang ako'y sumasa kanila, ay iningatan ko sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin: at sila'y binantayan ko, at isa man sa kanila'y walang

napahamak, kundi ang anak ng kapahamakan; upang matupad ang kasulatan.

Ang mga katagang ang napahamak lamang ay yaong anak ng kapahamakan upang matupad ang kasulatan; ang kasulatan dito ay ang batas ng KARMA, batas ng gating galaw, kung ano ang inutang ay siyang pagbabayaran.

Sa simulain ng Espiritismo ay mayroong tinatawag na pagbabayad marunong. Gumawa ng mabuti at huwag nang hintayin pa ang ganting galaw ng nagawang pagkakasala. Halimbawa kung umutang ng buhay ng kapwa ay huwag nang hintayin na siya ay mapatay pa kundi magligtas na ng buhay ng kapwa; magligtas ng kapwa sa gawang pagkakasala at ito ay pagbabayad marunong.

13. Nguni't ngayon ay napaririyan ako sa iyo; at sinasalita ko ang mga bagay na ito sa sanglibutan, upang sila'y mangagtamo ng aking kagalakang ganap na sa kanila rin.
14. Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita; at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagkat hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan.

Ang mga salita dito ng Dios ay ang kabanalan. Kung paanong sa unang bahagi ng kasulatang ito ni San Juan ay binanggit niya na ang salita ay nasa Dios, at ang salita ay Dios; ang kabanalan ay kinakalaban ng mga makasanglibutan, ng mga makamundo.

15. Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama.

Kailangan ng mga nilikha na magkatawang laman sa kapatagang lupa upang magkaroon ng danas; ang danas ay guro. Kailangan mamayan ang mga nilikha sa kapatagan ng mga hugis upang malaman ang mabuti at ang masama; at ang magiging bunga ng gawang kabutihan o ng gawang kasamaan.

Ang idinadalangin ng Mananakop ay ingatan ang mga nilikha sa gawang masama sapagkat bukod sa magdurusa ang mga nilikha ay magkakaroon ng pagkabalang ang kanilang pagkasulong o pagbabalik sa Dios na pinanggalingan.

16. Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na hindi taga sanglibutan.

Ang tunay na bayan ng lahat ng mga nilikha ay ang bayan ng mga espiritu at gaya nang nasabi na ang tao ay mga estrangero lamang dito sa kapatagang lupa.

17. Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan.

Ang paliwanag dito ay katulad din ng paliwanag sa talata 14.

18. Kung paaanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan.

Ang lahat ay masusulong, babalik sa Dios na pinanggalingan at sa pamamagitan ng reencarnacion ay matutupad ang salita ng Mananakop na gagawin ng mga nilikha ang kanyang ginawa at higit pa sa roon ay kanilang mga magagawa.

19. At dahil sa kanila'y pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman ay mangagpakabanal sa katotohanan.

Ang talatang ito ang isa sa mga patunay na ang Mananakop ay nagsimula rin sa kamangmangan, subalit bunga ng maraming beses na pakikipamuhay sa kapatagan ng mga hugis ay nagkaroon ng mga danas, nakilala ang mabuti at ang masama, pinili ng Panginoon ang mga mabubuting gawain at itinakwil ang gawang masama hanggang sa umabot siya sa antas ng Cristo o ng Mesias, sa antas ng kabanalan na larawan ng Dios.

Lahat ng mga nilikha ay magiging banal sapagkat ang Dios ay pag-ibig, makatarungan at maunawain; lamang pana panahon, antas-antas ang pagkasulong ng bawat isang nilikha.

20. Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;
21. Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y sumaaatin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo.

Darating din ang sandali na ang sinasalita ng tao ay kanyang gagawin. Ang Mananakop din ang nagsabi na ang lumalabas sa bibig ay kasaganaan ng dibdib, mula sa pag-iisip at damdamin at iyan ay ikakampay ng mga bisig.

22. At ang kaluwalhatiang sa aki'y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; upang sila'y maging isa, na gaya naman natin na iisa;

Nasabi na sa dakong una na ang diwa ng kataga ng Mananakop na ang Ama at Siya ay iisa sapagkat pareho silang mayroong espiritu at lahat ng espiritu ay galing sa Dios.

23. Ako'y sa kanila, at ikaw ay sa akin, upang sila'y malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan na ikaw

ang sa akin ay nagsugo, at sila'y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo.

Maliwanag ang talatang ito.

24. Ama, yaong mga ibinigay mo sa akin ay ibig kong kung saan ako naroroon, sila naman ay dumoong kasama ko, upang makita nila ang kaluwalhatian ko, na ibinigay mo sa akin; sapagkat ako'y iyong inibig bago natatag ang sanglibutan.

Ang bayan ng mga espiritu ay napakalawak na hindi kayang sukatin ng pag-iisip ng mga tao. Ang bayan ng mga espiritu ang paroroonan ng Mananakop at ibig Niyang makasama ang lahat ng mga nilikha upang maipadama ang kawalhatian ng sumasakanya. Kung ang Dios ay makatarungan at hindi nagtatangi ay gayon din ang Mananakop.

Ang kapatagang lupa ay isa sa mga batang planeta na nilikha ng Dios sa universo. Ang espiritu ng Mananakop ay nakitalad na sa ibang mga planeta na nauna at higit ang antas sa kabanalan sa planetang lupa. Kung sa Lumang Tipan ng Banal na Kasulatan katulad ng sa Genesis ay mayroon nang katulad nila Arcangel Gabriel, Arcangel Rafael, ang mga espiritong ito ay mga naging banal na sa mga naunang mga planeta kaysa sa kapatagan lupa. Ito ang diwa ng kataga ng Panginoon na sapagkat ako'y iyong inibig bago natatag ang sanglibutan.

Kung ang tao ay magsusuri na ang Dios nga ay makatarungan at pantay-pantay ang pag-ibig sa lahat ng Kanyang nilikha, bakit mayroon agad na mga binabanggit sa Lumang Tipan katulad nga sa Genesis na mga angel, mga arcangel. Ang kasagutan dito ay sapagkat namayan na sila sa mga planetang nauna sa pagkakalikha.

Sa kasalukuyan ay pito pa lamang ang nakilala sa mga arcangeles na tumulong sa Dios sa unang kasaysayan ng sanglibutan, sila ay sina Arcangel Gabriel, Miguel, Rafael, Renuel, Raquel, Uriel at Zarachiel. Ang mga arcangeles na ito ay mga banal na bago natatag ang kapatagang lupa.

25. Oh Amang banal, hindi ka nakikilala ng sanglibutan, nguni't nakikilala kita; at nakikilala ng mga ito na ikaw ang nagsugo sa akin;
26. At ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan, at ipinakikilala ko; upang ang pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako'y sa kanila.

Hanggang ngayon ay isinakatuparan ang pangakong ito ng Panginoon Hesukristo sa pamamagitan ng kanyang pagsusugo ng mga espiritung mang-aaliw, ng Kabatlayaan na gumagamit ng mga medium o mga kasangkapan.

Mapalad ang simulain ng Espiritismo sapagkat ang Kabatlayaan na isinusugo ng Dakilang Guro ay nadadama, naririnig sa lihim at sa hayag ang pag-ibig ng Dios at ang pag-ibig ng Mananakop.

KAPITULO 18

ANG PAGDAKIP SA MANANAKOP

1. Nang masalita ni Jesus ang mga salitang ito, siya'y umalis na kasama ng kaniyang mga alagad na nagsitawid ng batis ng Cedron, na doo'y may isang halamanan na pinasok niya at ng kaniyang mga alagad.
2. Si Judas nga rin naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay nalalaman ang dako: sapagkat madalas na si Jesus ay nakikipagkatipon sa kaniyang mga alagad doon.

Ang hardin ito ay ang tinatawag na Getsemani, sagisag ng pananalangin upang mabantayan ang sarili, matanganan ang sarili; mabantayan ang mga ibang pangyayari. Malakas ang espiritu subalit mahina ang laman; malakas ang pang-unawa subalit natatakot na ilagay sa larangan ng paggawa; nawawala ang paggawa sapagkat natatakot sa sasabihin ng lipunan.

3. Si Judas nga, pagkatanggap ng pulutong ng mga kawal, at mga punong kawal na mula sa mga pangulong saserdote at mga Pariseo, ay nagsiparoon na may mga ilawan at mga sulo at mga sandata.

Nasabi na rin ng dakong una na ang sagisag ng mga kawal ay ang mahigpit na pagtupad ng tungkulin, pagmamahal sa tungkulin maging ang pagtupad ng tungkuling ito ay panglulupig, mapanira at mga pagsubok dulot ng kapwa at ng kalikasan.

Nang dahil sa pagkakasala ni Judas ay tinanggap ang mga pulutong at pinuno ng mga kawal at nagbalik sa halamanan ng Getsemani. Ang batas ay pagsulong bukod sa mayroong maraming aral na matanggap ni Judas buhat sa Mananakop,

kayat ang dala-dala ng mga kawal ay ilawan at mga sulo. Si Judas ay mayroon ng puhunan na kabanalan at ang katotohanang ito ay pinatotohanan ng mga sumusunod na mga talata.

4. Si Jesus nga, na nakatataos ng lahat ng mga bagay na sasapit sa kaniya, ay lumabas, at sa kanila'y sinabi, "sino ang inyong hinahanap?"
5. Sinagot niya sila, Si Jesus na taga Nazaret. Sinabi sa kanila ni Jesus, "Ako nga". At si Judas din naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay nakatayong kasama nila.

Nagmula sa kamangmangan, hahanapin ng mga nilikha ang kabanalan na sinasagisag ng Mananakop na taga Nazareth. Hahanapin ang kabanalan kundi man sa kasalukuyan na kabuhayan at sa mga susunod na kabuhayan, salamat sa palapahaman ng reencarnacion.

6. Pagkasabi nga niya sa kanila, Ako nga, ay nagsiurong sila, at nangalugmok sa lupa.

Ang sagot ng Mananakop na Ako nga, Siya nga ang Anak na mapalad, Siya ang Cristo, ang tagapagligtas; Siya nga si Jesus na taga Nazareth upang patunayan na hindi Siya ang Dios kundi Anak ng Dios, tagatupad ng batas, tao na nagpakadios sa pamamagitan ng muli at muling buhay o reencarnacion.

Ang Dakilang Guro mula sa panimula ay hindi kaagad agad ay banal sapagkat lalabag ito sa pagiging makatarungan ng Dios. Katulad din Siya ng lahat ng mga nilikha na nagdaan sa maraming kabuhayan, sa maraming pagsubok at mga danas na nagdulot sa kaniya ng kaniyang kabanalan.

Ang palapahaman ng reencarnacion ay hindi pa matanggap ng mga saserdote, ng mga Pariseo at ng mga matatanda dala ng kanilang kamangmangan sa mga karunungan lihim. Ang pagtanggap ng kabanalan ay kinakailangan dahan-dahan upang huwag mabigla, kung бага man sa ilaw ay huwag masilaw at iyan nga ang nangyari sa mga kawal, nabigla sila, kayat umurong at naglumok.

Sa mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo ay marami ang nagkaroon ng ganitong danas. Nang makilala ang kadahilanan ng pag-aaral na ito, naging masipag, masipag at maalab ang pagnanasang maipalaganap ang simulain ng Espiritismo, subalit pagdating ng mga pagsubok, halimbawa ay natisod sa inuugali ng ibang mga mag-aaral, umuurong, nalugmok at sinasabing espiritista pa naman.

Hindi matanggap na ang Mananakop at ang Kanyang mga aralin ay para sa mga makasalanang, hindi para sa mga banal at ganyan din ang simulain ng Espiritismo, para sa naghahanap ng pagkasulong at kabanalan.

7. Muli ngang sila'y tinanong niya, "sino ang inyong hinahanap?" At sinabi nila, "Si Jesus na taga Nazareth."
8. Sumagot si Jesus, "sinabi ko sa inyo na ako nga; kung ako nga ang inyong hinahanap, ay pabayaang ninyo ang mga ito na magsiyaon sa kanilang lakad."
9. Upang matupad ang salitang sinalita niya, "sa mga ibinigay mo sa akin ay hindi ko iniwala kahit isa."

Sa unang tanong na kung sino ang kanilang hinahanap, ang katanungan ito ay para sa katawang laman kayat mahina, marupok, umatras at nalugmok, subalit ang pangalawang tanong ay para sa espiritu, sa tunay na tao. Kayat mayroon pasubali ang Mananakop na pabayaang ang Kanyang mga alagad

na magsiyaon upang maipagpatuloy ang pagpapalaganap ng simulain ng Kristianismo, ang Ebangelyo ng Dios na siya naman isinakatuparan ng mga alagad.

Hindi mapipigilan ang paghahanap ng kabanalan, ang paghanap sa Mananakop, lamang iba't ibang antas ng pagnanasa ng kabanalan, mayroong mabagal at naglilimayon, naaantala, subalit ang lahat ay masusumpungan ang kabanalan sapagkat matatangay ng agos ng batas ng pagkasulong.

10. Si Simon Pedro nga na may tabak ay nagbunot nito, at sinugatan ang alipin ng dakilang saserdote, at tinagpas ang kaniyang kanang tainga. Ang pangalan ng aliping yaon ay Malco.
11. Sinabi nga ni Jesus kay Pedro, Isalong mo ang iyong tabak: ang sarong sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi mo бага iinuman?

Nasabi na sa dakong una na si Pedro ay naglalarawan ng iba't ibang ugali at gawain ng mga tao at sa kataong ito ay pinapel ni Pedro ang larawan ng kapusukan at ang kawalan ng pananampalataya na hindi matanggap na walang mangyayari ng hindi karapat dapat at nasa kapahintulutan ng Dios. Hindi rin matanggap na ang bawat nilikha ay mayroon tungkulin na tutupdin at ang pangyayaring ito ang simula ng pag-inom sa sarong na mula sa Ama.

Tinagpas ang kanang tainga ni Malco, ang alipin ng mga saserdote. Ang alipin ay ang mga nakakagawa ng masama, alipin ng pagkakasala, hindi nakikilala ang tungkulin sinumpaang mula sa bayan ng espiritu, bulag at bingi sa tunay na kalagayan ng mga kapwa, ng lipunang kinabibilangan. Walang mararating na mabuti dala ng kamangmangan ukol sa Dios at ukol sa kapwa

sapagka'y siya ay nakagapos sa isang pananampalataya, sa pananampalataya ng mga pariseo at mga saserdote.

Pinigtas ang tainga, inalisan ng karapatang makinig ng mga araling nagdudulot ng pagkasulong, tinangihan ang pagkakataon at karapatang magbago. Ang mayroong tainga ay makaririnig ng mga aral ng Mananakop, sapagkat ang mapusok o mayroon kainitan ng simbuyo katulad ng pinapel ni Pedro sa kataong ito ay hindi matatanggap na ang mga aralin ng Dakilang Guro ay para sa mga makasalanan, para sa alipin at hindi para sa mga banal.

Hinahatulan ang pag-aaral ng simulain ng Espiritismo, pati ng mga nag-aaral katulad ni Pedro na gumagamit ng tabak, subalit sa paghatol doon din susukatin ang mga tao.

12. Kaya dinakip si Jesus ng pulutong at ng pangulong kapitan, at ng mga punong kawal ng mga Judio, at siya'y ginapos.
13. At siya'y dinala muna kay Anas: sapagkat siya'y biyenang ni Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon.
14. Si Caifas nga na siyang nagpayo sa mga Judio, na dapat na ang isang tao'y mamatay dahil sa bayan.

Si Anas na mayroong pitong pong taon ang gulang ay sagisag ng nakaraang kabuhayan ni Caifas na may gulang lamang na apat na pung taon; wala pa rin ng pagbabago, nariryan pa rin ang labis na pag-ibig sa sarili, sa kapangyarihan at kadakilaan sa lupa. Si Caifas ang pangatlo sa kapangyarihan sa Jerusalem, susunod sa gobernador na si Pilato at sa Tetrarkang Herodes.

IPINAGKAILA NI PEDRO ANG PANGINOON

15. At sumunod si Simon Pedro kay Jesus at gayon din ang isa pang alagad. Ang alagad ngang yaon ay kilala ng dakilang saserdote, at pumasok na kasama ni Jesus sa looban ng dakilang saserdote;
16. Nguni't si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas. Kayat ang isang alagad, na kilala ng dakilang saserdote ay lumabas at kinausap ang babaing tanod-pinto, at ipinasok si Pedro.
17. Sinabi nga kay Pedro ng dalagang tanod-pinto, Pati бага ikaw ay isa sa mga alagad ng taong ito? Sinabi niya, Ako'y hindi.

Ang alagad na kilala ng dakilang saserdote ay si Nicodemus na nang dakong sa una, isa rin sa nagpunta sa Mananakop at humingi ng paliwanag ukol sa palapahaman ng reencarnacion. Sa kataong ito ay ginamit ni Nicodemus ang kanyang kaalaman ukol sa batas at buong kagitingang ipinagtanggol ang Dakilang Guro, subalit si Jose Arimathea lamang ang kanyang naging katulong at nasawi ang kanilang pagtatangol sa Panginoon.

Ang papel naman na ginagampanan ni Pedro sa pagkakataon ito ay larawan ng isang nilikha na wala ng katapatan sa kaniyang mga pananalita o pangako, kulang ng pananampalataya pagdating ng mga pagsubok. Sa kataong ito ginanap ni Pedro ang pagkaila sa Dakilang Guro, pagkakaila sa kabanalan.

18. Nangakatayo nga doon ang mga alipin at ang mga punong kawal, na nangagpapaningas ng sigang uling; sapagkat maginaw; at sila'y nangagpapainit: at si Pedro rin naman ay kasama nila, na nakatayo at nagpapainit.

Nasabi na sa dakong una na ang mga alipin ay sagisag ng mga mapagkasala at ng mga kawal ay larawan ng mga nilikhang pikit matang pagtupad sa tungkulin mapanglupig. Ang mga ito ang mga kahalubilo ni Pedro, nagpapainit upang maging maalab sa kanilang mga tungkulin tutupdin.

TINANONG SI JESUS NG DAKILANG SASERDOTE

19. Tinanong nga ng dakilang saserdote si Jesus tungkol sa kaniyang mga alagad, at sa kaniyang pagtuturo.
20. Sinagot siya ni Jesus, Ako'y hayag na nagsalita sa sanglibutan; ako'y laging nagtuturo sa mga sinagoga, at sa templo, na siyang pinagkakatipunan ng lahat ng mga Judio; at wala akong sinalita sa lihim.
21. Bakit ako'y iyong tinatanong? tanungin mo silang nangakarinig sa akin, kung anong sinalita ko sa kanila: narito, ang mga ito ang nangakakaalam ng mga bagay na sinabi ko.

Muling ipinakita ng Mananakop ang kababaan loob at makatuwirang kasagutan.

22. At nang kaniyang masabi ito, ay sinampal si Jesus ng isa sa mga punong kawal na nakatayo roon, na nagsasabi, "ganyan ang pagsagot mo sa dakilang saserdote?"
23. Sinagot siya ni Jesus, "kung ako'y nagsalita ng masama, patotohanan mo ang kasamaan; datapuwa't kung mabuti, bakit mo ako sinasampal?"

Ang kapangyarihang katulad ng pagiging punong kawal na nahaluan ng kataasan at kalupitan ay lumulupig ng karapatan ng kapwa, wala sa katuwiran. Sa aba ng mga pangyayari sa panahong ito marami pa rin ang katulad ng pinunong kawal na ito.

24. Ipinadala nga siyang gapos ni Anas kay Caifas na dakilang saserdote.

Nasabi na sa dakong una si Anas ay sagisag nang nakaraan kabuhayan ng isang nilikha, bienan o ama; at si Caifas ay ang anak at sagisag ng kasalukuyan kabuhayan. Ipinadala ni Anas ang kabanalan na sinasagisag ng Mananakop kay Caifas subalit kabanalan na mayroon ng limitation, nakagapos, mayroon ng mga condition katulad ng paniniwala na ang mga nasa kapangyarihan ay sila'y nasa ibabaw ng batas. Ang larawan rito ni Anas at Caifas ay mga nilikhang mahilig pa rin sa mga bagay na pangkapatagang lupa at hindi pa matanggap ang pagkasulong dala nga ng kamangmangan. Kayat kailangan talaga ang maraming pagkakatawang laman ng isang espiritu upang sa ayaw niya at sa gusto nasabi na matatangay sila ng agos ng batas ng pagsulong.

Napakalayo nang agwat ng antas sa gawi ng kabanalan ng Dakilang Guro sa kalagayan ni Anas at Caifas, hindi pa kayang unawain ang simulain ng Mananakop, kayat hindi naman ipinagpipilitan sa kanila, hindi pa napapanahon kayat napipigil ang pagsasalita ng Panginoon, nakagapos.

25. Nakatayo nga si Pedro na nagpapainit. Sinabi nga nila sa kaniya, Ikaw бага ay isa rin naman sa kaniyang mga alagad? Siya'y kumaila, at sinabi, Ako'y hindi.
26. Ang isa sa mga alipin ng dakilang saserdote, na kamaganak niyaong tinagpas ni Pedro ang tainga, ay nagsabi, Hindi бага ikaw ay nakita kong kasama niya sa halamanan?
27. Muling ngang kumaila si Padro: at pagdaka'y tumilaok ang manok.

Si Pedro ay sumunod sa bahay ng mga saserdote at lumapit sa apoy upang magpainit. Uupo sa tabi ng apoy, apoy na sagisag ng mga pagsubok, magpainit upang papag-alabin ang tunay na pananampalataya na magiging gabay sa panahon ng mga pagsubok, ilapit ang sarili sa kasiglahan, papag-alabin ang puso sa gawang kabutihan. Tutunawin ng init ng apoy ang katigasan ng puso at ito ay lalambot katulad ng kandila na matutunaw na kasama ang mga kamalian, ang mga kahinaan.

Sumunod si Pedro subalit sa malayong agwat, nakikilala ang kadakilaan ng Panginoon, laging tumatawag ng Panginoon, subalit malayo sa gawa, higit na'y sa pagpapalaganap. Lumalapit sa apoy na taglay ang kababaan upang tupukin ang kamangmangan.

Nasabi na ang unang pagtilaok ng manok ay para sa kapakanan ng katawan laman; at ang pangalawang pagtilaok ng manok ay para sa kapakanan ng espiritu, ang tunay na tao.

Hangga't maari ay ayaw pa ng mga espiritu na magkatawang laman sa kapatagang lupa na tinatawag na daigdigang luha at hinagpis. Nang sumunod si Pedro sa bahay ng saserdote ay sakbibí siya ng pagkatakot at pangamba kaya ipinagkaila ang Panginoon. Sa kataong ito si Pedro ay larawan pa rin ng mga espiritu na nasa bayan pa ng mga espiritu na walang patid ang pangakong tutupad ng tungkulin, na magbabago, subalit kung nasa kapatagan na, malimit ang pagtanggì sa pagtupad ng mga ipinangako.

Ang wika ng budhi ng bawat isa, kasama ka ng Mananakop, subalit pagdating ng mga pagsubok ay nagkakaila; subalit naririyang ang subaybay ng kaitaasan sapagkat muling titilaok ang manok bilang pangalawa at hindi na makatatanggì ang isang nilikha sapagkat iyan ay pangangailangan na ng espiritu.

Titilaokan, kakatukin ang lahat ng nilikha upang ipaalaala ang tungkuling sinumpaan.

28. Dinala nga nila si Jesus mula kay Caifas hanggang sa Pretorio: at niyao'y maaga pa; at sila'y hindi nagsipasok sa Pretorio, upang huwag silang madungisan, upang sila'y mangyaring makakain ng kordero ng paskua.

Ang Pretorio ay ang ay tahanan ng kinatawan ng emperador na nasa Roma sa bansa ng mga Judio, at ang gumaganap nito ay ang gobernador na si Ponce Pilato. Sa tagpong ito ay ipinakikita na ang relihiyon at ang pamahalaan ay magkaiba. Hindi pinakikialaman ng relihiyon ang pamahalaan at ang pamahalaan ay gayon din sa relihiyon.

29. Nilabas nga sila ni Pilato, at sinabi, “anong sakdal ang dala ninyo laban sa taong ito?”
30. Sila'y nagsisagot at sinabi sa kaniya, “Kung ang taong ito'y hindi manggawa ng masama, ay hindi sana namin dinala sa iyo.”
31. Sa kanila nga'y sinabi ni Pilato, “Kunin ninyo siya, at siya'y inyong hatulan ayon sa inyong kautusan. Ang mga Judio'y nangasabi sa kaniya, Sa amin ay hindi naaayon sa kautusan na magpapatay ng sinomang tao:
32. Upang matupad ang salitang sinalita ni Jesus, na ipinaalam kung sa anong paraan ng kamatayan siya mamamatay.
33. Si Pilato nga'y muling pumasok sa Pretorio, at tinawag si Jesus, at sa kaniya'y sinabi, Ikaw бага ang Hari ng mga Judio?
34. Sumagot si Jesus, Sinasabi mo бага ito sa iyong sarili, o sinabi sa iyo ng mga tungkol sa akin?

Mula sa karununganang lihim, marami nang nalalaman si Pilato ukol sa Dakilang Guro sa pamamagitan ni Maria Magdalena. Kayat nagtangkang iligtas ng gobernador ang Mananakop sa pamamagitan ng sikolohia; pinamili ang mga Judio kung sino ang palalayain, si Barrabas o ang Panginoon. Pinili ng mga tao na palayain si Barrabas na sagisag ng kasamaan, ayaw nila ng kasamaan, pinili nila ang Mananakop na sagisag ng Kabanalan.

Malaki ang utang na loob ni Pilato sa Mananakop sapagkat iniligtas ng Panginoon sa kamatayan ang kaisa isa na lamang anak ng gobernador at sa pamamagitan ni Maria Magdalena bilang isang medium korandera ay ginamot ang anak na maysakit. Kahit ang asawa ng gobernador na si Claudia ay pinagsabihan si Pilato na huwag makialam sa matuwid na taong si Jesus.

Mula sa aklat ni Nicodemus ukol sa huling sandali ng buhay ng Dakilang Guro, bago dumating ang mga Judio at mga saserdote na dala-dala ang Mananakop, ang paksa ng pag-uusap ng gobernador at ni Clavio, ang kanan kamay ng Pilato, ay ang Dakilang Guro at hindi pa sila natatapos ng pag-uusap, narito na ang mga Judio, dala na ang Mananakop.

35. Si Pilato ay sumagot, Ako бага'y Judio? Ang iyong sariling bansa at ang mga pangulong saserdote ang sa iyo'y nagdala sa akin: anong ginawa mo?

Taglay pa rin ang kataasan ni Pilato sa katanungang Ako бага ay Judio?

36. Sumagot si Jesus, Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutan ito: kung ang kaharian ko ay sa sanglibutan ito, ang aking mga alipin nga ay makikipagbaka, upang

ako'y huwag maibigay sa mga Judio: nguni't ngayo'y ang aking kaharian ay hindi rito.

Sa palapahaman ng reencarnacion, sa mga nakaraan kabuhayan ng Dakilang Guro, siya ay naging hari, subalit sa mga dakong huling kabuhayan lalo na ang pinakahuling ito, ang kanyang kaharian ay ang kaharian ng mga langit, at ito ay pinatotohanan ng kanyang salitang sa ngayon ang aking kaharian ay hindi dito.

37. Sinabi nga sa kaniya ni Pilato, Ikaw nga baga'y hari? Sumagot si Jesus, Ikaw ang nagsasabing ako'y hari. Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan. Ang bawat isang ayon sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig.

Napakaraming bagay ang nasasaklaw ng mga katagang ito: Kinikilala ni Pilato ang kadakilaan ng Mananakop; ang sagot ng Dakilang Guro na ikaw ang nagsabi na ako'y hari ay sagisag ng kababaan na tutungan ng kabanalan.

Ang kataga ng Panginoon na ako'y ipinanganak dahil dito, at dahil dito ako naparito sa sanglibutan ay isa sa mga patotoo na siya ay hindi Dios, kundi taong nagpaka-Dios

38. Sinabi sa kaniya ni Pilato, Ano ang katotohanan? At nang masabi niya ito ay lumabas siyang muli sa mga Judio, at sa kanila'y sinabi, Wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya.

Nasabi na sa dakong una na ang katotohanan ay nagpapalaya sa mga nilikha. Ang wika ng mga Judio, kami ay mula sa lahi ni Abraham, saan mo kami palalayain? Ang isang

nilikha na mapagkasala ay alipin ng kamangmangan, at ang katotohanan ang magpapalaya katulad ng palapahaman ng reencarnacion. Ang mga nilikha ay hindi malaya sapagkat mayroong nakaraang kabuhayan, isang kahapon na umuusig sa kanila dala ng gawang kamangmangan.

Alam ni Pilato na walang bahid kasalanan ang Dakilang Guro at mayroon siyang tinatanaw na utang na loob sa Mananakop, kaya'y hanggang sa huli ay nais niyang mailigtas ang Panginoon.

39. Nguni't kayo'y may ugali na pawalan sa inyo ang isa sa paskua: ibig nga baga ninyong sa inyo'y pawalan ko ang Hari ng mga Judio?
40. Sila nga'y nagsigawang muli, na nangagsasabi, Huwag ang taong ito, kundi si Barrabas. Si Barrabas nga'y isang tulisan.

Nasabi na nga sa dakong una na ang mga tao ay matatangay sa agos ng pagkasulong at nasabi na rin na pinili nila ang Mananakop na sagisag ng kabanalan at ayaw nila sa kay Barrabas na sagisag ng kasamaan, pawalan ang kasamaan.

Karamihan sa mga Judio na sumigaw na ibigay sa kanila si Jesus, ay iyan ang mga sumalubong sa pagpasok ng Dakilang Guro sa Jerusalem mga anim na araw pa lang ang nakakaraan; ang mga taong ito ay nagsisiawit ng Hossana sa kaitaasan, naglalalatag ng kanilang mga damit sa daraanan ng asnong sinasakyan ng Mananakop at sila rin ang mga nagwawagayway ng mga sanga ng punong kahoy at mga nagsisiawit ng papuri sa kaitaasan.

Ang tagpong ito ay naglalarawan ng pananagumpay ng batas ng pagkasul

KAPITULO 19

1. Nang magkagayon nga'y tinangnan ni Pilato si Jesus, at siya'y hinampas.

Ang ginawang ito ay isa pa rin sa balak ni Pilato na iligtas sa kamay ng mga Judio at ng mga saserdote ang Mananakop na alam niyang walang kasalanan. Ang paniniwala ni Pilato na kung mapahirapan na ang Mananakop ay siya'y pakakawalan.

2. At ang mga kawal ay nangagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa kaniyang ulo, at siya'y sinuutan ng isang balabal na kulay-ube;
3. At sila'y nagsilapit sa kaniya, at nangagsabi, Magalak, Hari ng mga Judio! at siya'y kanilang pinagsuntukanan.

Ang Panginoon ay sinuotan ng isang balabal na kulay ube, sagisag ng kawagasan at kadakilaan sa gawi ng kabanalan. Nasabi na sa dakong una na ang bawat nilikha ay mayroon ng aura, magnitismo na bumabalot sa bawat nilikha. Kung ang nilikha ay mapagkasala, ang aura niya ay madilim, magaspang at nagdudulot ng kaalinsanganan at karamdaman.

Sa kabilang dako naman, kung ang nilikha ay mayroon ng kababaang loob, mapagkawanggawa maging hanggang sa kaaway, katulad ng simulain at gawain ng Dakilang Guro, ang aura niya ay maliwanag, kulay ube, kulay ng rubi o lungtian.

Pinutungan ng koronang tinik, korona sa sagisag ng kapangyarihan, ng pagkahari, subalit ito ay koronang tinik, hindi koronang ginto na nabubulaklakan ng mga brillante na sumasagisag lamang sa kapangyarihan pang katawang laman at napaparam; ito ay koronang tinik na sagisag ng kapangyarihan

sa kaharian ng mga langit, sa kababaang loob, kaawaan at ang pagbibigay ng buhay alang-alang sa kapwa.

Koronang tinik na nagpapaagos ng dugo, korona ng pag-ibig hanggang sa gumagawa ng masama sa kanya. Ang isang nilikha ay kailangan matulad sa bulaklak na ipagtatanggol ng mga tinik; aling tinik ang gagamitin kung siya ay uuyamin, pipitasin o sasaktan? Ang tinik ba na magdudulot ng dugo kung sakaling yurakan ang pagkatao? Gagamit ba ng tinik ng kababaang loob, tibay ng pananampalataya? Kung mahapdi o makirod ang mga ito ay gagamitin o magiging pananggalang sa mga pagsubok, tinik na mag-uusbong sa puso upang pangalagaan ang ebangelyo ng Dios. Koronang tinik na nadadama lamang ng katawang laman ang kirot, ang hapdi, subalit ang bunga ay ang kapayapaan at kaligayahan ng tunay na tao, ang espiritu o kaluluwa.

4. At si Pilato ay lumabas na muli, at sa kanila'y sinabi, Narito, siya'y inilabas ko sa inyo, upang inyong matalastas na wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya.
5. Lumabas nga si Jesus, na may putong na tinik at balabal na kulay ube. Sa kanila'y sinabi ni Pilato, Narito, ang tao!

Nabigyan na ng paliwanag ang isinasagisag ng balabal na kulay ubi at ang koronang tinik. Nasabi na rin na ang gingawa ni Pilato ay upang iligtas ang Dakilang Guro sa mga kamay ng mga nagnanasa ng kanyang kamatayan. Sa kataga ni Pilato na narito ang tao. Isa pa rin ito na nagpapatunay na ang Mananakop ay hindi Dios.

6. Pagkakita nga sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng mga punong kawal, ay sila'y nangagsigawan, na

sinasabi, Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus! Sinabi sa kanila ni Pilato, Kunin ninyo siya, at ipako niyo siya sa krus: sapagkat ako'y walang masumpungang kasalanan sa kaniya.

Ang krus ay sagisag ng evolution ng pagsulong ng espiritu. Ang bahagi ng krus na nakabaon sa lupa ay sagisag ng mina; ang bahagi ng krus na nakalabas sa lupa hanggang sa bahagi na nakapahalang ay sagisag ng mga halaman; ang bahaging pahalang ay sagisag ng mga hayop, ng gulugod ng mga hayop na paayon sa pisngi ng lupa; at ang bahaging nasa ibabaw ng pahalang ay sagisag ng tao nakatoon ang dulo sa kaitaasan. Ang lahat ng mga ito ay may buhay samakatuwid ay may espiritu.

Ang lahat ng mga nilikha ay ipapako sa krus upang masulong, upang makabalik sa Dios na pinanggalingan.

Patuloy pa rin ang pagtatangka ni Pilato na iligtas ang Mananakop sa kanyang kataga na kunin ninyo siya at ipako ninyo siya sa krus.

7. Nagsisagot sa kaniya ang mga Judio, Kami'y mayroong isang kautusan, at ayon sa kautusang yaon ay nararapat siyang mamatay, sapagkat siya'y nagpapanggap na Anak ng Dios.

Ang lahat ng nilikha ay anak ng Dios, mayroong espiritu na galing sa Dios, bahagi ng Dios. Ang sinasabi ng Dakilang Guro ay katotohanan, subalit hindi matanggap ng mga Judio at idinadahilang ito ay pamumusong.

8. Pagkarinig nga ni Pilato ng salitang iyo, ay lalong sinidlan siya ng takot;

Lalong sinidlan ng takot si Pilato sapagkat ng unang pumasok ang Panginoon sa bulwagan ng Preterio, sang-ayon sa aklat na isinulat ni Nicodemus ukol sa Mananakop, ang mga banderang tangan ng mga guardia ay nagsiyukod at nagpugay sa Dakilang Guro. Sa pangyayaring ito na yumukod ang mga bandera ay lalong nagalit ang mga Judio.

Ang wika ni Pilato sa mga Judio, alam ko na hindi ninyo nagustuhan ang nangyari. Hinarap ang mga guardiang may tangan ng mga bandera at tinanong, baki't ninyo ginawa ang bagay na ito?

Ang sagot ng mga guardia, kami ay mga Gentil (Pagano) at sumasamba sa mga diosdiosan sa mga templo, papaano naming maiisipan na sambahin siya? Tangan lamang naming ang mga bandera at sila ay kusang yumuko at sumamba. Ipinag-utos ni Pilato sa mga pinuno ng sinagoga na kumuha ng labing dalawang malalakas na tao sa kanilang panig. Inutusan ang isang tauhan ni Pilato na ilabas muna ang Mananakop sa bulwagan.

Malalakas na mga Judio ang napili at siyang pinatangan ng mga bandera sa harap ng gobernador at samantalang wala pa ang Panginoon, pinagsabihan ni Pilato ang mga unang tumangan ng mga bandera na kung hindi totoo ang sinasabi nila na kusang nagsiyukod ang mga bandera ay papupugutan sila ng ulo.

Muling pinapasok ang Mananakop at nagsiyukod ang mga bandera at dito nagsimula ang pagkatakot ni Pilato at nang nag-anyong tatayo at aalis ay siyang pagdating ng inutusan ng kanyang asawa na si Claudia na ipinasasabi na huwag makialam sa mabuting taong iyan, alalaong бага'y ang Panginoon,

sapagkat ng araw na yaon ay naghihirap si Claudia ng maraming bagay dahil sa kanyang panaginip sa Panginoon.

Si Pilato ay nakalagay sa isang gipit na katayuan, mamimili siya kung dapat pagbiyan ang kahilingan ng kanyang asawa o kung pakakawalan naman niya ang Mananakop ay isusumbong naman siya ng mga Judio sa Roma at magiging kadahilanan na siya ay maalís sa pagiging gobernador, ang katungkulan kanyang labis na minamahal.

9. At siya'y muling pumasok sa Pretorio, at sinabi kay Jesus, Taga saan ka? Ngunit hindi siya sinagot ni Jesus.
10. Sinabi nga sa kaniya ni Pilato, Sa akin ay hindi ka nagsasalita? Hindi mo бага nalalaman na ako'y may kapangyarihang sa iyo'y magpawala, at may kapangyarihang sa iyo'y magpako sa krus?
11. Sumagot si Jesus sa kaniya, Anomang kapangyarihan ay hindi ka magkakaroon laban sa akin malibang ito'y ibinigay sa iyo mula sa itaas: kayat ang nagdala sa iyo sa akin ay may lalong malaking kasalanan.

Ang kapangyarihan ni Pilato ay hanggang pang kapatagan lamang ang nasasaklaw. Ang kapangyarihan sa lupa ay hindi madadala sa bayan ng mga espiritu. Ang wika ng Panginoon sa kanyang mga pangangaral sa ibang pagkakataon ay ang mataas dito sa lupa ay ibaba sa kaharian ng mga langit. Ang kapangyarihan ng Dios ang mahigit sa lahat. Katulad ng sinabi ng Panginoon, higit ang kasalanan ng mga Judio sapagkat ang layon ay patayin ang Mananakop; ginagamit ng mga Judio ang kanilang kapangyarihan sa pagwasak.

Sa isang dako naman ay si Pilato na mayroon kapangyarihan na iligtas ang Dakilang Guro ay natatakot sa ibubunga na siya

maalis sa kapangyarihan kayat ang sariling kapakanan muna ang inuna.

12. Dahil dito’y pinagsisikapan ni Pilato na siya’y pawalan: nguni’t ang mga Judio ay nagsisigawan, na nangagsasabi, kung pawawalan mo ang taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar: ang bawat isang nagpapanggap na hari ay nagsasalita ng laban kay Cesar.

Ang pagiging gobernador ni Pilato ay nakuha sapagkat ang kanyang asawa na si Claudia ay pamangkin o kamag-anak ng emperador ng Roma at umaasam na hindi lamang ang pagiging gobernador ang kanyang magiging katungkulan kundi higit pang katungkulan ang kanyang makakamtan.

13. Nang marinig nga ni Pilato ang mga salitang ito, ay inilabas niya si Jesus, at siya’y naupo sa hukuman sa dakong tinatawag na Pavimento, datapuwa’t sa Hebreo ay Gabbatha.
14. Noon nga’y Paghahanda ng paskua: at noo’y magiikaanim ng oras. At sinabi niya sa mga Judio, Narito ang inyong Hari!

Nasabi na sa dakong una na ang araw ng paskua ay ang araw ng paglaya ng mga Israelita sa pagkaalipan sa Ehipto, katumbas ng paglaya ng espiritu sa pagkabilanggo sa katawang laman. Ang magdudulot ng kalayaang ito ay ang kamatayan ng katawang laman. Alam ng Mananakop na malapit na Siya na makalalaya sa katawang laman sa gagawing pagpapako sa kanya sa krus.

Lalong ibinadha na malapit na ang kamatayan sa mga katagang “ noon nga’y mag-ika anim na oras”, dapit hapon, hindi na magtatagal at darating na ang gabi, katumbas ng

kamatayan. Kung malaya na ang espiritu, ang espiritu na ang maghahari, kayat ito ang ibig sabihin ni Pilato sa narito ang inyong hari.

15. Sila nga'y nagsigawan, Alisin siya, alisin siya, ipako siya sa krus! Sinabi sa kanila ni Pilato, Ipapako ko бага sa krus ang inyong Hari? Nagsisagot ang mga pangulong saserdote, Wala kaming hari kundi si Cesar.
16. Nang magkagayon nga'y ibinigay siya sa kanila upang maipako sa krus.

Sa mga sandaling ito ang tinutukoy na hari ay ang espiritu at kung ang magdudulot ng pagkahari ng espiritu ay ang kamatayan, ayaw ng mga Judio ang kamatayan dala ng kamangmangan; ang paniniwalang kung dumating ang kamatayan ay wala na ang lahat. Kayat nais pa ng mga Judio na manatili sa kapatagang lupa at ang kanilang kinikilala ay si Ceasar na hari ng kayamanan pang kapatagan at kapangyarihan pang daigdigang lupa.

Isinasagisag nga ni Ceasar ang katawang laman na kasangkapan ng espiritu upang makatupad ng tungkulin. Hindi ipinagbabawal na tugunin ang pangangailangan ng katawang laman, huwag ang mga masasamang hilig katulad ng bisyo; hindi rin masama ang magsikhay ng karunungan at kayamanan kung ang mga ito ay gagamitin sa pagtupad ng nasabing tungkulin katulad ng pagtulong sa kapwa, pagkakawanggawa sa kapwa.

IPINAKO SA KRUS ANG PANGINOON

(Mateo 27: 32-44; Marcos 15: 21-32; Lucas 23: 26-43)

17. Kinuha nga nila si Jesus: at siya'y lumabas, na pasan niya ang krus, hanggang sa dakong tinatawag na Dako

ng bungo, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Golgota:

Lumabas na pasan ang krus, dala-dala ang batas ng pagkasulong ng espiritu. Ang dako ng bungo ay sagisag ng kamatayan, maraming kamatayan upang magkaroon din ng maraming pagkabuhay; ang katuparan ng palapahaman ng reencarnacion upang masulong.

18. Na doo'y ipinako nila siya sa krus, at kasama niya ang dalawa pa, isa sa bawat tagiliran, at si Jesus sa gitna.

Higit na inilarawan ang batas ng pagkasulong ang pagkakapakong ito ng tatlo. Ang dalawa pang nadagdag ay si Gestas at Dimas. Mula sa kamangmangan na sinasagisag ni Gestas, subalit hindi mananatili ang tao sa kamangmangan, darating ang sandali na makikilala ng isang nilikha ang mga nagawang pagkakasala, ito ay pagsisisihan, ipangangako na hindi na gagawin muli, bagkus papalitan pa ng mga gawain kabutihan at iyan ang sinasagisag ni Dimas at hanggang sa kabanalan na sinasagisag ng Dakilang Guro.

19. At sumulat din naman si Pilato ng isang pamagat, at inilagay sa ulunan ng krus. At ang nasusulat ay, JESUS NA TAGA NAZARET, ANG HARI NG MGA JUDIO.
20. Marami nga sa mga Judio ang nakabasa ng pamagat na ito, sapagkat ang dakong pinagpakuan kay Jesus ay malapit sa bayan; at ito'y nasusulat sa Hebreo, at sa Latin, at sa Griego.
21. Sinabi nga kay Pilato ng mga pangulong saserdote ng mga Judio, Huwag mong isulat, Ang Hari ng mga Judio; kundi, ang kanyang sinabi, Hari ako ng mga Judio.
22. Sumagot si Pilato, Ang naisulat ko ay naisulat ko.

Kung papaanong mula sa pagkasilang ng Mananakop sa sabsaban ay tinatakan na ng kababaan, hanggang sa kanyang kamatayan ay tataglayin pa rin ang kababaan. Hindi sa Panginoon nanggaling ang salitang Hari ng mga Judio, sapagkat kung susundin ang nais ng mga pangulong saserdote na palitan ang nasusulat na: Ako ang Hari ng mga Judio, ito ay nangangahulugan ng kataasan.

23. Ang mga kawal nga, nang si Jesus ay kanilang maipako na sa krus, ay kanilang kinuha ang kaniyang mga kasuutan at pinagapat na bahagi, sa bawat kawal ay isang bahagi; at gayon din naman ang tunika: at ang tunika ay walang tahi, na hinabing buo mula sa itaas.
24. Nangasangusapan nga sila, Huwag natin itong punitin, kundi ating pagsapalaranan, kung mapapakanino: upang matupad ang kasulatan na nagsasabi,
Binahagi nila sa kanila ang aking mga kasuutan,
At ang aking balabal ay kanilang pinagsapalaran.

Ang damit ng Panginoon ay sagisag din ng kabanalan, sagisag ng simulain ng krystianismo o ng pananampalataya. Hanggang sa panahong ito ay pinaghahatian at binabahagi ang simulain ng krystianismo. Maraming panananampalataya ang natatag sa pangalan ng krystianismo at ang bawat isa ay nagsasabi ang tama ay sila at sila lamang ang maliligtas; hanggang ngayon ay pinagsasapalaran at sa aba ng mga pangyayari ay ipinangangalakal ang mga pananampalataya kanilang kinakasangkapan upang ang mga umuugit ay matanyag, na sila ay dakilain at magkamal ng maraming salapi.

Sa simulain ng Espiritismo, ang lahat ng pananampalataya ay mabuti, subalit hindi ang religion ang magliligtas sa tao, ang magliligtas ay ang kanyang mga gawa, mga gawa ng kabutihan katulad ng pagkakawanggawa sa kapwa. Ang doctrina ng

simulain ng Espiritismo ay sa labas ng kawanggawa ay walang kaligtasan ang tao.

Kahit na ang isang nilikha ay walang relihiyon o hindi naniniwala sa Dios, subalit kung ang nilikhang ito ay nagkakawanggawa, siya ay maliligtas. Nagkakawanggawa ang mga ganitong tao na walang relihiyon o hindi naniniwala sa Dios sapagkat sa danas na sa tuwing sila ay magkakawanggawa sa kapwa ay nagkakaroon sila ng kapayapaan, ng kasiyahan at kaligayahan. Iyan ang minimithi ng lahat ng mga nilikha. Gagawa ng mabuti ng dahil sa kabutihan.

25. Ang mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal. Datapuwa't nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena.
26. Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito ang iyong anak!
27. Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan.

Babae at lalake na sumasagisag sa pag-ibig at karunungan. Ang lema ng simulain ng Espiritismo ay patungo sa Dios sa pamamagitan ng pag-ibig at karunungan. Ang isa pang diwa ng babae at lalake ay ang katawang laman at espiritu; babae ang sagisag ng katawang laman at ang lalake ang sagisag ng espiritu; Eva at Adam na kinakailangan ang pagsasandugo ng dalawang ito upang ang isang nilikha ay makapamuhay sa kapatagan ng lupa at upang makatupad ng tungkulin, masulong at magkamit ng kabanalan.

Ang alagad na pinagsabihang narito ang iyong ina ay si Juan na sumulat ng aklat na ito. Si Juan na taga Galilea, kapatid ni Santiago at sila ay anak ni Zabedeo at Salome. Mga mangingisda bago naging alagad ng Panginoon at pinangalanan sila ng Mananakop na Boanerges, na ang ibig sabihin ay mga anak ng kulog.

Sa mga maraming kahinaan ng ugali ni Juan ay natanganan niya ang kanyang pagiging mainipin at marahil pati ng kanyang kainitan ng simbuyo. Siya ang alagad na minamahal ng Dakilang Guro at siya ang nakakita at nanampalataya. Si Juan, si Santiago at si Pedro ang madalas na kasama ng Mananakop sa mga pangyayaring di pangkaraniwan; katulad ng transfiguration, yaon pagkakataong makita ng tatlong ito sa itaas ng bundok na ang kausap ng Panginoon ay si Moises at si propeta Elias.

Nasabi na sa dakong una na ang sagisag ni Moises ay ang batas; si Elias ang sagisag ng tagapagpaliwanag at tagapagpalaganap; at ang Mananakop ang taga tupad ng batas.

Nakita rin ng tatlong alagad na ito ang paghihirap ng Dakilang Guro sa Hardin ng Getsamani at pati ng dakpin ang Panginoon nang gabing yaon.

Pagkabuhay na mag-uli ng Mananakop, si Juan at Pedro ay nanatili sa Jerusalem at diyan inalagaan ni Juan ang Mahal na Birhen, kinupkop at pinagpala. Sa Jerusalem din ang pagkakataon na ang dalawa ni Juan at Pedro ay nakasumpong ng isang pilay sa may pintuan ng templo. Ang wika ni Pedro sa pilay; Ginto't pilak ay wala ako, subalit ang nasa akin ay ipagkakaloob ko sa iyo, sa ngalan ni Jesus Kristong taga Nazareth ay gumaling ka, ay gumaling ang pilay.

Sa pangalawang pagpunta ni San Pablo sa Jerusalem, natagpuan niya si Juan. Tumira si Juan sa Epheso, siya ay pinag-usig ng mga Komitan at itinaon sa Isla ng Patmos. Si Juan ay may pagkamakata at diyan niya sinulat ang aklat na ito na naglalaman ng buhay at aral ng Dakilang Guro (98-105 AD).

Nang si Juan ay ipinadala sa Roma sa utos ng emperador Bonitian, itinaon siya sa isang kawaling mayroong kumukulong langis, subalit hindi man lang nasaktan katulad nila propeta Daniele at ang kanyang mga kasamahan isinasaysay sa Lumang Tipan na inilagay sa napakainit na horno ay hindi man nasaktan.

Pinagtangkaan pa rin siyang patayin sa Roma sa pamamagitan ng pagpapainom ng lason, subalit nang tangan na niya ang kopang kinalalagyan ng lason, ang kopa ay naging ahas kayat dahil dito siya ay madalas na inilalarawan na may tangan kopa na may ahas.

Nang si Juan ay nasa Patmos, dito niya isinulat ang Apocalypse o ang Revelacion. Nagbalik siya sa Epheso at diyan na siya tumanda at nanghina, kayat binuhat siya sa pinagdadausan ng pangangaral at wala siyang masabi kundi ang mga katagang: Aking mga minamahal na mga anak, mangag-ibigan kayo sa isa't isa.

Sa mga alagad ng Mananakop, ang unang namatay ay ang kanyang kapatid, si Santiago, at siya ang pinakahuling namatay. Si Juan ay namatay sa katandaan at matahimik, hindi katulad ng ibang mga alagad na namatay sa karahasan at kalupitan ng mga tao.

PAGKAMATAY NG PANGINOON

(Mateo 27:45-56; Marcos 15:35-41; Lucas 23:44-49)

28. Pagkatapos nito, pagkaalam ni Jesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, Nauuhaw ako.

Ang Panginoon ay hindi nauuhaw sa tubig o sa ano mang likido. Sa katotohanan pati ang inialok sa Kanyang suka at apdo ay Kanyang tinanggihan sapagka'y ito ay magbibigay sa Kanya ng kaunting ginhawa sa kahirapan at tiisin Kanyang taglay sa mga sandaling yaon.

Hindi ba ang Panginoon ang nagsabi sa babaeng Samaritana na umiigib ng tubig sa balon ni Jacob na ang sino mang uminom ng tubig na Kanyang ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailan man.

Sinabi rin ng Dakilang Guro sa huling hapunan na kasama Niya ang Kanyang mga alagad na ito na ang huling pag-inom kong kasalo ninyo hanggang sa araw na yaon na inumin kong panibago ay mga kasama ko kayo sa kaharian ng Ama.

Ang tubig ay katulad ng espiritu o kaluluwa na walang hanggan, nanggaling sa Dios at sa Dios din babalik.

Dumaing ng pagkauhaw ang Mananakop sapagkat samantalang Siya ay gumagawa ng mga dakila at kahanga-hangang mga bagay at mga pangungusap, sa gitna ng pagkamangha ng marami ay nakuha pa rin siyang pag-alinlanganan ng dahil lamang sa kawalan Niya ng matayog na pangalan sa lipunan, hanggang sa paghinalaan pa siyang nababaliw at inaalihan ng mga demonyo.

Nauuhaw ang Panginoon sapagkat ang mga tao, oo nga at hindi gumagawa ng masama at ang ginagawa naman ay

kabutihan, subalit may kaalinsabay na paglabag sa batas ng kababaaan, nasa kanila ang karangyaan at pagmamayabang.

Ang kinauuhawhan ng Mananakop ay ang gawang kabutihan ng mga tao. Pagkatapos ng pagbibigay ng mga aral, pagbibigay ng mga dakilang gawa at mga halimbawa, ang mga nilikha ay kulang pa rin sa pagtanggap, sa pagsasakatuparan o pagsasagawa ng mga araling Kanyang ipinalaganap, kayat nauuhaw.

29. Mayroon doong isang sisidlang puno ng suka: kayat naglagay sila ng isang esponghang basa ng suka sa isang tukod na isopo, at kanilang inilagay sa kaniyang bibig.
30. Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga.

Ang suka ay isang uri ng asido at mabisang panglinis ng mga material na bagay katulad ng metal; ang apdo ay mapait at ang mapait ay lumulinis ng mga organo ng katawan ng isang nilikha katulad ng bato. Malinis ang katawan laman ng Mananakop, higit na'y malinis ang Kanyang espiritu, ang itatanghal ng Dakilang Guro ay mga malilinis na gawa, mga salita at mga dakilang aralin.

SINIBAT ANG TAGILIRAN NG PANGINOON

31. Ang mga Judio nga, sapagkat noo'y Paghahanda, upang ang mga katawan ay huwag mangatira sa krus sa Sabbath (sapagkat dakila ang araw ng Sabbath na yaon), ay hiniling nila kay Pilato na mangaumog ang kanilang mga hita, at upang sila'y mangaalis doon.
32. Nagsiparoon na ang mga kawal, at inumog ang mga hita ng una, at ng sa isa na ipinako sa krus na kasama niya:

33. Nguni't nang magsiparoon sila kay Jesus, at makitang siya'y patay na, ay hindi na nila inumog ang kaniyang mga hita:

Ayaw ng mga Judio na may patay sa araw ng Sabath. Nasabi na sa dakong una na ang sagisag ng krus ay evolucion, ang pagkasulong ng espiritu bunga ng mga pagpapakasakit, mga tiisin dulot ng paglilingkod sa kapwa. Ayaw ng patay, patay na sinasagisag ng mga gawang kasamaan o pagkakasala.

Babaliin, uumugin ang mga hita na sagisag ng mga maling simulain, mga gawang kamangmangan na sinasagisag nila Gestas at Dimas; gigitaw ang tunay na anyo, ang anyo ng pagkasulong, ang larawan ng tatlong krus sa bundok ng Golgota.

Natupad ang nasabi sa kasulatan na walang nabali ni isang buto sa katawan ng Panginoon. Mga buto na pundasiyon ng katawang laman katulad ng sangkapin ng isang simulain o pananampalataya na ang layunin ay dalhin ang mga nilikha sa pagkasulong upang ang espiritu ay makabalik sa Dios na pinanggalingan na mayroon na ng kalinisan at pagkasulong.

Nasabi na ang Mananakop ay larawan ng kalinisan, kawagasan at kadakilaan at walang babaliin kasamaan.

34. Gayon ma'y pinalagpasan ang kaniyang tagiliran ng isang sibat ng isa sa mga kawal, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig.

Sa bundok ng Golgota ay naroroon din ang mga sundalong Romano sa pamamahala ng senturion na si Longino upang pangalagaan ang kapayapaan ng mga taong nagmamasid. Narinig nila ang usapan ng mga saserdote at nang kanilang mga kawal na hindi nararapat na abutin ng Sabath sa bundok at

kailangan patayin ang tatlo, bago dumating ang araw na yaon. Isinakatuparan ang pag-umog ng hita nila Gestas at Dimas.

Hindi makatingin ang mga sundalong Romano sa kalupitang ginagawa ng mga kawal ng mga saserdote, kayat gumalaw ang senturion, Longino. Nang hindi na niya natitiis na makitang umugin ang katawan ng Panginoon Hesukristo sapagkat mayroon siyang paniniwala sa kadakilaan ng Mananakop, bago maharap ng mga berdugo ang Panginoon ay kinuha niya ang kanyang sibat at sinibat sa tagiliran ang Dakilang Guro.

Ang isang mata ni Longino ay bulag, hindi nakakakita, subalit natalstikan ng dugo ang bulag na matang ito mula sa pagkakasibat sa tagiliran ng Panginoon at agad ay nakakita. Ang pagkakasibat ang ikinamatay agad ng Mananakop, at gaya ng nasulat ng mga propeta na walang buto na nasira sa kanyang katawan.

Hindi dapat hatulan na masama ang ginawa ni Longino, dakila ang kanyang layunin na mailigtas ang Mananakop sa kalupitan ng mga kawal ng mga saserdote. Naging taga pagpalaganap siya ng simulain ng Dakilang Guro hanggang sa siya rin ay napugutan ng ulo.

Ang isa pang diwa ng tagpong ito na pagkakasibat sa tagiliran ng Panginoon ay ang pagsasandugo, pagsasama ng espiritu at katawang laman. Naglagos ang sibat sa kanyang katawang laman, sibat na sumasagisag sa espiritu na sa kanyang mga galaw ay pawang paitaas, patungo sa kaharian ng mga langit. Ang sugat na nilikha ng sibat ay ikalimang sugat, lima sa sagisag ng katawang laman na ang mga ito ay may limang kaangkanin; paningin, pangdinig, pang-amoy, panglasa at pangdama.

35. At ang nakakita ay nagpatotoo, at ang kaniyang patotoo ay totoo: at nalalaman niyang siya'y nagsasabi ng totoo, upang kayo naman ay magsisampalataya.
36. Sapagkat ang mga bagay na ito ay nangyari, upang matupad ang kasulatan, Ni isa mang buto niya'y hindi mababali.
37. At sinabi naman sa ibang kasulatan, Magsisitingin sila sa kaniya na kanilang pinagulusanan.

PAGLILIBING SA PANGINOON

(Mateo 27:37-61; Marcos 13:42-47; Lucas 23:30-31)

38. At pagkatapos ng mga bagay na ito si Jose na taga Arimatea, palibhasa'y alagad ni Jesus, bagama't lihim dahil sa katakutan sa mga Judio, ay namanhik kay pilato na makuha niya ang bangkay ni Jesus; at ipinahintulot ni Pilato sa kaniya. Naparoon nga siya, at inalis ang kaniyang bangkay.
39. At naparoon naman si Nicodemo, yaong naparoon nang una sa kaniya nang gabi, na may dalang isang pinaghalong mirra at mga aloe, na may mga isang daang libra.
40. Kinuha nga nila ang bangkay ni Jesus, at binalot nila ng mga kayong lino na may mga pabango, ayon sa kaugalian ng mga Judio sa paglilibing.
41. Sa dako nga ng pinagpakuan sa kaniya ay may isang halamanan; at sa halamana'y may isang bagong libingan na kailan ma'y hindi pa napaglalagyan ng sinoman.
42. Doon nga, dahil sa paghahanda ng mga Judio (sapagkat malapit ang libingan) ay kanilang inilagay si Jesus.

Ang pagsisisi ay laging nasa huli, maging sa pagkilala sa kadakilaan ng simulain ng Dakilang Guro at ganyan din sa simulain ng Espiritismo. Ipinagkaloob sa tao ang panahon

subalit kung kailan malapit nang matanggap ang katotohanan ay naubos na ang pagkakataon at lakas ay saka magmamadali sa paggawa. Nasa kanya ang masarap na pagkain subalit wala nang kagutuman at kung mawala na ang kasaganaan ay saka kakalam kalam ang tiyan.

Iyan ang larawan ni Jose Arimathea at ni Nicodemus, larawan din ng maraming nilikha, natatanggap ang kadakilaan ng isang simulain subalit hanggang sa pagtanggap na lamang at naririyon pa rin ang pangamba at pag-aalinlangan. Ayaw ipagtanggol ang Dakilang Guro sa hayagan, ayaw nilang mapag-usapan dala pa rin ng labis na pag-ibig sa sarili, ayaw mahatulan. Ganyan din ang larawan ng ilang mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo.

Kung kailan namatay ang Mananakop at nakilalang siya nga ay tunay na Anak ng Dios, doon lamang nagsisisi; noon lamang hiningi ang bangkay ng Panginoon sapagkat noon lamang nakilala ang pagka-Mesias ng Mananakop, huli na.

Hiningi ang bangkay, binuhusan ng pabango ng pagmamahal, binalot ng lino, nagsisi at nagbago, kinilala ang pagkakamali, ayaw bumaho ang bangkay, nilagyan ng pabango, tinabunan ang kahinaan.

Kailangan magmadali upang hindi kapusin ng panahon; sa sandaling makilala ang kabutihan at kabanalan, samantalahin ang panahong sagana sa biyaya ng kaitaasan upang gumawa.

Nang dahil sa ginawa ni Jose Arimathea, nagalit ang kapwa niya Judio. Higit na ay ang kapwa Pariseo, nagalit ang mga matatanda at mga saserdote at siya ay ipinahuli at ikinulong sa isang silid na walang bintana, walang liwanag at pinabantayan.

Subalit pagkaraan ng ilang sandal ay nakalaya siya na hindi man lamang nasira ang pintuan.

Ikinulong nga siya ng mga pagsubok, subalit sa dakong huli ay nagkaroon siya ng tibay ng pananampalataya, lalo na sa subaybay ng kaitaasan, ng Kabatlayaan at ganyan din ang nangyari sa mga alagad.

KAPITULO 20

ANG LIBINGAN WALANG LAMAN

(Mateo 28:8; Marcos 16: 1-5; Lucas 24:1-12)

1. Nang unang araw nga ng sanglinggo ay naparoong maaga sa libingan si Maria Magdalena, samantalang madilim pa, at nakita ang bato na naalis na sa libingan.
2. Tumakbo nga siya, at naparoon kay Simon Pedro, at sa isang alagad na iniibig ni Jesus, at sa kanila'y sinabi, Kinuha nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin maalaman kung saan nila siya inilagay.
3. Umalis nga si Pedro, at ang isang alagad, at nagsitungo sa libingan.
4. At sila'y kapuwa tumakbong magkasama: at ang isang alagad ay tumakbong matulin kay sa kay Pedro, at dumating na una sa libingan;

Ang naganap na ito kay Magdalena ay sa mag-umaga, darating sa lahat ang pag-umaga, sisilay ang liwanag, mauunawaan ang kahalagahan ng kapwa, mangunguna sa pagtupad ng tungkulin. Sa araw ng Linggo ay babalikan ang libingan ng Panginoon, tatanganan ang sarili, magbabago upang masulong. Si Magdalena ay sagisag ng isang mapagkasala subalit nagbago. Bakit sa libingan hahanapin ang isang buhay? Ang Panginoon ay hindi maituturing na patay sapagkat wala siyang bahid kasalanan.

Si Pedro at si Juan na alagad na iniibig ng Panginoon na ang dalawang ito ang pinaroonan ni Magdalena ay sagisag ng karunungan at pag-ibig. Ang karunungan ay mabilis, na siyang sinasagisag ng alagad na nakarating agad sa libingan. Ang karunungan ay kung wala ang pag-ibig ay magdudulot sa isang nilikha ng kataasan, kayabangan at gagamitin sa panglalamang

sa kapwa, at ang mga ito ay pawang mapagkasala at ang pagkakasala ay katumbas ng patay at dinadala sa libingan.

Kailangan ang pag-ibig, kailangan dumating rin si Pedro na sa pagkakataong ito ay sumasagisag naman sa pag-ibig, Nasabi na ang lema ng simulain ng Espiritismo ay patungo sa Dios sa pamamagitan ng karungan at pag-ibig.

5. At nang kaniyang tunghan at tignan ang loob, ay nakita niyang nangakalatag ang mga kayong lino; gayon ma'y hindi siya pumasok sa loob.
6. Dumating naman nga si Simon Pedro, na sumusunod sa kaniya, at pumasok sa libingan; at nakita niyang nangakalatag ang mga kayong lino.
7. At ang panyo na nasa kaniyang ulo, ay hindi kasamang nakalatag ng mga kayong lino, kundi bukod na natitiklop sa isang tabi.

Nasabi na ang karunungan at pag-ibig, sa dalawang ito ay nauna ang karungan sa isang nilikha sapagka'y ang danas ay guro, ipaaalam ang mabuti at ang masama at ang magiging bunga kung gagawa ng mabuti at kung gagawa ng masama. At sapagkat ang layon ng buhay ay kabanalan ay darating si Pedro na sagisag ng pag-ibig; kailangan ang pagsasandugo ng dalawang ito sa isang nilikha o isang espiritu na gagamit ng katawang laman.

Ang panyo ay sagisag nang perie-espiritu na bahagi ng isang nilikha; siyang nagtatali ng espiritu at katawang laman. Ang kayong lino ay sagisag ng katawang laman.

8. Nang magkagayo'y pumasok din naman nga ang isang alagad, na unang dumating sa libingan, at siya'y nakakita at sumampalataya.

9. Sapagkat hindi pa nila napaguunawa ang kasulatan, na kinakailangang siya'y muling magbangon sa mga patay.

Nasabi na ang batas ay pagsulong, ang lahat ng mga nilikha ay magiging banal, magbabangon mula sa gawang kamangmangan at ito ay ipahihintulot ng palapahaman ng reencarnacion.

10. Kayat ang mga alagad ay muling nagsitungo sa kanikanilang sariling tahanan.

Ang bawat nilikha ay mayroong kani-kaniyang tungkuling gagampanan at ito ang katumbas ng kani-kanilang tahanan.

NAGPAKITA ANG PANGINOON KAY MAGDALENA

(Mateo 28:9-10; Marcos 16:9-11)

11. Nguni't si Maria ay nakatayo sa labas ng libingan na umiiyak: sa gayon, samantalang siya'y umiiyak, siya'y yumuko at tumingin sa loob ng libingan;
12. At nakita niya ang dalawang anghel na nararamtan na nangakaupo, ang isa'y sa ulunan, at ang isa'y sa paanan, ng kinalalagyan ng bangkay ni Jesus.

Sa kalagayan ng pagiging espiritu na lamang at wala na ang katawang laman, higit ang pangangailangan ng pagsasandugo ng karunungan at pag-ibig na sinasagisag ng dalawang anghel.

13. At sinabi nila sa kaniya, "Babae, bakit ka umiiyak?" Sinabi niya sa kanila, "sapagkat kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay siya."

14. Pagkasabi niya ng gayon, siya'y lumingon, at nakitang nakatayo si Jesus, at hindi nalalaman na yaon ay si Jesus.
15. Sinabi sa kaniya ni Jesus, "babae, bakit ka umiiyak? Sino ang iyong hinahanap?" Siya, sa pagaakalang yao'y maghahalaman, ay nagsabi sa kaniya, "Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay, at akin siyang kukunin."

Ang pag-iyak ay nagdudulot ng kabutihan sa isang nilikha, nagdudulot ng kaluwagan ng dibdib at ang mga luhang papatak ay nakapaglilinis ng masasamang alitigtigin, nakapaglilinis ng maruruming isipan, alalaon baga'y naglilinis ng kaluluwa ng isang nilikha. Ang luha ni Magdalena ay lalong naglinis sa maari pang nalalabing kahinaan at patuloy na hinahanap ang kabanalan na sinasagisag ng Panginoon.

Tinawag si Magdalena ng dalawang Anghel na babae; gayon din ang Panginoon, tinawag din siyang babae. Babae na sagisag ng mga nilikhang mayroon pa ng katawang laman na ang mga ito ay hindi pababayaan ng kaitaasan, ng Kabatlayan sinasagisag din ng dalawang anghel at ang mga ito ngayon ay lubos na mapamumunuan ng Mananakop na wala na nang katawang laman.

Hindi baga sa pagpapaalam ng Mananakop sa mga alagad ay sinabi niya, "sa Aking pagyao ay susuguin ko ang mga espiritu ng katotohanan at mang-aaliw". Bakit ka umiiyak? Sino ang iyong hinahanap? Mga katanungan nagmumula sa mga Kabatlayan na sumusubaybay at umaaliw sa mga nilikha.

16. Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Maria". Lumingon siya, at nagsabi sa kaniya sa wikang Hebreo, "Raboni:" na ang ibig sabihin ay, Guro.

Tinawag sa pangalang Maria na sagisag ng mirrah, kapaitan o tiisin; mga nilikha dito sa daigdigang luha at hinagpis na tatanggap ng subaybay sa Kabatlayaan kundi tuturuan pa ng mga gawang kabanalan, kayat tinawag ang Panginoon ng Raboni, o Guro.

Dalawang beses na lumingon si Magdalena, ang unang paglingon ang kanyang nakita ay akala niya ang hardenero, sagisag ng mga nilikha na ang gawain ay pawang pangmaterial, o pangkapatagang lupa; subalit sa pangalawa niyang paglingon ay nakilala niya ang Guro at sa kataong ito ay ang nakita ay pangangailangan ng espiritu, ang kabanalan.

17. Sinabi sa kaniya ni Jesus, “huwag mo akong hipuin; sapagkat hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni’t pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios.”

“Huwag mo akong hipuin”, ang kataga ng Dakilang Guro, ang salitang ito ang ginawang pamagat ni Dr. Jose Rizal sa kanyang aklat: *Noli me Tangere*. Maliwanag ang mga katagang aakyat sa kanyang Dios at ating Dios, isa na naman patunay na ang Mananakop ay hindi Dios, kundi taong nagpaka-Dios. Paulit-ulit ang mga katagang ito upang patunayan din na matutupad ang sinabi ng Mananakop na ang aking ginawa ay inyong magagawa at higit pa rito ay inyong magagawa; salamat sa palapahaman ng reencarnacion.

18. Naparoon si Maria Magdalena at sinabi sa mga alagad, “nakita ko ang Panginoon;” at kung paanong sinabi niya sa kaniya ang mga bagay na Ito.

NAPAKITA ANG PANGINOON SA MGA ALAGAD
(Mateo 28:16-20; Marcos 16:14-18; Lucas 4:36-47)

19. Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa katakutan sa mga Judio ay dumating si Jesus at tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi," Kapayapaan ang sumainyo."

Ganyan ang mga salita ng pagbati ng mga Banal na Espiritu o nang Kabatlayaan bago sila magpahayag sa mga lunduyan ng mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo.

20. At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon.

Ang mga alagad ay katulad din ng mga nilikhang kailangan ang mga patunay sa pamamagitan ng mga gawa at mga halimbawa na siyang pinatutunayan ng mga sumusunod na talata:

21. Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, "Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo."

Paulit-ulit ang mga kataga ng Banal na Kasulatan at gayon din ang mga kataga ng Kabatlayaan sapagkat ang mga tao ay madaling makalimot lalo na sa gawi ng kabanalan; at hindi pa nais isakatuparan ang mga pinagagawa ng mga Banal na Espiritu.

22. At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.

Ang Diwa ng mga katagang Dios Ama, Dios Anak at Dios Espiritu Santo ay gaya ng mga sumusunod: Dios Ama ay ang Batas; Dios Anak ay ang pagtupad sa batas; at ang Dios Espiritu Santo ay kapayapaan at kaligayahan bunga ng pagtupad sa batas.

Hiningahan ang mga alagad ng Panginoon ay ang pagbabahagi ng kaligayahan at kapayapaan Niya nang dahil sa pagtupad ng tungkuling pagpapalaganap ng Ebangelyo ng Dios; kayat isinugo rin Niya ang kanyang mga alagad.

23. Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad.

Kung letra ang kukunin ay magiging taliwas ang mga katagang ito sa simulain ng Mananakop. Ang diwa ng mga katagang ito ay ang pangsamantalang pagkalimot ng mga pangyayari ng mga nakaraang kabuhayan na katumbas ng pagpapatawad o katumbas ng salita ng Mananakop na o eh ano ngayon sa inyo. Subalit sa dakong huli ay matutupad ang batas ng KARMA, ang pagbabayad utang.

ANG PANGINOON AT SI TOMAS

24. Nguni't si Tomas, isa sa labing dalawa, na tinatawag na Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Jesus.
25. Sinabi nga sa kaniya ng ibang mga alagad, Nakita namin ang Panginoon. Nguni't sinabi niya sa kanila, Malibang aking makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga

pako, at maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya.

26. At pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang kaniyang mga alagad, at kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus nang nangapipinid ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, kapayapaan ang sumainyo.
27. Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, Idaiti mo rito ang iyong daliri, at tignan mo ang aking mga kamay; at Idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin.
28. Sumagot si Tomas, at sa kaniya'y sinabi, Panginoon ko at Dios ko.
29. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Sapagkat ako'y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya.

Nasa maraming nilikha si Tomas Didimo, Didimo na ang ibig sabihin ay kakambal ng pag-aalinlangan. Tulad ni Magdalena na hindi agad nakilala ang Panginoon, akala ay isang hardinero.

Mahirap matanggap agad ang simulain ng Espiritismo; marami ang ayaw maniwala na ang espiritu na wala na nang katawang laman ay nakapagpapahayag, nagsasalita sa mga tao, lalo na kung gumagamit ng mga medium o kasangkapan. Kung magsasaliksik at magsusuri ay matatanggap din.

Walang nakakikita sa Dios sapagkat ang Dios ay espiritu, ang mga nilikha ay naniniwala na mayroong Dios, ang Dios ay nasa lahat ng kaniyang nilikha at nadadama ang kanyang pag-ibig at pagpapala.

30. Gumawa rin nga si Jesus ng iba't ibang maraming tanda sa harap ng kaniyang mga alagad, na hindi nangasusulat sa aklat na ito:
31. Nguni't ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.

Nang ipinag-utos ni Emperador Constantino na ipunin ang mga aklat at mga kasulatan ukol sa buhay ng Dakilang Guro, marami ang mga nawaglit o mga hindi isinama sa Bagong Tipan. Ang emperador Constantino ang unang emperador ng Roma na naging krystiano. Sa taong 325 sa pagkamatay ng Mananakop ay ipinag-utos niya sa Council ng Kleaca na ipahayag na ang relihiyon ng bansang Roma ang krystianismo.

Ang mga nawaglit o hindi isinama na mga aklat o kasulatan ukol sa buhay ng Mananakop ay inilagay naman sa isang aklat ng mga pananampalataya katulad ng katoliko Romano at ang pamagat ng aklat ay "LOST BOOKS OF THE BIBLE".

Ang huling talata na si Jesus ay ang Cristo, Ang Anak ng Dios ay isa pa rin sa patunay na ang Mananakop ay hindi Dios kundi Anak ng Dios, taong nagpaka-Dios.

KAPITULO 21

ANG PANGINOON AY NAGPAKITA SA PITONG ALAGAD

1. Pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakitang muli si Jesus sa mga alagad sa tabi ng dagat ng Tiberias; at siya'y napakita sa ganitong paraan.
2. Samasama nga si Simon Pedro, at si Tomas na tinatawag na Didimo, at si Natanael na taga Cana ng Galilea, at ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pa sa kaniyang mga alagad.
3. Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, Mangingisda ako. Sinabi nila sa kaniya, kami man ay magsisisama sa iyo. Sila'y nagsiyaon, at nagsilulan sa daong; at nang gabing yaon ay wala silang nahuling anoman.
4. Nguni't nang nagbubukang liwayway na, si Jesus ay tumayo sa baybayin: gayon ma'y hindi napagalaman ng mga alagad na yaon ay si Jesus.
5. Sa kanila nga'y sinabi ni Jesus, Mga anak, mayroon бага kayong anomang makakain? Nagsisagot sila sa kaniya, Wala.
6. At kaniyang sinabi sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan ng daong, at makakasumpong kayo. Inihulog nga nila, at hindi na nila mahila dahil sa karamihan ng mga isda.
7. Yaong alagad nga na iniibig ni Jesus ay nagsabi kay Pedro, Ang Panginoon nga. Kayat pagkarinig nga ni Simon Pedro na yao'y ang Panginoon, ay nagbigkis siya ng kaniyang tunika (sapagkat siya'y hubo't hubad), at tumalon sa dagat.
8. Datapuwa't ang ibang mga alagad ay nagsilapit sa maliit na daong (sapagkat sila'y hindi lubhang malayo sa lupa, kundi may mga dalawangdaang siko), na hinihila ang lambat na puno ng mga isda.

Ang bilang ng mga alagad sa pagkakataong ito ay pito, pito na sagisag ng paggawa, mangingisda na sagisag ng pagpapalaganap ng simulain ng Panginoon. Ang ika pitong araw ay ilalaan sa Dios, ang paggawa ay ilalaan sa Dios.

Nasabi na sa dakong una na ang isa sa mga sagisag ng pito ay ang isang nilikha na mayroon ng espiritu at katawang laman. Tatlo ang kaangkinan ng espiritu; pag-iisip, damdamin at kalooban; ang katawang laman ay inilalarawan ng daigdig, mayroong apat na panulukan; tatlo at apat ay pito.

Pitong wika ang nabigkas ng Panginoon bago nalagutan ng hininga; pito bilang ng octaba ng musika at sinasabi na ang musika ang lenguahe ng kaluluwa, ilang milyong tugtugin ang nilikha sa pipitong nota. Pinakamaliit na bahagi ng katawan ng tao (cell) ay nagbabago tuwing ika pitong taon at ito ay pinatutunayan na bago tanggapin ang isang bata sa paaralan ay mayroong pitong taon gulang.

Walang nahuling isda ang mga alagad subalit darating ang bukung liwayway, darating sa lahat ang pag-uumaga at gaya ng nasabi na ay mauunawaan ang kahalagahan ng kapwa. Ang tanong ng Panginoon sa pitong alagad, “mga anak mayroon бага kayong anomang makakain?” Katumbas na ang inyo bagang gawain o mga anak ay mayroong kabanalan o pagkain ng kaluluwa? Ang sagot ay wala.

Iniutos ng Panginoon na ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan ng daong, kanan na sagisag ng paggawa, pagbibigay ng halimbawa ng gawang kabanalan. Ang salitang walang gawa ay baog. Malakas makaakit ang gawa; ang gawa ay katulad ng isang larawan na daig ang sampung libong salita.

Nakilala agad ng alagad na iniibig ang Panginoon at ito ay sinabi agad kay Pedro. Ano ang ginawa ni Pedro? Nagbigkis ng kanyang tunika, sapagkat siya'y hubo't hubad at tumalon sa dagat upang sundan ang tinig ng Panginoon, patotoo na ang gawa ang magliligtas sa tao.

Hindi ililigtas ang mga nilikha ng iba't ibang sekta ng relihiyon, ang magliligtas sa tao ay ang kanyang mga mabubuting gawa o pagkakawanggawa, at iyan ang doctrina ng simulain ng Espiritismo; sa labas ng kawanggawa ay walang kaligtasan ang tao.

Upang maging mabisa ang pagpapalaganap, kailangan lakipan ng gawa. Isinuot ang tunika, ibinigkis, sagisag ng katibayan ng pananampalataya, ng pagpapakasakit at pagtangan sa sarili o higit pa'y paglimot sa sarili alang-alang sa kapwa.

Tumalon sa dagat si Pedro, sagisag na ang espiritu na ngayon ay kinakatawan ni Pedro ay magkakatawang laman sa kapatagan ng mga hugis upang makatupad ng tungkulin; na siyang tunay na layunin ng buhay sa kapatagang lupa, hahanapin ang tinig ng kaitaasan, tinig ng Panginoon at ito ay matatagpuan sa puso ng kapwa.

Ang paglundag sa dagat ni Pedro ay bahagi ng palapahaman ng reencarnacion na ito ang kaparaanan upang malinis ang pagkatao. Ang sagisag ng ibang alagad ay mga nilikhang mayroon na ng katawang laman, mayroon na rin mga baunan ng kabanalan at nasa antas na sila ng pagpapalaganap ng kabanalang ito, kayat ipinagpatuloy na nila ang paghila sa lambat na puno ng mga isda.

Ang daong na sinasakyan nila ay ang katawang laman na kasangkapan sa pakikitalad sa kapatagang lupa upang makatupad ng tungkulin; uulitin na ang kanan ng daong ay sagisag ng paggawa.

9. Kayat nang sila'y magsilunsad sa lupa, ay nakakita sila doon ng mga bagang uling, at isda ang nakalagay sa ibabaw, at tinapay.

Sa pagpapalaganap ng Ebangelyo ng Dios, kailangang ang maalab na pagnanasa at masiglang paggalaw na sinasagisag ng bagang uling.

10. Sinabi sa kanila ni Jesus, “mangagdala kayo rito ng mga isdang inyong nangahuli ngayon.”
11. Umahon nga si Simon Pedro, at hinila ang lambat sa lupa, puno ng malalaking isda, na isang daan at limangpu at tatlo, at sa ganoong karami ay hindi napunit ang lambat.

Ang layunin ng mga nilikha sa pagkakatawang laman ng maraming beses ay upang marating ang antas ng kawagasan katumbas ng isang daan (100) at iyan ang antas ng Mananakop. Nasabi na sa dakong una ang ukol sa kataga ng Dakilang Guro na hindi lamang ninyo gagawin ang aking ginawa kundi higit pa sa rito ay inyong gagawin. Ito ay matutupad sa pamamagitan ng maraming pagkatawang laman na sinasagisag ng lima (5) upang ang espiritu na sinasagisag ng tatlo (3) ay maging wagas.(153).

12. Sinabi sa kanila ni Jesus, “magsiparito kayo at mangagpawing gutom.” At sinoman sa mga alagad ay hindi nangahas na siya'y tanungin, Sino Ka? Sa pagkaalam na yaon ang Panginoon.

Sa pagpapalaganap ng ebangelyo ng Panginoon, mayroong mga pagkakataon na kailangan ang subaybay ng kaitaasan, at ang mga pangangailangang ito ang katumbas ng pagkagutom, pagkagutom sa karunungan makalangit, ang mga ito ang pagkain ng kaluluwa. Ang gawang kabanalan ay papawi ng kagutuman ng kaluluwa.

Mapalad ang mga mag-aaral ng simulain ng Espiritismo sapagkat sa pamamagitan ng mga medium ay patuloy ang pagtanggap ng mga karunungan lihim mula sa Kabatlayaan o mga Banal na Espiritu.

13. Lumapit si Jesus, at dinampot ang tinapay, at sa kanila'y ibinigay, at gayon din ang isda.

Ang tinapay ay sagisag din ng katawang laman na hahatiin at ibibigay sa kapwa sa pagtupad ng tungkulin, hindi sasarilinin ang buhay, ibabahagi sa kapwa, kapwa na sinasagisag ng isda.

Muli nagbigay ng halimbawa o gawa ang Panginoon sa tagpong ito upang maging mabisa ang pagpapalaganap.

14. Ito'y ang ikatlong pagpapakita ni Jesus sa mga alagad, pagkatapos na siya'y magbangon sa mga patay.
15. Kayat nang mangakapagpawing gutom sila, ay sinabi ni Jesus kay Simon Pedro, Simon Pedro, anak ni Juan, iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito? Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa kaniya, Pakanin mo ang aking mga kordero.
16. Sinabi niya sa kaniyang muli sa ikalawa, Simon anak ni Juan, Iniibig mo baga ako? Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa kaniya, Alagaan mo ang aking mga tupa.

17. Sinabi niya sa kaniya sa ikatlo, Simon, anak ni Juan, Iniibig mo baga ako? Nalumbay si Pedro sapagkat sa kaniya'y sinabing makaitlo, Iniibig mo baga ako? At sinabi niya sa kaniya, Panginoon, nalalaman mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Pakanin mo ang aking mga tupa.

Tatlong tanong ng Panginoon kay Pedro; tatanungin ang tatlong kaangkinan ng espiritu, ang pag-iisip, damdamin at kalooban kung minamahal ang kabanalan, at kung ang kasagutan ay oo, aalagaan ang mga kordero, ang mga tupa at pakakainin ang mga ito.

Ang hindi nagmamahal sa panginoon ay ipagkakaila ng pag-iisip, tatalikuran ng kalooban at tatangihan ng damdamin ang kabanalan. Minamahal ng espiritu ang Panginoon, subalit hinahadlangan ng katawan laman.

18. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Nang ikaw ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung saan mo ibig; nguni't pagtanda mo'y inuunat mo ang iyong mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig.

Ang sinasagisag ni Pedro sa mga katagang ito ay isang mananampalataya na pinatigas ang sarili ng mga pagsubok, mga tiisin at hirap ng buhay. Sa kalagayan ng bata ay hindi pa lubhang nagpapahalaga sa kanyang kapwa, kahit saan ay nakapupunta kahit sa pook ng bisyo sapagkat hindi pa nauunawaan ang batas na nagbibigay ng hangganan sa mga galawin, subalit sa sandaling magkaroon ng pagkaunawa, makarinig ng mga salita ng Kabatlayaan, itatali ang kanyang sarili, itatali ang pag-iisip, damdamin at kalooban na nagbibigay

kabalisahan sa paligid. Pinuhin ang sarili, itali, pipigilin mula sa pag-iisip sa mga bagay na walang kabuluhan; maging matatag ang pakiramdam at magsuri.

19. Ito nga'y sinalita Niya, na ipinaalam kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati Niya sa Dios. At pagkasalita niya nito, ay sinabi Niya sa kaniya, "Sumunod ka sa akin."
20. Si Pedro, paglingon, ay nakita yaong alagad na iniibig ni Jesus na sumusunod; na siya ring humilig sa kaniyang dibdib sa paghapon, at nagsabi, "Panginoon, sino ang sa iyo'y magkakanulo?"

Ang paglingon ito ni Pedro ay bahagi ng reencarnacion, inaalaala, nililingon ang mga pangyayari ng mga nakaraan kabuhayan batbat ng kamangmangan na nagdudulot ng tiisin sa espiritu na katumbas ng pagkakanulo sa espiritu.

21. Pagkakita nga ni Pedro sa kaniya ay nagsabi kay Jesus, Panginoon, at ano ang gagawin ng taong ito?
22. Sinabi sa kaniya ni Jesus, "kung ibig kong siya'y manatili hanggang sa ako'y pumarito, ay ano nga sa iyo? Sumunod ka sa akin".

Hangga't maaari ay pangsamantalang nalilimutan ang mga nakaraang mga danas sa mga nakaraang kabuhayan ng isang nilikha sapagkat kung maalala ay magdudulot ng pag-aalinlangan. Hangga't maaari ay kailangang pangsamantala na malimutan ang nakaraang kabuhayan sapagkat magdudulot ng kataasan, magiging sagabal sa pagbabayad ng mga pagkakasala at higit na ay sa pagtupad ng tungkulin. Kayat ang wika ng Panginoon ay, "eh ano nga sa iyo kung malaman mo pa ang iyong mga nakaraang kabuhayan."

Pagdating ng kamatayan sa isang nilikha, ang kanyang espiritu na walang kamatayan ay haharap sa Dios at ipagsusulit kung papaano niya ginamit ang hiram na buhay. Makikita niya tulad sa isang aklat kung ano ang kanyang mga ginawa nang mga nakaraang kabuhayan.

Iyan ang ginawa ni Pedro, nilingon niya ang kanyang mga nakaraang kabuhayan kayat itinanong sa Panginoon, “ano ang kanyang dapat gawin.?”

Maraming mga nilikha ang nakaaalala ng kanilang mga nakaraan kabuhayan, lalo na sa edad na bata pa, at kung ang kanilang sinasabi ay mapatunayan, ang mga ito ay inilalathala sa mga magazine, sa pahayagan at mga aklat at ipinalalabas sa television o sa cine upang patunayan ang palapahaman ng reencarnacion.

Ang utos ng Panginoon na sumunod ka sa akin ay nangangahulugan na ipagpapatuloy ng mga nilikha ang pagtupad ng tungkulin, ang pagpapalaganap ng ebangelyo ng Dios, kahit na ito ay pag-aalay ng buhay katulad ng ginawa ng Dakilang Guro.

23. Kumalat nga ang sabing ito sa gitna ng mga kapatid, na ang alagad na yaon ay hindi mamamatay: gayon ma’y hindi sinabi ni Jesus, sa kaniya na hindi siya mamamatay; kundi, “Kung ibig kong siya’y manatili hanggang sa ako’y pumarito, ay ano nga sa iyo?”
24. Ito ang alagad na nagpapatotoo sa mga bagay na ito, at sumulat ng mga bagay na ito; at nalalaman namin na ang kaniyang patotoo ay totoo.

Ang bawat isang nilikha ay mayroon ng kani-kaniyang mga tungkulin na tutupdin, mayroon din ng kani-kaniyang KARMA

bunga ng mga nakaraang kabuhatan; ang dapat gawin ay isakatuparan ang sariling tungkulin, sumunod sa yapak ng Panginoon Hesukristo.

25. At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang mga aklat na susulatin.

Nasabi na sa dakong una na ang Dakilang Guro ay taong nagpaka-Dios sa pamamagitan ng maraming pagmumuli't-muling buhay; nagmula rin sa kamangmangan hanggang dumating sa kawagasan.

Mayroong aklat sa wikang Kastila na ang pamagat ay "TE PERDONO" (PINATATAWAD KITA) na kinapapalooban ng ilang pagkabuhay ng Mananakop sa kapatagang lupa. Ang Mananakop ay namayan din sa ibang planeta na ang antas sa gawi ng kabanalan ay higit ang kataasan kaysa planetang lupang ito.

Nagmission siya sa kapatagan lupa, isinugo ng Dios.

